**Lungsod at County ng San Francisco**
**Departamento ng mga Eleksyon**

# Pamplet ng Impormasyon para sa Botante





## Nobyembre 5, 2024

### Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon





## Isang lungsod, maraming tinig. Kayo'y bumoto, gawin ang inyong mga pagpili!







Para sa Halimbawang Balota ng eleksyong ito, mangyaring tingnan ang bersiyong Ingles nitong pamplet, na ipinadala sa lahat ng mga nakarehistrong botante. Kung gusto ninyo ng isa pang kopya ng bersiyong Ingles nitong pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 554-4310. Maaari din ninyong matingnan ang inyong Halimbawang Balota sa **sfelections.gov**.

# Nobyembre 5, 2024 na Eleksyon

*Bumoto para makatulong sa pagpapasya ukol sa kinabukasan ng inyong lungsod, estado, at bansa! Mangyaring paalalahanan ang inyong mga kaibigan at pamilya na gawin din ito.*

## Mga Highlight ng Eleksyon

- Makatatanggap ng mga balota ang lahat ng rehistradong botante sa pamamagitan ng koreo.
- Kahit sinumang botante ay maaaring makaboto sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa kanilang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Maaaring makakuha, maglagay ng marka, at mag-print ng aksesibleng balota ang sinumang botante sa **sfelections.gov/access**.
- Ang huling araw para makaboto o maibalik ang balota ay sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5.

### Makagagawa ka ng Pagbabago sa Pamamagitan ng Paglilingkod bilang Manggagawa sa Botohan!

Sa bawat eleksyon, nag-eempleyo kami ng mahigit sa 2,000 manggagawa sa botohan – marami ang nagsasalita ng dalawang wika – para pangasiwaan ang pagboto sa mga lugar ng botohan ng lungsod sa Araw ng Eleksyon. Maaari kayong makatulong sa inyong komunidad at kumita ng hanggang $295 para sa inyong isang araw na paglilingkod sa komunidad! Para mag-apply, pumunta sa **sfelections.gov/pwvip** o tumawag sa (415) 554-4395.




## Mga Importanteng Petsa

### Oktubre 7

- Ipadadala sa pamamagitan ng koreo ang mga balota sa lahat ng rehistradong botante.
- Mayroong 37 opisyal na kahon na hulugan ng balota na magbubukas sa buong San Francisco. (magagamit nang 24/7 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon).
- Magbubukas ang Accessible Vote-by-Mail (AVBM) na portal para sa lahat ng lokal na botante.

### Oktubre 7–Nobyembre 4

Magbubukas ang Sentro ng Botohan ng City Hall sa anumang araw mula Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., maliban na lamang sa Oktubre 14, na Araw ng mga Katutubo.

### Oktubre 21

- Awtomatikong makatatanggap ng pakete ng balota sa pamamagitan ng koreo ang sinumang nagrehistro o nagbago ng kanilang address sa petsa na ito.
- Pagkatapos ng petsang ito, maaari pa ring magparehistro at bumoto nang personal ang mga kuwalipikadong residente sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan.

### Oktubre 26–27 at Nobyembre 2–3

Bukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall para sa pagboto sa Sabado at Linggo mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.

### ★ Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 5

- Bukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall at 501 lugar ng botohan sa mga komunidad mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.
- Ang mga balota na ibabalik nang personal ay dapat maihatid sa kahit anong opisyal na kahon na hulugan ng balota o sa lugar ng botohan nang hindi lalampas ng 8 p.m.
- Ang mga balota na ibabalik sa pamamagitan ng koreo ay dapat mamarkahan ng post office nang hindi lalampas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5.

# Talaan ng mga Nilalaman

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante — Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon — Nobyembre 5, 2024

## Pangkalahatang Impormasyon


Mahahalagang Petsa at Bagay Tungkol sa Eleksyon ........................(loob ng harap na pabalat)
Sulat mula sa Direktor ........................................ 3
Opisyal na Panlokal at Pang-Estadong mga Gabay sa Botante..... 4
Ang Ballot Simplification Committee............................ 4
Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon) ......... 4
Nobyembre 5, 2024 na Balota sa Eleksyon ....................... 5
Pagmamarka sa Inyong Balota ................................. 6
Ranked-Choice Voting (Pagboto sa Pamamagitan ng Pagranggo) . 6
Pamalit na Balota ............................................. 7
Saan, Kailan, at Paano Boboto sa Eleksyon ..................... 8
Mga Mahalagang Katotohanan tungkol sa Sistema ng Pagboto ng San Francisco ......................................... 9
Opisyal na mga Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco .. 10
Mga Resulta ng Eleksyon ..................................... 12
Batas sa mga Karapatan ng Botante .......................... 13
Pagpapanatili ng Inyong Record bilang Botante ................ 13
Mga Mapagkukunan Kaugnay ng Aksesibleng Pagboto ......... 14
Nangangailangan ang San Francisco ng mga Manggagawa sa Lugar ng Botohan.......................................... 16
Tulong sa Wikang Filipino .................................... 17
Libreng mga Klase sa Ingles.................................. 17
Impormasyon Ukol sa mga Ipinagbabawal na Gawain sa Eleksyon ............................................. 134
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro at Pagboto sa San Francisco ................................ 137
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro ......... 137
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Paghahatid ng Balotang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo) .......... 138
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagbalik ng Balotang Vote-By Mail ............................................ 138
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagboto nang Personal ... 139
**Worksheet ng Balota ....................................... 142**
Magsilbi bilang Manggagawa sa Lugar ng Botohan....................(loob ng harap na pabalat)
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon ........................(loob ng likod na pabalat)
Website ng Departamento ng mga Eleksyon.......(likod na pabalat)
Address ng Inyong Lugar ng Botohan ............(likod na pabalat)



Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco
Inilathala ng Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634
**sfelections.gov**

Mga Pagsasalin at layout/typesetting ng InterEthnica
Inilimbag ng Toppan Merrill LLC


**Mangyaring i-recycle ang pamplet na ito.**

## Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng mga Kandidato


Impormasyon Tungkol sa Kandidato at Kinakatigang Partido ..... 18
Mga Limit sa Boluntaryong Gastos ........................... 19
Mga Pag-endoso ng Partido sa mga Kandidato ................ 19
Mga Katungkulan sa Lungsod at County ng San Francisco na Pagbobotohan sa Nobyembre 5, 2024 na Eleksyon............ 20
Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos .......... 21
Kandidato para sa Senador ng Estado.......................... 23
Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado.................. 24
Mga Kandidato para sa Mayor ............................... 26
Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor *(kung naaangkop)* ........................................... 32
Mga Kandidato para sa Abugado ng Lungsod .................. 51
Mga Kandidato para sa Abugado ng Distrito .................. 52
Mga Kandidato para sa Sheriff .............................. 53
Kandidato para sa Tesorero ................................. 54
Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon.................. 55
Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad ....... 61
Mga Kandidato para sa Direktor ng BART *(kung naaangkop)*..... 65


## Mga Lokal na Panukalang-Batas sa Balota


Impormasyon tungkol sa mga Lokal na Panukalang-batas na nasa Balota at mga Argumento ............................ 67
Mga Salitang Kailangan Ninyong Malaman .................... 68
Pangkalahatang Buod ng Utang ng San Francisco .............. 72

**A Bond (utang ng gobyerno) para sa Pagpapahusay sa mga Paaralan at sa Kaligtasan ........................... 74**
Buod ............................................. 74
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali .................... 76

**B Bond para sa Pangkalusugan at Medikal na mga Pasilidad ng Komunidad, Kaligtasan sa Kalye, Pampublikong mga Espasyo, at Shelter o Matutuluyan upang Mabawasan ang Kawalan ng Tahanan.................................... 78**
Buod ............................................. 78
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali .................... 80

**C Inspector General (Inspektor Heneral) ..................... 82**
Buod ............................................. 82
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali .................... 84

**D Mga Komisyon ng Lungsod at Awtoridad ng Mayor (Punong-Bayan) ......................................... 86**
Buod ............................................. 86
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali .................... 88


*(Magpapatuloy ang Talaan ng mga Nilalaman sa susunod na Pahina)*

*(Magpapatuloy ang Talaan ng mga Nilalaman sa susunod na Pahina, ipinagpatuloy)*

**E Paglikha ng Task Force (Espesyal na Pangkat) upang Makapagrekomenda ng Pagbabago, Pagtatanggal, o Pagsasama ng mga Komisyon ng Lungsod . . . . . 90**
Buod . . . . . 90
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . 92

**F Pag-eempleyo sa mga Pulis at Naipagpapaliban na Pagreretiro . . . . . 94**
Buod . . . . . 94
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . 96

**G Pagpopondo sa mga Subsidyo sa Upa para sa Abot-kayang Development sa Pabahay na Naglilingkod sa Mabababa ang Kita na Matatanda, mga Pamilya, at May Kapansanang mga Indibidwal . . . . . 98**
Buod . . . . . 98
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . 100

**H Mga Benepisyo sa Pagreretiro ng mga Bumbero . . . . . 102**
Buod . . . . . 102
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . 104

**I Mga Benepisyo sa Pagreretiro ng mga Nars at Operator ng 911 . . . . . 106**
Buod . . . . . 106
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . 108

**J Pagpopondo sa mga Programa na Naglilingkod sa mga Bata, Kabataan, at Pamilya . . . . . 110**
Buod . . . . . 110
Argumento ng May-Panukala . . . . . 112

**K Permanenteng Pagsasara ng Upper Great Highway sa Pribadong mga Sasakyan upang Makapagtakda ng Bukas na Espasyo para sa Paglilibang ng Publiko . . . . . 114**
Buod . . . . . 114
Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . 116

**L Karagdagang Business Tax (Buwis sa Negosyo) sa mga Kompanya na nasa Ugnayan para sa Transportasyon at Independiyenteng mga Negosyo ng Sasakyan upang Mapondohan ang Pampublikong Transportasyon . . . . . 118**
Buod . . . . . 118
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . 120

**M Mga Pagbabago sa mga Business Tax (Buwis sa Pagnenegosyo) . . . . . 122**
Buod . . . . . 122
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . 124

**N Pondo para sa First Responder Student Loan (Pagpapautang para sa Pag-aaral ng Unang Tumutugon sa Panahon ng Krisis) at Training Reimbursement (Pagbabalik ng Ibinayad sa Pagsasanay) . . . . . 126**
Buod . . . . . 126
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . 128

**O Pagsuporta sa Reproductive Rights (Karapatang Pantao na Mapanatili ang Personal na Awtonomiya sa Katawan) . . . . . 130**
Buod . . . . . 130
Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . 132

# Sundan ninyo kami sa social media

Maaari ninyong sundan ang Departamento ng mga Eleksyon para sa lahat ng pinakabagong update sa eleksyon!

**@sfelections**

Kung may nalaman ang Departamento ng mga Eleksyon na anumang malaking kamalian sa aming parte matapos maipadala sa koreo ang pamplet na ito, maglalathala kami ng koreksiyon sa seksiyon ng mga Public Notice sa *San Francisco Examiner* sa Oktubre 23 at 24.

Bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas) para iatas na baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.

Mahal na Botante ng San Francisco,

Setyembre 5, 2024

Ang inyong apat na kard na balota para sa Nobyembre 5, 2024, Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon ay may nakapaloob na estado at lokal na mga panukala, mga labanan kung saan boboto kayo ng isang kandidato, at iba pang mga labanan kung saan kayo ay magraranggo o boboto para sa ilang mga kandidato.

Bilang halimbawa, ang inyong balota ay may ilang ranked-choice voting (pagboto batay sa ranggo o RCV) na mga labanan para sa lokal na mga katungkulan kung saan kayo ay magraranggo ayon sa inyong mga kagustuhan. Upang matuto nang higit pa tungkol sa RCV, bisitahin ang aming website sa **sfelections.gov/rcv.** Kasama sa pahinang ito ang isang tool o kasangkapan na maaari ninyong gamitin sa pagsasanay sa pagmarka ng RCV na mga labanan: **sfelections.gov/practice.**

Kabilang din sa inyong balota ang dalawang labanan kung saan maaari kayong bumoto para sa apat na kandidato: Board of Education (Lupon ng Edukasyon) at Community College Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala ng Kolehiyo ng Komunidad).

**Maaasahang Impormasyon sa Eleksyon**
Ang departamentong ito ang inyong pinakamaaasahang mapagkukunan ng impormasyon sa pagboto at mga pamamaraan ng eleksyon sa San Francisco. Gamitin ang aming website o makipag-ugnay sa amin kung kayo ay may mga katanungan tungkol sa katayuan ng inyong rehistrasyon o balota. Gayundin, ipaalam sa amin kung nakatanggap kayo o kung may alam kayong impormasyon tungkol sa mga proseso ng eleksyon na inaalala ninyo.

Ang website ng Departamento ay nagbibigay sa mga botante ng maaasahang impormasyon sa pagboto. Upang matuto ng higit pa tungkol sa pagboto sa darating na eleksyon, bisitahin ang **sfelections.gov.** Nagbibigay ang aming website ng kasangkapan na tinatawag na "Voter Portal" sa **sfelections.gov/voterportal** na maaari ninyong gamitin upang i-check ang katayuan ng inyong vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) na balota, ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan at kahon na hulugan ng balota, at marami pang impormasyon sa eleksyon.

**Paano Makipag-Ugnay sa Amin**
Maaaring mag-email sa amin sa **sfvote@sfgov.org,** o tumawag sa amin sa (415) 554-4310. Kung susulat o tatawag kayo, isang tauhan mula sa Departamento ang personal na tutugon sa inyong mga tanong at alalahanin. Ang aming mga tauhan ay handa na sagutin ang inyong mga katanungan at magbigay ng impormasyon na may kaugnayan sa eleksyon sa Ingles, Tsino, Espanyol, at Filipino, pati na rin sa daan-daang iba pang mga wika sa pamamagitan ng isang telephone interpretation service (serbisyo sa pagsasalin sa telepono).

**Kailan Namin Malalaman ang Pinal na mga Resulta?**
Kakailanganin namin ng ilang linggo upang mabilang ang mga balota at masertipika ang eleksyon. Dahil inaasahang mataas ang turnout (paglahok ng botante) para sa eleksyon kasama ang mga botanteng bumoto ng apat na kard na mga balota, maaaring kailanganin namin iproseso ang halos 200,000 na vote-by-mail at probisyonal na mga balota, o 800,000 na mga kard, pagkatapos ng Araw ng Eleksyon. Upang mapaghandaan, nagdagdag kami ng mga karagdagang kagamitan, na-upgrade na kagamitan upang madagdagan ang kahusayan, dinagdagan ang bilang ng mga inimpleyong ballot-processing personnel (tauhan na nagpoproseso ng balota), at nag-iskedyul ng maraming shift sa trabaho bawat araw. Gayunman, kakailanganin namin na magtalaga ng ilang linggo upang mabilang ang lahat ng boto sa mga kard na ito dahil sa dami ng mga kard na balota na matatanggap namin. Sa kabuuan, inaasahan naming maproseso ang halos 2 milyon na mga kard na balota sa eleksyon na ito.

Tulad ng dati, umaasa ang lahat ng taga-Departamento na makapagbigay sa inyo ng suporta at impormasyon na kakailanganin ninyo upang matagumpay na makalahok sa darating na Nobyembre 5, 2024, Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon!

Lubos na gumagalang,
John Arntz, Direktor

English (415) 554-4375
Fax (415) 554-7344
TTY (415) 554-4386

sfelections.gov
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48, San Francisco, CA 94102

中文 (415) 554-4367
Español (415) 554-4366
Filipino (415) 554-4310

# Opisyal na Panlokal at Pang-Estadong mga Gabay sa Botante

Sa simula ng bawat panahon sa pagboto, makakukuha ang lahat ng lokal na botante ng isang *Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Halimbawang Balota*. Sa mga pang-estadong eleksyon, makakukuha rin sila ng isang *Patnubay na Impormasyon para sa Botante*. Narito kung paano sila nahahambing:

| | Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante | Ang Gabay na Impormasyon para sa Botante |
|---|---|---|
| **Pinagmulan ng lathala** | Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco | Kalihim ng Estado ng California |
| **Mga Paksa sa Gabay** | Rehistrasyon at mga paraan sa pagboto, mga lokal na labanan sa balota | Rehistrasyon at mga paraan sa pagboto, mga pang-estadong labanan sa balota |
| **Halimbawang Balota** | Kasama sa Pamplet sa Ingles | Hindi kasama |
| **Mga Opsiyon sa Wika** | Ingles, Tsino, Espanyol, at Filipino | Ingles, Espanyol, Tsino, Hindi, Hapones, Khmer, Koreano, Tagalog, Thai, Vietnamese |
| **Mga Opsiyon sa Format** | • Regular/malaki ang pagkakaimprenta<br>• Audio sa Ingles sa CD, USB, o kapag hiniling, sa National Library Service cartridge<br>• PDF/HTML/MP3 sa Ingles sa **sfelections.gov/vip** | • Regular/malaki ang pagkakaimprenta<br>• (record ng) Audio/PDF/American Sign Language (video) sa **voterguide.sos.ca.gov** |

# Ang Komite para Gawing Mas Simple ang Balota

Nilikha ng mga lokal na botante ang Komite sa Pagpapagaan ng Balota noong 1974. Nagsasagawa ng mga pampublikong pagpupulong ang Komite bago ang bawat eleksyon. Sa mga pagpupulong na ito, ibinubuod ng mga boluntaryong miyembro ang teksto ng mga lokal na panukala sa balota. Naka-print sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ang mga buod na ito. Isinusulat din nila ang *Mga Salitang Kailangan Ninyong Malaman* at ang *Mga Madalas Itanong* para sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Ang mga kasalukuyang miyembro ng Komiteng ito ay kinabibilangan nina:

**Betty Packard**, (Tagapangulo)
Nominado ng National Academy of Television Arts and Sciences (Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)

**Ruth Grace Wong**
Nominado ng League of Women Voters (Liga ng mga Kababaihang Botante)

**Pamela Troy**
Nominado ng National Academy of Television Arts and Sciences (Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)

**Michele Anderson**
Nominado ng Pacific Media Workers Guild (Samahan ng mga Manggagawa sa Media sa Pacific)

**Alicia Wang**
Nirekomenda ng Superintendent ng San Francisco Unified School District (Superintendente ng Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco)

**Bradley Russi**, ex officio*
Deputy City Attorney (Katuwang ng Abugado ng Lungsod)

**Kathleen Radez**, ex officio*
Deputy City Attorney (Katuwang ng Abugado ng Lungsod)

*Ayon sa batas, maaaring magsalita ang Abugado ng Lungsod o mga kinatawan mula sa Tanggapan ng Abugado ng Lungsod sa mga pagpulong ng Komite ngunit hindi maaaring bumoto.

# Komisyon para sa mga Eleksyon

Nilikha ng mga lokal na botante ang Komisyong ito noong 2001. Ang Komisyon ang nangangasiwa ng mga pampublikong eleksyon sa San Francisco at nagtatakda ng mga pangkalahatang polisiya para sa Departamento ng mga Eleksyon. Inaaprubahan at tinatasa rin nito ang aming mga pang-eleksyong plano para sa bawat eleksyon. Ang mga kasalukuyang miyembro ng Komiteng ito ay kinabibilangan nina:

**Robin M. Stone**, Presidente
Itinalaga ng District Attorney (Abugado ng Distrito)

**Michelle Parker**, Bise Presidente
Itinalaga ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

**Lucy Bernholz**
Itinalaga ng Treasurer (Tesorero)

**Cynthia Dai**
Itinalaga ng City Attorney (Abugado ng Lungsod)

**Renita LiVolsi**
Itinalaga ng Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)

**Kelly Wong**
Itinalaga ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Bakante
Itinalaga ng Mayor

# Nobyembre 5, 2024 Balota sa Eleksyon

## Naglalaman ang inyong Nobyembre 5 na balota ng 4 na kard, na nililista ang mga sumusunod na labanan:

### Mga Katungkulang Nominado ng Partido

- Presidente ng Estados Unidos at Bise Presidente ng Estados Unidos

### Mga Katungkulang Nominado ng Botante

- Senador ng Estados Unidos (magsisimula ang buong termino mula Enero 3, 2025 hanggang Enero 3, 2031)
- Senador ng Estados Unidos (magtatapos ang natitirang bahagi ng kasalukuyang termino sa Enero 3, 2025)
- Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11 o Distrito 15
- Senador ng Estado, Distrito 11
- Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17 o Distrito 19

### Mga Katungkulang Hindi Makapartido na gumagamit ng Pagboto sa Pamamagitan ng Pagranggo

- Mayor
- Abugado ng Lungsod
- Abugado ng Distrito
- Sheriff
- Tesorero
- Miyembro, Lupon ng mga Superbisor, Distrito 1, 3, 5, 7, 9 o 11*

**Ang mga botanteng nakatira sa even-numbered na Superbisoriyal na mga Distrito ay hindi magkakaroon ng labanan na ito sa kanilang mga balota dahil maghahalal sila ng kanilang mga kinatawan sa darating na Nobyembre 2026 na Eleksyon. I-check ang inyong Superbisoriyal na Distrito sa **sfelections.gov/newdistricts**.*

### Iba pang mga Katungkulang Hindi Makapartido

- Miyembro, Lupon ng Edukasyon
- Miyembro, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad
- Direktor ng BART, Distrito 7 o Distrito 9*

**Ang mga botanteng nakatira sa BART Distrito 8 ay hindi magkakaroon ng labanan na ito sa kanilang mga balota dahil maghahalal sila ng kanilang mga kinatawan sa darating na Nobyembre 2026 na Eleksyon. I-check ang inyong distrito para sa botohan ng BART sa **sfelections.gov/newdistricts**.*

**10 Mga Proposisyon ng Estado**

**15 Mga Lokal na Panukala**

**Maaaring gamitin ang Ballot Worksheet na makikita sa mga pahina 142–144 upang masulat nang maaga ang inyong mga napili upang makatipid sa oras at maiwasan ang pagkakamali sa pagmamarka ng opisyal na balota.**

# Pagmarka ng Inyong Balota

## Mga Hakbang sa Pagmarka sa Lahat na Uri ng mga Labanan


1. Bago ninyo markahan ang anumang labanan, mangyaring suriin ang mga naka-print na instruksiyon sa bawat isang kard ng balota.
2. Upang matiyak na mababasa ang mga napili, gumamit ng panulat na may itim o asul na tinta.
3. Punan ang (mga) oval na nasa kanan ng inyong (mga) napili para isaad ang inyong mga napasya.
4. Kung ayaw ninyo bumoto sa isang labanan o panukala, iwanan ito ng blangko. Mabibilang parin ang iba ninyong mga boto.
5. Para bumoto sa kuwalipikadong isinulat-lamang na kandidato*, isulat ang pangalan ng kandidato sa ilalim ng puwang ng listahan ng kandidato at punan ang oval.

## Mga Hakbang sa Pagmarka sa mga Ranked-Choice Voting na Labanan


Sa mga labanan ng ranked-choice na pagboto, lalabas ang mga kandidato sa kaliwang kolum ng grid at lalabas ang mga nakanumerong ranggo sa pinakamataas na hilera.

1. Para sunud-sunod i-ranggo ang mga kandidato ayon sa inyong kagustuhan, punan ang mga oval mula kaliwa hanggang kanan, na ipinapakita sa **larawan 1**.
   - Markahan ang **unang kolum** para sa inyong **unang napiling kandidato**.
   - Markahan ang **pangalawang kolum** para sa inyong **pangalawang napiling kandidato**.
   - Markahan ang **pangatlong kolum** para sa inyong **pangatlong napiling kandidato**, at ipatuloy ito para sa iba.
2. Maaari kayong magranggo ng kahit ilang kandidato na hindi lalampas ng 10.
3. Maaari ninyong iwanan ng blangko ang mga kolum kapag hindi ninyo gusto i-ranggo ang ibang kandidato o kapag mas kaunti sa tatlong kandidato ang tumatakbo para sa isang katungkulan.
4. Huwag punan ng higit sa isang oval para sa bawat isang kolum, tulad ng ipinapakita sa **larawan 2**. Hindi mabibilang ang iyong boto kung naglagay kayo ng kaparehas na ranggo sa maraming mga kandidato.
5. Huwag i-ranggo ang kaparehas na kandidato nang ilang beses, tulad ng ipinakita sa **larawan 3**. Mabibilang lamang ang iyong unang ranggo para sa kandidato na iyon.
6. Para bumoto sa kuwalipikadong isinulat-lamang na kandidato*, isulat ang pangalan ng kandidato sa puwang na nasa ilalim ng listahan ng kandidato at punan ang oval para sa ranggo.


**1 Sunud-sunod i-ranggo ang mga kandidato ayon sa inyong kagustuhan**



**2 Huwag punan ng higit sa isang oval ang parehong kolum**



**3 Huwag punan ang mahigit sa isang oval para sa isang kandidato**



**Ang isang kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato ay isang tao na nakapagpasa ng kinakailangan na dokumentasyon upang makatakbo sa katungkulan pagkatapos nalimbag ang mga balota. Magkakaroon ng listahan ng mga kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato sa **sfelections.gov/writein** at sa Sentro ng Botohan sa City Hall sa simula ng Oktubre 25 at sa lahat na mga ibang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5.*

## Paano Binibilang ang mga Labanan ng Ranked-Choice na Pagboto

Sa simula, binibilang ang mga unang napili ng lahat. Kung may kandidato na nakakuha ng mayorya sa unang-pinili na mga boto (50%+1), panalo ang kandidato na iyon.

Kapag walang kandidato ang nakatanggap ng mayorya na mga boto, tinatanggal ang kandidato na may pinakakaunting natanggap na mga boto. Malilipat ang mga boto ng mga botanteng pumili ng natanggal na kandidato sa sunod nilang napili. Bibilangin ulit ang mga boto. Kung nagkaroon na ng mayorya na mga boto ang isang kandidato, panalo ang kandidato na iyon.

Kung wala pang nanalo, uulit ang proseso ng pagtanggal ng kandidato na may pinakakaunting natanggap na mga boto hanggang magkaroon ng kandidato na mayroong mayorya na mga boto.


# Gusto Matuto ng Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Labanan ng Ranked-Choice na Pagboto

### Marami kaming mapagkukunan! Maaari kayong:

- Bumisita sa **sfelections.gov/RCV** para matutunan kung kailan at paano namin ginagamit ang pamamaraan ng pagboto na ito.
- Magsanay sa pagmarka sa labanan ng ranked-choice na pagboto at alamin kung paano binibilang ang inyong mga pinili sa isang tunay na eleksyon sa **sfelections.gov/practiceRCV**.
- Tingnan ang presentasyon tungkol sa ranked-choice na pagboto sa aming YouTube channel: **SFElections**.

# Kailangan ninyo Humingi ng Bagong Balota?

Kung nagkamali kayo habang nagmamarka ng inyong balota, maaari kayong humingi ng bagong balota sa **sfelections.gov/voterportal**, sa pagtawag sa (415) 554-4310, o magtanong sa isang manggagawa sa botohan o sa isang kinatawan ng Sentro ng Botohan.



# Saan, Kailan, at Paano Boboto sa Eleksyon

**Tuwing panahon ng eleksyon, ang mga lokal na botante ay maaaring pumili na bumoto sa pamamagitan ng koreo o nang personal. Tingnan ang talaan sa ilalim para sa karagdagang mga detalye.**

**Paano Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo**

| | Papel na Balota sa Koreo | Aksesibleng Balota sa Koreo |
|---|---|---|
| **Saan ko makukuha ang aking balota sa koreo?** | Ipadadala namin sa pamamagitan ng koreo ang inyong mga vote-by-mail na pakete sa address sa inyong record bilang botante. Kung kinakailangan, maaaring baguhin ang inyong record o makipag-ugnay sa amin upang maipadala ang inyong pakete sa ibang address. | Maaaring mag-download ng nalilimbag na balota sa **sfelections.gov/access**. Maaari kayong gumamit ng screen-reader, head-pointer, sip and puff, o ng keyboard tapping para markahan ang balotang ito. |
| **Kailan ko makukuha ang aking balota sa koreo?** | Simula ng 29 na araw bago ang Araw ng Eleksyon | |
| **Paano ako boboto gamit ang aking balota sa koreo?** | 1. Basahin ang lahat ng mga instruksiyon sa kard ng balota.<br>2. Gumawa ng mga pagpili gamit ang isang itim na panulat.<br>3. Tanggalin ang mga resibo at tupiin ang mga kard.<br>4. Ilagay ang mga kard sa pambalik na sobre.<br>5. Kumpletuhin at pirmahan ang sobre.<br>6. Ibalik sa pamamagitan ng koreo o nang personal. | 1. Basahin ang lahat ng online na mga instruksiyon.<br>2. Gamitin ang ginustong input upang markahan ang balota.<br>3. Sundin ang mga instruksiyon sa paglimbag ng balota.<br>4. Kunin ang inyong pambalik na sobre para sa balota.<br>5. Kumpletuhin at pirmahan ang sobre.<br>6. Ibalik sa pamamagitan ng koreo o nang personal. |
| **Kailan ko ihuhulog ang aking balota sa koreo?** | **Kinakailangan maibalik ang inyong balota sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5, ang ibig sabihin ay:**<br>• Anumang oras bago ang Araw ng Eleksyon, sa pamamagitan ng koreo o paghatid nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa isang opisyal na kahon na hulugan ng balota,<br>• Hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon sa Sentro ng Botohan sa City Hall, sa isang kahon na hulugan, o sa isang lugar ng botohan,<br>**O**<br>• Kung plano ninyo na ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo sa Araw ng Eleksyon, seguraduhin na i-check kung kailan ang huling oras ng pagkuha ng koreo! | |

## Alam ba ninyo?

Makahahanap kayo ng mga malapit na opisyal na kahon na hulugan ng balota sa **sfelections.gov/ballotdropoff**.

Masubaybayan ninyo ang inyong balota sa **sfelections.gov/voterportal** o mag-sign up para sa mga notipikasyon sa pagsubaybay nito sa **wheresmyballot.sos.ca.gov**.

Makakukuha kayo ng pamalit na balota sa **sfelections.gov/voterportal** o sa pagtawag sa (415) 554-4310.

## Paano Bumoto nang Personal

**Saan ako boboto?**

- Sa anumang oras sa panahon ng pagboto, maaari kayong pumunta sa Sentro ng Botohan sa City Hall. (Naglalaan ang Sentro ng Botohan sa City Hall ng mga balota para sa lahat ng mga botante sa mga komunidad ng San Francisco.)

**O**

- Sa Araw ng Eleksyon, pumunta sa inyong itinalagang lugar ng botohan. Para malaman kung saan ang tamang lugar at makuha ang tamang balota, pakibisita ang **sfelections.gov/myvotinglocation** o tingnan ang likod ng pamplet na ito.

**Kailan ako boboto?**

- Sa pagitan ng Oktubre 7 at Nobyembre 5, maaari kayong bumoto sa City Hall sa mga oras na ito:

| LINGGO | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HWEBES | BIYERNES | SABADO |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Okt 6** | **Okt 7** | **Okt 8** | **Okt 9** | **Okt 10** | **Okt 11** | **Okt 12** |
| sarado | 8am–5pm | 8am–5pm | 8am–5pm | 8am–5pm | 8am–5pm | sarado |
| **Okt 13** | **Okt 14** | **Okt 15** | **Okt 16** | **Okt 17** | **Okt 18** | **Okt 19** |
| sarado | sarado | 8am–5pm | 8am–5pm | 8am–5pm | 8am–5pm | sarado |
| **Okt 20** | **Okt 21** | **Okt 22** | **Okt 23** | **Okt 24** | **Okt 25** | **Okt 26** |
| sarado | 8am–5pm | 8am–5pm | 8am–5pm | 8am–5pm | 8am–5pm | 10am–4pm |
| **Okt 27** | **Okt 28** | **Okt 29** | **Okt 30** | **Okt 31** | **Nob 1** | **Nob 2** |
| 10am–4pm | 8am–5pm | 8am–5pm | 8am–5pm | 8am–5pm | 8am–5pm | 10am–4pm |
| **Nob 3** | **Nob 4** | **★ Nob 5 ★** | | | | |
| 10am–4pm | 8am–5pm | **7am–8pm** | | | | |

**O**

- Sa Araw ng Eleksyon, maaari kayong bumoto sa inyong itinalagang lugar ng botohan sa pagitan ng 7 a.m. at 8 p.m.

**Paano ako boboto?**


1. Sa pag-check in, ibigay ang inyong pangalan at address.
2. Piliin ang wika at format ng inyong balota.
3. Dalhin ang inyong mga pambotong materyales sa isang booth.
4. Markahan ang inyong balota gamit ang isang panulat o aparato.
5. Ilakip ang inyong balota gamit ang isang secrecy sleeve o pambalik na sobre.
6. Ipatala ang inyong balota gamit ang isang ballot scanning machine o sa kahon na hulugan.
7. Kung gusto ninyo, suotin ang inyong "Bumoto Ako" na sticker at kumuha ng selfie para mahikayat ang iba na gawin din ito!

## Mga Mahalagang Katotohanan tungkol sa Sistema ng Pagboto ng San Francisco

- ☑ Sinusuri ng Departamento ng mga Eleksyon ang lahat ng pambotong kagamitan para sa bawat eleksyon. Maaaring kahit sinuman ang makapagsubaybay ng pagsusuri.
- ☑ Maaaring kahit sinong botante ng San Francisco ang magmarka ng papel o aksesibleng balota, at maaari itong gawin sa pamamagitan ng koreo o nang personal.
- ☑ Mayroong parallel formatting ang mga papel at aksesibleng balota. Kailangan markahan ng mga botante ang kanilang mga napili sa pamamagitan ng pagpunan ng mga oval.
- ☑ Kailangan ng bawat botante ng San Francisco na bumoto gamit ang papel na balota. Hindi maaaring ibalik ang balota sa pamamagitan ng internet.
- ☑ Kinakailangan ng sinumang botante na gumamit ng touchscreen o audio na balota na i-print ang kanilang namarkahan na balota bago ito ipatala.

# Opisyal na mga Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco

Simula sa Oktubre 7, maaari ninyong ihulog ang inyong balota sa alinman sa 37 opisyal na kahon na hulugan ng Lungsod. Pinapakita ng bawat kahon na hulugan ang selyo ng Lungsod at ang bandera ng Amerika, aksesible ito at nasa labas, at bukas nang 24/7 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5.



| Distritong Pinamamahalaan ng mga Superbisor | Kahon na Hulugan ng Balota | Lokasyon | Address |
|---|---|---|---|
| 1 | 1 | Cabrillo Playground | 853 38th Ave |
| | 2 | Richmond/Senator Milton Marks Branch Library | 351 9th Ave |
| 2 | 3 | Golden Gate Valley Branch Library | 1801 Green St |
| | 4 | Presidio Branch Library | 3150 Sacramento St |
| 3 | 5 | City College of San Francisco - Chinatown Center | 808 Kearny St |
| | 6 | Huntington Park | California St and Taylor St |
| | 7 | North Beach Branch Library | 850 Columbus Ave |
| 4 | 8 | Ortega Branch Library | 3223 Ortega St |
| | 9 | Parkside Branch Library | 1200 Taraval St |
| 5 | 10 | City Hall | 1 Dr Carlton B Goodlett Pl |
| | 11 | Father Alfred E. Boeddeker Park | 246 Eddy St |
| | 12 | Park Branch Library | 1833 Page St |
| | 13 | UC Law San Francisco | 200 McAllister St |
| | 14 | Western Addition Branch Library | 1550 Scott St |
| 6 | 15 | City College of San Francisco - Downtown Center | 88 4th St |
| | 16 | Mission Bay Branch Library | 960 4th St |
| | 17 | Ship Shape Community Center | 850 Avenue I |
| 7 | 18 | Forest Hill Station (Muni Metro) | 380 Laguna Honda Blvd |
| | 19 | Ingleside Branch Library | 1298 Ocean Ave |
| | 20 | Merced Branch Library | 155 Winston Dr |
| | 21 | Sunset Branch Library | 1305 18th Ave |
| | 22 | San Francisco State - Mashouf Wellness Center | 755 Font Blvd |
| | 23 | UCSF Medical Center - Millberry Union Plaza | 500 Parnassus Ave |
| 8 | 24 | Eureka Valley Recreation Center | 100 Collingwood St |
| | 25 | Glen Park BART Station | 2901 Diamond St |
| | 26 | Harvey Milk Recreation Center | 50 Scott St |
| | 27 | Noe Valley/Sally Brunn Branch Library | 451 Jersey St |
| 9 | 28 | Bernal Heights Branch Library | 500 Cortland Ave |
| | 29 | City College of San Francisco - Mission Center | 1125 Valencia St |
| | 30 | Portola Branch Library | 380 Bacon St |
| 10 | 31 | Bayview/Linda Brooks-Burton Branch Library | 5075 3rd St |
| | 32 | Jackson Playground Rec Center | Mariposa St and Arkansas St |
| | 33 | Zuckerberg San Francisco General Hospital and Trauma Center | 1001 Potrero Ave |
| | 34 | Visitacion Valley Branch Library | 201 Leland Ave |
| 11 | 35 | Crocker Amazon Playground | 799 Moscow St |
| | 36 | Excelsior Branch Library | 4400 Mission St |
| | 37 | Ocean View Branch Library | 345 Randolph St |

38-FI-N24-CP12

# Mga Resulta ng Eleksyon

**Sa Gabi ng Eleksyon, pagkatapos magsara ang mga botohan, ilalabas ng Departamento ng mga Eleksyon ang apat na paunang resulta na iuulat para sa Nobyembre 5, 2024 na Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon ng San Francisco.**

1. **8:45 p.m.** – Ang unang ulat ng mga resulta ay karamihan mula sa mga vote-by-mail na balotang natanggap bago ang Araw ng Eleksyon.
2. **9:45 p.m.** – Isasama ng pangalawang ulat ang mga resulta ng Araw ng Eleksyon mula sa pag-uulat ng mga lugar ng botohan.
3. **10:45 p.m.** – Kasama rin sa pangatlong ulat ang mga resulta ng Araw ng Eleksyon mula sa karagdagang mga pag-uulat sa mga lugar ng botohan.
4. **Huling Ulat** – Ang pang-apat na ulat, kasama dito ang lahat ng resulta ng botohan sa Araw ng Eleksyon, ay ilalabas kapag nakapag-ulat na ang lahat ng presinto.

Lahat ng mga resulta ng eleksyon na ilalabas sa Gabi ng Eleksyon ay pauna lamang at magbabago sa mga susunod na araw habang binibilang ng Departamento ang libu-libong mga balota. Kabilang dito ang balidong probisyonal at mga vote-by-mail na mga balota na natanggap sa Araw ng Eleksyon, gayon din ang balidong vote-by-mail na mga balota na natanggap sa loob ng isang linggo sa Araw ng Eleksyon at namarkahan ng post office sa Araw ng Eleksyon.

Dahil inaasahan na maraming lalahok na botante at dahil sa balotang may maraming kard, maaaring kailanganin ng Departamento ang buong 30 na araw na pinahintulutan ng batas ng estado para bilangin ang mga balota at i-ulat ang mga pinal na mga resulta. Kailangan na masertipika ng Departamento ang eleksyon nang hindi lalampas sa Disyembre 5.

- ☑ Ang lahat ng mga resulta ng lokal na eleksyon ay ipopost sa **sfelections.gov/results**.
- ☑ Para kaagad-agad makatanggap ng mga opisyal na pagbabago tungkol sa eleksyon sa inyong inbox, mag-subscribe sa **sfelections.gov/trustedinfo**.
- ☑ Ang mga proseso ng pagbibilang ng balota ay bukas para sa pampublikong pag-obserba nang personal sa tanggapan ng Departamento, Room 48, City Hall, o sa pamamagitan ng live streaming sa **sfelections.gov/observe**.

# Batas sa mga Karapatan Ng Botante

## Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan:

1. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
   - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
   - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
   - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
   - hindi kasalukuyang gumugugol ng panahon sa piitan ng estado o pederal dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at
   - hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan para bumoto
2. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
3. **Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga botohan.**
4. **Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
5. **Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka, kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota.** Magagawa mong:
   - **Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang botohan** ng isangbagong balota; o
   - **Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong botohan;
   - **Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota,** kung hindi mo dala ang iyong orihinal na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
6. **Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-empleyo o kinatawan ng unyon.
7. **Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang botohan** sa California.
8. **Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
9. **Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
10. **Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
    - Sa web sa **www.sos.ca.gov**
    - Sa pamamagitan ng telepono sa (800) 339-2957
    - Sa mail sa **elections@sos.ca.gov**

**Kung naniniwala ka na pinagkaitan ka ng alinman sa mga karapatang ito, tawagan ang kompidensiyal na Nakahandang Linya sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.**

# Pagpapanatili ng inyong Record para sa Botante

Ipadadala namin sa koreo ang mga balota at ibang pang-eleksyong materyales sa address na nakasaad sa inyong record para sa botante. Maaari ninyong i-check ang inyong record para sa botante sa **voterstatus.sos.ca.gov**. Maaari ninyong i-update ang address na nakasaad sa inyong record para sa botante sa **registertovote.ca.gov**.

Ayon sa batas, walang sinuman ang maaaring gumamit ng impormasyon sa loob ng inyong record para sa botante para sa pangkomersiyal na mga layunin. Ngunit maaaring gamitin ito para sa piling hindi pangkomersiyal na mga layunin. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Kalihim ng Estado sa 800-345-8683 o bumisita sa **sos.ca.gov**.

Ikaw ba ay nasa mapanganib na kalagayan at gusto gumamit ng kumpidensiyal na address para sa inyong pang-eleksyon na koreo? Para malaman kung kuwalipikado ka sa *Safe at Home* na programa, tumawag sa 877-322-5227 o bumisita sa **sos.ca.gov/registries/safe-home**.

# Mga Aksesibleng Mapagkukunan

Ang lahat ng mga botante ay may karapatan na bumoto nang pribado at malaya. Maaaring makagamit ang sinumang lokal na botante ng mga sumusunod na pamamaraan:

## Aksesibleng Polyeto ng Impormasyon para sa Botante

Makikita ninyo ang PDF, HTML at Ingles na MP3 na bersyon ng pamplet na ito sa **sfelections.gov/vip**. Maaari kayong makipag-ugnayan sa amin sa (415) 554-4310 para humiling ng pamplet na malaki ang pag-print, audio flash drive sa Ingles, o pamplet sa compact disc (CD). Maaari rin kayong makakuha ng pamplet na talking book at isang libreng audio player na Ingles sa Talking Books and Braille Center na matatagpuan sa ikalawang palapag ng Pangunahing Aklatan sa 100 Larkin Street, San Francisco, CA 94102.

## Aksesibleng Balota sa Koreo

Sa pagitan ng Oktubre 7 at sa pagsara ng mga botohan (8 p.m.) sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5, maaari kayong mag-download ng isang aksesibleng balota sa **sfelections.gov/access**. Dito, maaari kayong gumamit ng screen-reader, head-pointer, o sip and puff para markahan ang inyong balota. (Dapat ninyong ibalik ang inyong nai-print na balota sa pamamagitan ng koreo o personal na paghahatid.)

## Mga Aksesibleng Lugar ng Botohan

Maaari kayong makagalaw nang naka-wheelchair sa alinmang lokal na lugar ng botohan. Maaari rin kayong humiling ng lente para mapalaki ang mga letra, panulat na madaling hawakan, gabay sa pagpirma na may mga instruksiyon sa braille, isang pamboto na upuan, o isang aparato para sa pagmarka ng balota. Sa paggamit ng aparato para sa pagmarka ng balota, maaari ninyong piliin ang format (touchscreen o audio), font, kulay ng background, at wika para sa inyong balota. Maaari kayong magpalipat-lipat sa mga labanan ng inyong balota gamit ang isang braille keypad, mga headphone, o iba pang aparato. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa inyong itinakdang lugar ng botohan, maaaring tingnan ang panlikod na pabalat.

Sa pagitan ng Oktubre 7 at Araw ng Eleksyon, maaari ninyong magamit ang kahit anumang mapagkukunan na mga ito sa Sentro ng Botohan sa City Hall.

## Personal na Serbisyo Para sa Pagboto

Maaari kayong magpahatid ng balota sa labas sa alinmang lugar ng botohan. Tumawag sa (415) 554-4310 o hilingin sa isang tao na pumunta sa loob at hilingin ang serbisyong ito para sa inyo. Dadalhin sa labas ng isang manggagawa sa botohan ang inyong mga pang-eleksyon na materyales at babalik para kunin ang mga ito.

Maaari kayong humiling ng tulong sa pagmamarka ng inyong balota sa ibang tao. Puwede rin na isang manggagawa ng eleksyon ang tutulong sa inyo ngunit hindi ito maaari maging inyong tagapag-empleyo o kinatawan ng inyong unyon. Maaaring makapagbigay ng pisikal na tulong ang mga tutulong ngunit hindi sila maaaring gumawa ng mga desisyon tungkol sa pagboto.

Kung hindi ninyo kayang umalis sa inyong bahay o kung kayo ay nasa ospital sa huling linggo ng panahon sa pagboto, maaari kayong humiling na magpahatid o magpakuha ng balota. Makipag-ugnayan sa amin sa (415) 554-4310 para hilingin ang serbisyong ito.

## Komite ng mga Tagapayo para sa Aksesibilidad sa Pagboto

Nagtatrabaho para mapabuti pa ang access sa pagboto sa San Francisco ang aming Komite ng mga Tagapayo para sa Aksesibilidad sa Pagboto. Tumawag sa amin sa (415) 554-4310 para sa karagdagang impormasyon o kung gusto ninyong sumali.

## Mga Multilingual na Mapagkukunan

Nagbibigay kami ng mga opisyal na balota, mga pang-impormasyon na materyales, at tulong sa wikang Ingles, Tsino, Espanyol, at Filipino. Nagbibigay rin kami ng mga reperensiya na balota sa Burmese, Hapones, Koreano, Thai, at Vietnamese sa lahat ng mga lugar nang personal na pagboto at sa pamamagitan ng koreo. Kung hihilingin, makapagbibigay kami ng mga serbisyo sa pagsasalin sa daan-daang mga ibang wika.

Upang baguhin ang wika ng mga pang-eleksyong materyales na inyong matatanggap, bisitahin ang **sfelections.gov/language** o tumawag sa (415) 554-4310. Para matingnan ang listahan ng mga wikang mapagkukunan sa inyong lugar ng botohan, bisitahin ang **sfelections.gov/voteatyourpollingplace**.

# Nangangailangan ang San Francisco ng mga Manggagawa sa Lugar ng Botohan para sa Nobyembre 5 na Eleksyon!




**Kami rito sa Departamento ng mga Eleksyon ay inaanyayahan kayong sumali sa aming San Francisco Poll Worker Team para sa Nobyembre 5, 2024 na Eleksyon!**

Ang mga poll worker o manggagawa sa lugar ng botohan ay ang mga boluntaryo na tumutulong sa pangangasiwa sa pagboto sa mga lugar ng botohan sa komunidad sa Araw ng Eleksyon. Kasama sa kanilang responsibilidad ang pag-set up at pagsara ng lugar ng botohan, pag-check in sa mga botante gamit ang listahan sa presinto, pagsagot sa tanong ng mga botante, at pagbibigay ng mga materyales tulad ng mga balota, form para sa pagpaparehistro ng botante, at ang "Bumoto Ako!" na mga sticker.

Para sa kanilang isang araw na serbisyo, makatatanggap ang mga poll worker ng sahod mula $225 hanggang $295, pati na rin ang nakokolektang pin na espisipiko sa bawat eleksyon bilang pagkilala sa kanilang pagsisikap.

Para sa maraming indibidwal, makabuluhang paraan ng pagbibigay tulong sa kanilang komunidad ang pagsisilbi bilang poll worker. Sa katunayan, nagboluntaryo na ang ilang manggagawa sa botohan sa San Francisco sa mahigit 50 na eleksyon! Ang Departamento ng mga Eleksyon ay nagpapasalamat sa maraming mga boluntaryo na nangakong tutulong sa amin na isagawa ang paparating na mga eleksyon.

**Para mag-apply, mangyaring bumisita sa sfelections.gov/pwvip o tumawag sa (415) 554-4395 o i-scan ang code sa inyong kanan.**

# Matutulungan namin kayo: Tulong sa wikang Filipino

Alinsunod sa mga pampederal at pang-estadong batas tungkol sa language access, nagkakaloob ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga materyales at tulong sa mga wikang Tsino, Espanyol, at Filipino, pati na sa Ingles. Patuloy na binibigyang prayoridad ng Departamento ang programa nitong multilingual, at ang pagpapahusay ng serbisyo nito sa lahat ng botante, kabilang na ang mga may limitadong kahusayan sa wikang Ingles. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa **sfelections.gov** o tumawag sa (415) 554-4310.

## Libreng mga Klase sa Ingles

Ang mga taong gustong matuto ng English as a Second Language (Ingles bilang Pangalawang Wika, ESL) ay maaaring pumunta o tumawag sa sumusunod na mga opisina para makakuha ng impormasyon tungkol sa libreng mga klase:

### City College of San Francisco *ccsf.edu/esl*

**Civic Center Campus**
1170 Market Street.......... (415) 561-1875

**Chinatown / North Beach Campus**
808 Kearny Street.......... (415) 395-8600 o (415) 395-8621

**Downtown Campus**
88 4th Street.......... (415) 267-6500 o (415) 267-6543

**Evans Campus**
1400 Evans Avenue.......... (415) 550-4440

**John Adams Campus**
1860 Hayes Street.......... (415) 561-1835 o (415) 561-1836

**Mission Campus**
1125 Valencia Street.......... (415) 920-6000 o (415) 920-6067

**Ocean Campus**
50 Frida Kahlo Way.......... (415) 239-3427 o (415) 239-3003

**Southeast Campus**
1800 Oakdale Avenue.......... (415) 550-4344

# Impormasyon Tungkol sa Kandidato

## Kinakatigang Partido ng Kandidato

Ang kinakatigan na rehistradong politikal na partido, kung mayroon man, ng sinumang kandidato na tumatakbo para sa katungkulang nominado ng botante, ay nakaimprenta sa tabi ng pangalan ng bawat kandidato sa balota. Kung ang kandidato ay tumatakbo para sa hindi makapartidong katungkulan, walang makikitang partido sa tabi ng pangalan ng kandidato.

## Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Nagsumite sa loob ng takdang panahon ang ilang kandidato sa balota ng kani-kanilang pahayag ng mga kuwalipikasyon para mailimbag sa pamplet na ito. Gastos ng mga kandidato ang pagpapalimbag sa mga nasabing pahayag.

Hindi sinisiyasat para sa kawastuhan ng Direktor ng mga Eleksyon, o anumang iba pang ahensiya ng Lungsod, opisyal, o empleyado ang mga impormasyon na nilalaman ng mga pahayag ng kuwalipikasyon ng kandidato na nakalimbag sa pangunahing Ingles na bersiyon ng pamplet na ito. Ang pagsasalin sa Filipino ay pareho hangga't maaari sa pinagmulang nilalaman na Ingles.

Maaari ninyong makita ang impormasyon tungkol sa mga kandidato sa mga sumusunod:

| **Gabay ng Impormasyon para sa Botante ng California**<br>na makukuha sa **voterguide.sos.ca.gov** | **Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco**<br>na makukuha sa **sfelections.gov/vip** |
|---|---|
| **Senador ng Estados Unidos**<br>(regular na 6-taong termino na magtatapos sa Enero 3, 2031)<br>**Senador ng Estados Unidos**<br>(natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 3, 2025) | **Kinatawan ng Estados Unidos**<br>Distrito 11 at Distrito 15<br>**Senador ng Estado**<br>Distrito 11<br>**Miyembro ng Asembleya ng Estado**<br>Distrito 17 at Distrito 19<br>**Mayor**<br>**Miyembro, Lupon ng mga Superbisor**<br>Mga ika 1, 3, 5, 7, 9, at 11 na Distrito<br>(Ang mga botanteng nakatira lamang sa odd-numbered na Superbisoryal na Distrito ang makatatanggap ng labanan na ito sa kanilang mga balota)<br>**Abugado ng Lungsod**<br>**Abugado ng Distrito**<br>**Sheriff**<br>**Tesorero**<br>**Miyembro, Lupon ng Edukasyon**<br>Mga ika 4, 5, 6, 7 na Puwesto<br>**Katiwala, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad**<br>Mga ika 4, 5, 6, 7 na Puwesto<br>**Mga Direktor ng Lupon ng BART**<br>Distrito 7 at Distrito 9<br>(Ang mga botanteng nakatira lamang sa Distrito 7 ng BART o sa Distrito 9 ng BART ang makatatanggap ng labanan na ito sa kanilang mga balota) |

# Mga Limit sa Boluntaryong Gastos

Ipinag-uutos ng California Government Code (Kodigo ng Gobyerno ng California, CAGC) §85600, na ilathala ng Departamento ng mga Eleksyon ang pangalan ng mga kandidato na kusang pumayag na sumunod sa mga limitasyon sa paggastos na itinataguyod ng CAGC §85400. Sa eleksyong ito, ang mga sumusunod na kandidato ay sina:

**Senador ng Estado, Distrito 11**
Yvette Corkrean
Scott Wiener

**Asembleya ng Estado, Distrito 17**
Matt Haney
Manuel Noris-Barrera

**Asembleya ng Estado, Distrito 19**
David E. Lee
Catherine Stefani

# Mga Pag-Endoso ng Partido sa mga Kandidato

Pinapayagan ng batas ng Estado ang mga partidong politikal na mag-endoso ng mga kandidato para sa mga katungkulang pambuong-estado. Sa eleksyong ito, ang mga sumusunod ang maagap na naisumiteng pag-eendoso:

**Senador ng Estados Unidos**
Partido Demokratiko: Adam Schiff

**Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11**
Partido Demokratiko: Nancy Pelosi
Partido Republikano: Bruce Lou
Partido Amerikanong Independiyente: Bruce Lou

**Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 15**
Partido Demokratiko: Kevin Mullin
Partido Republikano: Anna Cheng Kramer
Partido Amerikanong Independiyente: Anna Cheng Kramer

**Senador ng Estado, Distrito 11**
Partido Demokratiko: Scott Wiener
Partido Republikano: Yvette Corkrean
Partido Amerikanong Independiyente: Yvette Corkrean

**Asembleya ng Estado, Distrito 17**
Partido Demokratiko: Matt Haney
Partido Republikano: Manuel Noris-Barrera
Partido Amerikanong Independiyente: Manuel Noris-Barrera

**Asembleya ng Estado, Distrito 19**
Partido Demokratiko: Catherine Stefani
Partido Amerikanong Independiyente: Catherine Stefani

# Mga Katungkulan sa Lungsod at County ng San Francisco na Pagbobotohan sa Eleksyong Ito

## Mayor

Ang Mayor ang punong tagapamahala ng Lungsod at County ng San Francisco. Ang buong termino sa panunungkulan para sa Mayor ay apat na taon, at sumasahod ng $383,760 kada taon.

## Abugado ng Lungsod

Ang Abugado ng Lungsod ay ang abugado para sa Lungsod at County ng San Francisco sa lahat ng asuntong sibil. Naglilingkod ang Abugado ng Lungsod bilang tagapayo sa batas sa Mayor, sa Lupon ng mga Superbisor, at sa lahat na nahalal na opisyal, kasama na ang halos 100 na departamento, mga lupon, mga komisyon at katungkulan na bumubo sa pamahalaan ng Lungsod at County ng San Francisco. Ang Abugado ng Lungsod ang naghahanda o nag-aaproba ng form para sa lahat ng batas ng Lungsod, kontrata, bond, at anupamang ibang dokumentong legal na may kinalaman sa Lungsod. Ang buong termino sa panunungkulan para sa Abugado ng Lungsod ay apat na taon, na kasalukuyang sumasahod ng $316,758 kada taon.

## Abugado ng Distrito

Ang Abugado ng Distrito ang nag-uusig ng mga kasong kriminal para sa Lungsod at County ng San Francisco. Ang buong termino sa panunungkulan para sa Abugado ng Distrito ay apat na taon, na kasalukuyang sumasahod ng $355,784 kada taon.

## Sheriff

Ang Sheriff ang nagpapatakbo ng mga bilangguan ng county at nagbibigay ng mga bailiff (security) para sa mga korte. Ang buong termino sa panunungkulan para sa Sheriff ay apat na taon, na kasalukuyang sumasahod ng $313,560 kada taon.

## Tesorero

Ang Tesorero ang may pananagutan sa pagtanggap, pagbayad, at pamumunuhan ng lahat ng pondo ng Lungsod at County. Pinamamahalaan ng Tesorero ang araw-araw na labas-pasok ng pera sa Lungsod at County, pinamamatnugutan ang Opisina ng Tagakolekta ng Buwis, lubusang nakikipagtulungan sa mga departamento ng Lungsod para matiyak nasasapanahon na pagdedeposito ng mga pondong natanggap, at mahalagang kalahok sa pagpapalalabas ng mga General Obligation Bonds, Revenue Bonds, and Tax and Revenue Anticipation Notes. Ang buong termino sa panunungkulan para sa Tesorero ay apat na taon, na kasalukuyang sumasahod ng $229,918 kada taon.

## Miyembro, Lupon ng mga Superbisor

Ang Lupon ng mga Superbisor ang lehislatibong sangay ng pamahalaan ng Lungsod at County ng San Francisco. Ang mga miyembro nito ang nagbabalangkas ng batas at nagpapatibay sa taunang budget para sa mga departamento ng Lungsod. Ang buong termino sa panunungkulan para sa mga miyembro ng Lupon ng mga Superbisor ay apat na taon, na kasalukuyang sumasahod ng $170,430 kada taon. Mayroong labing-isang miyembro ang Lupon ng mga Superbisor. Ang mga botanteng na nasa Distrito ng 1, 3, 5, 7, 9, at 11 lamang ang makaboboto para sa kanilang miyembro sa Lupon ng mga Superbisor sa eleksyong ito.

## Miyembro, Lupon ng Edukasyon

Ang Lupon ng Edukasyon ay ang pitong-miyembrong tagapamahalang lupon para sa San Francisco Unified School District (mula kindergarten hanggang sa ika-labindalawang grado). Ang buong termino sa panunungkulan para sa bawat miyembro ng lupon ay apat na taon, na kasalukuyang sumasahod ng $6,000 kada taon. Maghahalal ang mga botante ng apat na miyembro para sa eleksyon na ito.

## Miyembro, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

Ang Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad ay ang pitong-miyembrong tagapamahalang lupon para sa Pandistritong Kolehiyo ng Komunidad ng San Francisco. Pinamamatnugutan nito ang Kolehiyo ng Lungsod at iba pang sentro ng pag-aaral para sa mga nasa sapat na gulang. Ang buong termino sa panunungkulan para sa bawat miyembro ng lupon ay apat na taon, na kasalukuyang sumasahod ng $6,000 kada taon. Maghahalal ang mga botante ng apat na miyembro para sa eleksyong ito.

# Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11

## BRUCE LOU

**Ang aking trabaho ay** May-ari ng Negosyo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang pangalan ko po ay Bruce Lou at tumatakbo ako upang katawanin ang San Francisco sa Kongreso. Natibo akong taga-Bay Area, nagtapos sa UC Berkeley, may-ari ng negosyo, at kampeon ng Jeopardy!.

Bata pa ako at kinakatawan ko ang henerasyon na magmamana sa bansang ito sa kinabukasan. Isa akong bagong boses na makikipaglaban para sa mga interes ng komunidad bilang katunggali ng mga insider (maraming konseksiyon sa politika) ng Washington na ang tanging nasa isip ay ang kanilang makasariling mga interes.

Kinakatawan ng San Francisco ang pangako na magkakaroon ng mga oportunidad at bagong buhay na nakahikayat sa mga tao sa loob ng maraming henerasyon, mula sa Forty-Niners hanggang sa mga imigranteng tulad ng aking mga magulang na dumating para sa mas malaya at masaganang kinabukasan. Naniniwala pa rin ako sa pangako ng San Francisco, pero maaaring mahirap itong matupad kung ginagawang mapanglaw ang buhay para sa mga tao sa lungsod na ito nang dahil sa mga problema tulad ng krimen, kawalan ng tahanan, at tumataas na halaga ng bilihin.

May marubdob akong pagmamahal sa kasaysayan at ipinagpapasalamat ko ang natatanging lugar ng San Francisco sa mundo at naiintindihan ang malalang panganib na kinalalagyan ng Amerika sa ngayon. Pinagbabantaan ang ating pinakaitinatanging mga kalayaan at kumakaharap tayo sa banta ng pandaigdigang digmaan. Magtutuon ako sa paghahanap ng mga solusyong nakabatay sa sentido komun na inuuna ang mga tao kaysa politika.

Ako ay:
- magdidirekta ng pederal na pondo tungo sa pagtitiyak ng kaligtasan ng publiko
- pipigil sa mga panghihimasok sa ating batayang mga karapatan sa konstitusyon
- magtitiyak ng pagiging patas sa lahat ng pagtanggap sa mga paaralan at sa ilalim ng batas
- magtataguyod ng kapayapaan nang hindi nasasangkot sa mga hidwaan ng ibang bansa

Salamat po, at pakiboto si Bruce Lou para sa mas maliwanag na kinabukasan.

www.bruceforcongress.org

*Bruce Lou*

## NANCY PELOSI

**Ang aking trabaho ay** Miyembro ng Kongreso.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Mahal na mga Kaibigan,

Karangalan kong maging boses ng ating Lungsod sa Kongreso at katawanin ang ating mga pinahahalagahan ng San Francisco. Bilang inyong Kinatawan, nangako akong tumulong sa pagpapalawak ng pangangalaga sa kalusugan, naka-unyong mga trabaho na maayos ang sahod at dignidad para sa mga manggagawa — at naghatid ang mga pagsisikap ng aking tanggapan ng libu-libong trabaho at bilyon-bilyong halaga ng mga rekurso upang makatulong sa pagbuo ng mas magandang kinabukasan para sa ating komunidad.

Gayon pa man, naisasapanganib ang ating pag-unlad ng dahil sa naniniwala nang labis sa espesipikong ideolohiya at nagtatrabaho nang walang habag upang maatake ang ating mga kalayaan sa reproduksiyon, matanggal ang Department of Education (Departamento ng Edukasyon), mabalingan ng sisi ang mga imigrante, mapawalang-bisa ang batas na nagpapababa sa presyo ng gamot, bawiin ang mga aksiyon para sa klima, bawasan ang Social Security (Panlipunang Seguridad), Medicare at Medicaid, tanggalin ang ilan sa nakukuhang benepisyo ng mga Beterano at ipawalang-bisa ang Affordable Care Act (Batas ukol sa Abot-kayang Pangangalaga).

Masusupil natin ang kanilang pagsalakay — at mapaghuhusay ang mga buhay ng mga tao: mag-uuwi ng mas maraming rekurso para sa mga proyekto sa pabahay, pampublikong transportasyon at imprastruktura, ipagpapatuloy ang ating lokal na trabaho sa Operation Overdrive — ang ating pakikipag-partner sa Department of Justice (Departamento ng Hustisya) at nang matugunan ang krisis sa fentanyl - at makapamuhunan sa pampublikong edukasyon. Palalakasin natin ang Care Economy (Paggawang Nauukol sa Pangangalaga) sa pamamagitan ng permanenteng Biden Child Tax Credit (Programa ni Biden sa Pagbabawas sa Buwis Batay sa mga Anak), pangangalaga sa bata, may bayad na pagliban sa trabaho para sa pamilya, pangangalaga sa kalusugan sa tahanan, at mas maraming naka-unyon na trabaho. Para sa ating mga kalayaan, kailangan nating sistematikong maisaayos ang Roe v Wade, ipasa ang LGBTQ+ Equality Act (Batas ukol sa Pagkakapantay-pantay para sa mga LGBTQ+) at ibalik ang Assault Weapons Ban (Pagbabawal sa mga Semiautomatic na baril).

Nasa peligro na ang Demokrasyong Amerikano ngayong 2024. Kailangan nating ibalik ang mga karapatan sa pagboto, ipagtanggol ang ating Konstitusyon, ipasa ang mga reporma sa pagpipinansiya ng mga kampanya, at tiyakin ang matatag na Demokrasya sa tahanang bansa at suporta para sa diplomasiya at kaalyado sa ibang bansa.

Ito ang mga laban na kinakaharap natin — at kung bakit ako tumatakbo upang muling maihalal. Magalang kong hinihiling ang inyong boto.

Salamat po.

NANCY

*Nancy Pelosi*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 15

## ANNA CHENG KRAMER

**Ang aking trabaho ay** Ehekutibo para sa mga Polisiya sa Pabahay / Negosyante.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Isa akong imigrante mula sa Taiwan, at ang Bay Area na ang aking naging tahanan magmula noong 1976. Nakatira na ako sa San Francisco, East Palo Alto, North Fair Oaks, Redwood City, at San Carlos.

Matapos kong makakuha ng MBA mula sa University of Santa Clara, isinulong ko ang aking karera, at nang magkaroon ng magagamit na pondo upang makapagtayo at makapagpanatili ng mga tahanan para sa mga pamilya sa kabuuan ng West Coast at sa kabuuan ng bansa. Sa aking mga papel sa serbisyong publiko, naglingkod ako bilang Tagapangulo ng North Fair Oaks at miyembro ng Economic Development Advisory Commission (Tagapayong Komisyon ukol sa Pag-unlad ng Ekonomiya) sa San Carlos.

Bilang Chief Operating Officer (Pinunong Opisyal para sa mga Operasyon) ng Mid-Peninsula Housing Coalition (Koalisyon sa Pabahay sa Gitnang Peninsula), natutunan ko kung paano nakakukuha ng pinansiya, naitatayo, at natitirhan ang nonprofit, ligtas, at abot-kayang pabahay. Magpapasimula ako ng komprehensibong solusyon sa ating kawalan ng tahanan kung saan kasama na ang paggamot sa pagkalulong sa droga at mga shelter o matutuluyan. Kasama sa solusyong ito ang aking pangunahing prayoridad na tiyakin ang kaligtasan ng publiko upang mapasigla ang ekonomiya at maprotektahan ang ating maliliit na negosyo at komunidad. May pangako akong maghanap ng totoo, at lokal na mga solusyon nang hindi umaasa sa ibinababa lamang na mga ipinag-uutos ng pamahalaan.

Kailangan natin ng pagbabago sa Washington sa halip na mapaghating politika. Magtatrabaho ako upang magkaroon ng seguridad sa ating border o hangganan ng nasasakupan, mareporma ang imigrasyon at matigil ang ilegal na pagbebenta ng fentanyl—na malaki ang kontribusyon sa pagtaas ng krimen, kawalan ng tahanan, at pagwawakas ng mga buhay. Kailangang makapaglabas ang paggasta ng pederal na gobyerno ng nasusukat na mga resulta, hindi ng pagpapayaman sa mga pangkat na may espesyal na mga interes.

Nakabatay ang maunlad na ekonomiya sa sistema ng malayang merkado, na hindi umaasa sa mas maraming buwis, regulasyon, pag-utang, at paggasta. Pakikinggan ko ang lahat ng aking nasasakupan anuman ang kinabibilangan nilang politikal na pangkat, at gagawin ko ito nang may tunguhing makamit ang Kaligtasan, Seguridad, at Kasaganaan para sa lahat. Ikararangal kong maglingkod bilang inyong Kongresyonal na Kinatawan sa Estados Unidos nang may integridad at dedikasyon.

Iboto si Anna Cheng Kramer

www.ackramerforcongress.org

*Anna Cheng Kramer*

## KEVIN MULLIN

**Ang aking trabaho ay** Kinatawan ng Estados Unidos.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ikinararangal ko na unang maihalal sa U.S. House of Representatives (Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos) noong 2022 matapos katawanin ang San Mateo County sa Asembleya ng Estado sa loob ng 10 taon, at bago ito, bilang Mayor/Miyembro ng Konseho at may-ari ng maliit na negosyo sa South San Francisco.

Sa aking unang taon sa Kongreso, nagtrabaho ang mga kawani sa aking opisina sa distrito upang maibalik ang halos $2 Milyon mula sa Social Security (Panlipunang Seguridad) at iba pang pera mula sa buwis sa mga nasasakupan, malutas ang halos 650 kaso sa pasaporte, at natugunan ang mahigit 100,000 liham, email, at tawag mula sa mga nasasakupan ng Distrito 15. Regular akong nagdaraos ng mga pagtitipong "Coffee with Kevin (Kapihan kasama si Kevin)" at "Conversations with Kevin (Mga Pakikipag-usap kay Kevin)," at nang direkta kong marinig ang aking mga nasasakupan.

Naiharap ko na ang Weatherization Resilience and Adaptation Program Act (Batas ukol sa Programa upang Maging Matatag at Makaangkop ang mga Tahanan sa mga Sakuna at Pagbabago ng Klima at Panahon, WRAP), at nang matulungan ang mabababa ang kita na may-ari ng tahanan at mga nagkakaloob ng abot-kayang pabahay na gawing mas matatag ang kanilang ari-arian sa pagbabago ng klima, at nag-akda rin ako ng Poverty Line Act (Batas na Nauukol sa Antas ng Kahirapan) upang magawang moderno ang pederal na pormulang nauukol sa kahirapan at maisama rito ang mga gastos sa pabahay, pangangalaga sa bata, at pangangalaga sa kalusugan, at sa gayon, makapagtayo tayo ng ekonomiyang gumagana para sa ating lahat. Nasuportahan ko na rin ang mga batas na tumutugon sa karahasang mula sa baril at pagbibigay ng proteksiyon sa mga kalayaang nauukol sa reproduksiyon, at nakapagpasok na ako ng mahigit $14 milyon ng pederal na pondo para sa mga proyektong pangkomunidad at nag-aadbokasiya ako para sa karagdagang $13 milyon.

Isa akong lider sa Task Force on Strengthening Democracy (Espesyal na Pangkat para sa Pagpapalakas ng Demokrasya) at naitulak ko ang pagpasa sa H.R.11: ang Freedom to Vote Act (Batas ukol sa Kalayaang Bumoto). Nangangako akong magtatrabaho sa paraang kasama ang mga miyembro ng dalawang partido at nang muling magkaroon ng tiwala ang publiko sa Kongreso at matiyak na mayroon tayong demokrasya na makapaghahatid na ng solusyon sa ating pinakamalalaking hamon.

Magalang kong hinihingi ang inyong boto upang patuloy kong maipaglaban ang proteksiyon sa ating demokrasya at sa ating planeta, at nang umunlad ang henerasyong ito at ang susunod pang mga henerasyon.

KevinMullinforCongress.com

*Kevin Mullin*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Kandidato para sa Senador ng Estado, Distrito 11

## YVETTE CORKREAN

**Ang aking trabaho ay** Rehistradong Nars.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Si Yvette Corkrean ay walang asawang ina ng dalawang bata na nasa edad na ng pagpasok sa paaralan at rehistradong nars na nakapaglingkod na sa kanyang lokal na komunidad sa loob ng 25 taon.

Sinusuportahan ng Moms for America (Mga Ina para sa Amerika) si Yvette Corkrean para sa Senado ng Estado. Naniniwala si Yvette na ang de-kalidad na edukasyon ang pinakamabuting lunas para sa tagumpay ng bata sa kinabukasan.

Bilang inyong susunod na Senador ng Estado, pangunahing misyon ni Yvette Corkrean ang pagpapanatili sa ating kaligtasan. Nakapagtrabaho na si Yvette upang makatulong sa pagpapataas ng mga multa at sa pang-uusig sa mararahas na mga kriminal. Kailangang tumigil na ang San Francisco sa pagiging punong tanggapan para sa kriminal na mga gawain.

Ineendoso ng California State Sheriff's Association (Asosasyon ng mga Sheriff sa Estado ng California) si Yvette Corkrean para sa Senado ng Estado. Naiintindihan ng mga Sheriff ng California at ni Yvette na kailangang unahin ang kaligtasan ng publiko sa sibilisadong lipunan. Kailangan nating pondohan nang buo at suportahan ang lokal na pagpapatupad ng batas. Kasama sa polisiyang ito ukol sa pagpapanatili sa ating kaligtasan ang mas mahusay na suporta para sa mga first responder (unang tumutugon), biktima ng krimen, at iyong dumaranas ng malalang adiksiyon at sakit sa isip.

Ang pagmamay-ari ng tahanan ay hindi dapat mahirap matamo para sa mga taga-California. Magtatrabaho si Yvette Corkrean upang magawang mas abot-kaya ang pamumuhay sa pamamagitan ng pagbabawas ng hindi makatarungang mga regulasyon at labis-labis na pagbubuwis. Hindi dapat maging mahirap ang gas, groseriya, at pang-araw-araw na gastos para sa mga taga-California.

Inendoso na ng dating Independiyenteng Senador ng Estado at retiradong hukom Quentin Kopp kasama ang American Independent Party of California (Amerikanong Independiyenteng Partido ng California) si Yvette Corkrean upang inyong maging susunod na Senador ng Estado.

Samahan kami sa Pagboto kay Yvette Corkrean para sa Senado ng Estado!

Salamat po

yvetteforsenate.org
415-839-0251

*Yvette Corkrean*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 17

## MATT HANEY

**Ang aking trabaho ay** Miyembro ng Asembleya ng Estado.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Sa loob ng nakaraang dalawang taon bilang inyong Miyembro ng Asembleya, pinamunuan ko ang laban upang maharap ang pinakamaiigting na hamon sa San Francisco.

Pamumuno:
- Naglingkod ako bilang Majority Whip (Opisyal ng Mayorya ng Partido) ng CA State Assembly (Asembleya ng Estado ng CA).
- Tagapangulo ng Select Committee on Downtown Recovery (Piling Komite para sa Pagbangon ng Downtown), kung saan ipinagtanggol ko ang batas upang mabago ang gamit ng bakanteng mga pang-opisinang espasyo tungo sa pagiging pabahay, at sa gayon, maibalik ang ekonomiya sa downtown ng San Francisco.
- Tagapangulo ng Select Committee on Fentanyl, Opioid Addiction, and Overdose Prevention (Piling Komite na nauukol sa Fentanyl, Adiksiyon sa Opyo, at Pag-iwas sa Pag-o-overdose o Labis na Paggamit ng Sangkap), kung saan naghanap kami ng epektibong mga solusyon para sa kaligtasan ng publiko at pampublikong kalusugan at sa gayon, matanggal ang fentanyl mula sa ating mga kalye at mapalawak ang pagpapagamot.
- Kasamang Tagapagtatag at Tagapangulo ng kauna-unahang California Legislative Renters' Caucus (Pulong ng mga Umuupa para sa Lehislasyon ng California) at nang makapag-adbokasiya para sa mga polisiyang kiling sa mga umuupa.

Ilang nagawa kamakailan na nauukol sa lehislasyon:
- Ipinagtanggol ko ang mga panukalang-batas at nang sa gayon, maharap ang krisis sa fentanyl, tulad ng pag-uutos na magkaroon ng mga gamot sa first aid kit upang makontra ang nagawang pag-o-overdose o labis na paggamit, pagpapalawak ng mobile o nakapagpapalipat-lipat na mga botika, at pagkakaroon ng pamamaraan upang makakuha ng paggamot sa adiksiyon na makapagliligtas ng buhay.
- Binigyang-prayoridad ko ang pampublikong kaligtasan sa pamamagitan ng pagbabawal sa baril sa mga lumabag sa batas na may malalang karamdaman sa isip, ipinatupad ang mga hakbang na pang-iwas para sa mga indibidwal na lumalabas mula sa mga ospital ng estado upang mapigilan ang mararahas na muling paglabag sa batas, at pag-aakda ng mga batas upang maharap ang pagnanakaw sa mga tindahan.
- Naputol ko ang red tape (labis-labis na patakaran) upang mapabilis ang konstruksiyon ng mga pabahay.
- Ginawa kong pinakamataas nang halaga para sa depositong pangseguridad ang isang buwang upa at binabaan ang singil na HOA upang magawang mas abot-kaya ang pabahay.

May dedikasyon ako sa pagpapahusay ng kaligtasan ng publiko, pagbabawas sa kawalan ng tahanan, pagtitiyak ng wastong pagpopondo para sa ating mga paaralan at sistema ng transportasyon, at pagkilos upang maharap ang pagbabago sa klima. Ikinararangal kong magkaroon ng markang 100% score na mula sa dalawang pangkat na Equality California (Pagkakapantay-pantay sa California) at Planned Parenthood (Nakaplanong Pagkamagulang) para sa hindi nagbabagong pagsuporta sa malaki ang epektibong mga inisyatiba para sa LGBTQ+ at polisiyang pro-choice (pabor sa pagpapasya ng kababaihan ukol sa kanilang katawan) at nakatanggap ako ng markang 'A' mula sa California Environmental Voters (Mga Botante ng California para sa Kapaligiran).

Inendoso ng:
- California Professional Firefighters (Mga Propesyonal na Bumbero ng California)
- California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nars ng California)
- California Teachers Association (Asosasyon ng mga Guro ng California)
- California Environmental Voters
- Equality California
- SEIU California
- Planned Parenthood Northern California Action Fund (Pondo para sa Pagkilos)

Alamin pa ang tungkol dito sa MattHaney.com

*Matt Haney*

## MANUEL NORIS-BARRERA

**Ang aking trabaho ay** May-ari ng Maliit na Negosyo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Kumusta muli! Gusto kong ipaabot sa inyo ang pinakamarubdob kong pasasalamat para sa inyong suporta upang makatulong sa pag-abante ko sa Primaryang Eleksyon. Ngayon, habang patungo na tayo sa Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre 5, higit kailanman ay kailangan ko ang inyong tulong. Napakahalaga ng inyong patuloy na pagsuporta upang magkakasama nating matawid ang linya sa dulo ng eleksyon. Kung hindi ko pa nakukuha ang inyong boto, umaasa akong makakamit ito sa pamamagitan ng ating magkaparehong bisyon para sa hinaharap.

Sa halip na iniisip ang ating mga pagkakaiba, magkaisa tayo batay sa ating magkaparehong mga hangarin. Tayong lahat ay mga taga-San Francisco na nagnanais ng pinakamabuti para sa ating lungsod. Hanap natin ang katatagan ng ekonomiya, ligtas na mga komunidad, at maliwanag na kinabukasan para sa ating mga anak. Sa pamamagitan ng pagsasama-sama, makapagtatrabaho tayo tungo sa magkakaparehong tunguhin at makapagtatayo ng mas malakas at mas masaganang San Francisco para sa lahat.

Sa pagtingin natin sa paligid, malinaw na hindi gumagana ang ating pamahalaan na kasinghusay o kasing-epektibo ng nararapat sanang nagagawa nito. Malawakan ang mapaglustay na paggasta, at ang mga nagbabayad ng buwis ang kumakarga sa singil para sa kawalang kahusayan at maling pamamahala. Gayon pa man, bahagi lamang ng problema ang mapaglustay na paggasta. Ang mga droga, krimen, at kawalan ng tahanan ay malalaking problema rin na nananalasa sa ating mga komunidad, partikular na rito sa San Francisco.

Bilang ordinaryong mamamayan, masidhi ang aking pangako na makagawa ng makabuluhang pagbabago. Naniniwala ako na ang tunay na pag-unlad ay nagmumula sa mga lider na may pananagutan, bukas sa pagsisiyat, at may dedikasyon sa paglilingkod sa mga mamamayan. Kung mahahalal ako, isa sa aking pangunahing mga prayoridad ay ang direktang pagtugon sa maiigting na mga problemang ito. Hindi na natin makakayanan pang ipagwalang-bahala ang nakawawasak na epekto ng droga, krimen, kawalan ng tahanan, at kawalan ng responsibilidad sa pinansiya.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang www.manuelnoris.com o ang @ManuelNoris2024.

*Manuel Noris-Barrera*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 19

## DAVID E. LEE

**Ang aking trabaho ay** Edukador.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang eleksyon na ito ay pagpili sa pagitan ng ibang direksiyon para sa ating lungsod — o mas marami pa ng katulad ng nakaraan.

Bilang habambuhay na taga-San Francisco, nakita ko na ang paglala ng mga hamon na kinakaharap natin dahil sa mga politikong gumagawa ng mga desisyon na pinakikinabangan ng mga nagbigay ng kontribusyon sa kanilang kampanya — tulad ng mayayamang may interes sa real estate o mga ari-arian – nang higit pa sa mga pangangailangan ng mga mamamayan.

Kailangang matigil na ito, at iyan ang dahilan kung bakit tumatakbo ako upang katawanin kayo sa Asembleya at makagawa ng pag-unlad sa mga usapin na pinakamahahalaga sa inyo:

- Edukasyon: Inilaan ko ang aking karera sa pagiging edukador at nakita ko na kung paano nababago ng magandang edukasyon ang buhay ng kabataan. Iyan ang dahilan kung bakit napakahalagang maging lubusang libre ang matrikula sa pangkomunidad na mga kolehiyo ng California, at nang sa gayon, may pagkakataon ang lahat na magsikap na tunguhin ang anumang landas ng karera nang walang bayad.
- Pabahay: Napakarami nang residente ng San Francisco ang naitutulak palabas sa mga komunidad na mahal nila. Sinusuportahan ko ang pagkontrol sa mga upa at pagkakaroon ng mas maraming opinyon ng komunidad sa malalaking desisyon ukol sa pabahay. Poprotektahan ko ang ating mga komunidad at itataguyod ang matalinong pag-unlad at sa gayon, makapagtayo ng abot-kayang pabahay nang may suporta ang komunidad, sa halip ng runaway growth (sitwasyon na mabilisang lumaki nang walang kontrol) na naganap nitong nakaraan na ilang taon, kung saan nagbanta itong wasakin ang mayamang mga pagkakaiba-iba sa San Francisco.
- Pampublikong Kaligtasan: Bagamat ang East Side (Silangang Bahagi) ng San Francisco ang nakakukuha ng malaking bahagi ng atensiyon, makikipaglaban ako upang magkaroon ng mas maraming rekurso at nang matugunan ang batayang mga problema sa kaligtasan na nakaaapekto sa mga residente at maliliit na negosyo sa West Side (Kanlurang Bahagi).

Pakisamahan ang mga lider na tulad nina Miyembro ng Asembleya Phil Ting, Presidente ng San Francisco Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Aaron Peskin, Dating Presidente ng San Francisco Board of Supervisors Norman Yee, at dating Superbisor ng San Francisco Sandra Lee Fewer at iboto si David Lee para sa Asembleya.

https://www.davidleeforassembly.com/

*David E. Lee*

## CATHERINE STEFANI

**Ang aking trabaho ay** Superbisor ng County.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Tumatakbo ako para sa Asembleya upang lumaban para sa mas ligtas at mas abot-kayang California para sa ating lahat.

Hindi ito hungkag na pangako — may rekord ako na magpapatunay dito. Bilang dating tagapag-usig, nag-aadbokasiya sa kabuuan ng bansa upang mapigil ang karahasang dulot ng baril, superbisor ng county at bilang ina. Hindi ako natitinag sa aking pananagutang makibaka para sa mas ligtas na mga komunidad at pabahay na abot-kaya ng lahat ng taga-California. Bilang Superbisor, pinarami ko ang mga kawani ng pulisya, mas mahigpit na inusig ang mga nanloloob sa mga sasakyan, at pinalawak ang mga pamamaraan upang magkaroon ng mga serbisyo sa adiksiyon. Itinatag ko ang Tsapter sa San Francisco ng Moms Demand Action (Mga Ina na Humihiling ng Aksiyon) at nakapagpasa ng komprehensibong mga batas na nauukol sa kaligtasan mula sa paggamit ng baril, kasama na ang kauna-unahang pagbabawal sa California ng mga ghost gun (hindi rehistradong mga baril). Inaprubahan ko ang mahigit sa 1,000 tahanan na para sa mga pamilyang mabababa ang kita at matatanda, nakapagpasa ng malawak ang saklaw na mga batas laban sa korupsiyon at para sa pangangasiwa ng mga non-profit, at nakipagtrabaho kasama ang Planned Parenthood Northern California (Mga Kaanib sa California ng Nakaplanong Pagkamagulang) upang makapagbukas sila ng kanilang bagong nangunguna na sentrong pangkalusugan.

Ngayon, handa na akong dalhin ang laban sa Asembleya ng Estado. Doon, makikipaglaban ako para sa mga rekursong kinakailangan natin upang maharap ang krisis sa droga at mapanagot ang mga nagbebenta ng fentanyl. Magtatrabaho ako upang maparami pa ang mga pamamaraan na magkaroon ng abot-kayang pabahay, mapanatili ang nagtatrabahong mga pamilya sa kanilang mga komunidad, at maitulak ang pagkakaroon ng mga rekurso na kailangan ng ating mga lungsod upang maiwasan ang kawalan ng tahanan bago pa mangyari ito. At hinding-hindi ako uurong sa pagprotekta sa ating mga karapatan sa reproduksiyon at sa pakikipagtunggali upang magkaroon ng pamamaraang makakuha ng medikal na pangangalaga ang lahat.

Bilang inyong Miyembro ng Asembleya, palagi akong lalaban para sa ating mga pinahahalagahan. Ikinararangal kong magkaroon ng suporta ng California Democratic Party (Partido Demokratiko ng California), California Labor Federation (Pederasyon sa Paggawa ng California), Action Fund (Pondo para sa Aksiyon) ng Planned Parenthood Northern California (Nakaplanong Pagkamagulang sa Hiligang California), Sierra Club (Samahang Sierra), Speaker Emerita (Tagapagsalitang Panghabambuhay) Nancy Pelosi, Kongresista Kevin Mullin, Dating Kongresista Jackie Speier, Gobernador Gavin Newsom, Tesorero Fiona Ma, Senador ng Estado Scott Wiener, Miyembro ng Asembleya Diane Papan, at mga lider ng komunidad sa kabuuan ng Daly City, South San Francisco, Colma, at San Francisco.

Alamin pa ang tungkol dito sa VoteCatherineStefani.com

*Catherine Stefani*

# Mga Kandidato para sa Punong-Bayan

## LONDON BREED

**Ang aking trabaho ay** Mayor (Punong-Bayan) ng San Francisco.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Habambuhay akong taga-San Francisco, ang natatanging babae at natatanging nagtapos sa mga pampublikong paaralan ng SF sa labanang ito.

At ikinararangal kong maglingkod bilang inyong Mayor.

Pinamunuan ko tayo sa pagdaan ng pinakamasamang pandemya sa loob ng 100 taon, kung saan naglabas ako ng unang mga pangkaligtasang hakbang sa Amerika laban sa Covid. Sama-sama nating nailigtas ang libo-libong buhay.

Ngayon, sa ilalim ng aking pamumuno ay bumabalik na nang mas malakas pa kaysa sa anumang panahon ang lungsod.

- Nasa pinakamababa na ang bilang ng krimen at kawalan ng tahanan at pagtira sa kalye sa loob ng isang dekada!
- At inaaresto na natin ang mga nagbebenta ng droga, nagdaragdag na tayo ng daan-daang pulis, at inuusig na ang mga kriminal ng Abugado ng Distrito Brooke Jenkins, na aking ikinararangal na itinalaga.
- Natulungan na natin ang mahigit 15,000 na makaalpas sa kawalan ng tahanan at lumilikha na tayo ng bagong mga tahanan sa kabuuan ng lungsod.
- Iwinaksi na natin ang mga singil ng lungsod at natulungan ang mahigit 5,000 maliliit na negosyo na magbukas.
- Nilikha natin ang JFK Promenade, ang ginagamit ng lahat na pampublikong mga espasyo at ang 20+ milya ng mga lane para sa pagbibisikleta. Pinakamataas sa loob ng 10 taon ang kasiyahan ng mga sumasakay sa Muni.
- Ipinatutupad na natin ang aking bisyon para sa pinasiglang downtown na may mga tahanan, unibersidad, at 30,000 dagdag na indibidwal pagsapit ng 2030!

Ikinararangal ko ang pagkakaroon ng suporta mula sa mga lider na LGBTQ tulad nina Senador Scott Wiener at Superbisor Rafael Mandelman, mga lider ng AAPI tulad nina Betty Yee at Tesorero ng California Fiona Ma, mga unyon kasama na ang Nor Cal Carpenters Union (Unyon ng mga Karpintero sa Nor Cal), LiUNA Laborers (Mga Manggagawa ng LiUNA) Lokal 261, Teamsters Lokal 665, at marami pang iba.

Pagod na ang mga taga-San Francisco sa negatibong pag-iisip. Tumatakbo ako upang iangat ang ating lungsod!

www.LondonforMayor.com

*London Breed*

## MARK FARRELL

**Ang aking trabaho ay** May-ari ng Maliit na Negosyo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Tumatakbo ako para sa Mayor para sa aking pamilya at para sa mga pamilya sa kabuuan ng San Francisco.

Naglingkod ako bilang ika-44 na Mayor ng San Francisco, bilang Superbisor ng Distrito 2 sa loob ng pito at kalahating taon, at ako lamang ang kandidatong tumatakbo na may malaking karanasan sa pribadong sektor.

Mayroon akong malinaw na bisyon at detalyadong mga polisiya upang makatulong sa paggawa sa San Francisco na mas malinis, mas ligtas, at mas masiglang Lungsod.

Heto ang magiging hitsura ng San Francisco matapos ang aking unang termino:

- Lubusang napopondohan na mga departamento ng pampublikong kaligtasan, pulisyang nabalik na sa pagkakaroon ng 2,300 pulis, at zero tolerance (walang palalampasin) sa mga krimen
- 4,000 bagong kama sa mga shelter at 24/7 na sentralisadong intake center (sentro para sa pagtanggap) upang matanggal na ang lahat ng kampuhan ng mga tent at makonekta ang mga tao sa mga shelter at serbisyo
- Saradong mga merkado ng droga sa labas ng mga gusali
- Pagbabawas ng 50% ng kamatayan nang dahil sa overdose (labis na paggamit ng droga) sa pamamagitan ng aking mapagdamay at inuuna ang paggaling na plano
- Pagpapahintulot sa 36,000 abot-kaya at para sa may panggitnang kita na mga tahanan para sa mga pamilya sa kabuuan ng San Francisco
- Unibersal na Pangangalaga sa Bata at Pre-K para sa lahat ng bata at pamilya
- Pinasiglang downtown at lokal na ekonomiya at mga komunidad na umuunlad
- Digitized o nasa internet nang pampublikong serbisyo na humaharap sa mga botante, kung kaya't madaling magamit at online nang 24/7

Mapagkumbaba kong hinihiling ang inyong boto at nang makatulong sa paghahatid ng tunay na pagbabago at mga resulta para sa San Francisco. Bisitahin ang: www.markfarrell.com para alamin pa ang tungkol dito.

Sumasainyo,

Dating Mayor Mark Farrell

*Mark Farrell*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Punong-Bayan

## HENRY FLYNN

**Ang aking trabaho ay** Espesyalista sa Seguridad (San Francisco).

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
www.MayorFlynn.info

Henry Flynn na Natibong Anak

Henry Flynn: Ika-4 na Henerasyon na Natibo ng San Francisco, Uring Manggagawa -- hindi politiko.

Henry Flynn: Ipinanganak noong 1976 sa St. Mary's Hospital (Fulton / Stanyan) -- Taon ng Dragon.

Henry Flynn: Pumasok sa lahat ng Paaralan ng Lungsod -- Star of the Sea, Sacred Heart, City College of San Francisco, San Francisco State University.

Henry Flynn: Nagtrabaho ako bilang Espesyalista sa Seguridad sa San Francisco, na karaniwang nasa antas ng kalye sa mga lugar kung saan masikip ang trapiko at aktibong binabantayan ang Ating Lungsod.

Henry Flynn: Pinakikinggan ko ang mga Lokal na Mamamayan sa Kabuuan ng Lungsod araw-araw habang sumasakay sa Muni / Pampublikong Transportasyon (nang tuloy-tuloy sa loob ng nakaraang 20 taon), naglalakad sa mga kalye ng SF, aktibong nagboboluntaryo sa Komunidad at (muli) listong nagtatrabaho sa mga kalye sa mga lugar na masikip ang trapiko at binabantayan ang mga taga-San Francisco... at namamahagi ng treats para sa mga aso -- Mahalaga ang mga aso sa Proteksiyon at Pagkakaisa ng Ating Komunidad at karapat-dapat sila sa kung gaano man karaming treats ang pahihintulutan ng mga nagmamay-ari sa kanila.

Henry Flynn: Ika-4 na Henerasyon na Natibo ng San Francisco, Uring Manggagawa -- hindi politiko.

Henry Flynn na Natibong Anak

www.MayorFlynn.info

*Henry Flynn*

## KEITH FREEDMAN

**Ang aking trabaho ay** May-ari ng Negosyo / Guro.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Keith Freedman para sa Mayor

Si Keith Freedman ay matalino at masigasig na tagalutas ng mga problema, na magdadala ng yaman ng karunungan sa teknolohiya, pamumuno sa edukasyon, at karanasan sa pagnenegosyo sa kanyang kampanya sa pagiging mayor, na naglalayong ayusin ang hindi mahusay at hindi produktibong operasyon ng pamahalaan ng San Francisco. Bilang may dedikasyong tagalutas ng mga problema na nauunawaan ang pananaw ng mga botante, pinahahalagahan ni Keith ang pagtukoy at pagpapatupad sa tamang mga ideya sa tamang panahon.

May master's degree sa computer science si Keith at nakapagtrabaho na siya bilang inhinyero ng software sa Los Alamos National Laboratory. Bilang edukador, nakapagturo na siya sa City College of San Francisco at sa University of California, Berkeley.

Sa loob ng nakaraang walong taon, matagumpay nang naitaguyod ni Keith ang kanyang maliit na negosyo sa pinagdaanan nitong mga administratibong hamon sa San Francisco at sa pandemya, nang hindi nagbabago sa pagkakaloob ng natatanging halaga sa mga lokal na mamamayan at bisita mula sa iba't ibang panig ng mundo.

Bilang residente ng San Francisco sa loob ng 28 taon, malalim ang pagkakasangkot ni Keith sa pangkomunidad na serbisyo. Naglilingkod siya sa San Francisco Tourism Improvement District Board (Lupon ng Distrito para sa Pagpapahusay ng Turismo ng San Francisco), sa South of Market Business Association (Asosasyon ng mga Negosyo sa South of Market), at sa AFT Lokal 2121. May dedikasyon siya sa pagtatrabaho Tungo sa Mas Mahusay na San Francisco.

Iboto si Keith Freedman. Sa pamamagitan ng kanyang bisyon, mapabubuti ng teknolohiya ang pang-araw-araw na buhay, mapangangalagaan ng pamumuno ang katatagan at pag-unlad, at matutulak ng pagpapalakas sa mga komunidad ang San Francisco tungo sa mas malinis, mas maliwanag, mas ingklusibo, at may inobatibong kinabukasan. Si Keith Freedman ang lider na kailangan ng San Francisco.

*Keith Freedman*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inililimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Punong-Bayan

## DYLAN HIRSCH-SHELL

**Ang aking trabaho ay** Inhinyero / Tagapamuhunan ng Maliit na Negosyo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
12 taon na akong nakatira sa San Francisco, at ikinararangal kong magkaroon ng mga ugat ng pamilya sa lungsod na magmula pa sa 5 henerasyon.

Masipag na akong nakapagtatrabaho upang makatamo ng akademiko at propesyonal na mga tagumpay:
- 2 bachelor's degree mula sa MIT
- Ph.D. sa Neuroscience
- 12.5 taon ng karanasan bilang inhinyero sa Tesla, sa paglikha ng abanteng mga teknolohiya para sa Elektronikong mga Sasakyan

Ngayon, handa na akong ipatupad ang gayon ding prinsipyo sa trabaho sa paglutas sa mga problema ng San Francisco, kasama na ang:
- kawalan ng tahanan
- paggamit ng droga sa publiko
- krimen
- burukrasya sa gobyerno, hindi pagiging epektibo, pagsasayang, at korupsiyon

Noong kumukuha ako ng Ph.D., gumanap ako ng maraming papel:
- surgeon (siruhano) sa utak
- anesthesiologist (espesyalista sa pampamanhid)
- statistician (eksperto sa istatistiko)
- tagasuri ng datos

Sa Tesla, pinamunuan ko ang pandaigdigang pangkat na lumilikha ng software kung saan napakahalaga ng kaligtasan at ginagamit sa milyon-milyong kotse.

Ang ganitong nakaraan sa pagharap sa komplikadong mga hamon ang siyang dahilan kung bakit napakaangkop ko sa paglutas sa komplikadong mga problema ng pamahalaan.

Nakatulong na ako sa maraming taga-San Francisco:
- napakain ang libo-libong indibidwal na walang tahanan sa pamamagitan ng pagsuporta sa Glide Foundation
- nabigyan ng mga oportunidad sa trabaho ang dating nakakulong at nasa panganib na kabataan sa pamamagitan ng pagsuporta sa Old Skool Cafe

Ngayon, higit pa rito ang gusto kong magawa:
- $1k/buwan para sa bawat taga-San Francisco (Universal Basic Income o Batayang Kita na para sa Lahat)
- bawasan ang mga upa
- bawasan ang mga buwis
- wakasan ang nagpapatuloy na kawalan ng tahanan
- malilinis at ligtas na kalye

Maaari nating matamo ang matatayog na tunguhing ito sa pamamagitan ng pagharap sa mga problema sa sistema gamit ang nakabatay sa ebidensiyang mga polisiya at matibay na pamumuno, at nang makapaghatid ng pangmatagalang pagbabago.

Mga detalye ng polisiya: votedylan.com

Inendoso ni Gisèle Huff, Tagapagtatag at Presidente, Gerald Huff Fund for Humanity (Pondong Gerald Huff para sa Sangkatauhan)

*Dylan Hirsch-Shell*

## DANIEL LURIE

**Ang aking trabaho ay** Ehekutibo sa Nonprofit.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Nabigyan na natin ang mga nasa loob ng City Hall ng lumalaking mga badyet taon-taon. Gayon pa man, lumalala pa ang pampublikong kaligtasan, mga merkado ng droga, pabahay, at pagsasara ng mga negosyo. Sinisisi nila ang mga burukrata. Sinisisi nila ang komisyon na nilikha nila. Sinisisi nila ang isa't isa.

Tumatakbo ako para maging mayor dahil hinihingi ng sandaling ito ang pamumunong may pananagutan at bagong mga ideya. Ang mga nasa loob ng City Hall na lumikha ng gulo na ito ay hindi ang mga indibidwal na maglalabas sa atin. Panahon na upang baguhin nang lubos ang sistemang may korupsiyon na umuubos sa mas maraming rekurso at nagkakaroon ng mas masamang mga resulta. At kailangan nating palitan ang mga politikong nagtayo sa sistemang ito.

Naipakita ko na sa kabuuan ng aking karera na makagagawa tayo ng malalaking bagay sa San Francisco.

Naitayo ko, nang walang pera mula sa publiko, ang isa sa pinakamalalaking organisasyon laban sa kahirapan sa bansa at nang makapaghatid ng nasusukat na mga resulta sa edukasyon, pabahay, at pag-eempleyo

Ako lamang ang kandidatong nakapagpatayo ng abot-kayang pabahay sa takdang oras at nang mas maliit ang nagasta sa badyet sa pamamagitan ng naka-unyong paggawa.

Ako lamang ang kandidato na nakapagbigay ng tahanan sa halos 40,000 katao, at napaiwas sa marami pang iba ang kawalan ng tahanan.

Bilang CEO, nasa akin ang responsibilidad. Dadalhin ko ang gayon ding pananagutan at inobatibong mga ideya sa City Hall.

Bilang mayor, gagawin nating mas ligtas ang ating lungsod, permanenteng wawakasan ang mga merkado ng droga, magtatayo ng sapat na pabahay at magkakaroon ng umuunlad na mga negosyo.

Samahan kami sa daniellurie.com

*Daniel Lurie*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Punong-Bayan

## NELSON MEI

**Ang aking trabaho ay** Inhinyero ng Software.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Nelson Mei ang pangalan ko, at tumatakbo ako para sa posisyon na Mayor ng San Francisco. Lumaki ako sa lungsod na ito, at para sa akin, ang San Francisco ay higit pa sa aking tahanan; ito ang lugar kung saan ako tumira, natuto, at umibig. Ang aking pagmamahal sa serbisyo publiko at ang aking dedikasyon sa pagpapaunlad ng ating lungsod ang nagtulak sa akin upang hangarin ang katungkulang ito.

Kung mahahalal, ipinapangako ko ang pagpapahusay sa pampublikong kaligtasan, pagpapasigla sa ating ekonomiya, pagtugon sa kawalan ng tahanan, pagpapaunlad sa ating sistemang pang-edukasyon, at paggawa sa San Francisco na mas kapana-panabik at katuwa-tuwa, at marami pang iba. Bisyon ko para sa Lungsod na dapat makapanirahan ang lahat dito nang masaya at hindi nag-aalala tungkol sa kaligtasan at natatamasa ang kanilang pang-araw-araw na buhay.

Mapagkumbaba kong hinihiling ang inyong suporta at boto sa papalapit na eleksyon.

*Nelson Mei*

## AARON PESKIN

**Ang aking trabaho ay** Presidente, Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor).

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Nasa sangandaan na ang San Francisco. Tumatakbo ako para maging Mayor upang mapanatili ang San Francisco na lungsod para sa may pagkakaiba-ibang mga nagtatrabaho at nasa panggitnang uri na mga pamilya, hindi lamang para sa mayayaman.

Bilang tatlong beses na Presidente ng Board of Supervisors, nakapagtrabaho na ako upang magawang mas abot-kaya ang lungsod sa pamamagitan ng mas matataas na minimum na sahod, mas maraming abot-kayang pabahay, mas mahusay na pampublikong transportasyon, pinalawak na mga proteksiyon sa nangungupahan, at mas malalakas na unyon.

Naging mahigpit akong tagapagbantay sa pinansiya, na umatake sa paglulustay, pandaraya, at korupsiyon; at nakapagpatupad ako ng community policing (pagpapatakbo ng pulisya nang may pakikipagtulungan sa komunidad) at mga hakbang para sa kaligtasan ng mga naglalakad, at nang sa gayon, mapanatiling ligtas ang mga komunidad.

Handa na akong gumawa ng aksiyon:

- Magtayo ng libo-libong abot-kaya at para sa panggitnang uri na yunit ng pabahay nang walang gastos ang mga nagbabayad ng buwis
- Punan ang lahat ng posisyon sa kawanihan ng ating pulisya, palawakin ang mga foot patrol (mga nagpapatrolya sa paligid na mga pulis)
- Magkaloob ng napapatawad na utang sa kolehiyo para sa kabataang gustong magkaroon ng karera sa pampublikong kaligtasan
- Labanan ang korupsiyon sa pamamagitan ng pagkakaroon ng Inspektor Heneral
- Bawasan ang mga buwis sa maliit na negosyo
- Protektahan ang ating mga komersiyal na distrito sa komunidad

Mga Pag-eendoso: United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco), American Federation of Teachers (Amerikanong Pederasyon ng mga Guro) 2121, National Union of Healthcare Workers (Pambansang Unyon ng mga Manggagawa sa Pangangalaga ng Kalusugan), Teamsters 853, San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco), Small Business Forward (Abante Maliit na Negosyo), Berniecrats, League of Pissed Off Voters (Liga ng mga Nagagalit na Botante), San Francisco Rising Action Fund, Miyembro ng Asembleya Phil Ting, Mayor Art Agnos (ret), Senador ng Estado Mark Leno (ret), Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano (ret), Miyembro ng Kongreso John Burton (ret), Mga Superbisor Connie Chan, Dean Preston at Hillary Ronen, dating mga Hukom Julie Tang at Lillian Sing, Dating mga Superbisor Sophie Maxwell, Norman Yee at Sandra Lee Fewer, Fire Marshall ng San Francisco Paul Chin (ret).

*Aaron Peskin*

www.Aaron2024.com

# Mga Kandidato para sa Punong-Bayan

## AHSHA SAFAÍ

**Ang aking trabaho ay** Superbisor ng County.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Apat na taon mula ngayon, makatitira pa ba ang nagtatrabaho at panggitnang uri na mga pamilya sa San Francisco? Nakababagabag ang walang linaw na sagot. Isinasapanganib ng pampublikong kaligtasan, korupsiyon, kawalan ng tahanan, at gastos sa pabahay ang ating kinabukasan.

Isa akong imigrante, tagaplano ng lungsod, dating may-ari ng maliit na negosyo, at Superbisor ng County. Mahigpit akong nakipaglaban para sa aking pamilya. Nagtrabaho ako upang makapagkolehiyo, at pagkatapos ay naging tutor sa matematika sa mga estudyanteng hindi lubusang napaglilingkuran. Nakipagtrabaho ako kay Mayor Brown upang matigil ang karahasan sa kabataan at maprotektahan ang imigranteng pamilya sa pagpapaalis sa tinitirhang lugar, at kay Mayor Newsom upang makonekta ang dating nakakulong na mga indibidwal sa magagandang trabaho.

Bilang tagapag-organisa sa paggawa, tumulong ako sa pagtataas ng minimum na sahod sa San Francisco.

Bilang Superbisor, inilagay ko sa unahan ang nagtatrabahong mga pamilya sa abot-kayang pabahay, ang mga foot patrol sa bawat komunidad, pag-o-audit sa paggasta para sa walang tahanan, at Libreng City College.

Bilang Mayor, lalabanan ko ang korupsiyon at magtutuon sa kung ano ang mahalaga: totoong kaligtasan para sa lahat, pagpapatupad sa aking planong may 5 punto upang mawakasan ang kawalan ng tahanan, at paggawa sa San Francisco na abot-kaya para sa nagtatrabahong mga pamilya. Tutugunan natin ang kalusugan ng isip at adiksiyon sa pamamagitan ng pagmamalasakit, popondohan ang pampublikong edukasyon, mamumuno sa klima, at bibigyan ng panibagong sigla ang downtown at napabayaan nang mga komunidad. At ipagtatanggol ang mga pinahahalagahan ng San Francisco upang manatiling magiliw na tumatanggap sa lahat ang Lungsod na ito ng mga imigrante at nagtatrabahong mga pamilya.

Kailangan nating magtrabaho ang San Francisco para sa lahat sa atin.

Basahin ang aking mga plano: www.ahshaformayor.com/

Mga Pag-eendoso: United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco), National Union of Healthcare Workers (Pambansang Unyon ng mga Manggagawa para sa Pangangalagang Pangkalusugan), Plumbers, Steamfitters, and HVACR (Mga Tubero, Tagalagay ng Tubo at HVACR) Lokal 38

*Ahsha Safaí*

## SHAHRAM SHARIATI

**Ang aking trabaho ay** Inhinyerong Pantransportasyon.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Pagod na ba kayo sa indibidwal na ang pagiging politiko ang karera at sa mga bilyonaryong negosyante?

ALAM KONG PAGOD NA AKO!!!

Tulad ng maraming residente ng San Francisco, nakararamdam na ako ng pagkabigo nang dahil sa ating halal na mga opisyal. Paano naging mas mahalaga pa ang mga panda kaysa sa mga pangangailangan ng mga residente ng San Francisco?

TAMA NA, SOBRA NA!!!

Bilang inhinyerong sibil/para sa transportasyon at lisensiyadong ahente ng real estate na mahigit sa isang dekada na ang karanasan, may malaliman akong pagkaunawa sa mga nangyayari sa loob ng ating pamahalaan. Kasalukuyan akong nagtatrabaho sa San Francisco Municipal Transportation Agency (Ahensiya para sa Munisipal na Transportasyon ng San Francisco), kung saan miyembro ako ng Lokal 21 na unyon, at nagdidisenyo ako ng imprastruktura para sa iba't ibang paraan ng transportasyon. Bukod rito, tinutulungan ko ang mga bumibili ng bahay sa unang pagkakataon na magamit ang mga programa para sa abot-kayang pabahay ng San Francisco.

BILANG INYONG MAYOR, AKO AY:

- Magkakaloob ng pabahay para sa lahat ng 8,000 indibidwal na walang tahanan sa loob ng mabilis na panahon at nang mas mababa sa badyet.
- Magpapahusay sa kaligtasan sa pamamagitan ng dagdag na presensiya ng pulis at imprastruktura.
- Lilikha ng mga programa na tutulong sa naririyan nang lokal na mga negosyo habang itinataguyod ang mga bagong negosyo.
- Gagawing realidad ang Vision Zero.
- Magpapahintulot sa mga residente ng San Francisco na may green card na magkaroon ng kakayahan na bumoto sa lokal na eleksyon.
- Magpapapanagot sa halal at itinalagang mga opisyal sa pamamagitan ng nag-iimbestigang serye ng mga dokumentaryo.

Ikinararangal ko ang pagiging Persian Amerikano at kasalukuyan akong nakatira sa SoMa, kung saan nakikita ko mismo ang mga problema. May pangako akong tutugunan ang mga ito sa pamamagitan ng praktikal at epektibong mga solusyon.

Alamin pa ang tungkol dito: SFmayor2025.com

*Shahram Shariati*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Punong-Bayan

## ELLEN LEE ZHOU

**Ang aking trabaho ay** Social Worker para sa mga Pamilya.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Master sa Social Work
Kandidato para maging Mayor ng San Francisco noong Hunyo 2018
Kandidato para maging Mayor ng San Francisco noong Nobyembre 2019
2 termino bilang San Francisco Civil Grand Jury (Pinakamataas na Hukumang Sibil ng San Francisco) 2014/2015 at 2016/2017.
Itinalaga upang maglingkod sa Pedestrian Safety Advisory Committee (Tagapayong Komite para sa Kaligtasan ng mga Naglalakad) 2016/2017
55 taong gulang na may dalawang anak na nasa hustong gulang, may tradisyonal na mga pagpapahalaga sa pamilya
38 taon na nagtrabaho at tumira sa San Francisco
31 taon na bilang bagong silang na Kristiyano
30 taon, bilang aktibista sa komunidad upang bigyang-lakas ang mga indibidwal na magsalita
27 taon, Social Worker para sa mga Pamilya
23 taon, Guro sa Sunday School (Paaralan Tuwing Linggo).
17 taon, boluntaryo sa SFPD, 5 taon sa ALERT, nagtapos sa akademya ng Community Police (Pulisya ng Komunidad), 2006.
16 na taon, Clinician para sa Kalusugan ng Isip sa CCSF Public Health Dept. (Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng CCSF)
15 taon, SEIU1021 Union Steward para sa San Francisco Government Workers (Mga Empleyado ng Pamahalaan ng San Francisco)
7 taon, miyembro ng Neighborhood Emergency Response Team (Pangkat para sa Pagtugon sa Emergency ng Komunidad, NERT), CCSF Fire Dept. (Departamento para sa Pamamahala ng Sunog ng CCSF)
2.5 taon sa CCSF Human Services Agency (Ahensiya para sa mga Serbisyong Pantao ng CCSF)

Bilang inyong bagong Mayor ng San Francisco, aking

Wawakasan ang mga sistema ng pang-aalipin at pangangalakal sa tao upang maprotektahan ang mga bata at ang sangkatauhan
Hahayaang Umangat ang Diyos sa gobyerno upang maiwaksi ang kadiliman
Lilikhain ang malayang merkado para sa mga nagpapaupa at nangungupahan
Pasisimulan ang bagong mga programa upang makinabang ang mga bata, kabataan, estudyante, magulang, manggagawa, residente, at negosyo.
Muling ipamamahagi ang mga rekurso upang wakasan ang panloloko sa kawalan ng tahanan, paghihilumin ang mga walang tahanan at nagbebenta /umaabuso sa droga.
Ipanunumbalik ang katwiran, pag-asa, at awa
Lalabanan ang adyenda ng globalismo 2030
Ibabalik muli ang mga negosyo at lilikha ng mga trabaho
Ipatutupad ang Konstitusyon ng U.S. upang matanggal ang krimen
Bisitahin ang www.MayorEllen.com upang makita ang pag-endoso.
Sama-sama, nating poprotektahan ang ating kinabukasan!

*Ellen Lee Zhou*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 1

## JEREMIAH BOEHNER

**Ang aking trabaho ay** Negosyante.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Magmula pa noong 2000, nakapaghalal na nang sunod-sunod ang Distrito 1 ng apat na Progresibo sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), at sa loob ng maraming taon, nasa pagitan na ng "Kaliwa at Mas Kaliwa" ang diyalogo sa City Hall. Walang boses o pag-aadbokasiya sa City Hall ang maliliit na negosyo, mga may-ari ng tahanan, soccer mom (ina na mula sa panggitnang uri), at mga nagbabayad ng buwis, kung kaya't tumatakbo ako upang maging inyong susunod na Superbisor.

Umuupa na ako sa Distrito 1 magmula pa noong 2006. Nakompleto ko ang aking pag-aaral sa USF at natanggap ang aking komisyon bilang Opisyal ng MP sa USAR. Magmula noon, naging matagumpay na akong negosyante at gig worker o independiyenteng kontratista. Napatakbo ko na ang aking mga kompanya para sa marketing at napamunuan ang mga pangkat para sa pagbebenta sa iba't ibang start-up o nagsisimulang negosyo.

Katulad ninyo, nasaksihan ko na ang pagbaba ng kalidad ng buhay sa Lungsod. Ang tanging bagay kung saan naging matagumpay sa paggawa ang City Hall ay ang pagtatapon ng pera sa mga problema at paglala pa ng mga problema.

Mangyaring pumunta sa aking website sa jeremiahforsf.com upang malaman pa ang tungkol sa aking mga mungkahi at nang sa gayon, mapanumbalik ang sigla, batas at kaayusan, at kalidad ng buhay sa San Francisco at sa ating mga komunidad na may mga pagkakaiba-iba.

Kung sumasang-ayon kayo sa akin na kailangan na nating baguhin ang takbo sa City Hall, iniimbita ko kayong ibigay ang inyong boto sa akin bilang unang pinipili ngayong Nobyembre.

Sama-sama tayong gagawa ng pagkakaiba.

*Jeremiah Boehner*

## CONNIE CHAN

**Ang aking trabaho ay** Superbisor ng Distrito 1.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Palagi akong lalaban para sa Distrito 1.

Karangalan ko na maging inyong Superbisor. Nagtrabaho ako upang maging independiyenteng boses para sa mas ligtas at mas matitibay na mga komunidad:

Mas Ligtas na Distrito 1
- Matagumpay akong nakapagdala ng retiradong mga embahador ng pulisya, mas maraming pulis, at bagong teknolohiya sa Distrito 1
- Nagtatrabaho ako upang mapalawak ang pagtatalaga ng Street Crisis Response Teams (Mga Pangkat para sa Pagtugon sa Krisis sa Kalye)
- Itinutulak ko ang pagpuno sa bakanteng mga posisyon para sa first responder o unang tagatugon

Mas Malakas na Distrito 1
- Natiyak ko ang pagpopondo sa 100% na abot-kayang pabahay para sa matatanda sa 4200 Geary at ang kasunduan para sa pabahay sa Alexandria Theatre
- Itinaguyod ko ang libreng kampo sa tag-araw para sa mga estudyanteng nasa K-8
- Nag-adbokasiya ako para sa mga pagpapahusay sa kaligtasan para sa trapiko, mga naglalakad, at mga nagbibisikleta
- Nilabanan ko ang pagbabawas sa mga programa para sa nutrisyon at sinuportahan ang nagtatrabahong mga pamilya
- Nagkaloob ako ng fee waivers (pagwawaksi ng singil), suporta para sa grants (tulong-pinansiyal) at mga rekurso para sa maliliit na negosyo sa Richmond

At bilang Budget Chair (Tagapangulo ng Komite sa Badyet), pinanagot ko ang mga departamento ng Lungsod at ang Administrasyon, at patuloy akong magtatrabaho upang matiyak na nagtatrabaho ang ating gobyerno para sa atin.

Madalas nating naririnig ang tungkol sa mga pangkat na may dark money (ilegal na transaksiyon sa pera na ginagamit upang makaimpluwensiya sa eleksyon at polisiya), na naghahangad na maimpluwensiyahan ang ating mga eleksyon. Nangangako akong magtatrabaho lamang para sa inyo.

Ikinararangal kong ma-endoso nina/ng:
Kongresista ng U.S. Adam Schiff
Kongresista ng U.S. Kevin Mullin
Dating Senador ng Estado Mark Leno
Miyembro ng Asembleya Phil Ting
Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Aaron Peskin
Dating mga Superbisor ng Distrito 1 Sandra Lee Fewer, Eric Mar at Jake McGoldrick
California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nars ng California)
San Francisco Labor Council (Konseho ng Paggawa ng San Francisco)
San Francisco Building and Construction Trades (Konseho para sa Pagtatayo ng mga Gusali at Pangangalakal sa San Francisco)
United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)
San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)
Community Tenants Association (Asosasyon ng mga Nangungupahan sa Komunidad)
Richmond District Democratic Club (Samahang Demokratiko ng Distrito ng Richmond)
Harvey Milk LGBTQ Democratic Club (Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBTQ)

Alamin pa ang tungkol dito sa ConnieChanSF.com

*Connie Chan*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 1

## SHERMAN R. D'SILVA

**Ang aking trabaho ay** Tagapamahala ng mga Operasyon.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ilagay sa unahan ang kondisyon ng ating komunidad

- Malilinis na Kalye - Walang basura, graffiti, karayom, o dumi sa ating mga kalye
- Kawalan ng Tahanan - Wala nang pagkakampo o pagtulog sa kalye
  - Ligtas na mga shelter o matutuluyan at mga serbisyo para sa rehabilitasyon
- Kaligtasan - Mas malaking presensiya ng mga pulis para maiwasan ang pagnanakaw at paninira ng pampublikong lugar o pag-aari ng iba
- Kaligtasan ng mga Tumatawid sa Kalye - Nakatakdang oras sa mga ilaw-trapiko sa lahat ng pinakamalalaking kalye
- Krimen - Pagpapatupad ng mga batas ng lungsod
- Madaling Lapitan - Pagkakaroon ng opisina sa komunidad na may mga takdang oras
- Pagkakaroon ng Pananagutan - Pagtutuon sa mga departamento ng lungsod at nang mapag-alaman kung epektibong nagagamit ang pera
- Imprastruktura - Pansampung taon na plano para sa pagpapalit ng mga bangketa at kalye
- Kapaligiran - Pagkakaroon ng dagdag na bukas na espasyo
  - Distribusyon ng na-recycle nang tubig para sa paglilinis at irigasyon
- Pagkakaroon ng Pananagutan ng Pulisya - Higit na pamamahala at pagiging bukas sa pagsisiyasat
- Negosyo - Pagpapasimple sa proseso ng pag-aapply at pagkuha ng permit
- Pagiging Independiyente - Walang tinatanggap na pera mula sa mga espesyal na interes, korporasyon, o unyon

Bilang natibong taga-San Francisco at residente ng Distrito ng Richmond, nakita ko na ang pagbaba ng kalidad ng komunidad taon-taon. Ang pagkakaroon ng malinis at ligtas na komunidad ang dapat unang asikasuhin ng gobyerno - bago gawin ang ano pa mang ibang bagay

Palaging may isang bagay na kailangang tugunan, pero kung hindi natin aasikasuhin ang mga batayang pangangailangang ito, mali ang ating mga prayoridad

Kung naniniwala kayong dapat na una nating pagtuunan ang mga problemang ito, ikararangal ko ang inyong boto

*Sherman R. D'Silva*

www.DSILVA2024.com

## JEN NOSSOKOFF

**Ang aking trabaho ay** Katuwang ng Doktor.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Panahon na para sa mapangahas at mabilis magdesisyong pamunuan sa Upper West Side ng San Francisco. Ako po si Jen Nossokoff, at tumatakbo ako upang maging Superbisor dahil naniniwala ako sa paggawa ng aksiyon at paghahatid ng mga resulta.

Humaharap ang ating distrito sa kritikal na mga hamon—mga inaalala ukol sa kaligtasan, hindi sapat na mga solusyon sa transportasyon, at mga agwat sa kalidad ng buhay—na mahigpit na humihingi ng agaran at inobatibong mga solusyon. Bilang may karanasan na propesyonal na pangangalaga ng kalusugan, alam ko kung paano harap-harapang panghawakan ang komplikadong mga problema. Pinamunuan ko ang kauna-unahang klinika na itinaguyod ng lungsod sa distrito para sa pagbabakuna laban sa COVID-19, kung kaya't natiyak ang pagkakaroon ng bulnerableng mga residente ng pamamaraan na makakuha ng mga serbisyo sa kalusugan na makapagliligtas ng buhay.

Kasama sa bisyon ko para sa distrito ang:

- Mas Ligtas na mga Komunidad
  - Stratehikong pagpupulis at mga pangkaligtasang hakbang na itinutulak ng komunidad upang mabawasan ang krimen at maprotektahan ang mga residente.
- Mas Pinahusay na Transportasyon
  - Pagpapalawak at pagpapahusay ng mga opsiyon para sa pampublikong transportasyon upang mabawasan ang pagdepende sa sasakyan at magawang mas ligtas ang ating mga kalye.
- Kapaligirang mas Mabuti sa Kalusugan
  - Pagtataguyod ng mga kahihinatnan sa kalusugan sa pamamagitan ng napapanatiling pag-unlad sa lungsod, mga polisiyang may katarungan sa pagkakapantay-pantay o equity, at matatag na pabahay.

Hindi lamang ako nangungusap ng tungkol sa pagbabago; may pananagutan ako tungo sa pagsasakatuparan nito. Bilang isa sa mga nagtapos sa programa para sa pagsasanay sa mga kandidato ng Moms Demand Action (Mga Ina na Mahigpit na Humihingi ng Pagbabago), may dedikasyon ako sa pagpapaunlad sa matitibay at konektadong mga komunidad. Ang aking karanasan bilang magulang sa pampublikong paaralan, pangmatagalang nangungupahan na naging may-ari ng tahanan, at tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan ang nagkakaloob sa akin ng mga kakayahan at determinasyon upang mamuno.

Iboto si Jen Nossokoff bilang inyong #1 na pinipili para maging Superbisor.

Alamin pa ang tungkol dito sa www.Jen2024.vote.

Salamat po sa inyong suporta,

*Jen Nossokoff*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 1

## MARJAN PHILHOUR

**Ang aking trabaho ay** May-ari ng Negosyo sa Komunidad.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ipinanganak ako sa Distrito ng Richmond. Pinalalaki namin dito ng aking asawa ang aming tatlong anak. Mayroon akong mahigit sa tatlong dekada ng karanasan sa gobyerno at pagnenegosyo, at sa loob ng maraming taon, pinatakbo ko nang kasama ang aking kapatid na babae ang tindahan ng aming pamilya sa Balboa Street.

Mahal namin ang Richmond, pero punong-puno na kami.

Ang pamamaraang "hands off o hindi pakikialam" sa kaligtasan ng publiko ay nakapinsala na sa ating komunidad. Sawang-sawa na kami sa bigong mga polisiya na nakaapekto na sa ating lahat.

Makagagawa tayo ng mas mabuti kaysa rito.

Bilang Superbisor, aking:

Lubusang popondohan ang departamento ng pulisya at nang makapaglakad tayo sa kalye nang hindi nilalapitan at kinakausap, inaatake, o ginagawan ng mas malala pa.

Titiyakin ang pagkakaroon ng pamamaraang magkaroon ng pabahay at nang manatili sa komunidad ang mga pamilya at nagtatrabahong mga indibidwal.

Isasara ang mga merkado ng droga sa labas ng mga gusali sa pamamagitan ng pag-aresto sa mga nagbebenta ng droga at gumagamit sa publiko ng nakamamatay na fentanyl at iba pang drogang nagdudulot ng adiksiyon o hard drugs.

Tatanggalin ang mga tent at kampuhan mula sa ating mga bangketa; susuportahan ang City Attorney (Abugado ng Lungsod) sa kanyang mga pagsusumikap na baligtarin ang nakabatay sa maling ideya na atas ng hukuman.

Pupuwersahin ang pinakanahihirapan sa ating mga kalye tungo sa mga shelter, paggamot, o conservatorship (pamamahala o paggawa ng desisyon para sa walang kakayahan).

Ipaglalaban ang maliliit na negosyo sa pamamagitan ng pagprotekta sa mga empleyado ng mga tindahan mula sa pag-atake at paggawang simple sa burukrasya na dinisenyo upang maging imposible ang pagbubukas at pagpapatakbo ng negosyo.

BUMOTO para sa PAGBABAGO - posible ang pagkakaroon ng bagong direksiyon. Alamin pa ang tungkol dito sa votemarjan.com.

*Marjan Philhour*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 3

## WENDY HA CHAU

**Ang aking trabaho ay** Abugado.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Kumusta sa kapwa mga residente ng Distrito 3:

Ang pangalan ko ay Wendy Chau at 15 taon na akong nakatira sa Distrito 3. Isa rin akong abugado para sa mga Karapatang Sibil, at marami na ang naging karanasan sa pakikipaglaban para sa mga kaso sa hukuman.

Napagkalooban ako ng aking karanasan bilang abugado para sa mga Karapatang Sibil (kung saan kasama ang batas ukol sa Konstitusyon at mga Administratibong Polisiya ng Pamahalaan) ng mga kinakailangang kuwalipikasyon upang harapin ang mga usapin na nananalasa sa San Francisco at sa Distrito 3.

Naturuan na ako ng aking karanasan kung paano matagumpay na mahaharap ang problema ng krimen, kawalan ng tahanan, mga SUD na serbisyo, kung paano mapababalik ang mga negosyo sa ating napabayaang mga komunidad, at mapahusay ang ating edukasyon para sa mga bata ng Distrito 3.

Tumatakbo ako para sa katungkulan sa Distrito 3 dahil mahal ko ang San Francisco at ang Distrito 3. Mayroon akong politikal na determinasyon na panagutin ang mga ahensiya para sa kanilang mga aksiyon. Gusto kong ihatid pabalik sa San Francisco ang pagiging lubos na bukas sa pagsisiyasat habang winawakasan ang lahat ng transaksiyon na "back ally o patago na masasamang kasunduan." Gusto kong i-audit taon-taon ang lahat ng kontratista ng lungsod at nang matiyak na napagkakalooban ng mga serbisyo ang mga mamamayan, tulad ng naipangako.

Gusto ko ring muling pasiglahin ang mga negosyo ng China Town, ng Downtown Fidi, at ng Lower at Upper Polk sa pamamagitan ng pagtulong na maibalik ang natatanging kultura, sining, at libangan ng SF sa mga lugar na ito.

*Wendy Ha Chau*

## MOE JAMIL

**Ang aking trabaho ay** Katuwang ng Abugado ng Lungsod.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Alam natin kung ano ang mahahalaga: ang pagpapanatili sa ating mga kalye na ligtas at malinis, ang pagtulong sa maliliit na negosyo, at ang pagprotekta sa karakter ng ating mga komunidad. Magagawa ito ng may karanasang pamumuno.

Isa akong Katuwang ng Abugado ng Lungsod sa loob ng 10 taon, kaya't alam ko ang kabuuan ng City Hall.

Anak na lalaki ako ng mga imigrante at nagtapos sa University of California Berkeley, at natuto ako ng Cantonese nang nag-aaral sa Chinese University of Hong Kong.

Ikinararangal namin ng asawa kong si Annie Yang ang pagpapalaki ng aming mga anak sa Distrito 3. Nitong nakaraang dekada, nakapaglingkod na ako sa mga board (lupon) ng Russian Hill Neighbors (Mga Magkakapitbahay sa Russian Hill), Union Square Foundation (Pundasyon ng Union Square), San Francisco Heritage (Pamana ng San Francisco), at Middle Polk Neighborhood Association (Asosasyon ng mga Magkakapitbahay sa Middle Polk).

Titindig ako kasama ang aming mga kapitbahay at lokal na mga negosyo upang ipaglaban ang San Francisco.

Mag-Back to Basics (Bumalik sa Pinakamahahalaga) tayo upang maprotektahan at mapreserba ang Lungsod na mahal natin:

Mas ligtas at mas malilinis na komunidad na pinoprotektahan ng lubos na pinopondohang pulisya, mga bumbero, at mga operator ng 911 sa loob ng ating naririyan nang badyet. Wakasan ang nasa labas ng gusali na mga supermarket ng droga, pigilan ang pagbabakod sa nakaw na kalakal, at arestuhin at usigin ang mga nagbebenta ng droga.

Mahigpit na hingin sa mga developer na unahin ang kasalukuyang mga residente. Magtayo ng abot-kayang pabahay habang pinepreserba ang karakter ng ating mga komunidad at waterfront o aplaya.

Protektahan ang naririyan nang mga umuupa at mga may-ari ng bahay upang mapigilan ang pagkawala ng tinitirhang lugar.

Itigil ang pag-o-overdose o labis na paggamit ng droga sa ating mga kalye sa pamamagitan ng pamumuhunan sa paggaling at mga serbisyo na gumagamot sa adiksiyon at karamdaman ng isip. Konsultahin ang mga kapitbahay tungkol sa paghahanap ng mga lugar para sa pasilidad ng walang tahanan.

Mga Nag-eendoso: Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Aaron Peskin, Superbisor Matt Dorsey, Dating Mayor Art Agnos, Komisyoner ng Pulisya Debra Walker, San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco), at marami pang iba.

www.moejamil.com

*Moe Jamil*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 3

## SHARON LAI

**Ang aking trabaho ay** Direktor, Non-profit na para sa Ekonomiya.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
19 taon ng serbisyo publiko at karanasan sa pribadong sektor:

- Natriple ang badyet para sa pampublikong kaligtasan ng Muni bilang Komisyoner ng MTA
- Tumulong sa paglikha ng 8,000 bagong tahanan, kung saan 25% ang abot-kaya, sa Treasure Island
- Pinamunuan ang non-profit sa kabuuan ng estado upang makapaghatid ng inobatibong pabahay sa walang tahanan
- Itinayo ang komunidad ng maliliit na bahay sa San Francisco, nang nasa badyet, sa noon pa lamang naitatalang bilis ng panahon
- Pinamunuan ang non-profit para sa muling pagpapasigla ng ekonomiya upang makapagdala sa San Francisco ng mga kompanya para sa inobatibong pagpapanatili sa mga negosyo at kapaligiran

Ang aking mga prayoridad:

- Gawing mas malakas ang pampublikong kaligtasan, lubusang punan ang kawanihan ng ating departamento ng pulisya, pagbutihin ang kaligtasan ng mga naglalakad
- Pagbangon ng ekonomiya kapwa sa downtown at sa mga komunidad
- Protektahan ang mga nangungupahan mula sa pagpapaalis sa tinitirhang lugar, kung kaya't maiiwasan ang mas malaking kawalan ng tahanan
- Paramihin pa ang mga opsiyon sa pabahay sa lahat ng antas ng kita sa bawat komunidad
- Tiyakin ang malilinis at ligtas na kalye at bangketa, at ilipat ang mga walang tahanang indibidwal tungo sa paggamot at mga shelter
- Gawing mas mabuti sa mga pamilya ang San Francisco sa pamamagitan ng mas malalakas na paaralan, mas pinalawak na pangangalaga ng bata, at programang afterschool at programa sa tag-araw

Pinalaki ako sa pampublikong pabahay sa Hong Kong at nagmigrante ako sa Estados Unidos noong tinedyer ako. Pinalalaki namin ng aking asawa ang dalawang batang lalaki.

Kasama sa mga nag-eendoso sa akin ang/sina: United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco), Community Tenants Association (Asosasyon ng mga Nangungupahan sa Komunidad), Teamsters Joint Council (Pinagsamang Konseho ng Teamsters) 7, IFPTE 21, SEIU 1021, AFT 2121, SF Rising, Miyembro ng Asembleya Phil Ting, Sheriff Paul Miyamoto, Mga Superbisor Connie Chan, Catherine Stefani, Aaron Peskin, Myrna Melgar, Rafael Mandelman, Shamann Walton at Ahsha Safai; Mga lider ng komunidad Norman Fong, Gail Gilman, Ivy Lee, Jodie Medeiros.

*Sharon Lai*

www.SharonLaiSF.com

## EDUARD NAVARRO

**Ang aking trabaho ay** Taga-disenyo ng Lungsod at Internasyonal na Negosyante.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Prayoridad ko ang pagtitiyak na mananatili ang San Francisco na lugar kung saan ang mga indibidwal ay maaaring maging kung sino man ang gusto nilang maging. Ipinanganak ako sa Valencia, Spain. Isa akong LGBTQIA+, Hispaniko, at wala akong mga koneksiyon sa pamahalaan.

Kailangang pagtuunan natin ang disenyo, pampublikong transportasyon, at arkitektura ng lungsod at nang makapagtayo ng 82,000 unit ng pabahay na magpepreserba at magpapaganda sa ating mga komunidad, habang higit na nagiging abot-kaya at nagkakaroon ng pag-unlad ng ekonomiya. Mayroon akong direktang karanasan, makabuluhang hanay ng mga kakayahan, at bisyon upang pamunuan ang pagsusumikap na ito.

Magkakaroon tayo ng mas ligtas, mas abot-kaya, mas mabuti sa kalusugan, mas may pagkakaiba, at mas umuunlad na mga lugar sa komunidad kung saan maaaring mahanap ng lahat ng taga-San Francisco na mula sa lahat ng antas ng kita ang kanilang lugar, nang may kasamang inobasyon at impluwensiya sa mundo.

Sa edad na 44, magdadala ako ng mahigit na dalawampung taon ng internasyonal na karanasan sa pagdidisenyo ng lungsod, pamumuhunan, development, at pagnenegosyo. Mayroon akong Master of Architecture at Master of Real Estate Development mula sa Columbia University at Bachelor of Science in Architecture mula sa Georgia Tech. Nag-aral din ako sa École d'Architecture de Paris La Villette at nakakompleto sa Antas I ng CFA Institute. Itinayo ko ang sariling kong kompanya para sa pamumuhan, nagdisenyo ng bagong mga bayan, namahala ng mahigit $344M sa mga pamumuhunan, at pinamunuan ang malalaking proyekto sa pabahay at imprastruktura.

Iboto si Navarro para sa mas ligtas, mas malakas, at mas nagkakaisang San Francisco. Bisitahin ang www.navarro.vote para sa iba pang impormasyon.

*Eduard Navarro*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 3

## DANNY SAUTER

**Ang aking trabaho ay** Direktor ng Sentro ng Komunidad.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Magiging independiyenteng boses ako sa City Hall upang makipaglaban para sa mas mahuhusay na resulta: mas ligtas na mga komunidad, mas malilinis na kalye, mas maraming pabahay, at mas masigla at umuunlad na San Francisco.

Isa akong 10+ taon na residente ng Distrito 3, nangungupahan, at tagapag-organisa ng komunidad. Bilang Executive Director (Ehekutibong Direktor) ng San Francisco Neighborhood Centers (Mga Sentro ng Komunidad ng San Francisco), napalawak ko ang mga programa upang mapaglingkuran ang libo-libong pamilya, kabataan, at imigrante na mabababa ang kita sa Chinatown, Russian Hill, at North Beach. Bilang Presidente ng aking asosasyon ng mga magkakapitbahay, nakapagtrabaho na ako upang magkaroon ng batas sa pagpuno sa bakanteng mga harapan ng tindahan, nakapag-organisa ng mga safety town hall o pag-uusap ng komunidad para sa kaligtasan, napasimulan ang North Beach Farmers Market, at nakipaglaban para sa mas maraming abot-kayang pabahay.

Bilang inyong susunod na Superbisor ng Distrito 3, ako ay:

- Mag-eempleyo ng mas maraming first responders (unang tumutugon), mula sa mga pulis hanggang sa dispatser ng 911, at nang mapanatiling ligtas ang ating mga komunidad
- Magpapadali sa pagtatayo ng bagong mga tahanan at palalakasin ang proteksiyon sa mga nangungupahan
- Magpupuno sa bakanteng mga harapan ng tindahan sa Polk Street, magpapalawak sa Central Subway tungo sa North Beach at Fisherman's Wharf, at lilikha ng bagong bukas na espasyo sa Lower Nob Hill
- Magpapalawak ng mga programa para sa paggamot sa paggamit ng droga, mag-aaresto ng mga nagbebenta ng droga, at magpapababa sa mga handlang sa paggaling
- Magdaragdag ng 1,500 bagong basurahan at magpapalawak sa paglilinis ng kalye
- Muling pag-iisipan ang ating Downtown na may mas maraming pabahay at malilinis at ligtas na kalye

Ikinararangal kong maendoso nina/ng:
Senador Scott Wiener
Superbisor Matt Dorsey
Superbisor Joel Engardio
Sheriff Paul Miyamoto
Nancy Tung, San Francisco Democratic Party Chair (Tagapangulo ng Partido Demokratiko ng San Francisco)
LiUNA Laborers (Mga Manggagawa ng LiUNA) Lokal 261
Nor Cal Carpenters Union (Unyon ng mga Karpintero ng Nor Cal)

*Danny Sauter*

Alamin pa ang tungkol dito sa www.DannyD3.com o tawagan ako: (415) 562-6441

## MATTHEW SUSK

**Ang aking trabaho ay** Negosyante / Direktor para sa Kaligtasan.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Si Matthew Susk ay ikatlong henerasyon na taga-San Francisco. Nakapagtrabaho na siya sa pribadong sektor nitong nakaraang dekada, at nakatira siya sa Russian Hill kasama ang kanyang asawa. Malalim ang mga ugat ni Susk sa komunidad na hinahangad niyang katawanin, nakatuon siya sa muling pagpapasigla sa San Francisco, at titiyakin niyang magiging masigla, ingklusibo, at umuunlad na bahagi ng lungsod ang Distrito 3 para sa mga darating pang henerasyon.

Nakatindig ang kampanya ni Susk sa tatlong mahahalagang pangako: ligtas na mga kalye (SFPD na buong napopondohan), mauunlad na negosyo (bawasan ang mga singil sa maliit na negosyo), at pagpapanagot sa pamahalaan (napag-aalaman ang bilang na mga sukatan ng tagumpay).

Taglay ang kanyang isang dekada ng karanasan sa pribadong sektor, naipakita na ni Susk ang kanyang kahusayan sa pagnenegosyo sa pamamagitan ng pagpapayo sa mga plano sa pensiyon ng gobyerno, pagtatatag ng matagumpay na negosyo ng labada, at pagtulong sa libo-libong nangungupahan na maging may-ari ng tahanan sa pamamagitan ng startup sa real estate. Nabibigyan siya ng mga kasangkapan ng kanyang iba't iba na nakaraang propesyonal na gawain upang magkaroon ng komprehensibong pananaw sa pagpapaunlad ng ekonomiya at mga pangangailangan ng komunidad.

Kasama sa naging edukasyon ni Susk ang BA mula sa St. Lawrence University at MBA mula sa Georgetown University. Ang mga natamong tagumpay na ito, kasama ang sarili mismong karanasan sa pagnenegosyo, ang naghanda sa kanya para sa Board of Supervisors (Lupon ng Superbisor).

Gagamitin ni Matthew Susk ang kanyang natatanging hanay ng mga kakayahan at malalim na personal na koneksiyon upang makagawa ng magtatagal at positibong epekto sa Distrito 3 at sa San Francisco.

*Matthew Susk*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 5

## SCOTTY JACOBS

**Ang aking trabaho ay** Negosyante para sa Pribadong Sektor.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Bilang 30 taong gulang na LGBTQIA na umuupa at ika-apat na henerasyong residente ng San Francisco, tumatakbo ako para maging Superbisor ng Distrito 5 upang makatawan ang mga boses ng mga naniniwala sa produktibo at masaganang hinaharap para sa lahat ng taga-San Francisco.

May malinaw, kritikal, at kinakailangang papel ang ating lokal na pamahalaan sa paghubog ng kinabukasan ng San Francisco. Kailangang maging seryoso tayo sa ating pangako na magkaroon ng abot-kayang pabahay, wakasan ang krisis sa kalusugan ng isip at adiksiyon sa ating mga kalye, suportahan ang mga tagapagpatupad ng batas, at mamuhunan sa ating kritikal na imprastruktura sa lungsod, tulad ng MUNI at ng sistemang pang-edukasyon. Makikipagtrabaho ako sa aking mga kasamahang Superbisor at sa Mayor upang aktuwal na magkaroon ng pag-unlad sa mga usaping nauukol sa kalidad ng buhay para sa mga taga-San Francisco.

Bilang pinakabatang Superbisor, ako ang magiging boses ng San Francisco na may sentido komun; magtutuon ako sa pragmatiko, makatwiran, mapagkalinga, at natatamong mga solusyon sa ating kasalukuyang mga hamon, at magiging optimistiko, at nakatanaw sa hinaharap na tagapamahala ng ating kinabukasan. Pinakamahalaga rito, ilalagay ko ang pag-unlad sa harapan ng ideyolohiya.

Nakapagtrabaho na ako sa mga non-profit at sa mundo ng mga korporasyon, at ikinasasabik kong ilaan ang susunod na kabanata ng aking buhay sa serbisyo publiko. Alam kong nasa hinaharap ang pinakamaniningning na araw ng ating lungsod, at inaasahan ko ang paglilingkod sa inyo bilang susunod ninyong Superbisor sa Distrito 5.

*Scotty Jacobs*

## ALLEN JONES

**Ang aking trabaho ay** Dibuhante.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Matapos maka-graduate sa high school noong 1975, ang naging 22 taon ko ng pagtatrabaho ay bilang mekanikal at elektrikal na dibuhante, na pangunahing para sa pangkonsultasyong mga kompanya sa pag-iinhinyero sa San Francisco. Kasama sa panahong ito ang pagtira ko sa Oregon mula 1979 hanggang 1981. Gayon pa man, bumulong sa akin ang isang gabing iyon sa kulungan sa Portland: Umuwi ka.

Magmula noong 1983 hanggang 1993, itinuro ko ang Bibliya at nagpayo sa unit para sa maximum na seguridad ng juvenile hall (bilangguan para sa menor de edad) ng San Francisco. Iyon na ang simula ng aking 40-taong paglalakbay sa serbisyo at aktibismo sa lungsod.

Nagresulta ang aking unang pagsubok sa paghubog sa polisiya ng lungsod sa pagkapanalo sa pagkabigo. Bagamat walang tahanan, nagsulat ako ng panukalang-batas sa balota na nakakuha ng kahanga-hangang 98,000 boto na oo sa espesyal na eleksyon noong Hunyo 2018.

Ang pakitang-taong gawa at ang pagkukunwari na mabuti ang dalawang katangian sa politika na para sa akin ay pinakanakagagalit. Mga hadlang ito na nakapipigil sa pamumulaklak ng mabubuting ideya tungo sa pagiging matagumpay na mga proyekto, polisiya, at batas.

Nakapagbabawas ng gastos ang magagandang ideya, at nakapagbibigay ng mga tseke ang pinakadakilang mga ideya. Marami ako ng dalawang ito—isang dakilang ideya: Bukod sa mga tungkulin ko bilang superbisor, pamumunuan ko ang paglikha ng museo upang parangalan ang pinakadakilang mga gawain ng kabayanihan sa mundo. Bibigyang-inspirasyon ng mga eksibisyong ito ang mga batang nasa paaralan, at pagtitibayin muli ng mga turista ang pagiging "World-class city o lungsod na kabilang sa pinakamahuhusay sa Mundo."

*Allen Jones*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 5

## AUTUMN HOPE LOOIJEN

**Ang aking trabaho ay** Tagapag-organisa sa Komunidad.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ako ang ina na nakipaglaban upang maibalik ang algebra sa middle school at nagpatakbo ng school board recall o pagpapaalis sa katungkulan ng ilang miyembro ng lupon ng paaralan noong naghihirap na ang ating mga anak. Kapwa nanalo ang dalawang kampanyang ito nang napakalaki ng kalamangan. (Salamat po!)

Bumubuti na ngayon ang ating mga paaralan, pero nasa krisis ang ating Lungsod.

Winawasak ng bukas na mga merkado ng droga ang Tenderloin, kung saan nakatira ang 3500 bata... at kumakalat na tulad ng kanser ang mga problema. Lubhang nakaaadik ang Fentanyl kung kaya't mas pinipili ito ng mga tao kaysa sariling bahagi ng katawan.

Santuwaryong lungsod tayo; parola para sa baklang tinedyer, kabataang trans, at kakaibang indibidwal na kailangan ng lugar kung saan magiging bahagi sila. Pero kung hinahayaan natin ang mga nagbebenta ng droga na pagsamantalahan sila, hindi na tayo santuwaryo.

May moral na responsibilidad tayong itigil ang pagdurusang ito at bigyan ang ating Lungsod ng PAG-ASA.

Kailangang ihinto na natin ang mga nagbebenta ng droga, ipatupad ang mga batas laban sa hayagang paggamit ng droga, at magkaloob ng epektibong paggamot na nakabatay sa medisina at nang magawa ang Tenderloin na masiglang komunidad na kagaya noon.

Karapat-dapat ang LAHAT ng ating mga komunidad na magkaroon ng ligtas at malilinis na kalye at umuunlad na maliliit na negosyo... at ng lungsod na tumutulong sa kanila upang magawa ang mga bagay-bagay.

May nakaraang rekord na ako na nagagawa ang mga bagay-bagay at ikararangal kong makuha ang inyong boto.

Inendoso ng SF Police Officers Association (Asosasyon ng mga Pulis ng SF)

*Autumn Hope Looijen*

## BILAL MAHMOOD

**Ang aking trabaho ay** Direktor ng Nonprofit na para sa Klima.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Dahil mayroon na namang itong badyet na ngayon pa lamang naitatala, hindi kulang sa mga rekurso ang San Francisco - kulang tayo sa pamumuno. Nailantad ko na ang korupsiyon sa pamahalaan sa pamamagitan ng may imbestigasyong pagsusulat at bilang inyong superbisor, lalaban ako upang papanagutin ang City Hall para sa kabiguan nitong tugunan ang lumalala na hindi na pagiging abot-kaya ng mga bilihin, pabahay, kawalan ng tahanan, at kaligtasan sa mga kalye. Panahon na para sa mga resulta sa halip na mga dahilan — pakikipagkolaborasyon sa halip na pagiging hati-hati.

Kung sama-sama, makakamit natin ang dakilang mga bagay. Kinakatawan ito ng aking kuwento. Anak ako ng mga imigrante, umuupa ako habang nakatira sa Tenderloin, at dati akong kawani sa Administrasyon ni Obama. Taglay ang mahigit isang dekada na paghahatid ng mga resulta sa gobyerno, mga nonprofit, at negosyo upang maiangat ang naisasantabing mga komunidad, titiyakin ko na mananatili ang San Francisco na parola ng oportunidad para sa lahat.

Maghatid tayo ng pagbabago sa City Hall at magtrabaho na sa:

- Pagpapahusay ng Pagiging Abot-kaya ng Pabahay sa pamamagitan ng pagbabawas sa red tape o labis-labis na patakaran, at sa gayon, mas mabilis tayong makapagpatayo ng abot-kaya at para sa panggitna ang kita na pabahay
- Pagwawakas ng Kawalan ng Tahanan sa pamamagitan ng pagpapanagot sa City Hall at nang matiyak ang aktuwal na paghahatid ng shelter, pangangalaga, at serbisyo para sa pinakabulnerable
- Pagpapahinto sa Epidemya sa Fentanyl sa pamamagitan ng pag-aresto sa mga nagbebenta ng droga at nang muling maging ligtas ang ating mga komunidad para sa mga bata at pamilya

Inendoso ni/ng:

- Scott Wiener, Senador ng Estado
- Honey Mahogany, Kasamang Tagapagtatag ng Transgender na Distrito ng SF
- Nancy Tung, Tagapangulo ng SF Democratic County Central Committee (Komite Sentral ng County ng Partido Demokratiko ng SF)
- Reverend Arnold G. Townsend
- NorCal Carpenters Union (Unyon ng mga Karpintero sa NorCal)
- Operating Engineers (Mga Nagpapatakbong Inhinyero) Lokal 3

Alamin pa ang tungkol dito sa BilalMahmood.com

Nagpapakumbaba,

*Bilal Mahmood*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 5

## DEAN PRESTON

**Ang aking trabaho ay** Superbisor ng Distrito 5.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Isa akong residente ng Distrito 5 sa loob ng 28 taon, na may dalawang anak na nasa mga pampublikong paaralan ng San Francisco, dating may-ari ng maliit na negosyo, at abugado para sa mga nangungupahan.

Bilang Superbisor, nagtuon ako sa mga resulta:

- Nakapagligtas ng mahigit 20,000 umuupa mula sa pagpapaalis sa tinitirhang lugar
- Nagkaloob ng libreng abugado sa sinumang umuupa na humaharap sa pagpapaalis sa tinitirhang lugar
- Nanalo ng $250 milyon para sa tulong sa upa at abot-kayang pabahay
- Nagdala ng mga embahador ng komunidad sa bawat komunidad sa distrito
- Bumoto upang maaprubahan ang 30,000 bagong tahanan, kung saan 86% ang abot-kaya
- Tiniyak ang $10 milyon para sa pagpapakumpuni ng elevator ng SRO sa Tenderloin
- Ipinasa ang vacancy tax (buwis sa bakanteng espasyo) at nang mapabalik ang 40,000 bakanteng unit sa merkado
- Tumulong sa maliliit na negosyong nabiktima ng krimen
- Nagdala sa distrito ng $30 milyon para sa kaligtasan sa mga kalye, bukas na mga espasyo, at wellness o kagalingan ng katawan at isip sa komunidad.

Nakikipaglaban ako para sa:

- Daan-daang abot-kayang tahanan ng Distrito 5 sa Haight at Stanyan, DMV at Turk St.
- Apat na Haligi ng komprehensibong paraan upang mabawasan ang mga pag-ooverdose o labis na paggamit ng droga at ang mga krimen
- Pampublikong Bangko upang mapondohan ang abot-kayang pabahay, maliliit na negosyo, at imprastrukturang mabuti sa kapaligiran

Inendoso ng/nina: San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco), Mga Nars ng California, United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco), Harvey Milk LGBTQ Democratic Club (Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBT), San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco), Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay), SF Rising, Small Business Forward (Abante Maliit na Negosyo), Democratic Socialists of America (Mga Demokratikong Sosyalista ng Amerika), Teamsters Joint Council (Pinagsamang Konseho ng Teamsters) 7, Miyembro ng Asembleya Phil Ting, Tom Ammiano, Mark Leno, Art Agnos, Mga Superbisor Chan, Peskin, Ronen, at Walton.

*Dean Preston*

www.dean2024.com

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 7

## MATT BOSCHETTO

**Ang aking trabaho ay** May-ari ng Maliit na Negosyo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Matt Boschetto
May-ari ng Maliit na Negosyo

Napakarami na nating naisasapanganib upang manatiling nakaupo na lamang sa gilid habang natitisod ang City Hall sa pinakamahalagang gawain nito: Ang pagpapanatiling ligtas sa ating mga tahanan at kalye. Naniniwala akong karapat-dapat ang Distrito 7 sa lider na tunay na namumuhunan sa paglutas sa mga problemang kinakaharap natin araw-araw.

Malalim ang aking mga ugat sa Distrito 7 bilang ika-4 na henerasyon ng mga taga-San Francisco, na may halos 100 taon na kasaysayan ang pamilya sa West Side. Pinalalaki namin dito ng aking asawang si Emily ang aming tatlong anak.

Sa araw, nagmamay-ari at nagpapatakbo kami ni Emily ng negosyo ng mga bulaklak. Napakahalaga ng pagbabalanse ng badyet at ng paggawa ng importante at stratehikong mga pagbabago sa pagpapatakbo ng maliit na negosyo na gaya ng sa amin. Nangangako ako na dadalhin ang gayong antas ng malikhaing paglutas sa mga problema at pananagutan sa papel ko bilang inyong susunod na Superbisor.

Una at higit sa lahat, paglilingkuran ko kayo, na aking mga botante, at walang sinuman na iba pa. Pinakauna sa aking mga prayoridad ang pagpapanumbalik sa kaligtasan ng publiko, at nang matiyak ang mauunlad na pangnegosyong corridor o takdang lugar at komunidad na maaaring tawaging tahanan ng lahat. Iyan ang dahilan kung bakit nasa akin ang natatanging pag-eendoso ng San Francisco Police Officers Association (Asosasyon ng mga Pulis ng San Francisco).

Pinakamahalaga rito, ang sinasabi ko ngayon ang siyang patuloy kong sasabihin at gagawin sa loob ng susunod na apat na taon, at hinihikayat ko kayong panagutin ako sa bagay na ito.

*Matt Boschetto*

## STEPHEN MARTIN-PINTO

**Ang aking trabaho ay** Bumbero / Reserbista ng Militar.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Nasisiyahan ba kayo sa gobyerno ng lungsod at naniniwala ba kayong iniisip nito ang inyong pinakamabuting interes?

May kumpiyansa ba kayo sa kasalukuyan ninyong liderato sa pamumuno sa ating Lungsod tungo sa kasaganaan samantalang sa loob ng maraming taon, wala silang ginawa habang bumaba na ang kalidad ng buhay?

Sa sandaling magkaroon ako ng katungkulan, magbabago ito. Dadalhin ko ang aking karanasan bilang bumbero, naka-unyong manggagawa sa industriya ng bakal, beterano ng Marine Corps (Marinong Hukbo), lider ng komunidad, Komisyoner ng Veteran Affairs (Mga Usapin ng mga Beterano), pamilyadong lalaki, at katutubo ng San Francisco, at nang mapaglingkuran kayo.

Magkakaroon ako ng polisiyang zero-tolerance (walang palalampasin) sa krimen, korupsiyon, at mga merkado ng droga sa labas ng mga gusali.

Maghaharap ako ng matitibay na mungkahi upang i-audit ang lahat ng departamento at non-profit habang nagpapatupad ng malilinaw na sukatang nakabatay sa pagganap.

Babawasan ko ang bilang ng mga komisyon at departamento sa pamamagitan ng pagsasama at pagtatanggal sa magkakapareho at hindi kinakailangang mga posisyon, kung kaya't makatitipid sa pera ang mga nagbabayad ng buwis.

Ibabalik ko ang SFPD sa pagkakaroon ng buong kawanihan habang nirereporma ang komisyon ng SFPD at nang mapahintulutan silang makapagbigay ng pampublikong kaligtasan na mataas ang kalidad.

Mag-aadbokasiya ako para sa makatwirang development ng pabahay na iginagalang ang karakter ng ating komunidad.

Pangwakas, mag-aadbokasiya ako para sa pampublikong edukasyon na world-class o kabilang sa pinakamahuhusay sa mundo. Bilang graduate ng Lowell High School, napakapersonal nito sa akin!

Hayaan ninyong mapatunayan ko sa inyo na ang lungsod na dati nang alam ang mga paraan, ay alam pa rin ang mga paraang ito!

nakalista ang mga taga-suporta sa stephenmartinpinto.com

*Stephen Martin-Pinto*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 7

## MYRNA MELGAR

**Ang aking trabaho ay** Superbisor ng Distrito 7 (Kasalukuyang Nasa Katungkulan).

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Bilang inyong Superbisor, magtutuon ako sa praktikal na mga solusyon, at hindi sa politikal na pamumustura — at nang magawa ang ating mga komunidad na mas ligtas, ang pabahay na mas abot-kaya, at ang Westside na mas mabuting lugar para sa lahat.

Naghahatid ako ng praktikal na mga solusyon sa pampublikong kaligtasan—sa pamamagitan ng pagdaragdag ng $25 milyon upang makapaglagay ng mas maraming pulis sa mga komunidad sa Westside, mapalawak ang programa para sa mga embahador ng komunidad at nang mapanatiling ligtas ang West Portal, Ocean Avenue at Inner Sunset, at pagtitiyak ng pondo para sa kagamitang tagabasa ng plaka ng sasakyan sa mga lugar kung saan mataas ang krimen, na tulad ng Twin Peaks Overlook.

Bilang eksperto sa polisiya sa pabahay, nakapagtrabaho na ako upang magkaroon ng praktikal na mga solusyon at nang dumami ang mga oportunidad sa pabahay at maprotektahan ang mga umuupa, at sa gayon, mas maraming indibidwal ang patuloy na matatawag ang Westside na tahanan. Napasimple ko na ang development ng pabahay para sa dalawa o higit pang pamilya at nabawasan na ang red tape o labis-labis na mga patakaran sa konstruksiyon at pagre-remodel ng pabahay.

Bilang pangmatagalang residente ng Westside, ehekutibo sa nonprofit, at ina, malalim ang aking pananagutan sa ating komunidad. Nakipaglaban ako upang mailigtas ang Laguna Honda Hospital, natiyak ko ang pondo para sa pagpapahusay sa trapiko at pampublikong transportasyon sa mga corridor o takdang lugar para sa pagnenegosyo, at nakapamuhunan sa mga programang nagpapahusay sa akademikong tagumpay sa ating pampublikong mga paaralan.

Iyan ang dahilan kung bakit sinusuportahan ako ng/ni San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco), Senador ng Estado Scott Wiener, Miyembro ng Asembleya Phil Ting, Abugado ng Distrito Brooke Jenkins, Dating Superbisor Norman Yee, Tagapangulo ng SF Democratic Party (Partido Demokratiko ng SF) Nancy Tung, at dose-dosena pang iba.

Araw-araw akong nagtatrabaho upang ang Westside ay maging pinakamahusay na maaaring magawa nito. Sama-sama tayong patuloy na lumikha at magpaunlad ng masigla, ligtas, at malugod na komunidad na tumatanggap sa lahat.

MyrnaMelgar.com

*Myrna Melgar*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 9

## JULIAN BERMUDEZ

**Ang aking trabaho ay** Maliit na Negosyante.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Hindi ako ang malinaw na maaaring piliin para maging superbisor.

Nasabi nang masyado pa akong bata—27 lamang ako. Kulang ako sa karanasan sa politika. Totoo na hindi ako "insider o maraming koneksiyon sa politika" na umaakyat sa politikal na hagdanan. Hindi ako makakalap ng sapat na pondo upang makipagkompetensiya sa malalaki kung gumasta. Tingnan natin kung magagawa ito.

Naniniwala akong ako ang pinakamabuting mapipili para sa inyong boto.

Isa akong natibong taga-San Francisco, na pumasok sa ating mga paaralan at lumaki sa komunidad. Ako ang ikatlong henerasyon na nagtrabaho sa Rancho Grande Appliances, na negosyo ng aking pamilya.

Kapag nagdedeliber kami ng appliances, nakikita ko kung paano bumababa ang kalidad ng ating mga komunidad. Nakikita ko na itinataboy na ng gastos sa pamumuhay ang marami sa aming mga kostumer.

Tumatakbo ako upang mapabuti ang kalidad ng buhay para sa ating lahat. Naniniwala ako na ang malakas na superbisor ay dapat aktibong nakikinig sa halip na palaging nagsasalita.

Ang aking malaking ideya: ang "Millionaires' Tax o Buwis sa mga Milyonaryo," na 3% na dagdag na singil sa taunang kita na lampas sa $1,000,000 at nang mapondohan ang inobatibong mga solusyon sa ating krisis sa kawalan ng tahanan. Mag-aadbokasiya ako para sa pagtutuon ng mga interbensiyon sa apat na subgroup o bahagi ng pangkat: ang mga may kapansanan, mga nalululong sa droga, ang nahihirapan sa ekonomiya, at ang ating mga beterano.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang votelocalsf.com.

Nangangako akong paglilingkuran kayo nang may integridad, at pakikiramay.

Magalang kong hinihiling ang inyong boto

*Julian Bermudez*

## H. BROWN

**Ang aking trabaho ay** Retiradong Guro ng Espesyal na Edukasyon.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Nagsimula ako sa pagtatrabaho sa pagpapakintab ng mga sapatos sa matagal nang naririyang St. Louis Brewery bar na nasa komunidad bago pa ako naging sampung taong gulang. Si Harry Truman ang Presidente noon.

Nag-organisa ang aking ama para sa Hoffa sa mga daungan ng Kroger at dati siyang nabubugbog.

Noong 1952, naglagay ako ng mga bumper sticker ni Adlai Stevenson sa mga Cadillac na nasa paradahan ng magagarang hotel.

Kasangkot na ako sa bawat eleksyon magmula noon at palagi akong nagtatrabaho para sa mga kandidato o mga usapin na pinaniniwalaan kong pinakanakapaghahandog sa Mahihirap.

Palagi na akong humaharap sa karahasan sa paaralan at sa mga kalye.

Dahil dito, sa huli ay naging guro ako ng Espesyal na Edukasyon na may Masters mula sa Clemson para sa pagtuturo ng Behaviorally Disturbed Adolescents (Mga Nagdadalaga at Nagbibinata na May Suliranin sa Pag-uugali).

Nakapasa ako sa mga eksamen para sa nasyonal na Sertipikasyon upang makapagturo ng English (Ingles) at Social Studies (Araling Panlipunan) at Espesyal na Edukasyon sa Sekondaryang mga Paaralan ng California.

Nakapagpatigil na ako ng isang libong sagupaan.

Sa Navy, nakakuha ako ng 3 Pinakamatataas na Sikretong Clearance at naging miyembro ng Naval Special Warfare Group (Espesyal na Pangkat ng Navy para sa Pakikidigma) na naging Seals.

Dinisenyo ko ang Student Security Force (Puwersang Panseguridad ng mga Estudyante) sa Potrero Hill Middle School at nakipagtrabaho sa SFPD sa kanilang Ropes Course (kurso ng pagsasanay) at Wilderness Program (programa sa ilang na lugar) 30 taon na ang nakararaan kasama ang aking mga estudyante.

Ang Tunguhin ko sa pagpasok sa Labanang ito ay upang makatulong sa pagsasaayos sa Criminal Justice System (Sistema ng Pagpapatupad at Pagpapanagot sa Batas) na hindi na gumagana.

*H. Brown*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 9

## TREVOR CHANDLER

**Ang aking trabaho ay** Guro sa Pampublikong Paaralan.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Nangungupahan ako, guro sa pampublikong paaralan, miyembro ng unyon, at pangmatagalang LGBTQ na aktibista para sa mga karapatang sibil na nakatira sa Mission, at sineseryoso ko ang kaligtasan ng D9 na mga pamilya. Naniniwala akong may lamat na ang City Hall at hindi na ito gumagana para sa ating mga komunidad.

May pangako akong gagamitin ang magkakapareho nating mga pinahahalagahan upang makatukoy ng makatwirang mga solusyon, at sa gayon, magawang tama ang mga batayang bagay at maisulong tayong lahat. Isa akong malakas na taga-adbokasiya para sa napananagot, tumutugon, at lubusang napunan ang kawanihan na departamento ng pulisya. Hindi natin kailangang isakripisyo ang ating mga pinahahalagahan upang magkaroon ng ligtas at malilinis na kalye.

Pasisimplehin ko ang hindi gumaganang proseso sa pagkuha ng mga permit sa City Hall at nang mapabilis ang pagtatayo ng 100% na abot-kaya at para sa panggitna ang kita na pabahay upang mapababa ang mga upa. Iyan ang dahilan kung bakit ineendoso ako ng kampeon ng pabahay na si Senador Scott Wiener.

Upang mapanatiling umuunlad ang ating mga komunidad, pabibilisin ng aking plano ang pagpapahintulot sa maliliit na negosyo upang mas mabilis na makapagbukas ang mga ito.

Upang malutas ang ating krisis sa adiksiyon at kalusugan ng isip, babalansehin ko ang pagdamay at pagpapanagot upang matiyak na makukuha ng mga nasa panganib ang paggamot na kailangan nila. Pananagutin ko ang mga ahensiya ng pamahalaan at nonprofit sa pamamagitan ng regular na pag-o-audit.

Sama-sama nating maipagdiriwang at mapararangalan ang mga pagkakaiba-iba sa Mission, Bernal Heights, Portola, at St. Mary's Park. At sama-samang nating matutulungan ang San Francisco upang mapanumbalik nang mas malakas kaysa noon. Alamin pa ang tungkol dito sa: www.trevor4sf.com

*Trevor Chandler*

## JACKIE FIELDER

**Ang aking trabaho ay** Direktor, Nonprofit na para sa Kapaligiran.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
JACKIE FIELDER

Ang aking trabaho ay: Direktor ng Nonprofit na para sa Pag-aksiyon sa Klima

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

- Komisyoner ng Lungsod
- Edukador
- Kasamang Tagapagtatag, San Francisco Public Bank Coalition (Koalisyon para sa Pampublikong Bangko ng San Francisco)

Ang aking mga prayoridad bilang inyong Superbisor ay:

- Komprehensibong suporta sa mga biktima ng krimen, pagpapatibay ng proteksiyon sa kababaihan mula sa seksuwal na pag-atake at karahasan sa tahanan, masisiglang programa ng mga embahador ng komunidad at pagpigil sa mga krimen
- Pagpapalawak sa paggamot para sa kalusugan ng isip at pang-aabuso sa droga, alak, at iba pang sangkap, pagwawakas sa kawalan ng tahanan ng mga estudyante, pagpapakaunti sa pagsasayang at magkakasalikop na mga serbisyo para sa walang tahanan
- Paglikha ng pabahay sa bawat antas ng kita na may pagtutuon sa abot-kayang pabahay, pagpapalakas sa tulong sa mga nangungupahan at proteksiyon laban sa pagpapaalis sa tinitirhang lugar upang maiwasan ang kawalan ng tahanan
- Radikal na pagbabago sa ating mga pamamaraan sa sakit na pagkalulong sa droga, alak at iba pang sangkap, pagpaparami sa kawanihan ng mga medic, dispatser ng 911, at mga nars ng emergency room
- Pagpapaiksi sa mga oras ng paghihintay para sa Muni, pagbabago sa lane para sa pagbibisikleta sa sentro ng Valencia St, pag-aayos sa mga lubak at kalye upang higit na maging ligtas ang mga nagbibisikleta, scooter, naglalakad, at nagmamaneho.
- Pagprotekta sa maliliit na negosyo sa komunidad at pagpapanatili sa pamanang kultura sa ating mga magkakalapit-bahay at komunidad

Ikinararangal kong maendoso ng/ni: United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco), California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nars ng California), San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco), Harvey Milk LGTBQ Democratic Club (Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBT), Small Business Forward (Abante Maliit na Negosyo), SEIU 1021, IFPTE Lokal 21, AFT 2121, SEIU Healthcare CIR (SEIU Pangangalaga sa Kalusugan CIR), Community Tenants Association (Asosasyon ng mga Nangungupahan sa Komunidad), SF Rising, Dating Mayor Art Agnos, dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano, Mga Superbisor Ronen, Peskin, Walton, Preston at Chan, at mga lider ng komunidad sa kabuuan ng distrito.

Ikararangal kong makuha ang inyong suporta.

*Jackie Fielder*

Jackieforsf.com

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 9

## JAIME GUTIERREZ

**Ang aking trabaho ay** Superbisor ng Pampublikong Transportasyon.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Tumatakbo ako para maging Superbisor ng Distrito 9 dahil makabubuo ako ng mga relasyon na makalilikha ng mga solusyon sa mga problemang nananalasa sa ating Distrito. Pagtataguyod sa kaligtasan ng publiko, malilinis na kalye, maliit na negosyo — kasama na ang pagbebenta sa kalye at pagpapalakas sa komunidad upang maprotektahan ang matatanda, mga bata, at ang bagong dating na mga imigranteng pamilya. Bukod rito, maaari akong makapag-isip ng gaganang mga solusyon na direktang tatalakay sa adiksiyon, kalusugan ng isip, at paglikha ng pabahay sa lahat.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay ang pagiging habambuhay na residente ng distrito. Anak ako ng imigranteng mga magulang na naka-unyon na mga manggagawa. Nagtanim ang babaeng nagpalaki sa akin ng matibay na prinsipyo ukol sa paggawa, na siyang palagi kong ipinatupad kahit na sa panahong wala ako sa tuwid at makitid na landas. Tunay akong nakapunta na sa dalawang panig ng mga usapin na nakapagpapahirap sa atin sa kasalukuyan, at may natatangi akong kuwalipikasyon upang makapaghandog ng pananaw na malayo ang mararating upang maipanumbalik ang Lungsod mula sa kasalukuyang kinasasadlakan nito.

Ipinanganak ako rito, umaasang dito rin mamamatay, at hindi mapapaalis ng kawalang kahusayan sa sibikong gawain. Mangyaring huwag iboto ang kasalukuyang pamunuan... na naman! Ihalal ang indibidwal na gustong magbigay-boses sa walang kapangyarihan sa lipunan.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang www.gutierrez2024.com.

*Jaime Gutierrez*

## ROBERTO HERNANDEZ

**Ang aking trabaho ay** Ehekutibong Direktor ng Nonprofit.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Mukhang hindi makahanap o makapagpatupad ang City Hall ng epektibong mga solusyon sa marami sa ating maiigting na hamon. Hindi ito problema ng progresibo, nasa gitna ang politika, o konserbatibo — problema ito ng lahat.

Tagalutas ako ng problema na may mahaba at napatunayan nang rekord sa nakaraan. Pinagsasama-sama ko ang mga tao upang magawa ang mga bagay-bagay.

Ipinanganak at pinalaki ako sa Mission, at ginugol ko ang aking buong buhay sa Distrito 9, na nagtatrabaho at nagpapalaki ng pamilya. Bilang binata, natutunan ko mula kina César Chavez at Dolores Huerta ang kahalagahan ng pamumuhunan sa ating komunidad.

Bilang Executive Director (Ehekutibong Direktor) ng nonprofit, naipagtanggol ko na, sa pamamagitan ng Roadmap to Peace (Mapa ng Landas tungo sa Kapayapaan) ang pagpigil sa karahasan, pag-eempleyo, at edukasyon para sa kabataan. Tumulong ako sa paglulunsad ng Bernal Heights Neighborhood Center (Sentrong Pangkomunidad ng Bernal Heights) at pinamunuan ang Carnaval SF sa loob ng 36 taon.

Sa pamamagitan ng Our Mission No Eviction (Ating Misyon na Walang Pagpapaalis sa Tinitirhang Lugar), natigil namin ang pagkawala ng tinitirhang lugar ng libo-libong pamilya ng Distrito 9, at natiyak ang pagkakaroon ng 1,300 abot-kayang yunit ng pabahay. Noong panahon ng pandemya, itinatag ko ang Mission Food Hub (Sentro ng Pagkain sa Mission), na naglingkod sa mahigit 9,000 pamilya sa Distrito 9 linggo-linggo, at tumulong ako sa pagpapatatag sa maliit na negosyo sa pamamagitan ng Mission Merchants Association (Asosasyon ng mga Negosyante sa Mission).

Dadalhin ko ang buong buhay kong mga karanasan sa City Hall upang harapin ang pinakamapaghamon nating mga problema: pagtitiyak sa kaligtasan ng publiko, pagwawakas sa epidemya ng fentanyl, pagtulong sa mga walang tahanan sa atin na makaalis sa kalye tungo sa mga serbisyong wrap-around o sakop ang lahat — at paglikha ng pabahay na abot-kaya nating lahat.

Inendoso nina/ng:
Dolores Huerta
Tesorero ng Estado Fiona Ma
Senador ng Estado Scott Wiener
Superbisor Shamann Walton
Superbisor Myrna Melgar
United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)
Carpenters Union (Unyon ng mga Karpintero) Lokal 22
Laborers Union (Unyon ng mga Manggagawa) Lokal 261
Teamsters Joint Council (Magkasamang Konseho ng Teamsters) 7
Operating Engineers (Mga Nagpapatakbong Inhinyero) Lokal 3

roberto4sf.com

*Roberto Hernandez*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 9

## STEPHEN JON TORRES

**Ang aking trabaho ay** Nagtatrabaho sa Industriya ng Hospitalidad / Mamamahayag.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Isa akong taga-adbokasiya para sa komunidad, nagbibigay-serbisyong manggagawa, nangungupahan, at pangmatagalang residente ng Distrito 9, at ikararangal kong maging susunod na Superbisor ninyo.

Sa ngayon, maraming residente ang may malalim na pag-aalala na napakahirap nang manatili sa ating lungsod. Tumatakbo ako upang matiyak na may boses tayo sa City Hall.

Wala akong utang na loob sa anumang espesyal na mga interes. Sa halip, nakapag-adbokasiya na ako para sa pang-araw-araw na mga residente: Pagpapaunlad sa pag-abot sa nakararami at mga serbisyo sa panahon ng COVID-19, pagsuporta sa mga manggagawa at maliit na negosyo sa panahon ng mga pagsasara, pagtatrabaho upang maging mas mabuti sa kapaligiran ang Distrito 9 at mas matatag sa mga pagbabago sa klima.

Bilang inyong Superbisor, magtatrabaho ako upang:

- Mapalakas ang pampublikong kaligtasan sa pamamagitan ng preserbasyon, interbensiyon, at mas matitibay na koneksiyon sa mga residente
- Makalikha at mapanatili ang pabahay na abot-kaya ng nagtatrabahong mga pamilya at mapalakas ang mga proteksiyon sa mga nangungupahan
- Makapag-adbokasiya para sa mas mapagdamay at komprehensibong pagtugon sa kawalan ng tahanan
- Matiyak na handa na ang San Francisco para sa ating krisis sa klima sa pamamagitan ng pagbabawas sa pagbaha at katatagan

Sa pamamagitan ng aking trabaho sa Entertainment Commission (Komisyon para sa Paglilibang), sa programa para San Francisco Cultural Districts (Pangkulturang mga Distrito ng San Francisco) at marami pang ibang organisasyon, nakapagtuon ako sa paglutas sa mga problema, at hindi sa pagtuturo sa kung sino ang may kasalanan. Gagamitin ko ang pamamaraang iyan sa City Hall.

Ikinararangal kong maendoso ng Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Aaron Peskin; dating Senador ng Estado Mark Leno; Superbisor Hillary Ronen; dating Superbisor David Campos; Direktor ng BART Bevan Dufty; Laura Thomas, Lider ng Komunidad at Nag-aadbokasiya para sa Pampublikong Kalusugan; Ani Rivera, Lider ng Komunidad at Nag-aadbokasiya; Lynne Angel, Kasamang May-ari, El Rio; Harvey Milk LGBTQ+ Democratic Club (Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBTQ+), at marami pang iba.

StephenTorresSF.com

*Stephen Jon Torres*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 11

## CHYANNE CHEN

**Ang aking trabaho ay** Nag-aadbokasiya para sa Komunidad.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Distrito 11 na ang aking naging tahanan magmula noong magmigrante ang aking pamilya sa Amerika mula sa Tsina 24 na taon na ang nakararaan. Isa akong ina ng dalawang anak na babae at inaalagaan ko rin ang aking matatanda nang magulang na nakatira nang malapit sa amin. Alam kong mas marami pa ang magagawa ng ating lungsod upang matulungan ang ating mga pamilya na magtagumpay.

Sa loob ng dalawampung taon, nakapagtrabaho na ako para sa pang-araw-araw na mga mamamayan ng San Francisco bilang tagapag-organisa ng unyon ng SEIU at nag-aadbokasiya para sa komunidad. Itinulak ko ang pagbibigay ng lakas sa mga manggagawa, ang pagpapatibay sa pagkakaroon ng pamamaraan sa paggamit ng wika, ang pagtataguyod sa pagkakaisa sa pagitan ng mga lahi, at ang pagpapahusay ng mga serbisyo para sa mga pamilya.

Nahihirapan na ang mga pamilya. Naramdaman na ng aking pamilya at mga kapitbahay ang epekto ng pagkasuklam sa mga Asyano, mas matataas na gastos at kawalan ng katarungan sa pagkakapantay-pantay sa pagkakaroon ng pangkomunidad na mga serbisyo. Nakalulungkot na bagamat may ganitong mga hamon, madalas na hindi napapansin ng City Hall ang Distrito 11.

Ang aking mga prayoridad bilang Superbisor:

– Mas ligtas na mga kalye nang may mas pinaraming pagpapatrol at embahador sa komunidad
– Mas pinahusay na mga serbisyo para sa matatanda, mga bata, at maliliit na negosyo
– Mas maraming abot-kayang pabahay para sa essential workers (nagtatrabaho sa industriyang mahalaga sa pagpapatuloy ng kritikal na mga gawain), mga nagtatrabahong pamilya, at matatanda

May pangako akong palalakasin pa ang ating mga boses sa City Hall, kung kaya't matitiyak na naririnig at nasusuportahan ang bawat residente.

MGA PAG-EENDOSO:

Dating Senador ng Estado Mark Leno
Miyembro ng Asembleya Phil Ting
Superbisor Myrna Melgar
Dating mga Superbisor Norman Yee, John Avalos
Retiradong Hukom Julie Tang
Mga Miyembro ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) Matt Alexander, Jenny Lam
Mga Lider ng Komunidad Raquel Redondiez, Mrs. Daisy McArthur, Maria Luz Torre
Mga Gurong Alisa Messer, Winnie Porter
American Federation of Teachers (Amerikanong Pederasyon ng mga Guro) Lokal 2121
Community Tenants Association (Asosasyon ng mga Umuupa sa Komunidad)
SF Rising Action Fund
United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)
Service Employees International Union (Internasyonal na Unyon ng mga Empleyadong Nagbibigay-Serbisyo) 1021

Umaasa akong makuha ang inyong suporta ngayong Nobyembre.

ChyanneChen.com

*Chyanne Chen*

## ADLAH CHISTI

**Ang aking trabaho ay** Tagasuri ng Polisiya / Tagaplano para sa Kapaligiran.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Tumatakbo ako bilang Superbisor para sa Distrito 11 upang tiyakin na ang ating mga anak, pamilya, at matatanda ay makararamdam na ligtas sila, mayroon silang mga oportunidad sa trabaho at pabahay, at makatatamasa ng magagandang parke at aklatan. Handa akong masipag na magtrabaho para sa inyo at pamunuan ang ating pagbangon bilang inyong Superbisor.

Malawak na pinagmulan:

- Ilang kampanya para sa lokal na mga superbisor, kasama na ang pagiging tagapamahala ng kampanya para sa kampanya ni Superbisor Myrna Melgar noong 2020.
- Tagasuri ng Polisiya, sa 2016 na kampanya para sa Senado ng U.S. ni Bise Presidente Kamala Harris.
- Karanasan sa polisiya sa edukasyon nang mahigit 10 taon.
- Guro sa ika-8 grado sa James Lick Middle School.
- Tagaplano para sa Kapaligiran sa Caltrans.
- Pang-emergency na Dispatser (sertipikado sa Mga Pamantayan at Pagsasanay para sa Opisyal ng Kapayapaan).

Impormasyon ukol sa Edukasyon:

- Master's in Education, University of San Francisco.
- Master's in Public Policy, Georgetown University.
- Juris Doctorate, UC Law SF (Hastings).

Pinasukang mga lokal na paaralan:

- Sunnyside Elementary,
- Aptos Middle School, at
- Lick-Wilmerding High School.

Tungkol sa akin:

- Buong buhay akong residente ng San Francisco, babae, at ina.
- Nakatira ako sa tahanan kung saan din ako lumaki, nang kasama ang aking anak na babaeng 2 taong gulang at ang aking mga magulang
- Pangunahin akong tagapag-alaga ng aking mga magulang.
- Ikinararangal kong maging miyembro ng SEIU 2015 para sa mga tagapagkaloob ng in-home support services (mga serbisyo para sa pagbibigay-suporta sa tahanan, IHSS).

May pangako ako na gagawing maunlad na komunidad ang Distrito 11 para sa lahat ng residente nito.

Ikinararangal ko ang suporta ng komunidad ng Distrito 11:

- Nicky Trasvina
- Kathy Johnson
- Nadia C. Bick
- Alondra Esquivel
- Michelle Cody
- Lupe Oropeza
- At marami pang iba

Ikinararangal ko ang pag-endoso ng United Educators of San Francisco (Nagkakaisang Edukador ng San Francisco).

*Adlah Chisti*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 11

## OSCAR FLORES

**Ang aking trabaho ay** Inhinyero ng Proyekto.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ipinanganak ako at pinalaki sa San Francisco, espesipiko na sa Distrito ng Excelsior. Anak ako ng imigranteng mga magulang mula sa El Salvador, na tumakas mula sa madugong sibil na digmaan. Produkto ako ng buong sistema ng K-12 ng SFUSD at nakuha ko ang aking edukasyon sa kolehiyo sa pag-iinhinyerong Mekanikal / pangkalawakan sa England, UK. Isa akong inhinyero ng proyekto at naglilingkod rin sa lupon ng aking simbahan.

Tumatakbo ako para maging superbisor ng Distrito 11 dahil taglay ko ang tapang na sabihin at gawin ang kinakailangan. Maraming solusyon sa mga problema ng ating distrito at Lungsod ang naririyan na. Nahihikayat ng San Francisco Bay Area ang ilan sa pinakamatatalinong indibidwal sa mundo na nakagagawa ng mga solusyon kung kinakailangan. Kaya sa labanang ito, tungkol ito sa kung sino ang may tapang at pumapayag na ipatupad ang mga planong ito nang hindi natatakot.

Bilang Kristiyano, may tungkulin akong hamunin ang liderato na naghahatid lamang ng kabulukan, paghihirap, at kakulangan ng paraan sa pag-unlad. Ang aking pamamaraan ay pamamaraan ng pagmamahal, katatagan, katarungan, at kapayapaan.

Salamat po sa inyong boto!

Isaiah 6:8

Sa ngalan ni Kristo,

*Oscar Flores*

## ERNEST EJ JONES

**Ang aking trabaho ay** Tagapag-organisa sa Komunidad.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Kailangan ng ating komunidad ng tunay na pagmamahal at pananagutan. Bilang ikatlong henerasyon na residente ng Lakeview OMI - lumaki ako rito, bilang anak ng guro ng SFUSD at tagapagpatakbo ng MUNI.

Nasa panganib na ang San Francisco kung saan ako pinalaki. Hindi na ligtas ang ating mga kalye, hindi na abot-kaya ang pabahay, at naghihirap na ang ating lokal na mga negosyo. Kailangan natin ng pagbabago at taglay ko ang mga ugat at karanasan sa komunidad upang maipatupad ito.

Nakapagtrabaho na ako bilang empleyado sa pampublikong serbisyo para sa SFUSD at bilang miyembro ng SEIU 1021, na nagkakaloob ng kritikal na mga serbisyo sa pinakabulnerableng mga residente ng lungsod. Bilang Direktor para sa Abot-kayang Pabahay sa Bernal Heights Housing Corporation, nag-adbokasiya ako para sa mga polisiyang sumusuporta sa pananatili ng mga pamilya sa San Francisco. Bilang Presidente ng Board (Lupon), muli kong pinasigla ang Southwest Community Center sa IT Bookman. Sa panahon ng pandemya, pinamunuan ko ang ating sentro para sa Pagte-testing at Pagpapabakuna laban sa COVID, kung kaya't natiyak na napangangalagaan nang may pagmamahal at paggalang ang bawat miyembro ng komunidad.

Naiintindihan ko ang kahalagahan ng pagbuo at pagpapatatag ng matitibay na koneksiyon sa komunidad at ng magkasamang pagtatrabaho upang maharap ang mga hamon sa kinabukasan.

Bilang inyong Superbisor, tutugunan ko ang kaligtasan, pabahay, ang ating lokal na ekonomiya, ang pampublikong transportasyon, at ang kalinisan sa pamamagitan ng pakikipagkolaborasyon.

Mangyaring samahan sina Superbisor Safai, Walton, Melgar, Miyembro ng Asembleya Haney, Sheriff Miyamoto, SF Transit Workers (Mga Manggagawa sa Pampublikong Transportasyon ng SF), Teamsters, SEIU 1021, at ang libo-libong kapitbahay natin sa pag-endoso sa akin. Ikararangal kong makuha ang inyong boto.

https://www.ejforsf.com/

*Ernest EJ Jones*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 11

## MICHAEL LAI

**Ang aking trabaho ay**

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Unang Bersiyon

Tulad ng maraming nagtatrabahong pamilya, pumunta sa US ang aking mga magulang nang may $100 at naglinis ng mga mesa sa restawrang Tsino ang aking ina.

Lumipat ako sa SF 10 taon na ang nakararaan at nagtrabaho upang magkaroon ng malikhaing mga solusyon ang tatlo sa pinakamalalaking hamon sa ating komunidad: pabahay para sa mga nagtatrabaho, pangangalaga sa bata, at maliliit na negosyo. Noong panahon ng COVID nakakalap ako ng $17.9 milyon upang makapagpasimula ng 30 daycare, kung saan kasama na ang pabahay para sa mga guro, at naglilingkod ako ngayon sa Board (Lupon) ng libreng mga sentro ng Head Start sa Ocean / Alemany at Beverly. Nakapag-organisa na ako ng paglilibot sa mga restawran, pistahan, at nakakalap ng $30,000 para sa bagong neon na karatula ng Excelsior.

Ngayon, tumatakbo ako para maging superbisor upang makapaghatid ng gumagamit ng sentido komun at mahusay na pamumuno sa ating napababayaang mga komunidad:
- Ligtas at malilinis na kalye: punan ang kawanihan ng departamento ng pulisya, arestuhin ang nangangalakal ng fentanyl, itigil ang ilegal na pagtatapon, at kumuha ng matutulugan at paggamot para sa kalusugan ng isip ng mga indibidwal na walang tahanan.
- Pagiging abot-kaya ng pamumuhay: magtayo ng pabahay para sa mga nagtatrabaho, bawasan ang mga singil ng PG&E, at damihan ang abot-kayang pangangalaga sa mga bata.
- Kasiglahan ng maliit na negosyo: bawasan ang mga permit at buwis, punan ang mga bakanteng posisyon, at damihan ang mga pistahan sa kalye.
- Tapat na gobyerno: ugatin ang korupsiyon, bawasan ang burukrasya, at sukatin ang mga resulta ng mga kontrata sa nonprofit

Ineendoso ako ng mga lider at lokal na mamamayan:
- Pangkalahatang Abugado Rob Bonta
- Sheriff Paul Miyamoto
- Senador Scott Wiener
- Mga Superbisor Matt Dorsey at Joel Engardio
- Komisyoner ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) Jenny Lam
- Tagapangulo ng Democratic Party (Partido Demokratiko) ng SF Nancy Tung
- The NorCal Carpenters Union (Unyon ng Karpintero ng NorCal)
- Operating Engineers (Mga Nagpapatakbong Inihinyero) Lokal 3
- Al Perez

Sana ay makasama nila kayo.
Naririto Ako upang tumulong: michael@votemichaellai.com
www.votemichaellai.com

*Michael Lai*

## ROGER K. MARENCO

**Ang aking trabaho ay** Tagapagpatakbo ng Pampublikong Transportasyon.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Naniniwala ang mga politikong paurong kung mag-isip na mababawasan ang krimen sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas maraming walang katapusan na ikalawang pagkakataon at mas marami pa sa ating mga dolyar mula sa buwis sa mga walang tahanan, gumagamit ng droga, at mga kriminal. Ang kabaliwan na paurong na pag-iisip ang dahilan kung bakit pinahihintulutan ang mga palaboy na dumumi sa lahat ng lugar sa kalye, kung bakit pinahihintulutan ang mga indibidwal na gumamit ng droga sa pampublikong espasyo, at kung bakit binibigyan ang mga kriminal ng walang katapusan na ikalawang pagkakataon. Itigil na natin ang pagprotekta sa mga kriminal at simulan na nating protektahan ang ating mga pamilya. Bilang dating Presidente ng Lokal 250A, nabuksan ko ang mga libro at nailantad ang pagnanakaw at korupsiyon sa organisasyon. Napahintulutan ako nito na mapalaki ang aming account sa bangko mula sa negatibong $80,000 tungo sa positibong $600,000 sa loob lamang ng tatlong taon. Sa ganito ring paraan, kailangan nating buksan ang mga libro ng City Hall at ilantad kung saan pumupunta ang pera, at nang sa gayon ay masimulan natin ang pag-aayos sa sira nang sistema. Bawasan natin ang red tape o labis-labis na patakaran, mga pagtatalo tungkol sa maliliit na bagay, at ang BS sa loob ng City Hall na pumipigil sa atin sa pagpapatupad ng nararapat na mga programang pangkaligtasan na kinakailangan upang maprotektahan ang ating mga pamilya. Panahon na para linisin ang mga kalye, ayusin ang mga lubak, tanggalan ng mikrobyo ang mga bus, ilagay ang mga estudyante sa paaralan, ang mga manggagawa sa trabaho, at ang mga kriminal sa kulungan.

*Roger K. Marenco*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 11

## JOSE MORALES

**Ang aking trabaho ay** Tindero.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Dahil naging kapitbahay na ninyo ako sa loob ng 28 taon, nakita ko na mismo ang mga hirap na kinakaharap natin bilang komunidad. Sawang-sawa na ako sa pagtaas ng krimen na kinatatakutan ng ating matatanda at sa krisis sa adiksiyon na nananalasa sa ating mga kalye. Nakadudurog ng puso na masaksihan ang pagsasara ng mga negosyo at ang sapilitang pag-alis ng mga pamilya dahil sa paglobo ng mga presyo.

Pero hindi ko lang basta ikinapapagod ang mga problema; handa na akong may gawin ukol sa mga ito. Kailangan ng komunidad na ito ang isang tao sa katungkulan na may malasakit sa kung ano ang nangyayari, ang isang tao na may sentido komun. Isang tao na hindi natatakot sabihin kung ano ang nasa kanyang isip at ibahagi ang kanyang mga opinyon.

Tumatakbo ako para sa board of supervisors (lupon ng mga superbisor) dahil naniniwala ako sa lakas at potensiyal ng ating komunidad. Sama-sama nating mababago ang mga bagay-bagay at makalilikha ng mas maliwanag na kinabukasan para sa lahat. Magkasama tayong magtrabaho upang magawa ang ating komunidad na mas ligtas, mas abot-kaya, at mas puno ng mga oportunidad.

*Jose Morales*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Abugado ng Lungsod

## DAVID CHIU

**Ang aking trabaho ay** Abugado ng Lungsod ng San Francisco.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang laban para sa katarungan ang siyang humubog sa aking karera — bilang abugado para sa mga karapatang sibil, taga-usig, Superbisor, at Miyembro ng Asembleya.

Bilang Abugado ng Lungsod, tumindig ako para sa mga taga-San Francisco at pinanagot ang mga may espesyal na interes:

-Pinagbayad ko ang industriya ng opioid ng $350M dahil sa pagpapabaha ng mapanganib na droga sa ating Lungsod

-Iniligtas ko ang Laguna Honda Hospital upang maprotektahan ang ating pinakabulnerableng matatanda

-Nilabanan ko ang Big Oil (Malalaking Kompanya ng Langis) upang pagbayarin sila sa pagbabago ng klima at pagtaas ng antas ng dagat

-Inusig ko ang Big Tobacco (Malalaking Kompanya ng Sigarilyo at Produktong Tabako) at ang mga kompanyang nanlilinlang sa mga mamimili

-Inilunsad ko ang Legal Alliance for Reproductive Rights (Alyansa para sa Batas na Nauukol sa mga Karapatan sa Reproduksiyon) upang magkaloob ng libreng mga serbisyo sa mga humihiling ng aborsiyon matapos mabaligtad ang batas Roe

-Naseguro ko ang milyon-milyon para sa kasunduang bayad sa mga manggagawa na ilegal na tinanggihan ang pangangalaga sa kalusugan at ang pagliban nang dahil sa sakit

-Naipatupad ko ang mga kodigo para sa kalusugan at kaligtasan upang maprotektahan ang mga umuupa na nakatira sa mapanganib na mga kondisyon

-Naitatag ko ang programang Gun Violence Restraining Order (Kautusan na Nagtatakda ng Pagtigil ng Karahasan Gamit ang Baril), kung kaya't natanggal ang mga baril sa mga indibidwal na nagbabanta sa kaligtasan ng publiko

-Nagpetisyon ako sa mga hukuman na magkaloob ng pangangalaga sa mga indibidwal na may kapansanan sa kalusugan ng isip at pang-aabuso sa droga, alak, at iba pang sangkap

-Inugat ko ang korupsiyon ng pampublikong mga opisyal, kontratista ng lungsod, at mga indibidwal na inaabuso ang tiwala ng publiko

Mga Taga-suporta:

-Gobernador Gavin Newsom
-Pangkalahatang Abugado Rob Bonta
-Tesorero Fiona Ma
-Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Malia Cohen
-Senador ng Estado Scott Wiener
-Mayor London Breed
-Abugado ng Distrito Brooke Jenkins
-Tagatasa Joaquin Torres
-Mga Superbisor Connie Chan, Catherine Stefani, Aaron Peskin, Joel Engardio, Matt Dorsey, Myrna Melgar, Rafael Mandelman, Hillary Ronen, Shamann Walton, Ahsha Safai

Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong suporta upang magkasama nating maipagpatuloy ang gawaing ito.

www.VoteDavidChiu.com

*David Chiu*

## RICHARD T. WOON

**Ang aking trabaho ay** Abugado / Tagasanay sa Football.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ipinanganak ako noong 1972 sa San Francisco sa masisipag na imigranteng mula sa Tsina at Guam, lumaki ako sa kabilang bahagi ng bay sa Union City. Pumasok ako sa Chabot Community College, UCSD, at Golden Gate University School of Law.

Sa kaibuturan ko, tradisyonal akong hippie at tagahanga ng 49er. Gustong-gusto kong gumugol ng panahon kasama ang aking mga anak, nang nagsasanay sa mga manlalaro ng football at namamahala sa mga programa ng kampong pangkabataan. Hindi ako kailanman naghangad ng pampublikong katungkulan pero sawang-sawa na ako! Hindi ko na kayang manatili na walang ginagawa habang winawasak ang ating lungsod na katawa-tawang kawalan ng kakayahang gumawa ng naaangkop na pagpapasya.

Naaresto ako noong 2021 habang ipinoprotesta ang labag sa batas na mga ipinag-uutos dahil sa COVID. Noong 2022, pinamunuan ko ang Patriot Pub Crawl (Gawaing Paglilipat-lipat ng mga Makabayan sa mga Inumang Lugar) upang mawakasan na ang wala sa katwiran, kulang sa pag-iisip ukol sa hinaharap, at ilegal na mga restriksiyon. Tumindig ako sa panahong naging duwag ang ibang mga abugado.

Nangangako ako na magiging inyong mabangis na tagapag-adbokasiya upang maipagtanggol ang inyong mga karapatan, maprotektahan ang mga pondo ng inyong lungsod, at sa wakas ay makapagtatag ng pamahalaang bukas sa pagsisiyasat at may checks and balances (paggawa ng aksiyon upang matiyak na walang nang-aabuso sa kapangyarihan). Pampublikong kaligtasan at pagpapatupad ng batas ang aking mga prayoridad at gagawin kong posible para sa kanila na makapagkaloob ng kalusugan, kaligtasan, kasaganaan, at kaayusan. Ako ay pabor sa mga pamilya, pabor sa sentido komun, at laban sa pekeng mga politiko.

Katawa-tawa na sa loob ng mahigit dalawang dekada, walang lumalaban sa mga eleksyon para sa katungkulang ito. Ito na ang ating pagkakataon upang magkaroon ng tunay na pagbabago.

Iboto si Richard T. Woon dahil karapat-dapat ang San Francisco at ang mga mamamayan nito para sa mas mabuti!

Para sa karagdagang impormasyon: www.makeSFgreat.com

*Richard T. Woon*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Abugado ng Distrito

## BROOKE JENKINS

**Ang aking trabaho ay** Abugado ng Distrito.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Sa unang dalawang taon ko bilang Abugado ng Distrito, nilinis ko ang kaguluhan na minana ko mula sa nauna sa akin at pinabalik sa pagtatrabaho laban sa krimen ang mga taga-usig.

Nakikita na ngayon ng San Francisco ang pinakamababang bilang ng krimen sa loob ng isang dekada. Tumatakbo ako upang muling maihalal at nang maipagpatuloy ko ang aking pag-unlad sa gawain tungo sa mas ligtas na San Francisco.

Bumagsak na ang bilang ng krimen sa halos lahat ng komunidad sa San Francisco sa ilalim ng aking pamumuno. Bumaba na ang porsiyento ng krimeng nauukol sa mga ari-arian tungo sa 32% sa kabuuan ng lungsod, bumaba na sa 14% ang mararahas na krimen, at bumaba na rin ang karahasang gamit ang baril sa 37%. Nakipagtrabaho na ang aking opisina sa San Francisco Police Department (Departamento ng Pulisya ng San Francisco) upang mausig ang organisadong pagnanakaw sa mga tindahan at pagbebenta ng droga, kung kaya't naipahatid ang mensahe na hindi palalampasin ang krimen sa San Francisco.

Ikinararangal ko rin na napalawak ko ang mga inihahandog na serbisyo ng aking opisina sa mga biktima at patuloy kong susuportahan ang responsableng mga alternatibo sa pagkakakulong na nagpapahintulot sa mga lumabag sa batas na magkaroon ng mga oportunidad na matugunan ang ugat na mga dahilan ng kriminal na pag-asal at baguhin ang pinatutunguhang landas ng kanilang mga buhay.

Hindi ako naniniwala na kailangan nating isakripisyo ang kailangang-kailangan na mga reporma sa sistema ng pangkatarungan ng kriminal upang magkaroon ng kaligtasan ang publiko at patuloy kong ipatutupad at ipaglalaban ang kailangang-kailangan na mga repormang ito.

Mababasa ang aking buong bio (buod ng edukasyon, mga trabaho, kuwalipikasyon, at nagawa) sa BrookeJenkinsSF.com

Mga Pag-eendoso:
Gobernador Gavin Newsom
Mayor London Breed
Senador ng Estado Scott Wiener
Sheriff ng SF County Paul Miyamoto
Mga Bumbero ng San Francisco Lokal 798
Teamsters Joint Council (Magkasamang Konseho ng Teamsters) 7

*Brooke Jenkins*

## RYAN KHOJASTEH

**Ang aking trabaho ay** Katuwang ng Abugado ng Distrito.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Isa akong career prosecutor (pagiging taga-usig ang naging kabuuang karera) na magtutuon sa mga resulta, hindi retorika. Masigasig naming uusigin ang seryoso at mararahas na krimen, poprotektahan ang mga biktima, at ipatutupad ang nakabatay sa ebidensiyang mga programa upang mabawasan ang krimen at makapagligtas ng mga buhay — kung kaya't magkakaroon ng tamang balanse sa pagitan ng pagpapanagot at rehabilitasyon.

Sa murang edad, nawalan ako ng tiyuhin nang dahil sa armadong pagnanakaw na humantong sa pagpaslang, at dahil dito, nagkamitsa ang habambuhay kong debosyon sa kaligtasan ng publiko. Bilang taga-usig, nagawa ko nang:

- Makapag-usig ng mararahas na krimen at malakihang pagbebenta ng droga.
- Matiyak ang pagbibigay ng danyos sa libo-libong biktima.
- Matulungan ang daan-daang bata upang makabalik sa wastong landas sa ating sistema ng hustiya para sa menor de edad.
- Malawakang nakapagtrabaho sa ating mga treatment court (hukuman para sa mga kasong may kinalaman sa paggamit ng droga).
- Mapamunuan ang pakikipagtunggali laban sa mga krimeng ibinubunsod ng poot bilang Komisyoner para sa Immigrant Rights (Karapatan ng mga Imigrante) ng San Francisco.

Ginawa nang larangan ng labanan ng mga politiko ang ating kaligtasan upang magkaroon ng politikal na pakinabang — at pinagbabayaran natin ito.

Natanggal na ang matatagumpay na programa na nauukol sa pagbabawas ng krimen. Hindi lubusang nagagamit ang mga treatment court. Humantong na ang maling pamamahala sa sistema ng pangkatarungan ng kriminal sa pagwawaksi ng libo-libong kaso, kung kaya't nabawasan ang ating kaligtasan.

May karanasan ako sa maramihang Opisina ng Abugado ng Distrito at dahil dito, alam ko kung ano ang gumagana at hindi gumagana. Hindi ako namumulitika sa usapin ng kaligtasan ng publiko. Buhay at kamatayan ito.

Pakisamahan ang mga opisyal na tagapagpatupad ng batas, ang mga Abugado ng Distrito sa kabuuan ng bansa, mga hukom, guro (United Educators of San Francisco o Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco; American Federation of Teachers o Amerikanong Pederasyon ng mga Guro Lokal 2121), ang National Union of Healthcare Workers (Pambansang Unyon ng mga Manggagawa para sa Pangangalagang Pangkalusugan) at ang libo-libong magkakapitbahay para sa mas mabuting landas tungo sa kaligtasan.

www.RyanforSFDA.com

*Ryan Khojasteh*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Sheriff

## MICHAEL JUAN

**Ang aking trabaho ay** Opisyal ng Pulisya.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Michael Juan para sa Sheriff 2024
Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong natibo ng San Francisco na may pinagsamang 20 taon ng pagseserbisyo. Naglingkod ako nang 10 taon sa United States Marine Corps (Marinong Hukbo ng Estados Unidos) at naglingkod para sa pagpapatupad ng batas sa loob ng 10 pang taon.

Habang lumalaki ako sa lungsod, pumasok ako sa Archbishop Riordan High School. Noong 2010, nagtapos ako sa San Francisco State University nang may BA sa Criminal Justice at Minor sa Asian American Studies. Sa kasalukuyan, tinatrabaho ko ang pagkakaroon ng Master sa Public Administration mula sa University of San Francisco.

Sa Marine Corps, nakakuha ako ng mga ranggong Korporal, Sarhento, at Kawaning Sarhento. Nagkaroon ako ng mga papel kung saan kasama na ang pagiging pinuno ng pangkat ng putok, pinuno ng pangkat, pinuno ng seksiyon, at sarhento ng pulutong. Sa murang edad, binigyan ako ng gawain sa pagsasanay, paggabay, at pamumuno sa Marines.

Sa pagpapatupad ng batas, nakapagtrabaho na ako sa iba't ibang ahensiya sa San Francisco, at may karanasan ako kapwa sa kustodiya at pagpapatrol. Kasama sa ilang itinakdang gawain/ pagsasanay sa akin ang pagiging Field Training Officer (Opisyal sa Pagsasanay sa Larangan), Firearms Instructor (Instruktor sa Baril), Citizen's Academy Coordinator (Tagapag-ugnay para sa Akademya ng mga Mamamayan), Tactical Medicine Technician (Taktikal na Technician sa Paggamot), Hostage Negotiations (Pakikipagnegosasyon para sa mga Binihag), Korporal ng Pulisya, at Direktor ng Unyon.

Misyon kong makatulong upang mapanumbalik ang kaligtasan ng publiko sa San Francisco sa pamamagitan ng pakikipagtrabaho sa Police Department (Departamento ng Pulisya), pati na rin sa iba pang ahensiya ng lungsod at mga miyembro ng komunidad. Gagamitin ko ang pakikipagkolaborasyon sa pagitan ng mga ahensiya upang makapagbigay ng mga solusyong nakatuon sa komunidad.

*Michael Juan*

## PAUL MIYAMOTO

**Ang aking trabaho ay** Sheriff ng San Francisco.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Bilang ika-apat na henerasyon na taga-San Francisco, ikinararangal ko ang pagiging kauna-unahang Asyano-Amerikanong Sheriff ng Lungsod.

Sa aking 28 taon sa Sheriff's Office (Opisina ng Sheriff), palagi kong binigyan ng prayoridad ang kaligtasan ng ating komunidad, mga tauhan, at ng mga nasa ating kustodiya at pangangalaga.

Bilang Sheriff, walang kapaguran akong nakipaglaban upang makapagrekrut ng mas maraming diputado at sa gayon ay mapaghusay pa ang kaligtasan ng publiko. Inilunsad ko ang Operation Safe Streets (Operasyon para sa Ligtas na mga Kalye), kung saan nagpakalat ng mga diputado upang magpatrolya at mag-aresto, at nang makatulong sa pagtugon sa krisis sa droga ng lungsod, habang patuloy pa ring sinusuportahan ang paggamot sa mga nagdurusa nang dahil sa adiksiyon — kasama na ang pagbabawas sa pinsala, nakabase sa kulungan na paggamot, at nakabatay sa hindi paggamit ng droga at iba pang nakapipinsalang sangkap na residensiyal na paggamot.

Nagtrabaho ako upang mapaghusay ang mga kondisyon sa ating mga bilangguan sa pamamagitan ng paggawa ng renobasyon sa mga pasilidad at pagdaragdag ng teknolohiya upang mapabuti ang kaligtasan ng mga nasa ating kustodiya at ng ating kawanihan.

Nananatili akong may pangako na poprotektahan ang mga karapatan ng nakabilanggo at magkakaloob ng mga oportunidad para sa rehabitalisasyon. Sa ilalim ng aking pamumuno, ang populasyon ng mga nakakulong ay may pamamaraang makagamit ng libreng mga tablet, makatawag sa telepono, at magkaroon ng pagbisita gamit ang bidyo, salamat sa paglikha ng imprastruktura para sa internet.

Ikinararangal kong makuha ang suporta ng mga lider, kasama na sina Mayor London Breed, Senador Scott Wiener, at Abugado ng Distrito Brooke Jenkins.

Ang Opisina ng Sheriff pa nga ang naging responsable upang maipakilala ako sa aking asawa si LeeAnn, na nakatagpo ko sa unang araw ng aking pagtatrabaho. Magalang ko pong hinihiling ang inyong boto sa ika-5 ng Nobyembre.

ReElectSheriffMiyamoto.com

*Paul Miyamoto*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Kandidato para sa Tesorero

## JOSÉ CISNEROS

**Ang aking trabaho ay** Tesorero.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Bilang inihalal na Tesorero para sa Lungsod at County ng San Francisco sa loob ng nakaraang 20 taon, naglingkod ako bilang tagabangko at Chief Investment Officer (Pinunong Opisyal para sa Pamumuhunan) ng Lungsod, na nangangasiwa sa lahat ng buwis at pangongolekta ng kita. Nagamit ko ang aking karanasan sa mga industriya ng teknolohiya at pagbabangko upang magawang modernisado ang mga sistema para sa mga nagbabayad ng buwis at matagumpay na napamahalaan ang portfolio (pangkat ng mga pamumuhunan) ng Lungsod sa panahon ng malaking pagbagsak ng ekonomiya at ng pandemya.

Naniniwala akong ang aking papel sa pangangalaga sa pera ng Lungsod ay umaabot sa lahat ng residente ng San Francisco. Ako ay:

- Nakatulong na sa 57,000 pamilya na makapag-ipon para sa kolehiyo sa pamamagitan ng programang Kindergarten to College (Mula Kindergarten hanggang Kolehiyo).
- Nakapagtatag na ng SF Lends (Nagpapautang na SF), na tumutulong sa mga naghihirap na maliliit na negosyo na maka-utang.
- Nakapagpababa na sa pasanin na multa at singil na wala sa proporsiyong nakaaapekto sa mga taga-San Francisco na mabababa ang kita sa pamamagitan ng mga plano sa pagbabayad at mga opsiyon na pagbibigay ng serbisyo sa komunidad.
- Nakatulong na sa mga indibidwal na nasa probation (panahon ng pagsubok) upang makabangon mula sa kanilang sitwasyon sa pamamagitan ng pagwawakas sa malulupit na singil para sa pagpapalabas.
- Nakapagtaas na ng pinansiyal na bayad para sa mabababa ang kitang manggagawa na naglilingkod sa jury (lupon ng mga tagahatol), kung kaya't nabibigyan ang mga indibidwal ng pagkakataon na makapaglingkod at makapaghain pa rin ng pagkain sa hapag.

Nakatulong sa San Francisco ang aking matagumpay na ligtas na pamamahala sa pera at pangongolekta ng buwis sa pamamagitan ng pagtitiyak ng mga rekurso para sa pampublikong kaligtasan, pangangalaga sa kalusugan, edukasyon, pampublikong transportasyon, at iba pang napakahahalagang serbisyo.

Ikinararangal kong maendoso ni Speaker Emerita (Tagapagsalitang Panghabampanahon) Nancy Pelosi at ikararangal kong matamo ang inyong boto.

www.josecisneros.com

*José Cisneros*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon sa Edukasyon

## MATT ALEXANDER

**Ang aking trabaho ay** Bise Presidente, Lupon ng mga Paaralan.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Edukador ako ng San Francisco School District (Distritong Pampaaralan ng San Francisco) at nagturo ako ng social studies (araling panlipunan) sa mataas na paaralan sa loob ng 10 taon bago ako naglingkod bilang punong-guro ng June Jordan School for Equity sa loob ng 10 taon.

Ako lamang ang tumatakbong indibidwal na inilaan ang kanyang propesyonal na buhay sa pagtuturo at edukasyon.

Nasa akin ang suporta ng libo-libong magulang, guro, at edukador dahil ang pananagutan ko lamang ay ang pagpapabuti sa ating mga paaralan para sa lahat ng estudyante at pamilya, at hindi ko gagamitin ang lupon bilang tuntungang-bato para sa politikal na katungkulan.

Ako ang unang kandidato na inendoso ng ating Teachers' Union (Unyon ng mga Guro), at ikinararangal ko ang suporta ng mga edukador sa kabuuan ng ating lungsod na gustong magpanatili ng may karanasan at epektibong lider sa lupon na nauunawaan ang mahahalagang detalye ukol sa sitwasyon ng distrito.

Kasama sa mga halimbawa ng mga taga-suportang ito ang/sina:

United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)
Mark Sanchez, Guro sa Paaralang Elementarya, dating Presidente ng SF School Board (Lupon ng mga Paaralan ng SF)
Brian Delapena, Guro sa Matematika, Lincoln High School
Roque Baron, Presidente ng Latín American Teachers Association (Asosasyon ng Mga Gurong Latino Amerikano)
Tina Leung, Speech Pathologist (Espesyalista sa Pananalita), Gordon J. Lau Elementary School
Nick Chandler, Social Worker (Manggagawang Panlipunan), Buena Vista Horace Mann School
Chun Li, Family Liaison (Tagapag-ugnay ng mga Pamilya), Martin Luther King Jr. Middle School
Diana Momiye Mueller, Paraedukador, Burton High School
Karina Cervantes, Tagapag-ugnay ng mga Pamilya, Sanchez Elementary School
Darren Kawaii, Principal (Punong-guro), Rooftop K-8 School
Maya Baker, Punong-guro, Visitacion Valley Middle School
Amanda Chui, Punong-guro, June Jordan High School
Ben Wong, Executive Director (Ehekutibong Direktor), Wah Mei Preschool
Diane Gray, Ehekutibong Direktor, 100% College Prep
Dawn Stueckle, Ehekutibong Direktor, Sunset Youth Services (Mga Serbisyo sa Kabataan sa Sunset)
Alysse Castro, Superintendent of Schools (Superintendente ng mga Paaralan) ng Alameda County

*Matt Alexander*

www.mattalexandersf.org

## MIN CHANG

**Ang aking trabaho ay** Punong Tagapangasiwang Opisyal.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Mahalaga ang karanasan sa School Board (Lupon ng Paaralan), at magdadala ako ng 35 taon ng karanasan sa may kolaborasyong paglutas ng mga problema at pagtupad sa mga gawain. Ito ang ginagawa ko araw-araw bilang CEO (Punong Tagapangasiwang Opisyal) ng kompanya para sa pangangalaga ng kalusugan sa SF na may 500+ empleyado. Hindi na iba sa akin ang pamamahala sa badyet na $1B. Sa katunayan, nakapagtrabaho na ako para sa mga kompanyang Fortune 100 (pinakamalalaking kompanya ayon sa magasing Fortune) sa anim na kontinente (nakapagsasalita ng Ingles, Pranses, Tsino), napamunuan ang mga rehiyon at negosyo, at nakipagkolaborasyon sa lahat ng uri ng pangkat upang makatamo ng mga resulta sa pinansiya at mga operasyon. Dahil ilang beses na akong naging CEO, mayroon na akong natatanging kakayahan na muling patakbuhin ang mga negosyo, na siyang kailangan kung ipagpapalagay ang krisis sa pinansiya ng SFUSD. Alam ko kung paano mapalalaki ang kita kasabay ng pagbabawas sa mga gastos. Mahigpit ang aking paniniwala sa edukasyon bilang ina at bilang produkto mismo ng pampublikong mga paaralan. Mayroon akong dalawang bachelor's degree mula sa Penn, dalawang master's mula sa MIT at Johns Hopkins, at doktorado mula sa Johns Hopkins. Kailangan ng Lupon ng karanasang dala ko upang mapaunlad ang ating mga paaralan, hindi isara ang mga ito, at ibalik ang mga pamilya sa pampublikong mga paaralan, pati na rin ang pagtutulak ng mas malakas na kurikulum sa pamamagitan ng pagbabalik ng batayang mga asignatura: matematika, siyensiya, mga wika, at mga sining. Samahan ako upang magawang karapatan ang mabuting edukasyon para sa ating mga anak.

*Min Chang*

# Mga Kandidato para sa Lupon sa Edukasyon

## VIRGINIA CHEUNG

**Ang aking trabaho ay** Edukador sa Non Profit / Ina.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Sa aking unang araw sa paaralan, mag-isa akong takot na naghintay sa sakayan ng bus. Hindi ako nakapagsasalita ng Ingles noon. Wala akong kilala.

Naging mahirap ang aking pagtatransisyon sa pampublikong paaralan. Sa kabutihang palad, nagkaroon ako ng kamangha-manghang guro sa Kindergarten na gumiya sa akin tungo sa landas upang maging unang indibidwal sa aking pamilya na nakapagtapos ng kolehiyo.

Gusto kong magkaroon ng gayon ding panghihikayat sa lahat ng bata sa San Francisco - walang sinuman ang dapat umasa sa suwerte upang makakuha ng tulong.

Kailangang magbigay tayo ng prayoridad sa maagang interbensiyon, magkaloob ng suporta sa mga guro, lumaban para sa katarungan sa pagkakapantay-pantay, magpanumbalik ng pananagutan sa pinansiya, at ihanda ang mga estudyante para sa habambuhay na tagumpay.

Sa loob ng 7 taon, pinamahalaan ko ang mga pagsusumikap para sa polisiya at pag-aadbokasiya sa Wu Yee Children's Services (Mga Serbisyo para sa mga Bata ng Wu Yee), kung saan nagtrabaho ako upang makapagpasok ng mga reporma na makatutulong sa mga bata at pamilya sa San Francisco.

Ngunit pinakamahalaga rito, isa akong walang asawang ina ng batang nasa ika-3 grado.

Karapat-dapat ang bawat bata na magkaroon ng pamamaraan na makakuha ng maagang interbensiyon, mahuhusay na paaralan, at pagkakataong magtagumpay. Magtatrabaho ako upang maging realidad ito.

Sinusuportahan ako ng/nina:

Harvey Milk LGBT Democratic Club (Harvey Milk LGBT na Samahang Demokratiko)
Phil Ting, Miyembro ng Asembleya
London Breed, Mayor
Aaron Peskin, Superbisor
Rafael Mandelman, Superbisor
Shamann Walton, Superbisor
Ahsha Safaí, Superbisor
Jenny Lam, School Board (Lupon ng Paaralan)
Mark Sanchez, Lupon ng Paaralan
Alan Wong, Presidente, CCSF Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala ng CCSF)
Norman Yee, Dating Presidente, Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng SF
Sandra Lee Fewer, Dating Superbisor
Gordon Mar, Dating Superbisor
Eric Mar, Dating Superbisor
Emily Murase, PhD, Dating Lupon ng Paaralan

www.virginiacheung.com

*Virginia Cheung*

## LEFTERIS ELEFTHERIOU

**Ang aking trabaho ay** Inhinyero at Edukador.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Mayroon akong bachelor's degree sa pagiging inhinyero at master's degree sa edukasyon, at nagmay-ari ako at nagpatakbo ng paaralan sa Belmont, CA sa loob ng walong taon. Nagsasalita ako ng Ingles, Hapones, at Griyego. Bukod sa aking karanasan sa sektor ng edukasyon, nakapagtrabaho na ako bilang inhinyero sa industriyang automotive sa Japan at Hilagang Amerika, at nakapagtrabaho rin sa pagbebenta, pagmamarket, at pagpapaunlad ng negosyo sa Silicon Valley, kung saan pinangasiwaan ko ang milyon-milyong dolyar na account para sa mga kompanyang Fortune 100 (pinakamalalaking kompanya ayon sa magasing Fortune). Dahil dito, nasa natatanging posisyon ako kung saan naiintindihan ko kung paano magkakaroon ng mga kakayahan upang maging matagumpay sa pinagtatrabahuhan, at kung paano ituturo ang mga kakayahang ito sa mga bata. Naiintindihan ko kung paano babalansehin ang malalaki at komplikadong badyet, babayaran ang mga kawani, mag-eempleyo at magsasanay ng mga kawani, bubuo at magpapahusay ng mga plano ng leksiyon at kurikulum, at epektibong makikipagkomunikasyon sa mga gagamit at stakeholders o mga may interes, tulad ng mga kostumer, magulang, guro, at estudyante. Ikinatutuwa ko ang ginagawa ko at inaako ang responsibilidad para sa aking mga aksiyon at ang resultang ibinubunga ng mga ito, pagtugon man ito sa hinihiling na presyo at iskedyul ng mga kostumer na bumibili ng mga bahagi ng laptop o smartphone, pagbabayad sa tamang panahon sa mga kawani, o pagtitiyak na naririnig ang boses ng mga magulang at estudyante anuman ang kanilang edad at antas ng karanasan at natutugunan ang kanilang pang-edukasyon na mga tunguhin.

*Lefteris Eleftheriou*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon sa Edukasyon

## PARAG GUPTA

**Ang aking trabaho ay** Direktor ng Abot-kayang Pabahay / Magulang.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
May anak akong babae na pumapasok sa ating pampaaralang distrito at napakahalaga sa amin ang edukasyon ng aming mga anak.

Edukasyon ang humubog sa kasaysayan ng aking pamilya. Ang lolo ko ang nagpasimula ng unang kolehiyo para sa kababaihan sa kanyang rehiyon sa India. Gumawa ng paraan ang aking ama sa British na sistemang kolonyal upang makapasok sa prestihiyosong paaralan sa pag-iinhinyero sa India, at ito ang naging daan para makapunta siya sa Amerika. Dumating dito ang aking mga magulang na $200 lamang ang mayroon sila, pero inilagay nila sa unahan ang aking edukasyon at pinalaki ako sa napakahuhusay na pampublikong mga paaralan. Nagtapos ako nang may Masters mula sa Harvard University.

Lumaban ako sa kabuuan ng aking karera upang maiangat ang mga pamilya.

- Bilang lider sa Mercy Housing (Mercy na Pabahay), na pinakamalaking nonprofit para sa abot-kayang pabahay sa Estados Unidos, nakipaghamok ako upang mapabuti ang libo-libong buhay ng mga bata at nang makapagbigay ng bagong mga pagsisimula.
- Bilang Tagapangulo ng School Site Council (Konseho ng Paaralan) at miyembro ng District Algebra Workgroup (Nagtatrabahong Pangkat para sa Algebra sa Distrito), nakipagtunggali ako upang mapaghusay ang lahat ng student outcomes (kinahihinatnan ng mga estudyante), kasama na ang mas maliliit na klase, kurikulum na STEM, at karagdagang pagtu-tutor para sa nahihirapang mga mag-aaral.

May malalaking hamon ang SFUSD: kakulangan sa badyet na $421M, pagsasara ng mga paaralan, at pag-ako ng estado sa pangangasiwa nito.

Ako ang pinagkasunduang kandidato na sinusuportahan nina/ng:

- Speaker Emerita (Tagapagsalitang Panghabampanahon) Nancy Pelosi
- Tesorero ng Estado Fiona Ma
- Senador Scott Wiener
- Miyembro ng Asembleya Matt Haney
- United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)
- SF Parent Action (Aksiyon ng mga Magulang sa SF)
- Mayor London Breed
- Dating Mayor Mark Farrell
- Mga Superbisor Matt Dorsey, Joel Engardio, Rafael Mandelman, Myrna Melgar, Connie Chan
- Komisyoner ng Board of Education (Lupon sa Edukasyon) Jenny Lam
- Dating Tagapangulo ng Democratic Party (Partido Demokratiko) Honey Mahogany
- TogetherSF
- GrowSF
- Asian-Americans Rise (Bangon mga Asyano-Amerikano)
- Dating Superintendente ng SFUSD Vincent Matthews

www.paraggupta.org

*Parag Gupta*

## ANN HSU

**Ang aking trabaho ay** Punong-guro ng Paaralan.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Karapat-dapat ang mga estudyante at magulang na magkaroon ng may karanasang komisyoner na lalaban para sa kanila. Magtutuon ako sa edukasyon at hindi sa politika; nakapangako na akong magsasabi ng katotohanan, magiging bukas sa pagsisiyasat, at hindi gagamitin ang posisyong ito bilang tuntungang-bato para sa mas mataas na katungkulan. Ipinapangako kong paglilingkuran ang lahat ng estudyante, isasangkot ang mga magulang, at ipatutupad ang aking mga pinahahalagahan o values, kasama na ang integridad, paggalang, at pagseserbisyo. Makikipagkolaborasyon ako sa mga indibidwal na mula sa iba't ibang landas ng buhay at nasa kabuuan ng hanay ng mga politikal na paniniwala.

Ang aking mga prayoridad: tugunan ang krisis sa pinansiya ng SFUSD upang muling magkaroon ng katatagan, magpanatili at manghikayat ng mga pamilya upang matigil na ang mabilis at walang kontrol na paglabas ng pera, at magpanatili at manghikayat ng mga guro upang mapaglingkuran ang mga pangangailangan ng mga estudyante.

Ako ang principal (punong-guro) at tagapagtatag ng K-8 na paaralang non-profit sa San Francisco at magulang sa SFUSD. Dati akong Komisyoner ng Board of Education (Lupon sa Edukasyon), Chair (Tagapangulo) ng CBOC, Presidente ng PTSA sa Galileo, lider sa Recall School Board (Pagpapaalis sa Katungkulan sa Lupon ng Paaralan). Nagmumula ang aking karanasan sa pinansiya at mga operasyon sa pagtatatag at pamamahala sa 3 kompanya sa loob ng 18 taon.

Kasama sa mga nag-eendoso sa akin sina Matt Gonzalez, dating Presidente ng Lupon ng mga Superbisor; Kagalang-galang Quentin Kopp, dating Hukom ng Superior Court (Korte Superyor) at Senador ng Estado; John Rothmann, Boses ng San Francisco at dating host ng KGO; Lope Yap Jr, prodyuser ng pelikula at Miyembro ng Alumni Board (Lupon ng mga Nagsipagtapos) sa George Washington HS at Rex Ridgeway, Bayani sa Pampublikong Edukasyon ng San Francisco Democratic County Central Committee (Komite Sentral sa County ng San Francisco ng Partido Demokratiko) 2024.

www.annforsfboe.com

*Ann Hsu*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon sa Edukasyon

## JAIME HULING

**Ang aking trabaho ay** Katuwang ng Abugado ng Distrito.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Nanood ako nang may pakiramdam ng pagkabigo nang naging malaking kahihiyan sa buong bansa ang ating school board (lupon ng paaralan). Bilang abugado para sa mga karapatang sibil na may kakayahan sa paglutas ng komplikadong mga problema ng gobyerno at bilang ina ng batang nagsisimula pa lamang maglakad at batang nasa ikalawang grado sa SFUSD, hindi ako maaaring umupo na lamang sa gilid habang humaharap tayo sa pagsasara ng mga paaralan at pag-ako ng estado ng pamamahala.

Anak na babae ako ng konserbatibong drill sergeant at uring-manggagawa na Latina na pinalaki ako nang nagpapahalaga sa liberal na Katolikong pananaw.

Bilang unang babae na makapagtapos ng kolehiyo sa pamilya ng aking ina, naiintindihan ko ang naidudulot na kapangyarihan ng edukasyon tungo sa pagbabago. Ito ang dahilan kung bakit nagboluntaryo ako bilang tagasanay sa kolehiyo, nagturo sa mga estudyante ng batas, at naglingkod bilang direktor ng nonprofit sa edukasyon sa Mission.

Ginugol ko ang aking karera na nakikipaglaban para sa mga taga-San Francisco, at nang nananalo kahit na malaki ang posibilidad na hindi magtagumpay. Magmula sa mga paglilitis para sa pagkakapantay-pantay sa pag-aasawa, hanggang sa paghahabla sa industriya ng opyo, tungo sa pagdadala sa administrasyong Trump sa hukuman upang matigil na ang diskriminasyon sa pangangalaga sa kalusugan.

Handa akong lumaban para sa ating mga bata!

Ikinarangal kong makakuha ng mga pag-endoso sa kabuuang hanay ng mga politikal na paniniwala, kasama na ang:

SF Parent Action
United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)
TogetherSF Action
GrowSF
Asian Americans Rise (Bangon mga Asyano Amerikano)
Senador ng Estado Scott Wiener
Miyembro ng Asembleya Matt Haney
Mayor London Breed
Dating Mayor Mark Farrell
Mga Superbisor Matt Dorsey, Myrna Melgar, Rafael Mandelman, at Connie Chan
Dating Superintendente Dr. Vincent Matthews
Komisyoner ng Board of Education (Lupon sa Edukasyon) ng San Francisco Jenny Lam... at marami pang iba!

Samahan ang aking laban sa:

jaime4schoolboard.com

*Jaime Huling*

## JOHN JERSIN

**Ang aking trabaho ay** Tagapagtatag ng Education Foundation (Saligan para sa Edukasyon).

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang matematika sa pampublikong paaralan ang humubog sa aking pamilya.

Lumaki sa hirap ang aking ina, pero dahil mahal niya ang matematika, nakakuha siya ng trabaho sa bangko at ng pamamaraan upang makaigpaw sa kahirapan.

Pinalaki ang aking ama ng walang asawang ina na nakikipaghamok sa karamdaman sa isip. Gayon pa man, inihatid siya ng kanyang talento sa matematika tungo sa pagbubukas ng maliit na CPA na negosyo.

Bilang batang mahilig sa matematika sa pampublikong paaralan, natuto ako ng pagko-code. Gustong-gusto kong magpuyat sa gabi sa paggawa ng computer games na maibabahagi sa mga kaibigan. Matapos akong makapag-aral ng Computer Science sa Stanford, nagsimula ako ng kompanya sa loob ng aparador, at nagsulat ako ng mga algorithm upang mapagpares ang mga indibidwal sa mga trabaho. Binili ng LinkedIn ang kompanya at hiniling sa akin na pamunuan ang kanilang batayang negosyo. Biglang-bigla na lamang akong naging kabataang mahusay sa matematika na namumuno sa organisasyon ng libo-libong empleyado, at may bilyon-bilyong dolyar na badyet.

Binago ang lahat ng pagkakaroon ng mga anak. Noong 2019, nagpasimula ako ng saligan para sa edukasyon. Ngayon, gusto kong gamitin ang aking karanasan upang matulungan ang mga bata na nasa ating mga paaralan.

Ineendoso ako ng unyon ng mga guro at ng mga lider sa kabuuang hanay ng mga politikal na paniniwala dahil alam nilang kaya kong labanan ang pinansiyal na krisis ng ating mga paaralan.

Mga Pag-eendoso:
Mayor London Breed
Dating Mayor Mark Farrell
Teacher's Union (Unyon ng mga Guro): United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)
GrowSF
TogetherSF Action
Asian Americans Rise (Bangon mga Asyano Amerikano)
Senador ng Estado Scott Wiener
Miyembro ng Asembleya ng Estado Matt Haney
Superbisor Joel Engardio
Superbisor Rafael Mandelman
Superbisor Connie Chan
Superbisor Matt Dorsey
Presidente ng Lupon ng City College Alan Wong
Dating Tagapangulo ng Democratic Party (Partido Demokratiko), Honey Mahogany

*John Jersin*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon sa Edukasyon

## MADDY KRANTZ

**Ang aking trabaho ay** Estudyante sa Kolehiyo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Isa akong 19 taong gulang na freshman sa CCSF at marubdob ang aking pagnanasa na magawang ligtas, malilinis, at kahanga-hangang mga kapaligiran para sa pag-aaral ang pampublikong mga paaralan ng San Francisco.

Nagtapos ako kamakailan sa Abraham Lincoln High School. Sa aking panahon doon, nakaranas ako ng isang taon ng online na paaralan, at sa mga taon pagkatapos nito, nagwelga naman ang mga guro at marami ang lubusan nang umalis sa propesyon. Nakita ko mismo kung paano napipinsala ang ating mga paaralan dahil sa kawalan ng aksiyon ng Board of Education (Lupon sa Edukasyon) at gusto kong matapos na ang gayong mga araw. Lalo na sa panahong ito ng krisis sa badyet, kailangan nating hikayatin ang mga guro at administrador na tapat na magsalita tungkol sa mga problemang kinakaharap nila—at kailangan nating lahat na magkasamang magtrabaho sa malikhaing paraan at nang malutas ang mga problemang ito.

Gusto ko ring maging boses para sa mga estudyanteng LGBT, estudyanteng may pagkakaiba ang pagkatuto at may ibang kinakaharap na hamon, at sa totoo lang, lahat ng estudyante. Bilang kabataan na katatapos pa lamang ng high school, naniniwala ako na mayroon akong natatanging pananaw. Hindi na naiisip ng mga bata sa kasalukuyan na may malasakit para sa kanilang mga pangangailangan ang pampublikong mga opisyal. Maraming estudyante ang hindi na nag-aabalang talakayin ang mga problema sa paaralan sa mga nakatatanda dahil ipinagpapalagay nila na wala namang magbabago. Hindi pa ako eksperto sa mga problema ng SFUSD, pero masipag akong magtatrabaho upang mapag-aralan ang mga ito, at mahikayat ang mga indibidwal na ibahin ang pag-iisip ukol sa ating mga paaralan, mga lider, at sa ating kagila-gilalas na lungsod.

*Maddy Krantz*

## LAURANCE LEE

**Ang aking trabaho ay** May-ari ng Maliit na Negosyo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Kung kayo ay BUMOTO upang PAALISIN SA KATUNGKULAN ang SCHOOL BOARD (LUPON NG PAARALAN), kung kayo ay BUMOTO upang MAIBALIK ANG ALGEBRA, DAPAT NINYO AKONG IBOTO!

Nangolekta ako ng daan-daang lagda para sa pagpapaalis sa katungkulan. Nagtrabaho ako upang maipasa ang panukalang-batas sa balota para sa algebra. Tumatakbo na ako ngayon para sa lupon ng paaralan upang magkaroon ng distritong mas mahusay na napatatakbo!

Nagtapos ako sa K-12 na pampublikong paaralan sa San Francisco—sa Argonne, Presidio, at sa Lowell.

Karapat-dapat ang ating mga estudyante para sa kahanga-hangang sistema ng pampublikong mga paaralan na gaya ng naranasan ko. Malaki ang aking utang na loob sa aking guro sa algebra sa ikapitong grado, sa aking tagapayo sa high school, at sa marami pang iba. Inihanda ako ng aking edukasyon sa SFUSD para sa Harvard at para sa napakagandang karera sa biotech.

Ako LAMANG ang kandidato na:

- Nakapagpabalik ng pangangasiwa sa $744 milyon na pondo sa mga bond (utang ng gobyerno),
- Sumuporta sa mga edukador magmula sa Unang Araw sa panahon ng protestang EmPower ukol sa ibinabayad sa mga empleyado,
- Tumulong sa paglikha ng Asian American Parents Advisory Committee (Tagapayong Komite ng Asyano Amerikanong mga Magulang),
- Sumuporta sa rali ng mga estudyante para sa mas ligtas na mga paaralan,
- Nagtulak ng napatunayan nang mga paraan upang maihatid ang mga estudyante sa nasa antas ng grado na pagbabasa.

Pangunahin kong mga prayoridad ang pagbabalanse sa badyet at pagpapahusay sa mga kahihinatnan ng mga estudyante.

Iboto ang nagtapos sa SFUSD, Laurance Lem Lee.

Inendoso ng:
SF Guardians
Fiona Ma, Tesorero ng Estado
Dr. Emily Murase, dating Presidente, Board of Education (Lupon sa Edukasyon)
Eddie Chin, Dating Komisyoner, Lupon sa Edukasyon

www.leeforsfschoolboard.com

*Laurance Lee*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon sa Edukasyon

## SUPRYIA RAY

**Ang aking trabaho ay** Abugado / Tagapag-organisa ng mga Magulang.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Magulang ako ng dalawang bata na nasa SFUSD at abugado/manunulat na nakipagtrabaho na sa mga pamilya sa kabuuan ng San Francisco sa loob ng nakaraang apat na taon upang muling magbukas at mapaghusay ang ating mga paaralan.

Nakabatay ang kinabukasan ng ating lungsod sa malakas na pampublikong paaralan upang matulungan ang lahat ng estudyante na maabot ang kanilang buong potensiyal. Habang lumalaki ako sa maligalig na sitwasyon, nagkaroon ako ng mga paaralan na siyang naging ligtas kong kanlungan. Pinagkalooban ako ng aking mga guro ng napakahalagang suporta. May pangako akong gagawin ang lahat ng ating magagawa upang maihanda ang ating kabataan sa mauunlad na buhay.

Kasama sa aking mga prayoridad ang:

- Pagkakaloob ng de-kalidad na edukasyon, kasama na ang akademikong mga gawain sa Lowell, Algebra sa ika-8 grado, pagtu-tutor na malaki ang epekto, at mas mahusay na pagtuturo ng pagbabasa at pagsusulat
- Pagtitiyak na ligtas ang mga paaralan — mula sa pambu-bully o pang-aapi, karahasan, paggambala sa mga kampus, at mga panganib sa kapaligiran
- Pagsuporta sa mga estudyante, pamilya, at guro na pinakanaapektuhan ng pagsasara ng mga paaralan
- Pagpapanumbalik ng tiwala sa SFUSD sa pamamagitan ng pagiging bukas, may pananagutan, at mga desisyon sa programa at badyet na nakatali sa mas mahusay na kinahihinatnan ng mga estudyante

May iba't ibang perspektiba ang aking mga taga-suporta at nagkakaisa sila sa pagpapahusay sa ating mga paaralan:

SF Parent Action
SF Guardians
GrowSF
TogetherSF Action
Senador Scott Wiener
Miyembro ng Asembleya Phil Ting
Superbisor Joel Engardio
Direktor ng BART Bevan Dufty
Dating Superbisor Matt Gonzalez
Mga Miyembro ng DCCC Lily Ho at Cedric Akbar
Dating Tagapangulo ng Youth Commission (Komisyon ng Kabataan)
Ewan Barker Plummer
Carol Kocivar
John Trasviña
John Rothmann

Hinihiling ko po ang inyong boto. Samahan kami sa RayForBOE.com!

*Supryia Ray*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

## ALIYA CHISTI

**Ang aking trabaho ay** Katiwala, City College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Lungsod)

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**

Lubusang binabago ng City College of San Francisco (Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco) ang mga buhay. Lugar ito para sa una, ikalawa, at maging ikatlong pagkakataon. Naranasan ko mismo at naranasan mismo ng aking pamilya ang mga oportunidad na ito.

Ipinanganak ako at pinalaki sa San Francisco, kung saan pumasok ako sa Sunnyside, Aptos, at Lowell, hanggang sa dulo ay nakakuha ako ng Master's in Education Policy (Patakaran sa Edukasyon) mula sa Columbia University. Mahigit sa isang dekada ang haba ng aking karanasan sa pampublikong edukasyon bilang guro, tagapayo sa polisiya sa edukasyon, at Iskolar ng Fulbright. Napangasiwaan ko na ang kabuuan ng "Free City College Program (Programa para sa Libreng Kolehiyo ng Lungsod)" para sa Department of Children, Youth, and Their Families (Departamento para sa mga Bata, Kabataan, at Kanilang mga Pamilya).

Bilang inyong Katiwala sa City College nitong nakaraang apat na taon, nakipaglaban ako para sa kabukasan sa pagsisiyasat sa pamamahala ng mga proseso, mas matitinding pagpapanagot sa pinansiya, pagpapahusay ng mga pasilidad/teknolohiya, at mga polisiyang nakasentro sa mga estudyante.

- Napatanggal ko ang $2.1 milyon na singil sa mag-aaral para sa 14,000+ estudyante, na nagresulta sa muling pag-eenroll ng mga estudyante.
- Pinamahalaan ko ang mas malalakas na gawain sa pinansiya upang mapatatag ang badyet ng City College, kung kaya't natiyak ang pangangasiwa sa mga dolyar na mula sa mga nagbabayad ng buwis.
- Pinamunuan ko ang mga pagsusumikap na maparami ang mga oportunidad sa pagsasanay sa trabaho bilang Tagapangulo ng Komite para sa Student Success and Policy (Tagumpay ng mga Estudyante at mga Polisiya).

Kinikilala ko na kahit nagkaroon na ng pag-unlad na ito, humaharap pa rin ang City College sa maraming hamon. Sa aking susunod na termino, tutugunan ko ang problema sa akreditasyon, patuloy na palalakasin ang badyet, poprotektahan ang "Free City (Libreng City College)," at palalakihin pa ang bilang ng mga nag-eenroll.

Sa pamamagitan ng inyong boto, patuloy akong lalaban upang mapanatili ang City College bilang "People's College (Kolehiyo ng Taumbayan)."

Mga Pag-endoso:

California State Controller (Tagapamahala ng Pinansiya ng Estado ng California) Malia Cohen
Miyembro ng Asembleya Matt Haney
Miyembro ng Asembleya Phil Ting
Mayor London Breed

San Francisco Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco):
- Rafael Mandelman
- Myrna Melgar
- Hillary Ronen
- Ahsha Safaí
- Shamann Walton
- Jane Kim (dating Superbisor)
- Norman Yee (dating Superbisor)

Mga Katiwala ng City College of San Francisco:
- Shanell Williams
- Alex Randolph (dating Katiwala)

Miyembro ng Lupon ng SFUSD Carlota T. del Portillo (dating Miyembro)

www.AliyaChisti.com

*Aliya Chisti*

## RUTH FERGUSON

**Ang aking trabaho ay** Nag-aadbokasiya para sa mga Polisiya.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**

Ang City College of San Francisco ay lugar kung saan maaaring makahanap ang bawat taga-San Francisco ng ekonomikong oportunidad, pagsisiyasat, at muling paglikha. Gayon pa man, nahaharap ito sa seryosong mga hamon—mababang bilang ng mga nag-eenroll at ikalawang babala sa akreditasyon nitong nakaraang dekada.

Bilang nag-aadbokasiya para sa mga polisiya, tagapag-organisa sa komunidad, nagtapos sa kolehiyo ng komunidad, palalakasin ko ang pakikipagkolaborasyon upang mareporma ang lupon at masuportahan ang maunlad na City College.

Nakabuo na ako at koalisyon sa kabuuan ng estado at napamunuan na ito, at nang makapag-adbokasiya para sa karapatan ng mga manggagawa, mapatatag ang nagtatrabahong mga pamilya sa panahon ng pandemya, at nakapaglingkod na rin ako bilang tagapamunong organisador sa mahahalagang mga isyu na nauukol sa katarungang panlipunan. Alam ko kung paano makipagtrabaho nang may kolaborasyon upang matamo ang tunay na pagbabago. Bilang Katiwala, gagawa ako ng tulay upang mawakasan ang mga pagkakahati sa pagitan ng administrasyon, lupon, mga guro, at estudyante, at sa gayon, maitaas ang bilang ng mga nag-eenroll, mapatatag ang pinansiya ng paaralan, at mabigyan ng prayoridad ang tagumpay ng mga estudyante.

Alam ko ang nagagawang pagkakaiba ng mga kolehiyo ng lungsod dahil umasa sa mga ito ang aking pamilya upang mahinto na ang siklo ng kahirapan. Produkto ako mismo ng kolehiyo ng komunidad, at nagpatuloy ako upang makapagtapos sa may apat na taon na unibersidad at pagkatapos ay makakuha ng Master's sa Public Policy (Patakarang Pampubliko) mula sa UC Berkeley.

Ikinararangal kong masuportahan ng mga guro, estudyante, lider ng komunidad at nina Kongresista Adam Schiff, dating State Controller (Tagapamahala ng Pinansiya ng Estado) Betty Yee, Senador Scott Wiener, Mayor London Breed, mga Superbisor Rafael Mandelman at Joel Engardio, dating Superbisor David Campos, at dating Tagapangulo ng San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko) ng San Francisco Honey Mahogany.

Samahan ako at alamin pa ang tungkol dito sa RuthFerguson.com.

*Ruth Ferguson*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

## BEN KAPLAN

**Ang aking trabaho ay** Awtor sa Kolehiyo / Ekonomista.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Nag-aadbokasiya ako para sa mas mataas na edukasyon, tagapagsalita, at awtor ng How to Go to College Almost for Free (Kung Paano Makatuntong sa Kolehiyo nang Halos Libre). Kasalukuyan akong nakatatanda na nagbabalik na estudyante sa City College of San Francisco. Tumatakbo ako para sa Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala) dahil hawak ng City College ang susi sa paglutas sa pinakamahihirap na hamon ng San Francisco — pero kailangan na natin ngayon ng plano para sa aksiyon.

Orihinal na itinatag ang City College upang makapagbigay ng mapagkukunan ng mga may kakayahang mga manggagawa. Gayon pa man, sa kasalukuyan ay hindi na nakapagpapatapos ang kolehiyo ng sapat na pulis, tagapayo ukol sa droga, o propesyonal sa kalusugan ng isip. Ano ang naging resulta nito? May kritikal na kakulangan sa mga manggagawa ang San Francisco at pinalalala ito ng bumababgsak na bilang ng mga nag-eenroll sa City College. Hindi kailangang maging ganito ang sitwasyon.

Kailangan nating (1) makalikha ng bagong mga pipeline o mapagkukunan ng mga manggagawa sa mga larangang may prayoridad sa San Francisco, (2) makatamo ng permanenteng katatagan sa pinansiya sa pamamagitan ng pagtitiyak ng sapat na pinansiyal na mga reserba, at (3) muling mapagmitsa ang bumababang bilang ng mga nag-eenroll sa pamamagitan ng pag-angkop sa pag-abot sa nakararami para sa bawat uri ng estudyante sa City College.

Makapaghahatid ako ng mga resulta sa planong ito dahil ekonomista akong nakapagsanay sa Harvard (may karanasan sa pinansiya), kolumnista sa politika sa San Francisco at host ng podcast (may karanasan sa gobyerno), CEO ng ahensiya para sa pagbebebenta (may karanasan sa maliit na negosyo), at tagapag-organisa ng mga Asyano-Amerikano (may karanasan sa komunidad). At hindi ako politiko.

Upang maayos ang San Francisco, kailangan nating ayusin ang City College. Sasamahan ba ninyo ako? Bisitahin ang votebenkaplan.com

*Ben Kaplan*

## LEANNA LOUIE

**Ang aking trabaho ay** Magulang / May-ari ng Negosyo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Isa akong makatwirang tagalutas ng problema na may mga ugat sa komunidad. Nasa panganib na ang CCSF na mawala ang akreditasyon nito, tumatakbo na ito nang may utang na pera, at naghihirap dahil sa mababang antas ng bilang ng mga nag-eenroll. Gusto kong makatulong upang mabago ito.

Ikinasasabik kong dalhin ang aking karanasan sa mga kakayahan sa pamumuno ng organisasyon at pagbabalanse ng pampublikong badyet upang maayos ang mga problemang ito.

Tulad ng marami sa mga natibo ng lungsod, pumasok ako sa mga pampublikong paaralan ng SF at sa City College. Nakuha ko ang aking Bachelor's Degree sa Pacific Lutheran University. Ikinararangal ko ang pagiging beterano ng US Army nang 11 taon, at nakapagtrabaho ako bilang Admistrative Analyst (Administratibong Tagasuri) para sa Sacramento Fire Dept (Departamento para sa Pamamahala ng Sunog ng Sacramento) sa loob ng 10 taon, kung saan pinamahalaan ko ang paniningil at badyet ng Emergency Medical Services (Mga Pang-emergency na Medikal na Serbisyo), at nagresulta ito ng pagtaas ng kita mula sa $9M tungo sa $15M sa aking unang taon.

Instruktor ng Culinary Arts sa City College noong 2003-2005 ang aking ama. Kasisimula pa lamang ng aking nakababatang anak na lalaki ng kanyang unang semestre sa CCSF. Mahalaga sa akin ang lahat ng nakaaapekto sa CCSF.

Kailangan ng CCSF ng malalakas na lider na handang gumawa ng mahihirap na desisyon upang mapaghusay ang sistema ng edukasyon. May pangako akong ilalagay ang mga estudyante, kaguruan, at kawanihan bilang pangunahing mga prayoridad, kasama na ang pagbabalanse sa badyet, pagpapataas sa antas ng bilang ng mga nag-eenroll, at pagkakaroon ng buong akreditasyon para sa City College. Ang boto para sa akin ay boto para sa pananagutan, sensibilidad, at pagbabalanse.

*Leanna Louie*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

## HEATHER McCARTY

**Ang aking trabaho ay** Propesor sa Kolehiyo ng Komunidad.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Bilang dating estudyante sa kolehiyo ng komunidad na nagtuloy-tuloy mula sa pampublikong K-12 tungo sa Ph.D., naranasan ko na mismo kung paanong nagdudulot ng malaking pagbabago sa buhay ang nakukuha ng marami at mataas ang kalidad na edukasyon. Nabigyan ako nito ng inspirasyon na maging propesor sa kolehiyo ng komunidad dalawang dekada na ang nakararaan, at itinuon ko ang aking karera sa pagbibigay-lakas sa iba sa pamamagitan ng edukasyon.

Ang City College ang pinakamahusay na daan para sa pang-ekonomiya at panlipunang pag-aangat sa lungsod, pero humaharap ito sa napakahahalagang hamon: mababang bilang ng mga nag-eenroll, hirap sa pinansiya, at babala sa akreditasyon dahil sa mga aksiyon ng kasalukuyang Lupon.

Magkakaloob ng napakahahalagang kaalaman ang aking karanasan bilang dating punong negosyador para sa unyon ko ng mga guro, miyembro ng komite sa badyet, at lider ng Faculty Senate (Senado ng Kaguruan) sa mga hamong kinakaharap ng kolehiyo ng komunidad. Bilang miyembro ng lupon ng nonprofit na nagbibigay ng suporta sa hindi lubusang napaglilingkuran na unang henerasyon na mga estudyante at bilang kasamang tagapagtatag ng akademikong sentro na nakatuon sa mga pamamaraan sa paggamit ng lahat, katarungan sa pagkakapantay-pantay, at hustisya, may pananagutan ako sa pagkakaroon ng mga pamamaraan upang makakuha ng edukasyon.

Kung mahahalal ako, magdadala ako ng pananagutan, pagiging bukas sa pagsisiyasat, at katatagan sa CCSF. Ang aking magiging mga prayoridad ay ang:

- Paglutas sa babala ukol sa akreditasyon
- Pagpapataas ng bilang ng mga nag-eenroll
- Pagtitiyak ng pangmatagalang kalusugan sa pinansiya
- Pangangalaga sa pamumunong may pakikipagkolaborasyon

Ikararangal kong maendoso ng malawak na hanay ng mga taga-suportang may mga pagkakaiba-iba, kasama na sina/ang:
Senador ng Estado Scott Wiener
Superbisor Joel Engardio
Superbisor Rafael Mandelman
Superbisor Myrna Melgar
Supervisor Hillary Ronen
Dating Superbisor Jane Kim
Tagatasa-Tagatala Joaquín Torres
at marami pang iba!

Magkakasama tayong makagagawa ng mas maliwanag na kinabukasan para sa City College.
www.heatherforccsf.com

*Heather McCarty*

## JULIO J. RAMOS

**Ang aking trabaho ay** Abugado para sa mga Karapatan ng mga Mamimili.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Panatilihing Libre ang City College!

Dahil sa mga pagtatapyas sa badyet, pinag-iisipan na ng mayor at ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang pagtatanggal ng Free City College Program (Programa para sa Libreng City College). Sa kabuuan ng aking propesyonal na karera bilang abugado, nakipaglaban ako sa ngalan ng pinakabulnerableng mga pangkat sa ating lipunan. Nahalal ako sa San Francisco Community College District Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala ng Kolehiyo ng Komunidad ng Distrito ng San Francisco) noong 2000 at 2004, kung saan naglingkod ako bilang Bise Presidente noong 2007 at bilang tagapangulo ng komite sa lehislasyon, na nakipag-usap sa mga tagagawa ng polisiya sa Sacramento. Ang aking pagseserbisyo sa College Board ang dahilan kung bakit ako nakapag-adbokasiya para sa mga estudyante at guro.

Kailangan ng City College ng malakas na boses na handang makipaglaban para sa matuwid! Ang pagpapanatiling Libre ang City College ang aking magiging pangunahing layunin na polisiya sa pamamagitan ng katungkulan sa College Board.

Nagtapos ako sa Columbia University Law School at sa Pitzer College nang may degree sa political studies. Nakapagtaguyod ako ng pamilya sa San Francisco at itinuturing ko ang City College na bahagi ng aking pamilya.

Sinusuportahan ako nina/ng:

- Presidente ng Lupon ng mga Superbisor ng SF, Aaron Perkin
- Pampublikong Tagapagtanggol ng SF, Mano Raju
- Dating Presidente ng Lupon ng mga Superbisor ng SF, Matt Gonzalez
- Dating Presidente ng SF Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng SF), Dr. Carlotta del Portillo

*Julio J. Ramos*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

## ALAN WONG

**Ang aking trabaho ay** Presidente, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad / Direktor ng Polisiya ng Nonprofit na para sa mga Bata / Komandante sa Militar.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Naglingkod ako bilang Presidente ng Board of Trustees ng City College of San Francisco at Kasamang Tagapangulo ng Free City College Oversight Committee (Komiteng Tagapangasiwa ng Libreng Kolehiyo ng Lungsod). Ipinanganak ako at pinalaki sa San Francisco, at pumasok ang aking buong pamilya sa City College of San Francisco.

Bilang kabataan, naglingkod ako sa San Francisco Unified School District Student Advisory Council (Tagapayong Konseho ng Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) at bilang Delegadong Estudyante sa Lupon sa Edukasyon. Noong 2019, ako ang naging pangunahing kawani para sa mga lehislasyon at responsibilidad ko ang pagsusulat at pagpapapasa ng batas upang maihatid sa mga taga-San Francisco ang kasalukuyang programa na Free City College.

Bilang direktor ng polisiya sa Children's Council of San Francisco (Konseho para sa mga Bata ng San Francisco), nag-aadbokasiya ako para sa pangangalaga ng bata at para matiyak na maaabot ng bawat bata ang kanyang buong potensiyal. Gamit ang aking komprehensibong karanasan sa mga polisiya sa edukasyon na sumasaklaw sa pangangalaga sa bata, K-12 at mas mataas na edukasyon, layunin kong masuportahan ang tagumpay ng batang mga taga-San Francisco mula sa panahong mapanganak sila hanggang sa umabot sa hustong gulang.

Kung muli akong mahahalal sa Lupon ng Kolehiyo ng Lungsod, ang aking mga prayoridad ay:

- Pagpapanatili ng balanseng badyet, rainy-day reserve fund o reserbang pondo para sa panahon ng kagipitan, at matitibay na pagkontrol sa pinansiya.
- Pagpapanatili sa City College of San Francisco na akreditado at napapasukan ng lahat.
- Pagpapalawak ng mga oportunidad sa pagsasanay sa trabaho para sa mga taga-San Francisco.
- Pagprotekta sa Free City College mula sa mga pagtatapyas sa badyet.
- Pagsasara ng agwat sa mga oportunidad at nakakamit na tagumpay ng mga estudyanteng Aprikano Amerikano at Latino.

Mga Pag-endoso:

American Federation of Teachers (Pambansang Pederasyon ng mga Guro) Lokal 2121 - Tsapter ng City College of San Francisco
California Faculty Association (Asosasyon ng mga Guro sa California) Tsapter ng San Francisco State University
United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco) - Mga Guro ng San Francisco Unified School District
Operating Engineers (Nagpapatakbong mga Inhinyero) Lokal 39 - City College
Stationary Engineers (Mga Inhinyero para sa mga Operasyon sa City College)
Harvey Milk LGBT Democratic Club (Harvey Milk LGBT na Samahang Demokratiko)
Teamsters Joint Council (Magkasamang Konseho ng Teamsters) 7
Carpenters Union (Unyon ng mga Karpintero) Lokal 22
LiUNA! Laborers (Mga Manggagawa) Lokal 261
Engineers and Scientists (Mga Inhinyero at Siyentipiko) Lokal 20
SEIU United Healthcare Workers (SEIU na Nagkakaisang mga Manggagawa para sa Pangangalagang Pangkalusugan)
National Union of Healthcare Workers (Pambansang Unyon ng mga Manggagawa para sa Pangangalagang Pangkalusugan)
United Food and Commercial Workers (Nagkakaisang mga Manggagawa sa Industriya ng Pagkain at mga Manggagawa sa Pangangalakal) Lokal 648
VoteVets
Tesorero ng Estado ng California Fiona Ma
Senador ng Estado Scott Wiener
Miyembro ng Asembleya ng Estado Matt Haney
Mark Leno, Tom Ammiano
Pangalawang Tagapangulo ng California Democratic Party (Partido Demokratiko) ng California David Campos
Pampublikong Tagapagtanggol Mano Raju
Sheriff Paul Miyamoto
Tagatasa-Tagatala Joaquín Torres
Lupon ng Mga Superbisor ng San Francisco: Catherine Stefani, Aaron Peskin, Myrna Melgar, Shamann Walton, Ahsha Safai

www.alanwong.com

*Alan Wong*

## LUIS ZAMORA

**Ang aking trabaho ay** Direktor ng mga Ugnayan sa Komunidad.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Tumatakbo ako para sa College Board dahil alam ko mismo kung gaano kahahalaga ang mga kolehiyo ng komunidad.

Ako ang kauna-unahan sa aming pamilya na nakapagkolehiyo, nakuha ko ang aking Associate's Degree mula sa kolehiyo ng komunidad, at nagtrabaho ako nang full time habang ginagawa ito. Personal akong nakinabang mula sa mga paaralang tulad ng City College, at alam ko kung ako ang kinakailangan upang matulungan ang mga estudyante na magtagumpay.

Hindi napanagot sa ating komunidad ang City College of San Francisco, at nakita na natin ang bumababang bilang ng mga nag-eenroll, masasakit na pagtatapyas sa kurikulum, at pinansiyal na krisis na nagsasapanganib sa ating akreditasyon. Nagkakaloob ang CCSF ng walang kasinghalaga na mga oportunidad para sa mga residente, ngunit magagawa lamang ito kung tayo ay matalino, responsable, at nakatanaw sa hinaharap. Kailangan natin ng pamumuno na may pananagutan, nakagagawa ng stratehikong mga pamumuhunan upang mapalaki ang bilang ng mga nag-eenroll at magkakaloob ng bagong mga oportunidad sa ating mga estudyante.

Isa akong aktibistang LGBTQ+, umuupa, miyembro ng unyon, at boluntaryo sa komunidad na may napatunayan nang rekord na nakagagawa ng mga bagay-bagay. Bilang Immigrant Rights Commissioner (Komisyoner para sa mga Karapatan ng mga Imigrante), nakipaglaban ako sa mga polisiya sa imigrasyon noong panahon ni Trump, at ikinararangal kong maging delegado sa Demokratikong Partido ng California, kung saan tagapangulo ako ng LGBTQ+ Caucus (Pulong ng mga LGBTQ+).

Ineendoso ako nina Speaker Emerita (Tagapagsalitang Panghabambuhay) Nancy Pelosi, Pangkalahatang Abugado Rob Bonta, Mayor London Breed, Senador ng Estado Scott Wiener, Miyembro ng Asembleya Matt Haney, Tagatasa-Tagatala Joaquín Torres, Mga Superbisor Rafael Mandelman, Myrna Melgar, Joel Engardio, at Matt Dorsey, at kasalukuyan at dating mga Katiwala ng CCSF Shanell Williams, Alex Randolph, Steve Ngo, at ng Equality California (Pagkakapantay-pantay sa California).

Alamin pa ang tungkol dito: https://luiszamoraforsf.com/

*Luis Zamora*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Direktor ng BART, Distrito 7

## VICTOR E. FLORES

**Ang aking trabaho ay** Nag-aadbokasiya para sa Pangkapaligiran na Pampublikong Transportasyon.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang BART ay higit pa sa sistema ng pampublikong transportasyon; sasakyan ito para sa pag-aangat sa kalagayang pang-ekonomiya ng uring-manggagawa na mga pamilya, kritikal na mahalagang ugnayan sa pagitan ng mga komunidad sa Bay Area, at kasangkapan upang malabanan ang pagbabago ng klima. Tumatakbo ako upang inyong maging Direktor ng BART dahil alam ko na upang gumana ang Bay Area - kailangang gumana ang BART.

Pinalaki ako sa Fruitvale na Distrito ng Oakland, ipinanganak sa imigranteng mga magulang, at naranasan ko na ang makulong sa edad na 17. Humarap ako sa tunay na paghihirap, at nalampasan ko ito. Nagtapos ako sa UC Berkeley at ginugol ko ang aking karera bilang taga-adbokasiya para sa pampublikong transportasyon, pabahay, at kapaligiran.

Sa Greenbelt Alliance (Alyansang Greenbelt), nakipaglaban ako upang maprotektahan ang bukas na mga espasyo, makalikha ng mga trabahong mabuti sa kapaligiran, at mapahusay ang mga sistema ng transportasyon sa kabuuan ng Bay Area. Bilang kasamang tagapagtipon ng programang California Jobs First (Unahin ang mga Trabaho sa California), nakapagtrabaho na ako upang mapalaki ang koalisyon ng mga pangkat para sa kapaligiran, mga miyembro ng komunidad, at mga organisasyon sa paggawa, at sa gayon ay makapagtayo ng ekonomiyang may katarungan sa pagkakapantay-pantay at carbon neutral (may balanse sa pagitan ng paglalabas at pagtatanggal ng carbon sa atmospera).

Humaharap ang BART sa mahihirap na hamon, pero aangat tayo mula rito. Bibigyan ko ng prayoridad ang kaligtasan sa tren, kalinisan, environmental justice (pagiging makatarungan sa lahat ng tao sa pagpapatupad ng mga batas ukol sa kapaligiran) at pagpapanatili sa pinansiya sa kabuuan ng sistema, at nang matiyak na ang pinakamabubuting araw ng BART ay ang mga araw na nasa hinaharap.

Ikinararangal kong makuha ang natatanging pag-endoso ng Pangkalahatang Abugado ng CA Rob Bonta at ng Direktor ng BART Lateefah Simon. Samahan ako - lumaban tayo upang makapagtatag ng mas mahusay na BART!

www.victorfloresforbart.com

*Victor E. Flores*

## DANA LANG

**Ang aking trabaho ay** Tagapayo para sa Pagpopondo ng Pampublikong Transportasyon.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Sa pagharap ng BART sa mapangwasak na banta sa pananalapi para sa mga serbisyo, pagiging maaasahan, at kaligtasan, at dahil nasa pinakamababang antas ang pagtitiwala sa sistema, kailangan nating maranasan ang pamumunong nag-iisip tungkol sa hinaharap at nang sa gayon, malampasan ang unos na ito at mapangalagaan ang kapakanan ng mga sumasakay at nagbabayad ng buwis--at ako ang nag-iisang kandidatong kuwalipikado sa pagtataguyod ng mga solusyon sa pinansiyal na krisis.

Nakakuha ako ng BA sa Economics mula sa Wellesley College, ng MBA mula sa Haas Business School ng Cal Berkeley, nag-asawa, at habang pinalalaki ang tatlong anak na lalaki, gumugol ako ng 24 taon upang matiyak ang daan-daang milyon mula sa mga grant (tulong-pinansiyal) para sa transportasyon at seguridad. Napakahalagang bigyan ng prayoridad ng BART ang kaligtasan, kalinisan, katatagan sa pinansiya, at kasiglahan--at napakahalaga ng bagong pondo upang mapanatili ang mga antas ng kawanihan at serbisyo, pagpapahusay sa seguridad, at pagtataguyod sa mga solusyon sa pinansiyal na krisis.

Nakapaglingkod na ako bilang tagapag-ugnay para sa grants na nauukol sa Metropolitan Transportation Commission (Komisyon para sa Transportasyon sa Lungsod), tagapag-ugnay para sa grants sa seguridad ng SFMTA (Muni), tagapamahala ng pangkat para sa grants para sa San Francisco Police Department (Departamento ng Pulisya ng San Francisco), at opisyal para sa mga usaping nauukol sa maliliit na negosyo para sa San Francisco International Airport (Internasyonal na Paliparan ng San Francisco). Kasalukuyan akong Pangalawang Tagapangulo ng Police Civilian Review Board (Lupon ng mga Sibilyan para sa Pagrerebyu ng mga Polisiya sa Pagpupulis) ng BART at dating presidente ng tsapter ng Conference of Minority Transportation Officials (Kumperensiya ng Mga Minoridad na Opisyal sa Transportasyon), kung saan lumikha ako ng mga iskolarship upang makatulong sa kabataan na makapasok sa mga karera sa transportasyon.

Ineendoso ako ng mga Superbisor ng Alameda County Keith Carson at Nate Miley, dating Mayor ng San Francisco Willie Brown, dating Mayor ng Oakland Elihu Harris, Abugado ng Lungsod ng Oakland Barbara Parker, Direktor ng BART Robert Raburn, at Direktor ng AC Transit Joel Young.

www.DanaForBart.com

*Dana Lang*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Mga Kandidato para sa Direktor ng BART, Distrito 9

## JOE SANGIRARDI

**Ang aking trabaho ay** Direktor ng Polisiya sa Pabahay.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang pangalan ko ay Joe at isa akong organisador para sa pabahay na sumasakay ng pampublikong transportasyon at nagbibisikleta at nakatira ako kasama ang aking asawa sa Castro.

Optimistikong tao ako na alam na ang pinakamagagandang araw ng San Francisco ay nasa harapan nito, at wala sa nakaraan. Naniniwala ako na sa pamamagitan ng masipag na pagtatrabaho, isang dekada na lamang ang layo natin mula sa moderno, at kabilang sa pinakamahuhusay sa mundo na sistema ng pampublikong transportasyon. Tumatakbo ako upang magawang ligtas, malinis, at maaasahan ang BART — na batayang mga katangian na dapat nating asahan mula sa pampublikong transportasyon.

Hindi ako politiko at hindi ako kailanman nagtrabaho para sa politiko. Wala akong utang na anumang pabor sa City Hall (Munisipyo) at mahigpit akong naniniwala sa pagpapanagot sa pamahalaan. Ang mayroon ako ay ang maraming taon ng tagumpay sa pakikipaglaban para sa bagong pabahay, bagong pampublikong transportasyon, bagong mga parke, at bagong kultura sa lungsod.

Umiinit na nang umiinit ang panahon taon-taon, at matibay ang aking pangako na labanan ang pagbabago ng klima. Napakahalaga ng gumaganang pampublikong transportasyon upang mahinto ang nagbabantang krisis sa klima.

Kung pagod na kayo sa negatibong politika na pinananatili tayong nakapirmi sa nakaraan, samahan ako at lumaban tayo para sa ating kinabukasan!

Ikinararangal kong maendoso nina/ng:

Presidente ng BART Board (Lupon ng BART) Bevan Dufty
BART Workers Union (Unyon ng mga Manggagawa ng BART) (AFSCME 3993)
San Francisco YIMBY
Senador Scott Wiener
Miyembro ng Asembleya Matt Haney
Superbisor Rafael Mandelman
Superbisor Matt Dorsey
Superbisor Catherine Stefani
Dating Tagapangulo ng SF Democratic Party (Partido Demokratiko) Honey Mahogany

www.joesangirardi.com

*Joe Sangirardi*

## EDWARD WRIGHT

**Ang aking trabaho ay** Nakatataas na Tagapayo para sa Pampublikong Transportasyon.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
May lamat na ang pondo para sa pampublikong transportasyon. May lamat na rin ang ating politika. Ito ang mga problemang pinaggugugulan ko ng panahon sa pagtatrabaho araw-araw, at ito ang mga dahilan kung bakit ako tumatakbo para sa BART Board (Lupon ng BART).

Nawasak ng pandemya ang bilang ng mga sumasakay ng BART, at pinagbabantaan na ng $385 milyon na kakulangan sa pondo ang sistema ayon sa pagkakilala natin dito. Kailangan nating gawing moderno ang pagpopondo sa BART — at gawin itong mas ligtas at mas malinis, mas abot-kaya at mas madaling magamit, at mas masigla at mas malugod na tumatanggap sa lahat upang mapabalik ang mga sumasakay dito.

Isa akong organisador, tagagawa ng polisiya, at propesyonal sa pampublikong transportasyon. Nakasulat na ako ng batas para sa tatlong lehislador, napangasiwaan ang mga badyet upang mapanatili sa tamang landas ang mga proyekto, at nakabuo na ng mga pagkakasundo upang magawa ang mahihirap na bagay. Ako lamang ang tumatakbong kandidato na may karanasan sa pampublikong transportasyon, pampublikong polisiya, at pampublikong badyet, na siyang mga responsibilidad ng BART Board.

Ipinagkakapuri akong i-endoso nina/ng:
Speaker Emerita (Tagapagsalitang Panghabampanahon) Nancy Pelosi
Harvey Milk LGBTQ Democratic Club (Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBTQ)
National Union of Healthcare Workers (Pambansang Unyon ng mga Manggagawa para sa Pangangalagang Pangkalusugan)
American Federation of Teachers (Amerikanong Pederasyon ng mga Guro) Lokal 2121
San Francisco Climate Emergency Coalition (Koalisyong Pang-emergency na Nauukol sa Klima sa San Francisco)
Direktor ng BART Janice Li
Miyembro ng Asembleya Phil Ting
Mga Superbisor Aaron Peskin, Connie Chan, Dean Preston, Myrna Melgar, Hillary Ronen, Shamann Walton
Pampublikong Tagapagtanggol Mano Raju
Tagatasa-Tagatala Joaquín Torres
Mga Katiwala ng City College Alan Wong, Anita Martinez, Aliya Chisti, Susan Solomon, Vick Chung
Mga Komisyoner ng SFUSD Matt Alexander, Mark Sanchez, Alida Fisher
Dating mga halal na lider Mark Leno, Art Agnos, Jane Kim, David Campos, John Avalos
Mga lider ng Komunidad Cleve Jones, EJ Jones, Chyanne Chen, Alondra Esquivel Garcia, Raquel Redondiez

Ikararangal kong makuha ang inyong boto. Magkakasama nating titiyakin na patuloy na mabubuhay ang BART — at uunlad pa.

*Edward Wright*

www.WrightForBART.com

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Impormasyon tungkol sa mga Lokal na Panukalang-batas na nasa Balota at mga Argumento

**Alinsunod sa lokal na batas, nilalaman ng pamplet na ito ang sumusunod na impormasyon tungkol sa mga lokal na panukalang-batas:**

1. Pagkilala sa bawat panukalang-batas sa pamamagitan ng letra at titulo,
2. Pahayag o tanong ng City Attorney (Abugado ng Lungsod),
3. Buod o digest ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota),
4. Pagsusuri ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya ng Lungsod) tungkol sa epekto sa pananalapi,
5. Paliwanag kung paano naging kuwalipikadong mailagay sa balota ang panukalang-batas,
6. Mga argumentong isinumite sa Departamento,
7. Legal na teksto (para sa legal na teksto, tingnan ang Ingles na bersiyon ng pamplet na ito), ng bawat panukalang-batas at,
8. Anumang karagdagang impormasyon na hinihingi ng San Francisco Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon, SFMEC) §500.

**Maaaring ibigay ang mga sumusunod na argumento para sa lokal na panukalang-batas:**

1. Isang argumento ng may-panukala (pabor sa panukalang-batas), na pinili ayon sa SFMEC §545 at naka-print nang walang bayad.
2. Isang argumento ng katunggali (laban sa panukalang-batas), na pinili ayon sa SFMEC §545 at naka-print nang walang bayad.
3. Isang sagot para sa bawat argumento ng may-panukala at katunggali ng panukalang-batas, pinili ayon sa SFMEC §550 at naka-print nang walang bayad.
4. Anumang may bayad na argumento na nai-sumite alinsunod sa SFMEC §555-570. (Mapi-print nang magkasama sa pangunahing Ingles na bersiyon ng pamplet ang lahat ng may bayad na argumento na pabor sa panukalang-batas, kasunod ng mga may bayad na argumento na laban sa panukalang-batas. Lahat ng argumento ay pawang opinyon ng mga may-akda at i-print ang mga argumento ayon sa pagkakasumite, kasama na ang anumang kamalian sa pagta-type, spelling, o grammar).

## Bumisita sa aming website

Bumisita sa **sfelections.gov** o i-scan ang code sa kanan upang matuto pa tungkol sa pagboto sa San Francisco!

# Mga Salitang Kailangan Ninyong Malaman

## Mula sa Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Administrative Office Tax (Buwis sa Administratibong Opisina):** Buwis sa negosyo na nakabatay sa gastos nito sa payroll (suweldo ng mga empleyado) na ipinapataw sa mga negosyo na mahigit sa $1 bilyon ang gross receipts (kabuuang kita), mahigit sa 1,000 ang empleyado sa kabuuan ng bansa, at may administratibong opisina sa San Francisco. (Proposisyon M)

**Tagapayong Pangkat:** Pangkat ng itinalagang mga indibidwal na sa pangkalahatan ay gumagawa ng mga rekomendasyon sa mga lupon, komisyon, at departamento ng Lungsod. (Mga Proposisyon D, E)

**Abot-kayang Pabahay:** Binibigyang-depinisyon ang pabahay bilang abot-kaya para sa mga kabahayan na may natukoy nang mababa at katamtaman na antas ng kita. Sa pangkalahatan ay layunin ng mga halaga o presyo ng mga kabahayang ito na magbayad ang kabahayan ng humigit-kumulang sa 30% ng kanilang kita tungo sa gastos sa pabahay. (Proposisyon G)

**Area Median Income (Panggitnang Kita ng Lugar, AMI):** Ang antas ng kita na nilathala ng Mayor's Office of Housing and Community Development (Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pag-unlad ng Komunidad) para sa San Francisco, na nakabatay ang bahagi sa lahat ng kita na nakuha sa loob ng Metro Fair Market Rent Area (Mga Lugar na Sakop ng Makatarungang Singil sa Upa para sa Lungsod), kung saan nakapaloob ang San Francisco, ng United States Department of Housing and Urban Development (Departamento para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng mga Lungsod ng Estados Unidos), at iniaayon ito batay sa historikal na karaniwang pagtaas ng kita sa San Francisco. Sa 2024, ang panggitnang kita para sa sumusunod na porsiyento at laki ng pamilya ay ang mga sumusunod:

| | 1 Katao | 2 Katao | 3 Katao | 4 Katao |
|---|---|---|---|---|
| 30% ng Panggitnang Kita (Lubhang Mababa ang Kita) | $31,450 | $35,950 | $40,450 | $44,950 |
| 50% ng Panggitnang Kita (Napakababa ng Kita) | $52,450 | $59,950 | $67,450 | $74,950 |
| 80% ng Panggitnang Kita (Mas Mababa ang Kita) | $83,900 | $95,900 | $107,900 | $119,900 |
| 120% ng Panggitnang Kita (Katamtaman ang Kita) | $125,900 | $143,900 | $161,800 | $179,800 |

(Proposisyon G)

**Amyendahan:** Baguhin. (pangkalahatan)

**Autonomous na Sasakyan:** Sasakyang namamaneho nang walang aktibong pagkontrol ng tao na tagapagpatakbo, halimbawa nito, ang kotseng namamaneho ang sarili. (Proposisyon L)

**Lupon o Komisyon:** Pangkat para sa mga polisiya na nilikha at binigyan ng awtorisasyon ng Tsarter o ng ordinansa upang magpatupad ng ilang gawain ng pamahalaan at na karaniwan nang itinatalaga ang mga miyembro. (Mga Proposisyon D, E)

**Bond (Utang ng Gobyerno):** Ang bond ang pangako ng Lungsod na bayaran ang inutang na pera, nang kasama ang interes, sa loob ng espesipikong petsa. Kung kailangan ng Lungsod na makakalap ng malaking halaga upang makapagbayad para sa aklatan, linya ng alkantarilya, paaralan, ospital, o iba pang proyekto o programa, maaari itong umutang ng pera sa pamamagitan ng pagbebenta ng bonds. (Tingnan din ang "Bond ng Pangkalahatang Obligasyon, utang ng gobyerno."). (Mga Proposisyon A, B)

**Budget and Legislative Analyst (Pambatas at Pambadyet na Tagasuri):** Pangkat na nagkakaloob sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng independiyenteng pagsusuri sa pinansiya at mga polisiya, espesyal na mga pag-aaral, at mga ulat ukol sa pag-audit ng pamamahala sa mga departamento at programa ng Lungsod. (Proposisyon E)

**California Coastal Act (Batas ukol sa mga Baybayin ng California):** Batas ng Estado na namamahala sa paggamit ng lupa sa sona ng baybayin, kung saan kasama kapwa ang mga lugar ng lupa at tubig sa baybayin ng California. Nasa loob ng sona ng baybayin ang Upper Great Highway. (Proposisyon K)

**Sentral na Food Hub:** Pasilidad para sa pagsasama-sama at pamamahagi ng pagkain sa mga paaralan na nasa loob ng San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco). (Proposisyon A)

**Tsarter:** Ang Tsarter ang Konstitusyon ng Lungsod na pinagtibay na ng mga botante ng San Francisco, at may kaugnayan ito sa paraan ng pamamahala sa Lungsod. Mababago lamang ang Tsarter sa pamamagitan ng mayorya ng mga boto na ibinigay sa San Francisco. (pangkalahatan)

**Pag-amyenda sa Tsarter:** Ang pagbabago sa Tsarter ng Lungsod. Ang Tsarter ang Konstitusyon ng Lungsod. Mababago lamang ang Tsarter sa pamamagitan ng mayorya ng mga botong ibinigay. (pangkalahatan)

**Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga Bond ng Pangkalahatang Obligasyon):** Ang pangkat na may siyam na miyembro at sumusubaybay sa paggamit ng Lungsod ng mga pondong nakuha sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bond ng pangkalahatang obligasyon. Itinatalaga ang mga miyembro ng komiteng ito ng Mayor, Lupon ng mga Superbisor, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at ng Civil Grand Jury (Pinakamataas na Hukumang Sibil). (Proposisyon B)

**Administrador ng Lungsod:** Ang indibidwal na itinalaga ng Mayor at kinumpirma ng Lupon ng mga Superbisor para sa limang taon na panahon ng paglilingkod kung saan pangangasiwaan niya ang mahigit sa 25 departamento at programa. (Mga Proposisyon D, E)

**Mga Komisyong Tinanggal mula sa Tsarter:** Ayon sa pagkakagamit sa Proposisyon D, tinutukoy ng parirala na ito ang Arts Commission (Komisyon sa Sining); Building Inspection Commission (Komisyon sa Pag-iinspeksiyon ng mga Gusali); Children Youth and Their Families Oversight and Advisory Committee (Komite para sa Pangangasiwa at Pagpapayo ukol sa mga Bata, Kabataan, at Kanilang mga Pamilya); Commission on the Environment (Komisyon para sa Kapaligiran); Commission on the Status of Women (Komisyon ukol sa Katayuan ng Kababaihan); Dignity Fund Oversight and Advisory Committee (Komite para sa Pangangasiwa at Pagpapayo ukol sa Dignity Fund); Entertainment Commission (Komisyon para sa Paglilibang); Health Commission (Komisyon para sa Kalusugan); Historic Preservation Commission (Komisyon para sa Preserbasyon ng Makasaysayang mga Gusali at Lugar); Homelessness Oversight Commission (Komisyon para sa Pangangasiwa ng Kawalan ng Tahanan); Human Rights Commission (Komisyon para sa mga Karapatang Pantao); Human Services Commission (Komisyon para sa mga Serbisyong Pantao); Juvenile Probation Commission (Komisyon para sa Probasyon ng mga Menor de Edad); Library Commission (Komisyon sa Aklatan); Long Term Care Coordinating Council (Tagapag-ugnay na Konseho para sa Pangmatagalang Pangangalaga); Municipal Transportation Agency Citizens' Advisory Council (Tagapayong Konseho ng mga Mamamayan para sa Ahensiya para sa Munisipal na Transportasyon); Our Children Our Families Council (Konseho para sa Ating mga Anak, Ating mga Pamilya); Park, Recreation, and Open Space Advisory Committee (Tagapayong Komite para sa mga Parke, Paglilibang, at Bukas na Espasyo); Public Utilities Rate Fairness Board (Lupon para sa Pagiging Makatarungan ng Presyo ng Pampublikong Serbisyo); Public Works Commission (Komisyon sa mga Pampublikong Gawain); Sanitation and Streets Commission (Komisyon para sa Kalinisan at mga Kalye); Sheriff's Department Oversight Board (Lupon para sa Pangangasiwa ng Departamento ng Sheriff); Small Business Commission (Komisyon para sa Maliit na Negosyo); at Youth Commission (Komisyon para sa Kabataan). (Proposisyon D)

**Controller (Tagapamahala ng Pinansiya):** Ang pinunong opisyal sa accounting at auditor ng Lungsod, na itinalaga ng Mayor at kinumpirma ng Lupon ng mga Superbisor ang may responsibilidad para sa pinansiyal na mga sistema at patakaran ng Lungsod. (Mga Proposisyon C, D, E)

**Edukasyon sa Unang mga Taon ng Pagkabata:** Mga pang-edukasyong programa at serbisyo para sa mga bata mula sa kapanganakan hanggang sa edad 5. (Proposisyon J)

**Maagang Pagboto:** Ang pagboto nang personal sa City Hall (Munisipyo) bago ang Araw ng Eleksyon o pagpapadala sa koreo ng balotang vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) bago ang Araw ng Eleksyon. (pangkalahatan)

**Ethics Commission (Komisyon para sa Pagkakaroon ng Prinsipyo):** Komisyong may limang miyembro at may responsibilidad para sa pamamahala, pagbibigay ng interpretasyon, at pagpapatupad sa mga batas ng Lungsod na nauukol sa mga prinsipyo, kasama na ang mga batas para sa pangangasiwa ng mga kontribusyon sa mga kampanya, magkasalungat na mga interes, lobbyists (binabayaran upang maimpluwensiyahan ang mga mambabatas), mga tagapayo sa kampanya, whistleblowing (pagbibigay ng impormasyon ukol sa ilegal na gawain), pampublikong rekord at pampublikong pulong. (Proposisyon C)

**First Responder (Unang Tumutugon):** Nakapanumpa nang miyembro ng Police, Fire o Sheriff's Department (Departamento ng Pulisya, Pamamahala ng Sunog, o Sheriff); paramedic, rehistradong nars; o dispatser, superbisor, o tagapag-ugnay ng 911. (Mga Proposisyon I, N)

**Fiscal Year (taon ayon sa pagpaplano para sa badyet):** Ang 12 buwan na panahon ng pagbabadyet ng Lungsod, na nagsisimula sa Hulyo 1 at nagtatapos sa Hunyo 30 ng susunod na taon na nakabatay sa kalendaryo. (Mga Proposisyon G, J)

**General Fund (Pangkalahatang Pondo):** Ang bahagi ng taunang badyet ng Lungsod na maaaring magamit para sa anumang layunin ng Lungsod. Nanggagaling ang pera para sa Pangkalahatang Pondo mula sa mga buwis at singil sa ari-arian, negosyo, pagbebenta, at iba pang pinagkukunan. (Proposisyon G)

**General Obligation Bond (Bond ng Pangkalahatang Obligasyon, utang ng gobyerno):** Ang pangako na ibinibigay ng entidad ng gobyerno na babayaran ang inutang na pera, kasama na ang interes nito, sa pagdaan ng panahon, pagdating ng tiyak na petsa. Binabayaran ng entidad ng gobyerno ang inutang na pera, kasama ang interes nito, sa pamamagitan ng amilyar o buwis sa ari-arian, at kung kinakailangan, maaari nitong taasan ang amilyar upang mabayaran ang bond. (Mga Proposisyon A, B)

**General Plan (Pangkalahatang Plano):** Ang Pangkalahatang Plano ay malawak ang nasasakupan at espesipiko ang katangian, at layunin nitong gabayan ang bisyon ng komunidad para sa kinabukasan ng San Francisco. Pinagtitibay ito ng Planning Commission (Komisyon sa Pagpaplano) at inaaprubahan ng Lupon ng mga Superbisor. Ipinatutupad ang Plano sa pamamagitan ng mga pagpapasya na nagbibigay ng direksiyon ukol sa paglalaan ng mga pampublikong rekurso at na humuhubog sa pribadong development. (Proposisyon K)

**Gross Receipts (Kabuuang Kita):** Ang kabuuang halaga ng pera na natatanggap ng negosyo, para sa mga produkto at serbisyo nito. (Mga Proposisyon L, M)

**Gross Receipts Tax (Buwis sa Kabuuang Kita):** Buwis na sa pangkalahatan ay nakabatay sa total na kabuuang kita na natatanggap ng negosyo sa San Francisco. (Mga Proposisyon L, M)

 38-FI-N24-CP70

**Unang Palapag:** Ang palapag na nasa lebel ng kalye sa gusali. (Proposisyon O)

**Homelessness Gross Receipts Tax (Buwis sa Kabuuang Kita na para sa Kawalan ng Tahanan):** Buwis na sa pangkalahatan ay ipinapataw sa mga negosyo na mahigit sa $50 milyon ang kabuuang kita sa San Francisco. Pinopondohan ng mga kita mula sa buwis na ito ang mga serbisyo para sa mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan. Sa ilalim ng Proposisyon M, ipapataw ang buwis na ito sa mga aktibidad sa pagnenegosyo na mahigit sa $25 milyon ang kabuuang kita sa San Francisco. (Proposisyon M)

**Inisyatiba:** Ang proposisyon na inilalagay sa balota ng mga botante. Maaaring maglagay ang sinumang botante ng inisyatiba sa balota sa pamamagitan ng pangangalap ng kinakailangang bilang ng mga lagda ng rehistradong botante sa petisyon. (pangkalahatan)

**Limited Services Pregnancy Centers (Mga Sentro para sa Pagbubuntis na Limitado ang mga Serbisyo):** Pasilidad na ang pangunahing layunin ay magkaloob ng mga serbisyo sa buntis o maaaring buntis na mga indibidwal pero hindi ito direktang nagkakaloob ng pagpapalaglag o ng pang-emergency na kontrasepsiyon sa mga kliyente nito, o nagbibigay ng mga rekomendasyon para sa gayong mga serbisyo. (Proposisyon O)

**Ordinansa:** Lokal na batas na ipinasa ng Lupon ng mga Superbisor o ng mga botante. (pangkalahatan)

**Pensiyon:** Pinansiyal na mga benepisyo na binabayaran sa pagreretiro batay sa edad, mga taon ng pagseserbisyo, at pinal na suweldo ng empleyado. (Mga Poposisyon F, H, I)

**Polisiya:** Pangkalahatang plano na mataas ang antas at sumasakop sa pangkalahatang mga tunguhin at katanggap-tanggap na mga patakaran lalo na iyong sa ahensiya ng gobyerno. (Mga Proposisyon D, E)

**Per Diem (Kada Araw ang Bayad) na Nars:** Rehistradong nars na ineempleyo ng Lungsod nang paminsan-minsan o sa pansamantalang sitwasyon upang makapagbigay ng karagdagang mga kawani sa pangangalaga kung kinakailangan, dahil sa pagliban sa trabaho, bakanteng mga posisyon, pagliban nang dahil sa sakit, o iba pang sitwasyon. (Proposisyon I)

**Mga Pribadong De-motor na mga Sasakyan:** Anumang sasakyan na pinatatakbo ng makina, tulad ng kotse, van, trak, o motorsiklo, maliban na lamang sa mga sasakyang pinatatakbo para sa mga layunin ng gobyerno. (Proposisyon K)

**Property Tax (Amilyar):** Ang buwis batay sa pagtatasa ng Lungsod sa mga gusali at lupa. (Mga Proposisyon A, B, J)

**Proposisyon:** Anumang panukalang-batas na isinumite sa mga botante para sa kanilang pag-apruba o hindi pag-apruba. (pangkalahatan)

**Probisyonal na Balota:** Ang balotang inihuhulog sa lugar ng botohan na hindi bibilangin hanggang sa mapatotohanan ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ang pagiging kuwalipikado ng botante na ihulog ang balotang iyon. (pangkalahatan)

**Pampublikong Integridad:** Ang paggamit ng gobyerno ng mga rekurso at kapangyarihan sa paraang may prinsipyo, tapat, at epektibo para sa kapakanan ng publiko. (Proposisyon C)

**Kuwalipikadong Kandidatong Isinusulat-lamang ang Pangalan:** Ang indibidwal na nakompleto na ang kinakailangang papeles at lagda upang maisama bilang kandidatong isinusulat-lamang ang pangalan. Bagamat hindi nakalagay sa balota ang pangalan ng indibidwal na ito, maaaring iboto ng mga botante ang indibidwal na ito sa pamamagitan ng pagsulat sa pangalan ng indibidwal sa espasyo sa balota na ipinagkakaloob para sa mga botong isinusulat-lamang ang pangalan at ng pagsunod sa mga sumusunod na instruksiyon para sa balota. Binibilang lamang ng Departamento ng mga Eleksyon ang mga botong isinusulat-lamang ang pangalan para sa mga kuwalipikadong kandidatong isinusulat-lamang ang pangalan. (pangkalahatan)

**Mga Klinikang para sa Reproduktibong Kalusugan:** Klinikang lisensiyado sa ilalim ng batas ng Estado na pangunahing may espesyalisasyon sa mga serbisyo para sa reproduktibong kalusugan at na direktang nagkakaloob sa mga pasyente ng pagpapalaglag o ng pang-emergency na kontrasepsiyon. (Proposisyon O)

**Pinananatiling mga Komisyon:** Ayon sa paggamit sa Proposisyon D, tinutukoy ng pariralang ito ang Airport Commission (Komisyon para sa Paliparan); Asian Art Commission (Komisyon sa Asyanong Sining); Board of Appeals (Lupon para sa mga Apela); Civil Service Commission (Komisyon ng Serbisyo Sibil); Disability and Aging Services Commission (Komisyon para sa mga Serbisyo para sa Kapansanan at sa Pagtanda); Elections Commission (Komisyon sa mga Eleksyon); Elections Task Force o Espesyal na Pangkat para sa mga Eleksyon (Redistricting Task Force o Espesyal na Pangkat para sa Muling Pag-aayos ng mga Distrito); Ethics Commission (Komisyon para sa Pagkakaroon ng Prinsipyo); Fine Arts Museums Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala ng Museo ng Fine Arts); Fire Commission (Komisyon para sa Pamamahala ng Sunog); Health Services Board (Lupon para sa mga Serbisyo sa Kalusugan); Municipal Transportation Agency Board of Directors (Lupon ng mga Direktor ng Ahensiya para sa Munisipal na Transportasyon); Planning Commission (Komisyon sa Pagpaplano); Police Commission (Komisyon ng Pulisya); Port Commission (Komisyon para sa mga Daungan); Public Utilities Commission (Komisyon para sa Pampublikong mga Serbisyo); Recreation and Park Commission (Komisyon para sa Paglilibang at mga Parke); Retiree Health Care Trust Fund Board (Lupon para sa Itinatabing Pera na Nakalaan sa Pangangalaga ng Kalusugan ng mga Retirado); Refuse Rate Board (Lupon para sa Pagtatakda ng Singil para sa Pagtatapon ng Basura); Residential Rent Stabilization and Arbitration Board (Lupon para sa Limitadong Pagtataas ng Upa at Pamamagitan sa mga Residensiyal na Gusali); Retirement Board (Lupon para sa Pagreretiro); at War Memorial Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala para sa War Memorial). (Proposisyon D)

**San Francisco Employee Retirement System (Sistema ng Pagreretiro ng mga Empleyado ng San Francisco, SFERS):** Pinatatakbo ng Lungsod na sistemang nagkakaloob ng mga benepisyo ng pensiyon sa karamihan sa mga empleyado ng Lungsod. Nagkakaloob din ang SFERS ng mga benepisyo sa pensiyon sa ilang empleyado ng Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan), Community College District (Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad), at Superior Court (Korte Superyor). (Mga Proposisyon F, H, I)

**Search Warrant (Utos ng Hukuman upang Makapagsiyasat):** Nakasulat na utos mula sa hukom na nagbibigay ng awtorisasyon na magsiyasat sa espesipikong lugar at mabilisan at sapilitang kumuha ng ebidensiya. (Proposisyon C)

**Seismic Retrofitting (Mga Pagbabago para Maging Ligtas sa Lindol):** Pagpapahusay o paggawa ng mga renobasyon sa istruktura upang maprotektahan ito mula sa posibleng maging pinsala dahil sa lindol. (Mga Proposisyon A, B)

**Social/Emotional Wellness (Kagalingan sa Pakikisalamuha/ Pamamahala sa mga Emosyon):** Ang kalusugan at kagalingan ng mga estudyante na may kaugnayan sa kanilang pagkakaroon ng mga koneksiyon sa lipunan, kalusugan sa isip, at iba pang sagabal sa pag-aaral. (Proposisyon J)

**Proyekto para sa Kaligtasan sa mga Kalye:** Proyekto upang mapaghusay ang kaligtasan ng mga naglalakad, nagbibisikleta, o ng trapiko. Maaaring kasama rito ang pagpapahusay sa mga signal ng trapiko, paggawa at muling pagdidisenyo ng mga kalye at bangketa, at iba pang proyektong imprastruktura o para sa mga kagamitan. (Proposisyon B)


**Subpoena (Utos ng Pagpapaharap sa Hukuman):** Kautusan upang maghatid ng mga dokumento o magkaloob ng sinumpaang testimonya sa administratibong ahensiya o hukuman. (Proposisyon C)

**Sworn Officer (Pulis na Nakapanumpa nang Susuportahan ang Konstitusyon):** Empleyado ng ahensiyang tagapagpatupad ng batas, tulad ng Departamento ng Pulisya o Sheriff, na tunay na awtorisado sa ilalim ng batas ng estado bilang opisyal para sa pagpapatupad ng batas at awtorisadong magdala ng baril, may kapangyarihang gumawa ng mga pag-aresto, at may dalang tsapa ng tagapagpatupad ng batas. (Proposisyon F)

**Imprastruktura para sa Teknolohiya:** Ang hardware, mga kable ng network, at katulad na mga kagamitan na kinakailangan upang mapatakbo ang mga sistema para sa mga koneksiyon ng gusali at ng network. (Proposisyon J)

**Kompanya na nasa ugnayan o network para sa transportasyon:** Kompanya na gumagamit ng online na aplikasyon o katulad na plataporma upang makonekta ang nagbabayad na mga kostumer sa mga drayber na nagkakaloob ng transportasyon gamit ang personal na sasakyan. (Proposisyon L)

**Upper Great Highway:** Ang 2 milya na seksiyon ng Great Highway na nasa pagitan ng Lincoln Way at Sloat Boulevard at nakalarawan sa mapa sa ibaba. Isa itong pampublikong daan na may apat na lane at tumatakbo sa kahabaan ng Ocean Beach. (Proposisyon K)




*Mapa na ipinagkaloob ng San Francisco Recreation and Parks Department (Departamento para sa Paglilibang at mga Parke ng San Francisco).*

**Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na Balota:** Mga balotang ipinadadala sa koreo sa botante o ibinibigay nang personal sa botante sa Departamento ng mga Eleksyon. Maaaring ipadala sa pamamagitan ng koreo ang mga pagboto sa pamamagitan ng koreo na balota sa Departamento ng mga Eleksyon, isumite bago o sa Araw ng Eleksyon sa opisina ng Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall o sa City Hall Voting Center (Sentro ng Botohan sa City Hall), o isumite ito sa Araw ng Eleksyon sa anumang lugar ng botohan sa California. Kilala rin ito bilang balotang absentee. (pangkalahatan)

# Pangkalahatang Buod ng Utang ng San Francisco

## Ano ang Bond Financing (Pamumuhunan sa Pamamagitan ng mga Bond)?

Ang bond financing ay isang uri ng pangmatagalang-panahon na pangungutang na ginagamit para makalikom ng pera para sa mga capital project (mga proyektong pangmatagalan na nakatuon sa mga ari-arian) tulad ng mga estasyon ng mga bumbero at pulis, programa ng abot-kayang pabahay, ospital, aklatan, parke, at iba pang pasilidad ng lungsod. Tumatanggap ng pera ang Lungsod sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bond sa mga investor o namumuhunan. At sa paglipas ng panahon, binabayaran ng Lungsod ang mga investor ng orihinal na halaga na hiniram kasama ang tubo. Dahil nagpapahusay ang mga capital project sa publiko na tatagal na maraming taon, pinahihintulutan ng bond financing ang Lungsod at mga nagbabayad ng buwis na mabayaran ang benepisyo na iyon sa kapaki-pakinabang na buhay ng kapital na pagpapahusay, sa halip na kinakailangan bayaran nang isang bagsakan ang malalaking dolyar na gastos.

### Mga Uri ng Bond

Mayroong dalawang pangunahing uri ng bond – General Obligation at Revenue.

### General Obligation Bond (Bond para sa Pangkalahatang Obligasyon)

General Obligation Bond (Bond para sa Pangkalahatang Obligasyon) na inilabas ng Lungsod ay dapat aprubahan ng mga botante. Naglalabas ang Lungsod ng mga general obligation bond bilang pambayad sa mga proyektong nakabubuti sa mga mamamayan ng Lungsod. Kapag naaprubahan at napagbili ang mga general obligation bond, mga buwis sa ari-arian ang ipinambabayad sa mga ito.

### Revenue Bond (Bond na Kumikita)

Revenue Bond (Bond na Kumikita) ay ginagamit na pambayad sa mga capital project tulad ng mahahalagang pagpapahusay sa isang paliparan, sistema ng patubig, garahe o iba pang malalaking pasilidad na kumikita na maaaring mapangako sa pagbayad ng serbisyo ng utang. Kapag naaprubahan at naipagbili ang mga revenue bond, ang mga ipinambabayad sa mga ito ay karaniwang mula sa mga kinita ng mga proyektong pinamuhunan ng bond (hal. mga singil sa paggamit o singil sa paradahan). Ayon sa Tsarter ng Lungsod, dapat aprubahan ang mga revenue bond ng Lungsod ng boto ng mayorya, at napapasailalim sa ilang pagbubukod. Halimbawa, ng mga revenue bond na inilabas upang matustusan ang mga pamumuhunang proyekto ng MTA, SFPUC, Daungan o Paliparan na tanging natutubusan lamang ng mga kita ng bawat departamento, at hindi napapasailalim sa pag-apruba ng botante.

## Magkano ang Nagagasta sa Pag-utang?

Nakabatay ang gastos ng Lungsod sa pag-utang ng pera sa kabuuang halagang inutang, halaga ng tubo sa utang, at bilang ng mga taon kung kailan mababayaran ang utang. Karaniwang binabayaran ang mga utang ng Lungsod sa loob ng 20 hanggang 30 taon. Ipagpalagay nang ang karaniwang halaga ng tubo ay 6%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa loob ng 20 taon ay humigit-kumulang na $1.74 para sa bawat dolyar na inutang — $1 para sa halagang inutang at 74 sentimos para sa tubo. Gayon pa man, unti-unti ang pagbabayad nito sa loob ng 20 taon. Kung gayon, pinabababa ng inflation ang tunay na gastos ng pangungutang dahil mas murang dolyar ang gagamiting pambayad sa hinaharap. Ipagpalagay nang ang taunang halaga ng inflation ay 4%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa dolyar ngayon ay humigit-kumulang na $1.18 para sa bawat $1 na inutang.

## Ang Kasalukuyang Sitwasyon ng Pagkakautang ng Lungsod

### Mga Bayad sa Utang

Sa piskal na taong 2023–2024, magbabayad ang mga nagbabayad ng buwis sa mga ari-arian sa Lungsod ng humigit-kumulang na $646 na milyon upang bayaran ang prinsipal at tubo sa mga natitirang general obligation bonds (utang na bond para sa pangkalahatang obligasyon) ng Lungsod at ng iba pang mga naglalabas ng general obligation bond debt—ang mga ito ang Bay Area Rapid Transit District (BART), San Francisco Community College District (SFCCD), at ang San Francisco Unified School District (SFUSD). Ang netong halaga ng buwis sa ari-arian para sa taon upang makasunod sa mga itinatakda para sa utang ay 17.77 sentimo kada $100 ng natasang halaga, o tinatayang $1,231 sa bahay na natasang $700,000, na sumasalamin sa eksempsiyong $7,000 ng may-ari ng bahay.

### Legal na Limitasyon sa Pag-utang

Ipinag-uutos ng Tsarter ng Lungsod na magkaroon ng limitasyon sa halaga ng mga general obligation bond na hindi pa nababayaran ng Lungsod sa anumang takdang panahon. Ang limitasyong ito ay 3% ng *natasang halaga* ng nabubuwisang ari-arian sa Lungsod — o sa kasalukuyan, humigit-kumulang na

$10.6 bilyon—at ang mga botante ang nagbibigay sa Lungsod ng *awtorisasyon* na maglabas ng mga bond. Itinuturing ang mga bond na nailabas na at hindi pa nababayaran na *hindi pa bayad*. Noong Hunyo 30, 2024, mayroong $2.2 bilyon na hindi pa bayad na mga general obligation bond, na katumbas ng 0.6% ng natasang halaga ng mga nabubuwisang ari-arian ng Lungsod para sa piskal na taon ng 2024–25. Mayroon pang karagdagang $1.6 bilyon na mga bond na nabigyan na ng *awtorisasyon ngunit hindi pa inilalabas.* Kung inilabas ang mga bond na ito at hindi pa nababayaran, ang pasaning kabuuang halaga ng utang ay 1.1% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian.

Hindi nakadaragdag sa halaga ng pasaning utang ng Lungsod ang mga bond na inilabas ng BART, SFCCD, at SFUSD bilang layon sa mga limitasyong itinatakda ng Tsarter. Gayunpaman, ang mga bond na ito ay binabayaran mula sa parehong batayan ng buwis sa ari-arian tulad ng mga general obligation bond ng Lungsod. Bahagi ng kasalukuyang patakaran ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili sa halaga ng buwis sa ari-arian mula sa mga general obligation bond ng Lungsod, na mas mababa sa halaga nito noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang iniuurong na sa sirkulasyon ang mga luma, at tumataas ang batayang buwis, bagamat posibleng magbago-bago ang pangkalahatang halaga ng buwis sa ari-arian batay sa iba pang factors o salik. Ipinatutupad ang polisiyang ito sa mga bond ng Lungsod at ng County pero hindi sa iba pang gobyerno, tulad ng BART, SFCCD, at SFUSD.

### Matipid na Pamamahala ng Utang

Kahit na alinsunod sa legal na limitasyon para sa mga utang ang ginawang pagpapalabas ng Lungsod sa mga general obligation bond, mayroon pang ibang paghahambing sa utang na ginagamit ang bond rating agencies (mga ahensiyang nag-uuri ng bond) kapag tinitingnan nila ang kalusugan sa pinansiya ng Lungsod. Halimbawa, inilalarawan ng Standard & Poor's (S&P) ang "overall net debt ratio (pangkalahatang proporsyon ng netong utang)" sa pagkalkula sa kabuuan ng direct debt (kabuuang halaga ng mga general obligation bond) at ng overlapping debt (magkapatong na utang)—utang na binigay ng ibang lokal na ahensiya na namumuhunan sa pinagkukunan ng buwis ng Lungsod—bilang porsiyento ng natasang ng Lungsod. Isinasaad ng S&P na ang proporsiyon na higit sa 10% ay magkakaroon ng negatibong epekto sa bond rating ng lungsod at ang score na mas mababa sa 3% ay magkakaroon ng positibong epekto sa bond rating ng lungsod. Mula noong Spring (Tagsibol) 2024, ang overall net debt ratio ng Lungsod ay humigit-kumulang sa 2.5%. **Bagamat nakapaloob ang ratio na ito sa mga katulad na pamantayan, kailangang patuloy na magtakda ang Lungsod ng mga prayoridad para sa paglalabas ng mga utang sa hinaharap, at nang patuloy na mapanatili ang magagandang credit rating, na pananda ng mabuting kalusugan sa pananalapi.**

## Pangangasiwa ng Mamamayan sa mga General Obligation Bond

Kailangang aprubahan ng mga botante ang layunin at ang halaga ng perang uutangin sa pamamagitan ng mga bond. Ang perang galing sa bond ay maaaring gastusin para sa mga layunin lamang na inaprubahan ng mga botante.

Para sa mga general obligation bond na ipinalalabas ng Lungsod at County ng San Francisco, sinusuri at iniuulat ng Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng General Obligation Bond) kung paano ginagasta ang perang galing sa bond. Ang siyam na miyembro ng Komite ay hinihirang ng Mayor, Lupon ng mga Superbisor, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at Civil Grand Jury (Pinakamataas na Hukumang Sibil). Kapag natuklasan ng Komite na ginasta ang perang galing sa bond para sa mga layuning hindi pinagtibay ng mga botante, maaaring mag-utos ang Komite ng aksiyon ng pagwawasto at ipagbawal ang pagbebenta ng anumang awtorisado ngunit hindi pa ipinalalabas na mga bond, hanggang sa maisagawa ang natukoy na aksiyon. Maaaring ipawalang-bisa ng Lupon ng mga Superbisor ang mga desisyon ng komite sa pamamagitan ng two-thirds na boto. Maaaring i-audit ng Controller ang anumang pinagkagastusan ng Lungsod ng perang galing sa bond.

Inihanda ni *Greg Wagner*, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya)

# A – Bond (utang ng gobyerno) para sa Pagpapahusay sa mga Paaralan at sa Kaligtasan

**Upang mapaghusay ang kaligtasan mula sa lindol at ang pagkakaroon ng mas maraming pamamaraan sa pagpasok sa pampublikong mga paaralan ng San Francisco; magkaloob ng maaasahang internet sa mga klasrum; mapalitan ang nasira na dahil sa kalumaan na sistema ng mga tubo, koryente, at bentilasyon; mapaghusay ang mga serbisyo sa nutrisyon; at magkaroon ng bagong mga katangian para sa seguridad; dapat bang pagtibayin ang panukalang-batas ng San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) na nagbibigay ng awtorisasyon sa $790,000,000 na nasa bonds batay sa legal na mga halaga ng buwis na humigit-kumulang $12.95 kada $100,000 na natasang halaga, kung kaya't makakakalap ng humigit-kumulang $56,400,000 taon-taon habang hindi pa nababayaran ang bonds, at nang may independiyenteng pangangasiwa at pagpapanatiling lokal sa lahat ng pondo?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 55% botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Pinatatakbo ng San Francisco Unified School District (School District o Distritong Pampaaralan) ang sistema ng pampublikong mga paaralan ng San Francisco at pinagkakalooban ng edukasyon ang mahigit sa 49,500 estudyante mula pre-kindergarten hanggang ika-12 grado. Itinatayo, kinukumpuni, at pinananatili sa maayos na kondisyon ng Distritong Pampaaralan ang mga pasilidad nito, nang pangunahing ginagamit ang mga pondo mula sa naaprubahan na ng mga botante na panukalang-batas ukol sa bonds, pati na rin ang lokal na mga parcel tax (buwis sa parsela o buwis na nakabatay sa mga katangian ng ari-arian at hindi sa natasang halaga nito) at singil ng developer.

Upang makapaglabas ng mga general obligation bond (utang ng gobyerno na pangkalahatang obligasyon), kailangang bigyan ng Distritong Pampaaralan ang mga botante ng listahan ng mga proyekto kung saan gagamitin ang mga pondo.

Sa ilalim ng batas ng Estado, hindi maaaring gamitin ng mga distritong pampaaralan ang mga pondo mula sa bond para sa suweldo ng mga guro at administrador o sa mga gastos sa operasyon.

Inaprubahan ng mga botante ang pinakahuling bond para sa mga paaralan noong 2016. Ginagamit ang kita mula sa amilyar o property tax upang mabayaran ang principal (halagang inutang) at interes sa mga general obligation bond.

**Ang Mungkahi:** Bibigyan ng awtorisasyon ng Proposisyon A ang Distritong Pampaaralan na umutang ng hanggang sa $790 milyon sa pamamagitan ng paglalabas ng mga general obligation bond.

Maaaring gamitin ng Distritong Pampaaralan ang pondo mula sa bonds na ito upang mapaghusay, makumpuni, at mapanibago upang mapabuti ang alinman sa mga paaralan upang:

- matugunan ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan sa pamamagitan ng seismic upgrades (mga pagbabago para higit na maging ligtas sa lindol), pagkakaroon ng higit na pamamaraan sa paggamit ng mga indibidwal na may kapansanan, maayos ang nasirang mga gusali, at matanggal ang mapanganib na mga materyales;
- makumpuni at mapalitan ang pangunahing mga sistema ng gusali, kasama na ang mga sistema para sa koryente, pagpapainit, tubig, alkantarilya, pag-iilaw, seguridad at fire sprinkler (tagahasik ng tubig sa panahon ng sunog);
- mabago ang loob ng mga gusali, tulad ng mga silid-aralan at labas ng mga gusali, tulad ng playground o palaruan, mga bakod at tarangkahan, mga larangan para sa isports at bleachers (upuan para sa mga nanonood), at landscaping (pagkakaayos ng bakuran kasama na ang mga puno at halaman);
- makapagdagdag o makapagpalawak sa naririyan nang mga silid-aralan o gusali ng paaralan, kasama na ang portable o nalilipat-lipat na mga silid-aralan, at mga pasilidad para sa transisyonal na kindergarten;
- mapaghusay ang imprastruktura para sa seguridad at teknolohiya;
- makapagtayo o magawan ng renobasyon ang nagagamit ng lahat na administratibo o atletikong mga lugar, tulad ng mga kusina, pasilidad para sa nutrisyon ng estudyante, teatro, auditorium, gymnasium, locker room, opisina, pasilidad at imprastruktura para sa transportasyon, warehouse o imbakang gusali, at mga pasilidad para sa mga gusali at lupang nasasakupan;

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

- makapagtayo ng bagong sentral na food hub (pasilidad para sa pagkuha, pag-iimbak, pagpoproseso, at pamamahagi ng pagkain);
- mapalitan ang pansamantalang mga pasilidad na ginagamit bilang silid-aralan tungo sa pagkakaroon ng permanenteng mga istruktura;
- makapagsagawa ng kinakailangang trabaho upang makasunod sa naaangkop na mga kodigo o regulasyon.

Itatakda sa Distritong Pampaaralan na lumikha ng independiyenteng citizens' oversight committee (komite ng mga mamamayang tagapangasiwa) upang marebyu at maiulat ang paggamit ng mga pondong ito mula sa bond.

Maaaring itakda ng Proposisyon A ang pagtataas sa amilyar upang mabayaran ang principal at interes sa mga bond. Nangangailangan ang panukalang-batas na ito ng pag-apruba ng 55% ng mga boto.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong maglabas ang Distritong Pampaaralan ng hanggang sa $790 milyon na mga general obligation bond upang mapaghusay, makumpuni, at mapanibago upang mapabuti ang mga paaralan ng Distritong Pampaaralan, at makapagpatayo ng bagong mga pasilidad.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong maglabas ang Distritong Pampaaralan ng mga bond na ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "A"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon A:

Sakaling mabigyan ng awtorisasyon at maibenta ang mungkahing $790 milyon na mga bond sa ilalim ng kasalukuyang mga ipinapalagay, ang magiging humigit-kumulang na gastos ay ang mga sumusunod:

a) Sa Fiscal Year (taon ayon sa pagpaplano para sa badyet) (FY) 2025–2026, matapos ang paglalabas ng unang serye ng mga bond, ang pinakamagandang pagtataya ng buwis na kinakailangan upang mapondohan ang paglalabas ng bond ay magreresulta sa halaga ng amilyar na $0.00904 kada $100 ($9.04 kada $100,000) ng natasang halaga ng ari-arian.

b) Sa FY 2030–2031, na siyang taon kung saan pinakamataas ang tinatayang halaga ng buwis matapos ang paglalabas ng huling serye ng mga bond, ang pinakamagandang pagtataya ng buwis na kinakailangan upang mapondohan ang paglalabas ng bond ay magreresulta sa halaga ng amilyar na $0.01870 kada $100 ($18.70 kada $100,000) ng natasang halaga ng ari-arian.

c) Ang pinakamaganda nang pagtataya ng karaniwang halaga ng buwis para sa mga bond na ito sa kabuuan ng inaasahang haba ng panahon para sa pagbabayad ng utang na bond mula FY 2025–2026 hanggang FY 2047–2048 ay $0.01295 kada $100 ($12.95 kada $100,000) ng natasang halaga ng ari-arian.

d) Batay sa mga pagtatayang ito, ang pinakamataas nang tinataya na taunang halaga ng amilyar para sa mga bond na ito na babayaran ng may-ari ng tahanang may natayang halaga na $700,000 ay humigit-kumulang $129.45.

Ang pinakamaganda nang pagtataya ng kabuuang pagbabayad sa utang, kasama na ang principal at interes, na kinakailangang bayaran kung mailalabas at mabebenta ang lahat ng iminumungkahing $790 milyon na bond, ay humigit-kumulang $1.298 bilyon.

Sa ilalim ng kasalukuyang batas, maaaring ipasa ng mga nagpapaupang may-ari sa mga umuupa ang bahagi ng halaga para sa bahagi ng gastos para sa pagbabayad ng general obligation bond. Pinagpapasyahan ang halaga ng anumang pinahihintulutang passthrough (ipinapasang bayarin) gamit ang petsa ng pagsisimula ng pag-upa, kasama ang iba pang salik o factors. Inilalathala ng Rent Board (Lupon para sa Pagpapaupa) ang impormasyon tungkol sa mga passthrough taon-taon.

Nakabatay lamang ang mga pagtatayang ito sa mga inaasahan, na walang obligasyon ang Lungsod na sundin. Posibleng mag-iba-iba ang mga inaasahan at pagtataya dahil sa panahon ng pagbebenta ng mga bond, bilang ng mga bond na natitinda sa bawat pagbebenta, at aktuwal na natayang halaga sa loob ng panahon ng pagbabayad sa mga bond. Dahil dito, posibleng iba sa nakataya sa itaas ang aktuwal na halaga ng buwis at ang mga taon kung saan ipatutupad ang mga halagang ito.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "A"

Noong Mayo 14, 2024, bumoto ang San Francisco Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ng 7 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon A sa balota. Bumoto ang mga miyembro ayon sa sumusunod:

**Oo:** Alexander, Boggess, Fisher, Lam, Motamedi, Sanchez, Weissman-Ward.

**Hindi:** Wala.

 38-FI-N24-CP76

## Argumento ng May-Panukala

ARGUMENTONG PABOR SA PROPOSISYON A

**Bumoto ng Oo sa Proposisyon A upang pondohan ang mahahalagang pagpapahusay sa mga silid-aralan, bakuran, at kusina ng mga pampublikong paaralan ng San Francisco nang hindi nagtataas ng buwis.**

Kailangan ng mga pampublikong paaralan ng San Francisco ng pagkumpuni at pagpapahusay upang matiyak ang ligtas at nakapanghihikayat na kapaligiran sa pag-aaral para sa ating mga bata at guro. Napakahalagang inisyatiba ng Proposisyon A na tumutugon sa maiigting na mga problemang ito nang hindi nagdaragdag ng pasanin sa mga nagbabayad ng buwis.

**Aayusin at paghuhusayin ng Proposisyon A ang mga silid-aralan ng mga pampublikong paaralan ng San Francisco.**

Sa kasalukuyan, matatagpuan ang marami sa ating mga silid-aralan sa mga gusaling naitayo mahigit 60 taon na ang nakararaan o nasa loob ng matatanda nang mga portable (nalilipat-lipat na istruktura) na kailangang mapaghusay upang matugunan ang mga modernong pamantayan sa kaligtasan. May mga sistema sa pagpapainit ang ilan sa mga silid-aralan na ito na hindi na mahusay na gumagana at nailagay nang walang mekanikal na bentilasyon at iba pang mahahalagang katangian, kung kaya't hindi komportable ang mga ito para sa mga guro at estudyante. Papalitan ng Proposisyon A ang nasisira nang mga portable ng napaghusay na mga silid-aralan, kung kaya't matitiyak na magkakaroon ang bawat bata ng ligtas at modernong espasyo para sa pag-aaral.

Maglalaan ang Proposisyon A ng mga pondo upang makagawa ng napakahahalagang seismic upgrades (mga pagbabago para higit na maging ligtas sa lindol), at sa gayon, maprotektahan ang ating mga paaralan at lahat ng nasa loob ng mga ito sa panahon ng emergency. Mapahihintulutan din nito ang pagkukumpuni sa mga banyo, mga sistema para sa mga tubo ng tubig, pag-iilaw, at koryente, kung kaya't matutugunan ang matagal nang problema sa pagpapanatili sa mga ito sa maayos na kondisyon, na nakaaapekto sa pang-araw-araw na operasyon ng mga paaralan.

**Mapaghuhusay ng Proposisyon A ang may kakulangang mga kusina at cafeteria at nang makapagbigay ang mga paaralan ng sariwa at mabuti sa kalusugan na pagkain.**

Halos dalawa sa tatlo (two-thirds) ng mga estudyante — o humigit-kumulang 30,000 bata sa lungsod ng San Francisco — ang umaasa sa distritong pampaaralan para sa malaking bahagi ng kanilang pang-araw-araw na nutrisyon. Mapaghuhusay ng proposisyon ang lumang mga kusina at cafeteria, at dahil dito, makapaghahandog ang mga paaralan ng mas sariwa at mas mabuti sa kalusugan na mga opsiyon sa pagkain, na makasusuporta sa pangkalahatang kalusugan at akademikong tagumpay ng ating mga estudyante.

**Matalinong pamumuhunan ang Proposisyon A na makapagpapanatili sa ating mga estudyante na ligtas nang hindi nagtataas ng buwis.**

*SF building const. trade council (konseho para sa pagtatayo ng mga gusali at pangangalakal sa SF)*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

Hindi matapat ang pahayag ng mga may-panukala sa **Proposisyon A** na hindi magtataas ng buwis ang panukalang-batas. (Ang ginagawa nito ay ang pagpigil sa mga halaga ng buwis na tinaasan na upang mabayaran *ang dating bonds*, mula sa *pagbaba ng mga ito matapos mabayaran ang investor (namuhunan) sa bonds na ito*.) Sadyang ginawa ng mga opisyal na ganito ang pamamaraan ng kanilang pag-utang, at nang sa gayon, sa tuwing maghaharap sila ng bagong panukalang-batas, ***maipapahayag*** nilang hindi ito pagtataas ng buwis!

Gayon pa man, kung mayroon kayong ari-arian sa San Francisco, **ang katotohanan nito ay magbabayad kayo ng mas matataas na buwis para sa ari-arian kung maipapasa ang panukalang-batas na ito kaysa sa babayaran ninyo kung hindi ito maipapasa**. Para sa mga may-ari ng tahanan, nangangahulugan ito ng pagbabayad ng mahigit $100 kada taon na mas mataas mula ngayon hanggang 2048.

At **kung umuupa kayo, maaaring makita ninyong ipinapasa ang mga gastos na ito sa inyo sa anyo ng mas matataas na upa.**

Inaanyayahan namin kayo na isaalang-alang ang mga tanong na iniharap namin sa pinaka-unang argumento laban sa Prop. A:

- **Bakit hindi sila makakuha ng pera sa pamamagitan ng pagtatapyas sa suweldo ng mga administrador na tumatanggap ng labis-labis na bayad,** tulad ng superintendente ng distrito na ang suweldo ay $300,000 sa isang taon, sa halip na buwisan ang publiko?
- **Bakit nakatatamo ang iba pang distrito** (at ang independiyenteng mga paaralan ng San Francisco), **ng kasinghusay o mas mahusay pang kinahihinatnan sa edukasyon nang lubhang mas mababa ang gastos** kaysa sa **mahigit $26,000** kada estudyante na ginagasta ng SFUSD taon-taon?

Hindi pa namin nababasa ang kanilang kontra-argumento — hindi namin makikita ito hanggang sa maisumite ang sa amin — pero halos magagarantiya na natin na **hindi nila sasagutin ang mga tanong na ito.** *"Ignore the waste, pony up suckers! (Huwag pansinin ang paglustay, magbayad kayo mga uto-uto!)"*

Huwag palinlang. **Bumoto ng HINDI.**

*Libertarian Party of San Francisco (Partido Libertaryan ng San Francisco)*
LPSF.org

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

## Argumento ng Katunggali

Maraming lohikal na dahilan upang tutulan ang bond na ito para sa mga paaralan. Sa kasamaang palad, bumoboto ang karamihan sa mga mamamayan sa mga panukalang-batas na ito gamit ang kanilang *damdamin*, dahil tinutugunan nila ang pagsamo na "para ito sa mga bata." Gayon pa man, kung binabasa ninyo ito, *hindi kayo kasama sa karamihan sa mga mamamayang ito*. Nakalulungkot na kakaunting botante ang gumagawa ng totohanang pananaliksik bago bumoto!

Talaga namang mahirap gumawa ng may impormasyong pasya ukol sa **mahabang listahan ng mga proyekto kung saan kakaunti ang ibinibigay na detalye**. Nangangako ang Proposisyon A na popondohan ang lahat mula sa pagkukumpuni ng mga gusali hanggang sa muling pagdidisenyo ng loob ng gusali, hanggang sa sentral na food hub (pasilidad para sa pagkuha, pag-iimbak, pagpoproseso, at pamamahagi ng pagkain). *Bakit hindi ito paghati-hatiin tungo sa dalawa o higit pang mas maliliit na panukalang-batas at hayaan tayong bumoto sa indibidwal na mga proyekto nang pataas o pababa?* Karaniwan nang ginagawa ito sa mga distritong tulad ng distrito sa Texas na tinirhan ng awtor ng argumentong ito bago siya pumunta sa San Francisco at bago niya ginawa ang walang katiyakang desisyon na i-enroll ang dalawa niyang anak sa mga paaralan ng gobyerno rito.

O mas mabuti pa, **pag-aralan kung paano responsableng makapamumuhay nang nasa badyet**, sa halip na umutang ng $790 milyon na may tinatayang halaga ng bayad (batay sa pagsusuri ng Controller o Tagapamahala ng Pinansiya) na **halos $1.3 bilyon** — na tamang-tama naman(?) na kapareho ang laki sa badyet ng SFUSD sa 2024, na iresponsableng mas malaki nang $148 milyon sa kita ng distrito.

**Dahil mas kaunti pa sa 50,000 bata ang naka-enroll ngayon, gumagasta sila ng mahigit sa $26,000 kada estudyante kada taon!**

Samantala, hinihiling sa inyong lunukin ang napakalaki at may talim na pildoras na nagkakahalaga ng $1.3 bilyon, kung kaya't tataas ang babayaran ninyong utang sa pamamagitan ng mga amilyar. Nakasasakit ang pagbabayad ng mga buwis taon-taon sa bagay na pagmamay-ari na ninyo, lalo na kung hindi man lamang ninyo angkin ang ari-arian pero nakikita ninyong tumaas ang inyong upa dahil kailangang mas malaki ang dapat bayaran ng nagpapaupa.

Bakit hindi **tapyasin ang mga suweldo ng superintendente ($310,000/taon)** at iba pang administrador na labis-labis ang bayad kapalit nito? **Paano nagawa ng iba pang distrito na gumasta ng higit na mas kaunti kada estudyante?** Kung hindi itatanong ang mahihirap na katanungang ito, asahan natin na patuloy tayong makakukuha ng maraming katulad na panukalang-batas na ito.

**Bumoto ng HINDI sa Prop. A!**

*Libertarian Party of San Francisco (Partido Libertaryan ng San Francisco)*
LPSF.org

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

**Tinitiyak ng Prop A na magkakaroon ang mga estudyante ng San Francisco ng ligtas at modernong mga silid-aralan na kinakailangan nila upang matuto at umunlad.**

Sumasang-ayon na tayong lahat na humaharap ang distritong pampaaralan ng malalaking pinansiyal na hamon na kailangang matugunan. Gayon pa man, sa kasalukuyan ay kailangan nating tiyakin na natutugunan natin ang batayang mga pangangailangan ng ating mga estudyante—ligtas na mga paaralan at mga pamamaraang magkaroon ng nutrisyon.

Ipinatatampok ng kasalukuyang pinansiyal na mga hamon ng ating mga paaralan ang pangangailangan na maalam na pagdirekta sa ating mga rekurso. **Ang Prop A ay matalinong pamumuhunan sa mga paaralan na kinakailangan natin, nang walang bagong mga buwis.**

Marami sa gusali ng ating mga paaralan ay napaglipasan na ng panahon, kung saan may ilang mahigit sa 60 taon na at may iba namang nasa loob ng pansamantalang mga portable na hindi nakatutugon sa modernong mga pamantayan sa kaligtasan. Lumilikha ang tumatanda nang mga istrukturang ito ng hindi komportableng mga kapaligiran sa pag-aaral, na may hindi na gumaganang mga sistema sa pagpapainit at hindi sapat na bentilasyon. Papalitan ng Prop A ang nasisira nang mga pasilidad na ito, kung kaya't matitiyak na makagagamit ang mga estudyante ng ligtas at napapanahong mga silid-aralan upang makapagtuon sa kanilang edukasyon. Lubusang babaguhin nito ang napaglipasan na ng panahon na mga kusina at cafeteria, kung kaya't matitiyak na makatatanggap ng sariwa at mabuti sa kalusugang pagkain ang libo-libong bata ng San Francisco na umaasa sa mga pagkain sa paaralan para sa kanilang nutrisyon.

**Ang Prop A ay solusyong nakatanaw sa hinaharap na tumutugon sa mahahalagang problema na kinakaharap ng ating mga paaralan ngayon nang hindi nagtataas ng buwis.**

Sa pamamagitan ng pagboto ng Oo sa Prop A, binibigyan natin ng prayoridad ang kaligtasan at tagumpay ng ating mga bata. Nagkakaloob ang panukalang-batas na ito ng pondo upang direktang pakinabangan ng ating paaralan, kung kaya't isa itong pagpapasya na may pinansiyal na responsibilidad na umiiwas sa bagong mga buwis. Iyan ang dahilan kung bakit sinusuportahan ito ng **mga guro, estudyante, magulang, at mga lider ng komunidad at halal na opisyal sa kabuuan ng San Francisco**. **Pakiboto ang Oo sa A!**

*Meredith Dodson, San Francisco Parent Coalition (Koalisyon ng mga Magulang ng San Francisco)*
*Cassondra Curiel, United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)*
*Connor Skelly, Dating Guro at Miyembro ng Mission YMCA Board (Lupon ng Mission YMCA)**
*Jose Fuentes, San Francisco Building and Construction Trades Council (Konseho para sa Pagtatayo ng mga Gusali at Pangangalakal sa San Francisco)*

**fixsfschools.com**

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

 38-FI-N24-CP78

# B – Bond para sa Pangkalusugan at Medikal na mga Pasilidad ng Komunidad, Kaligtasan sa Kalye, Pampublikong mga Espasyo, at Shelter o Matutuluyan upang Mabawasan ang Kawalan ng Tahanan

**BOND PARA SA MALUSOG, LIGTAS, AT MASIGLANG SAN FRANCISCO. Upang mapondohan ang pagkakaroon o pagpapahusay ng ari-arian, kasama na ang: pansamantalang mga shelter, partikular na para sa mga pamilya; mga pasilidad na naghahatid ng mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan, kasama na ang mga serbisyo para sa pag-iwas sa sakit at behavioral health (kalusugan sa pag-uugali), tulad ng Chinatown Public Health Center (Sentro para sa Pampublikong Kalusugan ng Chinatown); kritikal na mga pagkukumpuni, mga renobasyon, at pagpapahusay para sa kaligtasan mula sa lindol sa Zuckerberg San Francisco General Hospital and Trauma Center at sa Laguna Honda Hospital; at mga pagpapahusay para sa kaligtasan ng mga naglalakad at ng mga kalye, pagpapaganda sa pagkakaayos sa mga kalye, at iba pang pagpapahusay sa pampublikong mga espasyo; at upang mabayaran ang kaugnay na gastos; dapat bang maglabas ang Lungsod at County ng San Francisco ng $390,000,000 general obligation bonds na magtatagal nang hanggang sa 30 taon mula sa panahon ng paglalabas, may tinataya na panggitnang halaga ng buwis na $0.0069/$100 ng natayang halaga ng ari-arian, at may inaasahan na karaniwang taunan na kita na $31,000,000, at napapailalim sa independiyenteng pangangasiwa ng mga mamamayan at regular na pag-o-audit? Ang kasalukuyang polisiya ng Lungsod sa pamamahala ng utang ay ang pagpapanatili ng halaga ng amilyar o buwis sa ari-arian para sa mga general obligation bond ng Lungsod nang mas mababa kaysa sa halaga noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng bagong mga bond habang paparetiro na ang mas matatandang bond, at tumataas ang halaga ng pag-aaring nabubuwisan, bagamat posibleng mag-iba-iba ang pangkalahatang halaga ng amilyar batay sa iba pang dahilan.**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66⅔% botong oo para maipasa. Gayon pa man, mangangailangan ang panukalang-batas na ito ng 55% upang maipasa kung aaprubahan din ng mga botante ang Proposisyon 5 ng Estado.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Nagkakaloob at nagpapanatili ang Lungsod ng pampublikong mga pasilidad at imprastruktura.

Maaaring maglabas ang Lungsod ng aprubado ng botante na mga bond ng pangkalahatang obligasyon upang makatulong sa pagpopondo ng mga proyektong ito.

Nirerepaso ng Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga Bond ng Pangkalahatang Obligasyon) kung paano ginagasta ang mga kita mula sa bond.

**Ang Mungkahi:** Ang Proposisyon B ay panukalang-batas para sa bond na magpapahintulot sa Lungsod na umutang ng hanggang sa $390 milyon sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bond ng pangkalahatang obligasyon. Popondohan ng Lungsod ang:

- hanggang sa $99.1 milyon upang magkaroon o makapagpahusay ng mga sentro para sa kalusugan ng komunidad, kasama na ang hanggang sa $71.1 milyon upang makapagsagawa ng seismic retrofit (pagbabago sa mga istruktura para higit na maging ligtas sa lindol) at renobasyon sa Chinatown Public Health Center at hanggang sa $28 milyon upang mapalitan ang lugar ng City Clinic (Klinika ng Lungsod);
- hanggang sa $66 milyon upang makumpuni at magawan ng renobasyon ang Zuckerberg San Francisco General Hospital and Trauma Center (General Hospital o Pangkalahatang Ospital) at Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center;
- hanggang sa $40 milyon upang makagawa ng seismic retrofit sa General Hospital;
- hanggang sa $63.9 milyon para sa mga proyektong nauukol sa kaligtasan ng mga kalye at bangketa;
- hanggang sa $41 milyon upang mapaghusay at magawang moderno ang pampublikong mga espasyo sa downtown San Francisco;
- hanggang sa $25 milyon para sa Harvey Milk Plaza;
- hanggang sa $5 milyon para sa mga parke at sentro para sa paglilibang; at
- hanggang sa $50 milyon para sa mga shelter o pansamantalang mga lugar para sa pabahay upang mabawasan ang kawalan ng tahanan ng mga pamilya.

Itatakda ng Proposisyon B na repasuhin ng Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga Bond ng Pangkalahatang Obligasyon kung paano ginasta ang perang ito na mula sa bond.

Polisiya ng Lungsod na limitahan ang halaga ng pera na inuutang nito sa pamamagitan ng paglalabas lamang ng bagong mga bond kapag nabayaran na ang dating mga bond. Kung kinakailangan, pahihintulutan ang pagtataas ng halaga ng amilyar. Pahihintulutan ang mga nagpapaupa na ipasa sa umuupa ang hanggang sa 50% ng anumang magreresultang pagtaas ng amilyar.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong maglabas ang Lungsod ng hanggang sa $390 milyon ng mga bond ng pangkalahatang obligasyon upang pondohan ang mga proyektong may kaugnayan sa pangkalusugan at medikal na mga pasilidad para sa mga komunidad, kaligtasan sa kalye, pampublikong mga espasyo, at pansamantalang pabahay upang mabawasan ang kawalan ng tahanan ng mga pamilya.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong maglabas ang Lungsod ng mga bond na ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "B"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon B:

Sakaling mabigyan ng awtorisasyon at maibenta ang mungkahing $390 milyon na mga bond ng pangkalahatang obligasyon ("Mungkahing Bond na GO") sa ilalim ng kasalukuyang mga ipinapalagay, ang magiging humigit-kumulang na gastos ay ang mga sumusunod:

a) Sa Fiscal Year (taon ayon sa pagpaplano para sa badyet, FY) 2025–2026, matapos ang paglalabas ng unang serye ng mga bond, ang pinakamagandang pagtataya ng buwis na kinakailangan upang mapondohan ang paglalabas ng bond ay magreresulta sa halaga ng amilyar na $0.0040 kada $100 ($4.00 kada $100,000) ng natasang halaga ng ari-arian.

b) Sa FY 2029–2030, na siyang taon kung saan pinakamataas ang tinatayang halaga ng buwis matapos ang paglalabas ng huling serye ng mga bond, ang pinakamagandang pagtataya ng buwis na kinakailangan upang mapondohan ang paglalabas ng bond ay magreresulta sa halaga ng amilyar na $0.0101 kada $100 ($10.10 kada $100,000) ng natasang halaga ng ari-arian.

c) Ang pinakamaganda nang pagtataya ng kabuuang pagbabayad sa utang, kasama na ang principal (halagang inutang) at interes, na kinakailangang bayaran kung mailalabas at mabebenta ang lahat ng iminumungkahing $390 milyon na mga bond ng pangkalahatang obligasyon, ay humigit-kumulang $737 milyon.

d) Ang pinakamaganda nang pagtataya ng karaniwang halaga ng buwis para sa mga bond na ito sa kabuuan ng inaasahang haba ng panahon para sa pagbabayad ng utang na bond mula FY 2025–2026 hanggang FY 2046–2047 ay $0.0069 kada $100 ($6.90 kada $100,000) ng natasang halaga ng ari-arian.

e) Batay sa mga pagtatayang ito, ang pinakamataas nang tinataya na taunang halaga ng amilyar para sa mga bond na ito na babayaran ng may-ari ng tahanang may natayang halaga na $700,000 ay humigit-kumulang $70.00.

Nalilimitahan ng Tsarter ng Lungsod ang halaga ng mga bond ng pangkalahatang obligasyon ng Lungsod ("GO bonds ng Lungsod") na maaaring manatili sa anumang panahon na hanggang sa 3% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian sa Lungsod. Hindi ibinibilang ang mga bond na inilalabas ng San Francisco Community College District (Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng San Francisco), ng San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco), ng Bay Area Rapid Transit District (Distrito ng Mabilis na Pampublikong Transportasyon ng Bay Area, BART) o iba pang hindi entidad ng Lungsod para sa mga layunin ng limitasyon ng Tsarter ng Lungsod. Magmula noong Hunyo 30, 2024, nagkaroon ng $2.2 bilyon ng hindi pa nababayarang GO bonds ng Lungsod (na kumakatawan sa 0.6% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian sa Lungsod). Nananatiling awtorisado pero hindi pa nailalabas ang karagdagang $1.6 bilyon ng GO bonds ng Lungsod. Sakaling aprubahan ng mga botante ang Mungkahing GO Bond, ang kabuuang halaga ng (i) nananatili at (ii) awtorisado pero hindi pa nailalabas na GO bond ng Lungsod ay magiging $4.2 bilyon, o humigit-kumulang 1.2% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian sa Lungsod. Ipinagpapalagay ng kalkulasyon ang paglalabas ng lahat ng mga bond na awtorisado ng mga botante kasama na ang panukalang-batas ukol sa Mungkahing GO Bond.

Ang kasalukuyang hindi obligadong ipatupad na polisiya ng Lungsod sa pamamahala ng utang ay ang pagpapanatili ng halaga ng buwis mula sa mga bond ng pangkalahatang obligasyon na mas mababa kaysa sa halaga noong 2005–2006 sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang paparetiro na ang mas matatandang bond at tumataas ang halaga ng pag-aaring nabubuwisan, bagamat posibleng mag-iba-iba ang pangkalahatang halaga ng amilyar batay sa iba pang dahilan. Batay sa polisiyang ito, hindi inaasahan na ang ipinapataw na amilyar ng GO bond ng Lungsod para sa panukalang-batas, kung maaaprubahan ng mga botante, ay hahantong sa paglaki ng halaga ng amilyar para sa mga GO bond ng Lungsod nang mas mataas kaysa sa antas nito noong fiscal year 2006.

Sa ilalim ng kasalukuyang batas, maaaring ipasa ng mga nagpapaupang may-ari sa mga umuupa ang bahagi ng halaga para sa bahagi ng gastos para sa pagbabayad ng bond ng pangkalahatang obligasyon. Pinagpapasyahan ang halaga ng anumang pinahihintulutang passthrough (ipinapasang bayarin) gamit ang petsa ng pagsisimula ng pag-upa, kasama ang iba pang salik o factors. Inilalathala ng Rent Board (Lupon para sa Pagpapaupa) ang impormasyon tungkol sa mga passthrough taon-taon.

Nakabatay lamang ang mga pagtatayang ito sa mga inaasahan, na walang obligasyon ang Lungsod na sundin. Posibleng mag-iba-iba ang mga inaasahan at pagtataya dahil sa panahon ng pagbebenta ng mga bond, bilang ng mga bond na natitinda sa bawat pagbebenta, at aktuwal na natayang halaga sa loob ng panahon ng pagbabayad sa mga bond. Dahil dito, posibleng iba sa nakataya sa itaas ang aktuwal na halaga ng buwis at ang mga taon kung saan ipatutupad ang mga halagang ito.

Magkakaroon ang Lungsod ng maliit na gastos lamang na may kaugnayan sa oras ng mga kawaning mamamahala sa programa para sa Mungkahing GO Bond. Maaaring kuwalipikado ang ilang gastos sa kawani na nagagamit sa pangangapital (kung baga, gastos sa kawani na direktang may kaugnayan sa konstruksiyon o pagkakaroon ng underlying asset o tunay na pinansiyal na pag-aaral) ng Lungsod para sa pagbabalik ng nagasta sa pamamagitan ng kita mula sa bond at dahil dito, ay hindi magkakaroon ng mas mataas na gastos ang gobyerno ng Lungsod.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "B"

Noong Hulyo 23, 2024, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon B sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

**Oo:** Chan, Dorsey, Engardio, Mandelman, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

**Hindi:** Wala.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

## Argumento ng May-Panukala

**OO SA PROP B PARA SA MALUSOG, LIGTAS, AT MASIGLANG SAN FRANCISCO**

Humarap na ang San Francisco sa hindi pa nangyayari kailanman na mga hamon magmula noong pandemya at nakapagpakita na tayo ng kahanga-hangang katatagan. Naipakita na nitong nakaraang ilang taon ang kailangang-kailangan na pagbibigay-halaga sa pampublikong imprastruktura para sa kalusugan at kaligtasan na inaasahan ng lahat ng taga-San Francisco.

Gagawa ang Prop B, na $390 milyon na General Obligation Bond (Bond ng Pangkalahatang Obligasyon) ng kritikal na mga pamumuhunan upang makumpuni at mapaghusay ang ating pampublikong mga ospital at klinika, mabawasan ang kawalan ng tahanan ng mga pamilya at mapabuti ang ating mga daan, kaligtasan sa mga kalye, at pampublikong mga espasyo.

**HINDI magtataas ng amilyar o property tax ang Prop B. GAGAWA ang Prop B ng matatalino at kailangang-kailangan na mga pamumuhunan upang maprotektahan ang ating kalusugan at kaligtasan.**

**Magtatakda ang Prop B ng mahigpit na kabukasan sa pagsisiyasat at lubusang pagsisiwalat sa publiko ng lahat ng paggasta,** taunang independiyenteng pagrerepaso, pag-audit, at pag-uulat sa Citizens General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga Bond ng Pangkalahatang Obligasyon).

**Palalakasin ng Prop B ang Ating Pampublikong mga Ospital at Klinika:**

- Gagawa ito ng kailangang-kailangan na seismic (nauukol sa mga lindol) at pangkaligtasang mga pagpapahusay sa Zuckerberg San Francisco General Hospital, na natatanging Antas 1 na Trauma Center na naglilingkod sa San Francisco at sentro ng pagtugon sa sakuna ng lungsod sakaling magkaroon ng lindol o malaking krisis.
- Dodoblehin nito ang kapasidad ng Psychiatric Emergency Services (Mga Pang-emergency na Serbisyong Saykayatriko) ng Zuckerberg San Francisco General Hospital, kung kaya't higit na magkakaroon ng kailangang mga pamamaraan sa pagkuha ng pangangalaga sa kalusugan ng isip.
- Titiyakin nito ang pagkakaroon ng napakahahalagang pagkukumpuni sa imprastruktura at para sa kaligtasan mula sa lindol sa Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center, at nang maipagpatuloy ang mga operasyon ng ospital, matugunan ang mahihigpit na itinatakdang regulasyon ng estado at pederal na gobyerno sa paghahatid ng pangangalagang pinakamataas ang kalidad.
- Palalawakin nito ang kinakailangang kapasidad sa Chinatown Public Health Center (Sentro para sa Pampublikong Kalusugan ng Chinatown) at sa City Clinic (Klinika ng Lungsod).

**Magdaragdag ang Prop B ng mga Shelter at Pabahay para sa mga Pamilyang Walang Tahanan:**

- Magkakaloob ito ng mahigit 2,300 bagong yunit ng pabahay para sa mga pamilyang may anak, o sa buntis na indibidwal, nang may tunguhin na wakasan ang kawalan ng tahanan ng mga pamilya.
- Magkakaloob ito ng mahigit 330 na kailangang-kailangan na bagong yunit na shelter at transisyonal na pabahay.

**Paghuhusayin ng Prop B ang Kaligtasan sa mga Kalye at ng mga Naglalakad:**

- Magkakaloob ito ng pondo para sa mas ligtas na mga tawiran, bangketa, at muling pagsesemento sa mga daan.

Bumoto ng OO sa Prop B para sa malusog, ligtas, at masiglang San Francisco!

*Mayor London Breed*
*Presidente ng Board (Lupon) Aaron Peskin*
*Superbisor Connie Chan*
*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Joel Engardio*
*Superbisor Rafael Mandelman*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Dean Preston*
*Superbisor Hillary Ronen*
*Superbisor Ahsha Safaí*
*Superbisor Catherine Stefani*
*Superbisor Shamann Walton*

www.HealthyVibrantSF.com

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

Ang San Francisco, na lungsod na may mas kaunti sa 800 libong residente, ay may taunang badyet na mahigit sa $15 bilyong dolyar. Gumagasta tayo ng 40 porsiyentong mas mataas per capita (kada indibidwal) kaysa sa katulad na pinagsamang lungsod at county – kahit na matapos iayon ang ating mas mataas na gastos sa pamumuhay. Kapalit ng kanilang pagiging bukas-palad, nakakita na ang mga nagbabayad ng buwis ng dalawa o higit pang opisyal ng gobyerno na nasakdal na nang dahil sa korupsiyon, tuloy-tuloy na bumababang munisipal na serbisyo, at ang pagpuputong ng korona sa San Francisco, batay sa isang pagraranggo, bilang "lungsod na pinakamasama ang pagpapatakbo sa Amerika."

Napakahalagang gawain ng gobyerno ang pagtatayo at pagpapanatili sa maayos na kondisyon ng pampublikong imprastruktura, pero sinasalamin ng Proposisyon B ang parehong paraan na paulit-ulit nang bumigo sa atin: pagtatapon ng pera sa problema, nang halos walang tunay na pangangasiwa, at umasa na lamang tayo na ang mga espesyal na interes na mabilis na makikinabang ang siyang magbibigay ng solusyon. Ang pamamaraang ito ang siyang dahilan kung bakit kahit na may teknolohikal na pag-unlad na nagdudulot ng higit na kahusayan sa kabuuan ng halos lahat ng industriya sa pagdaan ng panahon, patuloy pa ring tumataas ang gastos sa pampublikong mga proyekto. Ito ang dahilan kung bakit mas marami pa ang empleyado ng gobyerno at kontratista ng San Francisco sa ngayon kaysa sa mayroon ito anim na taon na ang nakararaan, kahit na mas kaunti na ang mga residente nito. Hanggang sa maghatid ang mga botante ng malinaw na mensahe sa ating halal na mga opisyal na hindi natin aaprubahan ang bagong paggasta nang walang makabuluhang mga reporma sa pangangasiwa, patuloy tayong magiging lungsod na gumagasta ng $60 libo para sa tent, $20 libo para sa basurahan, at $1.7 milyon para sa kubeta. **Bumoto ng Hindi sa Proposisyon B.**

*The Briones Society (Organisayong Briones)*
www.brionessociety.org

## Argumento ng Katunggali

Mas malaki na ang ginagasta ng San Francisco para sa kawalan ng tahanan kaysa sa halos anumang iba pang lungsod sa bansa, pero patuloy na lumalala ang krisis sa ating mga kalye. Hinihiling ng bagong $390 milyon na bond na ito sa mga botante na magbuhos ng mas marami pang pera sa sistema na napatunayan nang hindi epektibo at mali ang pamamahala.

Sumasang-ayon kami na kailangang magtuon ng San Francisco sa mga shelter, pagbangon, at mga serbisyo para sa kalusugan ng isip. Gayon pa man, dapat baguhin ng Lungsod ang paglalaan ng naririyan nang mga rekurso sa halip na dagdagan ang pasanin ng mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng karagdagang utang. Layunin ng Proposisyon C, na naipasa noong 2018, na tugunan ang kawalan ng tahanan sa pamamagitan ng paglikha ng nakatuong pondo mula sa gross receipts tax (buwis sa kabuuang kita). Pero saan na napunta ang perang iyon? Sa halip na magtapon ng mas maraming pera sa problema, kailangan natin ng mga reporma upang matiyak na epektibong nailalaan ang mga pondo sa mga programang malaki ang epekto at nakapaghahatid ng tunay na mga resulta.

Karagdagan dito, hindi natutugunan ng marami sa mga non-profit na kasalukuyang tumatanggap ng pondo ng Lungsod ang malilinaw na layunin sa takdang panahon o performance goals. May ilan na naakusahan na ng panlilinlang. May ilan na nakasusuporta at nakahihikayat pa ng mga turistang pumupunta rito dahil sa droga. Panahon nang papanagutin ang mga organisasyong ito sa pamamagitan ng pagtatanggal sa pondo ng mga hindi nakagaganap nang sapat sa gawain at paglilipat ng mga rekurso sa mga programa na talagang gumagana.

Hindi ang bond na ito ang solusyon. Magastos na Band-Aid ito na ipinagwawalang-bahala ang totoong mga problema sa loob ng ating kasalukuyang sistema. Kailangang mahigpit na humiling ang mga botante ng San Francisco ng pananagutan at epektibong reporma bago sila pumayag sa pagpopondo sa isa na namang $390 milyon para sa mga serbisyo sa walang tahanan.

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon B.**

*The Briones Society (Organisayong Briones)*
www.brionessociety.org

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

**Ang Proposisyon B ay matalas sa pinansiyang pamumuhunan sa kailangang-kailangan na pagpapahusay para sa kaligtasan mula sa lindol ng ating pampublikong mga ospital at pinalawak na mga matutuluyan para sa walang tahanang mga pamilya.**

HINDI magtataas ng amilyar ang Prop B at magtatakda ito ng LUBUSANG PAGSISIWALAT SA PUBLIKO ng tungkol sa lahat ng paggasta.

Mapapasailalim ang Prop B sa taunang independiyenteng pagrerebyu, pag-audit, at pag-uulat sa Citizens Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga Bond ng Pangkalahatang Obligasyon). Bilang mga nagbabayad ng buwis, direkta nating makukuha ang mga ulat at pag-audit na ito.

Responsableng mamumuhunan ang Prop B sa mga imprastrukturang para sa ating kalusugan at kaligtasan.

- Gagawa ito ng kailangang-kailangan na nauukol sa lindol at pangkaligtasang pagpapahusay sa Zuckerberg San Francisco General Hospital, na siyang sentro ng pagtugon ng lungsod sa mga sakuna sakaling magkaroon ng lindol o malaking krisis.
- Palalawakin nito ang kinakailangang paggamit sa mga pasilidad para sa pangangalaga ng kalusugan ng isip sa pamamagitan ng pagdodoble sa kapasidad ng Psychiatric Emergency Services (Mga Pang-emergency na Serbisyong Saykayatriko) ng Zuckerberg San Francisco General Hospital.
- Magkakaloob ito ng kinakailangang pagpapahusay para sa kaligtasan mula sa lindol ng Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center, at nang sa gayon, matiyak na natutugunan ng ospital ang mahihigpit na itinatakda ng mga regulasyon ng estado at pederal na gobyerno upang manatiling bukas at nakapaghahatid ng pangangalaga na pinakamataas ang kalidad.
- Palalawakin nito ang kinakailangang kapasidad sa Chinatown Public Health Center (Sentro para sa Pampublikong Kalusugan ng Chinatown) at sa City Clinic (Klinika ng Lungsod).
- Magdaragdag ito ng mahigit 2,300 bagong yunit ng pabahay para sa mga pamilyang may anak, o sa buntis na indibidwal, at mahigit sa 330 na kailangang-kailangan na bagong yunit para sa matutuluyan ng mga pamilya at transisyonal na pabahay, nang may tunguhin na wakasan ang kawalan ng tahanan ng mga pamilya.

HINDI itataas ng Prop B ang inyong mga buwis. GAGAWING mas ligtas ng Prop B ang ating pampublikong mga ospital at palalawakin nito ang pabahay at mga matutuluyan ng mga pamilyang walang tahanan.

*Mayor London Breed*
*Susan Ehrlich, Chief Executive Officer (Punong Tagapangasiwang Opisyal), Zuckerberg San Francisco General Hospital & Trauma Center**

www.HealthyVibrantSF.com

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

# C – Inspector General (Inspektor Heneral)

**Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang makalikha ng bagong posisyon ng Inspector General sa Controller's Office (Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya) at nang masuri at maimbestigahan ang mga reklamo ng pandaraya, paglulustay, at pang-aabuso at mabigyan ang Controller's Office ng karagdagang kapangyarihan upang makapaglabas ng subpoena (utos ng pagpapaharap sa hukuman) at makapagpatupad ng search warrant (utos ng hukuman na makapagsiyasat) kung pinahihintulutan ito ng batas ng Estado?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## **Buod** ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Itinatalaga ang Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Mayor (Punong-bayan) at kinukumpirma ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) upang pangasiwaan nito ang pinansiyal na mga transaksiyon ng Lungsod. Itinatakda ng Tsarter sa Tagapamahala ng Pinansiya na tanggapin at imbestigahan ang mga reklamong nauukol sa kalidad at paghahatid ng mga serbisyo ng gobyerno, mapaglustay o hindi episyenteng gawain ng gobyerno ng Lungsod, maling paggamit ng pondo ng Lungsod, at hindi nararapat na mga aktibidad ng mga opisyal at empleyado ng Lungsod. Itinatakda rin ng Tsarter sa Tagapamahala ng Pinansiya na subaybayan ang antas at pagiging epektibo ng mga serbisyo na ipinagkakaloob ng Lungsod sa mga residente nito.

May hurisdiksiyon ang iba pang departamento ng Lungsod, kasama na ang Abugado ng Lungsod, Abugado ng Distrito, at Ethics Commission (Komisyon para sa Pagkakaroon ng Prinsipyo) na mag-imbestiga ng panlilinlang, pang-aabuso, at iba pang usapin na may kinalaman sa pampublikong integridad o pagpapahalaga sa interes ng publiko. May hurisdiksiyon naman ang Department of Human Resources (Departamento ng Kawanihan) na mag-imbestiga ukol sa maling pag-asal ng mga empleyado.

Maaaring suriin ng Tagapamahala ng Pinansiya ang mga rekord ng mga lupon, komisyon, opisyal at departamento ng lungsod, pero hindi puwedeng maglabas ang Tagapamahala ng Pinansiya ng subpoena upang itakda sa mga ikatlong partido tulad ng mga kontratista ng Lungsod, may hawak na permit, o lobbyist (binabayaran upang maimpluwensiyahan ang mga mambabatas) na magbigay ng mga rekord. Binibigyang awtorisasyon ng batas ng estado ang mga empleyado ng Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya na magpatupad ng mga search warrant sa ilang tiyak na sitwasyon, pero walang gayong katulad na probisyon sa Tsarter.

Nagtatatag din ang Tsarter ng hiwalay na departamento na tinatawag na Sheriff's Department Office of Inspector General (Opisina ng Inspektor Heneral ng Departamento ng Sheriff) upang maimbestigahan ang mga reklamong patungkol sa mga empleyado ng Opisina ng Sheriff. Hindi konektado ang departamentong ito sa Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya.

**Ang Mungkahi:** Aamyendahan ng Proposisyon C ang Tsarter upang makalikha ng bagong posisyon ng Inspektor Heneral sa Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya upang marepaso at maimbestigahan ang mga reklamo ng panlilinlang, paglulustay, at pang-aabuso. Magtatalaga ang Tagapamahala ng Pinansiya ng Inspektor Heneral, na dapat dumaan muna sa pag-apruba ng Mayor at ng Board of Supervisors. Ang Tagapamahala ng Pinansiya ang mamamahala sa Inspektor Heneral at maaari niyang wakasan ang paglilingkod nito.

Kokonsultahin ng Inspektor Heneral ang Komisyon para sa Pagkakaroon ng Prinsipyo, ang Abugado ng Lungsod, ang Abugado ng Distrito, at ang Departamento ng Kawanihan ukol sa mga imbestigasyong nauukol sa panlilinlang, paglulustay, at pang-aabuso sa mga departamentong ito. Maaaring irekomenda ng Inspektor Heneral ang espesipikong mga usapin sa mga departamentong ito, imbestigahan ang mga usaping ito nang may koordinasyon sa kinauukulang departamento, o magsagawa ng sarili nitong imbestigasyon. Itatakda sa Inspektor Heneral na maglabas, nang hindi bababa sa dalawang beses sa isang taon, ng pampublikong mga ulat ukol sa mga aktibidad nito at sa mga kinahinatnan ng lahat ng imbestigasyon ng iba pang ahensiya ng lungsod sa mga usaping nauukol sa pampublikong integridad.

Bibigyan ng Proposisyon C ang Tagapamahala ng Pinansiya ng kapangyarihan na maglabas ng subpoena sa ikatlong partido, kasama na ang mga kontratista, may hawak ng permit, at mga lobbyist. Pahihintulutan din nito ang Inspektor Heneral, ang Tagapamahala ng Pinansiya, at ang mga empleyado ng Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya na magpatupad ng search warrant kung pinahihintulutan ito ng batas ng Estado.

Sa ilalim ng Proposisyon C, papalitan ang pangalan ng Sheriff's Department Office of Inspector General upang maging "Office

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

of Sheriff's Inspector General (Opisina ng Inspektor Heneral ng Sheriff)."

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong lumikha ng bagong posisyon ng Inspektor Heneral sa Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya upang masuri at maimbestigahan ang mga reklamo ng pandaraya, paglulustay, at pang-aabuso at mabigyan ang Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya ng karagdagang kapangyarihan upang makapaglabas ng subpoena at makapagpatupad ng search warrant kung pinahihintulutan ito ng batas ng Estado.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "C"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon C:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang mungkahing pag-amyenda sa Tsarter, magkakaroon ito ng katamtamang epekto sa gastos ng gobyerno – na mula $725,000 hanggang $775,000 taon-taon at may karagdagang nakabatay sa batas na suporta sa pag-iimbestiga, na malamang na mag-iba-iba taon-taon ayon sa pangangailangan.

Itatatag ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ang posisyon ng Inspektor Heneral sa loob ng Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya at palalawakin ang mga kapangyarihan sa pag-iimbestiga ng Tagapamahala ng Pinansiya. Popondohan ang mga gawain ng Inspektor Heneral sa pamamagitan ng ipinag-uutos ng Tsarter na naririyan nang set-aside (inirereserbang pondo) ng City Services Auditor (Taga-eksamen ng mga Pinansiyal na Rekord ng mga Serbisyo ng Lungsod) na dalawa sa sampung bahagi (two-tenths) ng isang porsiyento ng pangkalahatang badyet ng Lungsod. Sa pamamagitan ng pag-iiba ng patutunguhan ng naririyan nang pondo upang mapunta sa bagong mga tungkulin ng Inspektor Heneral, maaaring mabawasan ng pag-amyenda ang mga rekurso na magagamit sana para sa alternatibong mga gawain ng City Services Auditor upang masubaybayan ang antas at pagiging epektibo ng mga serbisyo ng Lungsod.

Palalawakin din ng pag-amyenda ang awtoridad ng Tagapamahala ng Pinansiya upang makapag-subpoena ng mga saksi, iutos ang paglalabas ng ebidensiya, at magpatupad ng search warrants sa hangganan na pinahihintulutan ng batas ng Estado. Palalawakin din nito ang nasasakupan ng mga reklamo ng mga whistleblower (nagbibigay ng impormasyon ukol sa ilegal na gawain) na natatanggap ng Tagapamahala ng Pinansiya, at nang makasama rito ang tungkol sa mga nakikipagnegosyo o nakikipagtrabaho sa Lungsod.

Magkakaroon ang mungkahing pag-amyenda ng gastos na humigit-kumulang mula $725,000 hanggang $775,000 taon-taon para sa Inspektor Heneral at dalawang posisyon para sa mga kawani na nasa loob ng opisina ng City Services Auditor. Bukod rito, maaaring may minsanang gastos para sa pagtatayo ng opisina na humigit-kumulang na mula $125,000 hanggang $175,000. Hindi kasama sa halagang ito ang gastos para sa search warrants at subpoenas. Upang magkaroon ng konteksto, maaaring may gastos para sa pagpapatupad ng subpoena na nasa pagitan ng $1,000 at $20,000 kada subpoena, na depende kung itinatakda sa pagsasakdal ang pagpapatupad ng subpoena. Maaaring may gastos ang paghahanda ng search warrant na nasa pagitan ng $9,000 at $20,000 kada search warrant. Maaari ding tumaas ang halaga ng gastos ng gobyerno sa hangganang magresulta ang mungkahing pag-amyenda sa mas mataas na bilang ng mga reklamo ng whistleblower, bagamat hindi pa mapag-aalaman ang magiging antas nito sa ngayon.

Tandaan na papalitan ng mungkahing pag-amyenda ang mga tungkulin ng Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya na siyang naghanda ng pahayag na ito.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "C"

Noong Hulyo 23, 2024, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon C sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

**Oo:** Chan, Dorsey, Engardio, Mandelman, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

**Hindi:** Wala.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

## Argumento ng May-Panukala

**Para sa Epektibo at May Pananagutang Gobyerno, Bumoto ng Oo sa C**

Nitong nakaraang mga dekada, pinangunahan ng FBI ang daan tungo sa paglalantad sa korupsiyon sa San Francisco, na humantong sa mahigit sa dalawang dosenang pag-aresto, pagsasakdal, at paghatol ng nasa mataas na katungkulan na mga pinuno ng departamento, halal na opisyal, lider ng non-profit, at lobbyist (binabayaran upang maimpluwensiyahan ang mga mambabatas) ng mga korporasyon. Gayon pa man, maaaring tip of the iceberg o bahagi lamang ito ng mas malaking problema.

**Upang makalikha ng mas epektibo at mas may pananagutang gobyerno, maaaring aprubahan ng mga botante ang Inspector General Charter Amendment (Pag-amyenda sa Tsarter upang Malikha ang Posisyon ng Inspektor Heneral).** Itatatag nito ang katungkulan ng ating sariling Inspector General na may kapangyarihan na mag-imbestiga at magbigay ng katarungan sa mga reklamo ukol sa paglulustay, panloloko, at pang-aabuso.

At dahil magiging bahagi ito ng Controller's Office (Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya), walang bagong buwis na kinakailangan upang mapondohan ang Opisinang ito.

Mga Kapangyarihan ng Inspector General

- **Itatatag ito sa Controller's Office** na namamahala sa pinansiya ng gobyerno ng lungsod
- **Itatakda rito ang pag-iimbestiga sa paglulustay, panlilinlang, at pang-aabuso**, at anumang iba pang usapin na may kaugnayan sa pampublikong integridad o pagpapahalaga sa interes ng publiko
- **Bibigyan ito ng kapangyarihan na mag-subpoena (mag-utos ng pagpapaharap sa hukuman)** ng lahat ng rekord ng lungsod, pati na rin ng ikatlong mga partido, kasama na ang mga kontratista, may hawak ng permit, at lobbyist
- **May koordinasyon ito sa naririyan nang mga ahensiya para sa pagpapatupad ng batas** kasama na ang Abugado ng Distrito, Abugado ng Lungsod, at Ethics Commission (Komisyon ng Lungsod para sa Pagkakaroon ng Prinsipyo)

Mga imbestigasyong isasagawa ng Inspector General:

- **Maling paggamit ng mga pondong mula sa mga nagbabayad ng buwis** ng mga opisyal ng lungsod, non-profit na pinopondohan ng lungsod, at ikatlong partido
- **Pagkakaroon ng pay-to-play political favoritism (magbayad para makipaglaro at mapaboran sa politika)** kung saan nagbibigay ng ilegal na mga pabor ang halal na opisyal sa mga nagkaloob ng malaking pera sa kanilang mga kampanya
- **Politikal na pananakot at pagganti** na pumipigil sa paglalantad sa mga gawain ng korupsiyon
- **Paglabag sa mga patakaran para sa pampublikong integridad** sa bawat antas ng gobyerno mula sa pinaka-ibaba hanggang sa pinaka-itaas

May pagkakataon na ang San Francisco na maisama sa iba pang malalaking lungsod sa Amerika na may Inspector General. Batay sa mga pag-aresto nitong nakaraang ilang taon, kailangan natin nito.

Pakisamahan kami at bumoto ng Oo sa C..

*Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Aaron Peskin*
*Superbisor Connie Chan*
*Superbisor Catherine Stefani*
*Superbisor Joel Engardio*
*Superbisor Dean Preston*
*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Rafael Mandelman*
*Superbisor Hillary Ronen*
*Superbisor Shamann Walton*
*Superbisor Ahsha Safai*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

Sinasabi ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) na lilinisin ng Proposisyon C ang City Hall.

**Huwag magpalinlang.** Pinalalaki ng Proposisyon C ang hindi na mapigilang burukrasya na bulag sa simpleng katotohanan: **nabubulok ang isda mula ulo pababa**.

Hindi maghahatid ang "Inspector General" ng pananagutan, magkakaloob ang Proposisyon C ng kapangyarihan na hindi kinakailangang managot sa mga botante. **Hindi ito demokratiko, at mapanganib pa nga.**

*Ang gusto ng mga mamamayan ng San Francisco ay mga opisyal ng gobyerno na umaako ng responsibilidad!* Sina **Mayor** London Breed, **Abugado ng Distrito** Brooke Jenkins, at **Abugado ng Lungsod** David Chiu—o mas mabuti pa, bagong mga lider ngayong Nobyembre.

**Bakit hindi nagtatawag ng pansin ang mga Superbisor sa bigong pagpapatupad ng responsibilidad ng Mayor, ng Abugado ng Distrito, at ng Abugado ng Lungsod?** Huwag kalilimutan, *na nakaboto na sana tayo para mapaalis silang lahat nitong nakaraang taon,* ***pero kinansela ng mga Superbisor ang eleksyon!***

**Magkakahalaga ang Proposisyon C ng hindi bababa sa $750,000 taon-taon, na magiging isang milyon kung kasama ang mga gastos sa legal na usapin at sa pagpapatupad ng batas.** Nangangahulugan ito na magiging mas kaunti ang kailangang-kailangan na mga serbisyo ng lungsod.

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon C.**

Mahigpit na hilingin sa ating mga lider na umako ng personal na responsibilidad para sa integridad ng ating lungsod.

*Larry Marso, Esq.*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

## Argumento ng Katunggali

Ang Proposisyon C ay pang-aagaw ng kapangyarihan na nagbabalatkayo bilang reporma. Maglalagay ang pag-amyenda sa tsarter ng **hindi halal na Inspector General** sa Controller's Office (Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya) upang "mag-imbestiga sa korupsiyon." Pero maging malinaw tayo—mas maraming burukrasya ito.

*Hindi kailangan ng San Francisco ng hindi halal na mga opisyal na may hindi nababantayang kapangyarihan.* **Kailangan natin ng pananagutan mula sa mga lider na mayroon na tayo:** Sina **Mayor** London Breed, **Abugado ng Distrito** Brooke Jenkins, at **Abugado ng Lungsod** David Chiu—*o mga kapalit nila na demokratikong mahahalal* —hindi tau-tauhan na hindi naman nananagot sa mga botante.

Kalungkot-lungkot na sa ilalim ng kasalukuyang pamumuno, kinailangan pa natin ang FBI. **Kaya't iboto natin sila paalis sa katungkulan!**

**Bakit natin ipagkakatiwala sa bagong opisyal ang paglutas sa ating mga problema?** May mahabang kasaysayan na ang San Francisco ng pagkakaroon ng mga iskandalo sa korupsiyon, at hindi ito maaayos ng isa na namang burukrata. Ang kailangan natin ay bagong mga mukha sa inihahalal na katungkulan, pagiging bukas sa pagsisiyasat, at may pananagutan.

*Nakita na rin natin ang ganitong mga "reporma" noon.* Nangako sila sa atin na lilinisin ang City Hall, pero lumala pa ang mga problema. Karagdagan lang ito ng dating gawi—na nakaaagaw ng pansin mula sa tunay na trabaho ng pagpapanagot sa mga naglilingkod sa serbisyo sibil.

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon C.**

Larry Marso

Si G. Marso ay ehekutibo sa teknolohiya, tagapayo ukol sa M&A, at abugado. Bilang matatag na nag-aadbokasiya para sa responsibilidad sa pinansiyal na mga usapin, nag-awtor ng panukalang-batas sa balota upang magkaroon ng mga regulasyon sa navigation/linkage centers (mga sentrong tumutulong sa walang tahanan o may problema sa paggamit ng droga at iba ang sangkap), nakipagtunggali laban sa korupsiyon at panlilinlang sa ating mga politikal na partido at nonprofit, at miyembro at dating ehekutibo ng lokal na komite ng Republican Party (Partido Republikano), naghandog siya ng may prinsipyong pagtutol sa panukalang-batas.

Itigil ang Malaking Panlilinlang sa mga botante ng San Francisco!
Bisitahin ang: https://bigfraud.com

*Larry S. Marso*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

**Ang pagboto ng Oo sa C ay magbibigay sa San Francisco ng pagkakataon na makasama sa iba pang malalaking lungsod sa Amerika na tulad ng New York at Chicago, na matagumpay nang nakapagtatag ng katungkulan ng Inspector General. Batay sa korupsiyon nitong nakaraang mga dekada, kailangan natin nito.**

Heto ang ilang pakinabang na ipinagwawalang-bahala ng mga katunggali ng katungkulan ng Inspector General:

**Independiyente Ito sa Politika:** Sa pamamagitan ng paglalagay sa Inspector General sa Controller's Office, protektado ito sa politikal na pakikialam ng may politikal na kapangyarihan at posibleng nasasailalim sa imbestigasyon.

**Responsable ito sa Pananalapi:** Magkakaloob ang Oo sa C ng pera para sa Inspector General mula sa pondong set aside (inirereserbang pondo) para sa Controller, na nangangahulugang hindi kailangan na magbadyet ng karagdagang pondo para sa pagsusumikap na ito.

**May kapangyarihan ito na harapin ang panlilinlang, paglulustay, at korupsiyon:** Kasalukuyang nagsasagawa ang Controller's Office ng pag-o-audit at sumasagot sa hotline o matatawagang telepono ng mga whistleblower. Makapagsa-subpoena ang Inspector General ng mga rekord ng mga kontratista, nonprofit, at ikatlong partido na nakikipagnegosyo o nakikipagtrabaho sa lungsod.

Kung pagod na kayo sa pakikinig tungkol sa bagong mga iskandalo kung saan may kasangkot na maling paggamit ng pondo mula sa mga nagbabayad ng buwis, pay-to-play na political favoritism, politikal na pananakot at pagganti, at paglabag sa pampublikong integridad, ngayon na ang inyong pagkakataon na kumilos.

Pakiboto ang Oo sa C upang mabigyan ang San Francisco ng kasangkapan na mayroon na ang iba pang malalaking lungsod, at nang makalikha ito ng mas may epekto at mas may pananagutang gobyerno.

**Pakisamahan kami at bumoto ng Oo sa C.**

*Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Aaron Peskin*
*Superbisor Connie Chan*
*Superbisor Catherine Stefani*
*Superbisor Joel Engardio*
*Superbisor Dean Preston*
*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Rafael Mandelman*
*Superbisor Hillary Ronen*
*Superbisor Shamann Walton*
*Superbisor Ahsha Safai*

# D – Mga Komisyon ng Lungsod at Awtoridad ng Mayor (Punong-Bayan)

**Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang malimitahan ang kabuuang bilang ng mga komisyon na maaaring magkaroon ang Lungsod nang hanggang sa 65, kung saan pananatilihin ang ilang komisyon na gumagawa ng mga pagpapasya at binubuwag ang iba pa maliban na lamang kung kapalit nito, ipagpapatuloy ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang alinman sa mga ito bilang tagapayong pangkat; pagkalooban ang Mayor na nag-iisang awtoridad na magtalaga at magtanggal ng pinuno sa mga departamento ng Lungsod; at bigyan ang Police Chief (Hepe ng Pulisya) ng nag-iisang awtoridad na magpatibay ng mga patakaran para sa pamamahala sa pag-asal ng mga pulis?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Kasalukuyang may 130 itinalagang lupon, komisyon, at tagapayong pangkat (mga komisyon) ang Lungsod. Sa 130 komisyong ito, 44 ang itinatag batay sa Tsarter at maaari lamang mabago ng mga botante. Ang natitirang mga komisyon ay nalikha sa pamamagitan ng ordinansa at karaniwan nang maaaring maamyendahan o matanggal sa pamamagitan ng aksiyon ng Board of Supervisors (Board o Lupon). Sa ilalim ng kasalukuyang batas:

- Walang limitasyon sa bilang ng mga komisyon na maaaring magkaroon ang Lungsod.
- May awtoridad ang marami sa mga komisyon na gumawa ng mga desisyon. Ang iba naman ay para lamang sa pagpapayo. May ilang nagpapasya ukol sa mga apela at iba pang administratibong gawain.
- May ilang komisyon na nangangasiwa at nagtatakda ng mga polisiya para sa mga departamento ng Lungsod. Sa pangkalahatan, nagmumungkahi ang mga komisyong ito ng mga kandidato upang maglingkod bilang pinuno ng departamento. May awtoridad ang Mayor na magtalaga ng pinuno ng departamento na mula lamang sa mga kandidato na imumungkahi ng komisyon. Sa pangkalahatan, ang komisyon lamang ang may awtoridad na tanggalin ang pinuno ng departamento.
- Para sa maraming komisyon, nagtatalaga ang Mayor ng hindi bababa sa mayorya ng mga miyembro nito at itinatalaga naman ng Lupon ang natitirang mga miyembro. Sa pangkalahatan, dapat dumaan ang mga itinalaga ng Mayor sa kumpirmasyon o pagtanggi ng Lupon.
- Maaari lamang tanggalin ng Mayor at ng Lupon ang mga miyembro mula sa ilang komisyon kung may opisyal na maling pag-asal.
- Binabayaran ng Lungsod ang mga miyembro ng ilang komisyon.
- Nagkakaloob ang Lungsod sa mga miyembro ng ilang komisyon ng mga benepisyo para sa pangangalaga ng kalusugan.
- Pinagtitibay ng Police Commission (Komisyon ng Pulisya) ang mga patakarang nauukol sa pamamahala sa pag-asal ng mga pulis.

**Ang Mungkahi:** Magsasagawa ang panukalang-batas ng mga pagbabagong ito sa Tsarter ng Lungsod:

- Lilimitahan ang Lungsod sa pagkakaroon ng kabuuang bilang na 65 komisyon.
- Pananatilihin nito ang 20 komisyong nakabatay sa Tsarter, kasama na ang Police, Fire, Recreation and Park, Municipal Transportation Agency, Public Utilities and Ethics (Pulisya, Pamamahala sa Sunog, Paglilibang at Parke, Ahensiya para sa Munisipal na Transportasyon, Pampublikong Serbisyo sa Koryente, Gas at Tubig, at Pagkakaroon ng Prinsipyo) at ang mga nangangasiwa sa mga benepisyo para sa pangangalaga ng kalusugan at pagreretiro ng mga empleyado. Pahihintulutan din ng panukalang-batas na ito ang Lungsod na panatilihin ang mga komisyon na itinatakda ng pederal o pang-estadong batas.
- Tatanggalin ang 24 komisyong nakabatay sa Tsarter, kasama na ang Public Health, Library, Human Rights, Human Services, Arts, Environment, Small Business, and Juvenile Probation (Pampublikong Kalusugan, Aklatan, Karapatang Pantao, Serbisyong Pantao, Sining, Kapaligiran, Maliit na Negosyo, at Probasyon ng Menor de Edad), na mapapasailalim sa muling pagbibigay ng awtorisasyon o pagbabago ng istruktura ng Lungsod sa loob ng limitasyon na 65 komisyon. Sa ibang panahon, maaaring muling itatag ng Lupon ang mga pangkat na ito bilang mga tagapayong komisyon sa pamamagitan ng ordinansa.
- Magtatatag ng task force (pangkat para sa espesyal na gawain) na may limang miyembro at magrerekomenda ito sa loob ng siyam na buwan kung aling mga komisyon ang muling bibigyan ng awtorisasyon o babaguhin ang istruktura o bubuwagin upang mapanatili ang limitasyon na 65 komisyon. Itatalaga ang task force na ito ng Mayor, ng Presidente ng Lupon, ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), ng Administrador ng Lungsod, at ng Abugado ng Lungsod.
- Maaaring muling bigyan ng Lupon ng awtorisasyon o palitan ang istruktura ng mga komisyong ito sa loob ng takdang panahon na 16 buwan matapos ang petsa ng pagpapatupad ng panukalang-batas, at nang sa gayon ay maiwasan ang pagbubuwag sa mga ito. Sa ibang panahon, maaaring muling magtatag at lumikha ang Lupon ng bagong mga komisyon, na masasakop ng limitasyon sa kabuuang bilang na 65 komisyon.
- Itatakda na anumang komisyon na muling bibigyan ng awtorisasyon, babaguhin ang istruktura, o lilikhain ng Lupon ay maaari lamang magpayo sa Lupon at sa Mayor, at hindi magkakaroon ang mga ito ng awtoridad na gumawa ng mga pagpapasya, maliban na lamang kung ipag-uutos ng pang-estado o pederal na batas. Ililipat ang awtoridad sa paggawa ng mga pasya mula sa mga komisyoner tungo sa pinuno ng mga departamento. Ililipat naman ang awtoridad sa pagpapasya ukol sa mga apela at iba pang gawain sa mga hearing officer (mga opisyal para sa mga pagdinig).
- Pahihintulutan ang Mayor na magtalaga, nang walang pagrerepaso ng Lupon, ng hindi bababa sa dalawa sa tatlong bahagi (two-third) ng mga miyembro ng muling nabigyan ng awtorisasyon, nabago ang istruktura, o bagong mga komisyon, at ilang napanatiling komisyon. Magkakaroon ng awtoridad ang Lupon na magtalaga ng hanggang isa sa tatlong bahagi (one-third) ng mga miyembro ng mga komisyong ito. Maaaring tanggalin ng Lupon at ng Mayor ang mga miyembrong itinalaga nila batay sa anumang dahilang nakasaad sa batas.

Ang Proposisyon D ay:

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

- Magbabawal sa Lungsod sa pagbabayad sa mga komisyoner o pagkakaloob sa kanila ng mga benepisyo para sa pangangalaga ng kalusugan.
- Magbibigay sa Mayor ng nag-iisang awtoridad na magtalaga at magtanggal ng karamihan sa pinuno ng mga departamento ng Lungsod.
- Magbibigay sa Hepe ng Pulisya ng nag-iisang awtoridad na magpatibay ng mga patakaran sa pamamahala ng pag-asal ng mga pulis. Mananatili sa Komisyon ng Pulisya ang awtoridad na disiplinahin ang mga pulis at mananatili ang pangangasiwa nito sa Department of Police Accountability (Departamento para sa Pagpapanagot sa Pulisya).

Kapag ipinasa ang Proposisyon D nang mas marami ang boto kaysa sa Proposisyon E, hindi magkakaroon ng legal na epekto ang Proposisyon E.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong malimitahan ang kabuuang bilang ng mga komisyon na maaaring magkaroon ang Lungsod nang hanggang sa 65, pagkalooban ang Mayor na nag-iisang awtoridad na magtalaga at magtanggal ng pinuno sa mga departamento ng Lungsod, at bigyan ang Hepe ng Pulisya ng nag-iisang awtoridad na magpatibay ng mga patakaran para sa pamamahala sa pag-asal ng mga pulis.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "D"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon D:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ang mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ng mga botante, magdudulot ito ng katamtamang pagtitipid na mula sa $350,000 hanggang $630,000 taon-taon mula sa gastos sa stipend (bayad o suweldo) at benepisyo para sa kalusugan. Posibleng magkaroon ng karagdagang pagtitipid mula sa mas mababang gastos sa administratibong gawain o mga kawani habang bumababa ang bilang ng mga komisyon, bagamat hindi pa matataya ang antas nito sa ngayon.

Lilimitahan ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ang Lungsod na magkaroon ng kabuuang bilang na 65 komisyon. Sa kasalukuyan, humigit-kumulang 125 komisyon ang may mga operasyon sa Lungsod, kung saan may ilang komisyon na itinatag batay sa Tsarter ng Lungsod, samantalang itinatag naman ang iba batay sa ordinansa o iba pang awtoridad. Bubuwagin ng pag-amyenda ang humigit-kumulang 27 komisyon mula sa Tsarter ng Lungsod, samantalang pananatilihin ang iba pang 22 komisyon na nakabatay sa Tsarter. Kailangang magtanggal ang Lungsod ng kabuuang bilang na humigit-kumulang 60 komisyon mula sa kung anong kombinasyon ng mga batay sa Tsarter at iba pang pinagmulan upang matugunan ang limitasyon na 65 komisyon. Magtatatag ang mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ng Commission Streamlining Task Force (Pangkat para sa Espesyal na Gawain upang Mabago ang mga Komisyon) na gagawa ng mga rekomendasyon sa Mayor at sa Board of Supervisors ukol sa pagbabago, pagtatanggal, o pagsasama sa mga itinalagang lupon at komisyon ng Lungsod, na nasa loob ng limitasyon na 65 komisyon. Itatalaga ang Task Force ng mga opisyal ng Lungsod at magkakaroon ito ng awtoridad na mag-empleyo ng mga kawani at konsultant at tumanggap ng suporta mula sa Abugado ng Lungsod at sa Administrador ng Lungsod, ayon sa kinakailangan.

Isasagawa ang lahat ng gawain sa pagpapasya ng natanggal nang komisyon ng mga opisyal para sa pagdinig o ng Administrative Law Judge (Hukom para sa Administratibong Batas). Upang magkaroon ng konteksto, maaaring magkaroon ito ng gastos na nasa pagitan ng $450 at $2,000 kada pagdinig.

Ipagbabawal sa Lungsod ng pag-amyenda sa Tsarter ang pagbabayad sa mga miyembro ng mga komisyong ito o ang pagkakaloob sa kanila ng mga benepisyo para sa pangangalaga ng kalusugan. May ilang itinatalagang lupon at komisyon na nagbabayad sa mga komisyoner ng stipend na nakabatay sa kada pulong at may halagang mula $25 hanggang $500 kada pulong, samantalang binabayaran naman ang ilang komisyoner ng nasa pagitan ng $100 at $500 kada buwan. Hindi lahat ng komisyoner ay tumatanggap ng stipend. Upang magkaroon ng konteksto, noong FY 2022–23, nagbayad ang Lungsod ng humigit-kumulang $350,000 para sa mga stipend at benepisyo sa kalusugan para sa 180 komisyoner sa kabuuan ng lungsod. Maaaring magkaroon ang mga gastos na ito ng saklaw na humigit-kumulang $630,000 kung mas maraming katungkulan sa komisyon ang napunan at kung mas madalas na nagpulong ang mga komisyon. Magreresulta ang mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ng pagtitipid sa gastos na nasa saklaw ng humigit-kumulang $350,000 hanggang $630,000 taon-taon.

Bukod sa stipend ng mga komisyoner at seguro sa kalusugan, nangangailangan din ang mga komisyon ng oras ng mga kawani na mula sa mga empleyado ng Lungsod at nagkakaloob sila ng suporta sa mga operasyon ng mga komisyon at naghahanda ng mga materyales upang makapagharap ng impormasyon sa mga pagdinig. Bababa ang dami ng kinakailangang oras mula sa mga kawaning nagbibigay ng suporta sa mga komisyon habang binabago, tinatanggal, o pinagsasama ng Lungsod ang mga komisyon – kung kaya't malilibre ang mga kawani upang matrabaho ang iba pang gawain ng gobyerno, bagamat hindi pa mapag-alaman ang antas nito sa ngayon. Sa hangganang mag-eempleyo ang Lungsod ng karagdagang mga kawani upang patakbuhin ang Pangkat para sa Espesyal na Gawain upang Mabago ang mga Komisyon, maaaring tumaas ang gastos ng gobyerno.

Ang karaniwang taunan na gastos sa mga operasyon ng 27 komisyon na matatanggal mula sa Tsarter ay humigit-kumulang $85,000 kada komisyon. Kasama sa mga gastos na ito sa operasyon ang mga stipend, benepisyo sa kalusugan, ilang gastos sa mga kawani, gastos sa mga operasyon, at iba pang gastos para sa iba't ibang gamit. Kung hindi irerekomenda ng Task Force ang lahat ng 27 komisyon na natanggal mula sa Tsarter upang masali sa limitasyon na 65 komisyon at lubusang matanggal na ang mga ito, ang kabuuang matitipid ay humigit-kumulang $2.3 milyon. Nakabatay ang kabuuang antas ng pagtitipid sa mga komisyon na irerekomenda ng Task Force na matanggal upang makasunod sa limitasyon na 65 komisyon. Ilan sa 27 komisyon na ito ay may mga kawani na full-time na empleyado at may karaniwang bilang na 1.5 empleyado, samantalang mayroon namang komisyon na ang kawanihan ay mga empleyadong hinahati ang kanilang panahon sa pagitan ng komisyon at iba pang responsibilidad, at ang mga ito ay may karaniwang bilang na .6 empleyado.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "D"

Noong Hulyo 19, 2024, pinagtibay ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) na may sapat na bilang ng may bisang lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon D sa balota upang maging kuwalipikado ang panukalang-batas para sa balota.

Kinakailangan ng 50,012 lagda upang makapaglagay ng inisyatibang Charter Amendment (Pag-amyenda sa Tsarter) sa balota. Katumbas ang bilang na ito ng 10% ng rehistradong botante sa panahong nalathala ang "Notice of Intent to Circulate Petition (Abiso ukol sa Intensiyong Palaganapin ang Petisyon)." Ipinakita ng alasuwerteng pagsusuri sa mga lagda na isinumite ng mga may-panukala sa inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Hulyo 8, 2024 na higit pa ang kabuuang bilang ng may bisang lagda kaysa sa itinatakdang bilang.

 38-FI-N24-CP88

## Argumento ng May-Panukala

Kailangan na ng San Francisco ng pagbabago.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon D upang malabanan ang korupsiyon at makalikha ng gobyernong mas may pananagutan at mas episyente.

Hindi na gumagana ang ating gobyerno at nabigo na itong malutas ang mga hamon na kinakaharap ng San Francisco, mula sa mga merkado ng droga sa labas ng mga gusali hanggang sa kawalan ng tahanan. **Isang pangunahing dahilan kung bakit nagkaganito ay ang nakatagong sapin-sapin na burukrasya at lumobo nang sistema ng mga komisyon.**

**May katawa-tawang bilang ng mga komisyon ang Lungsod. May humigit-kumulang 130 komisyon at mahigit sa 1,200 komisyoner kahit na ang mga lungsod na tulad ng Los Angeles at San Diego ay mas mababa pa sa 50 komisyon ang bawat isa.** Pag-uulit lamang, mapaglustay, at hindi epektibo ang marami sa ating mga komisyon. Heto ang ilang halimbawa:

**Limang magkakahiwalay na komisyon na may kaugnayan sa kawalan ng tahanan** ang nabigong mabawasan ang kawalan ng tahanan.

Anim na komisyon ang may kaugnayan sa Public Health Department (Departamento ng Pampublikong Kalusugan), pero mayroon pa rin tayong malalang krisis sa fentanyl.

Dalawang komisyon ang nangangasiwa sa ating Public Works Department (Departamento ng mga Pampublikong Gawain). Isa sa mga ito ang nalikha upang pangasiwaan ang departamento na hindi na pinanatili

Marami sa hindi inihalal na komisyon ang nakagagawa ng malalaking pagpasya sa polisiya sa tagong paraan. Gayon pa man, hindi kuwalipikado ang marami sa mga komisyoner at ginamit nila ang kanilang mga posisyon para sa sariling interes. Kasama sa ilang halimbawa ng korupsiyon at kawalan ng kakayahan ang mga sumusunod:

Hindi pagdalo ng mga komisyoner sa pulong, pagdating nang hindi handa, at sa ilang kaso, pagtulog sa panahon ng pagpupulong ng komisyon.

May dating Planning Commissioner (Komisyoner sa Pagpaplano) na tumanggap ng daan-daang libong dolyar mula sa mga developer na humihingi ng pag-apruba ng permit.

Mga kawani ng Lungsod na literal na nagharap ng kuwartong may bakanteng mga upuan para sa Sheriff's Department Oversight Board (Lupon ng mga Nangangasiwa sa Departamento ng Sheriff).

Nabigo ang Human Services Commission (Komisyon ng mga Serbisyong Pantao) na papanagutin ang Human Services Agency (Ahensiya para sa mga Serbisyong Pantao) sa pagtatala ng kinahinatnan ng $2.5 milyon na gift cards, kung saan may ilan na mahiwaga ang pagkawala.

Kailangan na nating palitan ang ating sistema ng mga komisyon at bawasan ang bilang ng mga ito. Upang makalikha ng mas may pananagutan at episyenteng gobyerno, iboto ang Proposisyon D.

*Kanishka Cheng*
*CEO, TogetherSF Action*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

**Huwag magpalinlang sa mga katunggaling Republikano. Ang Oo sa E ang tamang reporma para sa San Francisco!**

Malinaw, simple, at epektibo ang Oo sa E:

1) Magsasagawa ng independiyenteng cost-benefit analysis (pagsusuri sa gastos at mga pakinabang) ng bawat komisyon ng San Francisco
2) Magdaraos ng mga pampublikong pagdinig at bubuo ng plano upang mapagsama, matanggal, at muling maorganisa ang mga ito at nang maging mas epektibo
3) Iharap ang plano sa mga botante sa Nobyembre ng 2026 *upang hayaan sa mga botante ang pagpapasya*

Ito ang *tamang* paraan ng pagrereporma sa gobyerno.

Ang Prop D, na alternatibong sinusuportahan ng mga Republikano, ay may pamamaraang mapanira. Lubusang tatanggalin ng D ang Arts, Library, Health, Youth, Small Business and Environment Commissions (Mga Komisyon sa Sining, Aklatan, Kalusugan, Kabataan, Maliit na Negosyo, at Kapaligiran). Bubuwagin ng D ang pangangasiwa ng mamamayan sa mga polisiyang nauukol sa pag-asal ng mga pulis. Bibigyan ng D ang mga Mayor sa hinaharap ng hindi nababantayang kapangyarihan. Kukunin ng D ang kapangyarihan mula sa karaniwang mga taga-San Francisco. Ilalagay ng D ang gobyerno pabalik sa tagong mga lugar, kung saan maaaring magkaroon ng pang-aabuso at korupsiyon.

Kami ay mga pangkat sa komunidad, tagapagtaguyod ng kapaligiran, lider ng unyon, nag-aadbokasiya para sa mga bata at kabataan, edukador, may-ari ng maliliit na negosyo, nag-aadbokasiya para sa abot-kayang pabahay, at lider ng lungsod na naniniwala na naririto ang gobyerno upang paglingkuran ang mga mamamayan, at hindi ang espesyal na mga interes.

**Pakisamahan kami sa pagboto ng Oo sa E at ng Hindi sa D.**

*Coalition of San Francisco Neighborhoods (Koalisyon para sa mga Komunidad ng San Francisco)*
*San Francisco League of Conservation Voters (Liga ng mga Botante ng California para sa Konserbasyon)*
*San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco)*
*Coleman Advocates for Children and Youth (Mga Tagapagtaguyod ng mga Bata at Kabataan ng Coleman)*
*United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)*
*Small Business Forward (Abante Maliit na Negosyo)*
*San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)*
*Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)*
*Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Aaron Peskin*
*Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano (retirado)*
*Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng San Francisco Ed Harrington (retirado)*
*Hukom Ellen Chaitin (retirado)*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

## Argumento ng Katunggali

Ipinahahayag ng Prop D na gagawin nitong mas epektibo ang gobyerno, pero sa katunayan, gagawa ito ng malaking pagbabawas sa pangangasiwa at pagpapanagot ng publiko.

- **Pasikreto itong isinulat,** nang walang pampublikong pagdinig o opinyon mula sa publiko
- **Pinopondohan ito ng mga bilyonaryo,** kung saan nagkakaloob ng mapanlinlang na impormasyon ang binayarang mga nangalap ng petisyon
- **Tatanggalin nito ang Arts, Library, Health, Youth, Environment (Sining, Aklatan, Kalusugan, Kabataan, Kapaligiran)** at 19 iba pang komisyon na naaprubahan na ng mga botante, kung kaya't mapapahina ang mahahalagang serbisyo ng lungsod
- **Wawakasan nito ang pangangasiwa ng mga mamamayan** sa mga polisiyang nauukol sa pag-asal ng **pulisya** kasama na ang paggamit ng nakamamatay na karahasan
- **Babawasan nito ang checks and balances (mga patakaran upang hindi maging lubusan ang kapangyarihan ng indibidwal o entidad)** sa gobyerno ng lungsod
- **Bibigyan nito ang mga Mayor sa hinaharap ng halos hindi na mababantayang pagkontrol,** kung kaya't malilipat ang kapangyarihan mula sa mga botante
- **Babawasan nito ang pakikilahok ng mga mamamayan** sa pamamagitan ng pagtatakda ng hindi nakabatay sa katwirang limitasyon sa mga komisyon
- **Ilalagay nito ang gobyerno ng lungsod pabalik sa tagong mga lugar,** kung kaya't lilikha ng bagong mga lunan na mapagsisimulan ng korupsiyon
- **Bibigyan nito ng kapangyarihan ang limang walang pananagutang komisyoner** na magpasya ukol sa kinabukasan ng gobyerno ng San Francisco

Gagamit ang Prop D ng meat ax o napakalalang mga hakbang sa pagbuwag ng dose-dosenang komisyon na naghahatid ng partisipasyon ng publiko, pangangasiwa at pananagutan, checks at balances sa gobyerno, pagpapalahok sa mga mamamayan, at kabukasan sa pagsisiyasat.

May mas mabuting paraan upang mapasimple ang ating mga komisyon: Oo sa E. Ipag-uutos nito ang pagkakaroon ng independiyente at pampublikong pagsusuri ng gastos at pakinabang ng bawat komisyon ng San Francisco. Matapos ang pagrerepasong ito, pagtitibayin ng Board (Lupon) ang mga rekomendasyong nauukol sa pagtatanggal, pagsasama, at pagpapasimple sa mga komisyong mas mababa ang antas. Ilalagay sa balota sa Nobyembre 2026 ang mga rekomendasyon para sa mga reporma ng mga komisyong nasa Tsarter *at nang makapagpasya ang mga botante*.

**Pakisamahan kami sa pagboto ng Oo sa E at ng Hindi sa D.**

*Coalition of San Francisco Neighborhoods (Koalisyon para sa mga Komunidad ng San Francisco)*
*San Francisco League of Conservation Voters (Liga ng mga Botante ng California para sa Konserbasyon)*
*San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco)*
*Coleman Advocates for Children and Youth (Mga Tagapagtaguyod ng mga Bata at Kabataan ng Coleman)*
*United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)*
*Small Business Forward (Abante Maliit na Negosyo)*
*San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)*
*Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)*
*Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Aaron Peskin*
*Miyembro ng Asembleya Phil Ting*
*Mayor Art Agnos (retirado)*
*Senador ng Estado Mark Leno (retirado)*
*Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano (retirado)*
*Superbisor Sophie Maxwell (retirado)*
*Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng San Francisco Ed Harrington (retirado)*
*Hukom Ellen Chaitin (retirado)*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

Hindi na sorpresa ang tahasang pagsisinungaling ng mga politikong nakinabang mula sa may lamat nang kasalukuyang sitwasyon ukol sa Prop D, na panukalang-batas laban sa korupsiyon at nagtataguyod sa mabuting gobyerno, at magrereporma sa sistemang pinakinabangan nila sa loob ng maraming taon.

Heto ang mga katunayan ukol sa Prop D:

Nasulat ito nang may kolaborasyon sa think-tank (pangkat ng mga espesyalista) ng Rose Institute at kumuha ito ng mga opinyon mula sa paggawa, mga pangkat sa komunidad, at mga residente.

Ito lamang ang panukalang-batas ng gobyerno ukol sa reporma na inilagay sa balota ng mga botante at hindi ng mga insider (maraming koneksiyon sa politika) ng City Hall.

Hindi ito magtatanggal ng anumang komisyon. Lilikha ito ng independiyenteng task force (pangkat para sa espesyal na gawain) upang magsagawa ng komprehensibo at pampublikong pagrerepaso ng 130 komisyon ng San Francisco.

Titiyakin nito ang pangangasiwa ng mga sibilyan sa pulisya. Pangangasiwaan ng Police Commission (Komisyon ng Pulisya) ang mga kaso ng pagdidisiplina sa mga pulis at pangangasiwaan din ang Department of Police Accountability (Departamento para sa Pagpapanagot sa Pulisya).

Pagtitibayin nito ang checks and balances sa pamamagitan ng pagtitiyak na ang halal na mga opisyal, at hindi ang hindi inihalal na mga komisyoner, ang may responsibilidad para sa pamamahala sa mga departamento ng Lungsod.

Pahihintulutan nito ang direktang pagtatanggal ng hindi inihalal na mga komisyoner batay sa mga kilos at gawaing may korupsiyon.

Tingnan ang pagkakaiba nito sa Prop E na sinulat sa mga tagong bahagi ng City Hall ng mga politikong ang pangunahing trabaho ay pagtakbo para sa katungkulan at walang anumang probisyon upang papanagutin ang hindi inihalal na mga komisyoner.

Ang pinakanakababagabag dito, bibigyan ng Prop E ang hindi inihalal na "komisyon para sa mga komisyon, na binubuo ng mga burukrata ng Lungsod, ng kapangyarihan na magharap ng mga batas na makapagpapabago sa ating gobyerno. Taliwas sa kanilang ipinahayag, kukunin ng Prop E ang kapangyarihan mula sa mga botante sa pagrereporma sa kanilang gobyerno.

Huwag magpaloko! Kailangan natin ng tunay na repormang pamumunuan ng mga residente at hindi ng mga politikong ang pangunahing trabaho ay pagtakbo para sa katungkulan.

Oo sa D para sa Walang Pag-aalinlangang Pagbabago at Hindi sa E na para sa Hungkag na mga Pangako.

*KANISHKA CHENG*
*CEO, TOGETHERSF ACTION*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

 38-FI-N24-CP90

# E – Paglikha ng Task Force (Espesyal na Pangkat) upang Makapagrekomenda ng Pagbabago, Pagtatanggal, o Pagsasama ng mga Komisyon ng Lungsod

**Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang makalikha ng Task Force na may awtoridad na gumawa ng mga rekomendasyon bago sumapit ang Pebrero 1, 2026, ukol sa mga paraan na maaaring gamitin ng Lungsod sa pagbabago, pagtatanggal, o pagsasama ng mga komisyon, at sa gayon, mapaghusay ang pamamahala sa gobyerno ng Lungsod; makapagtakda ng pinansiyal na ulat ukol sa mga komisyon ng Lungsod; at makapagbigay ng awtoridad sa Task Force na magharap ng mga ordinansa para sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon, at kung kinakailangan, maipagawa sa City Attorney (Abugado ng Lungsod) ang pagsusulat ng burador para sa mga amyenda sa Tsarter na isusumite sa mga botante sa eleksyon sa hinaharap?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Kasalukuyang may 130 lupon, komisyon, at tagapayong pangkat (Commissions o mga Komisyon) ang Lungsod, at gumagawa ang mga ito ng mga polisiya at iba pang pagpapasya para sa Lungsod o nagkakaloob ng hindi kinakailangang sunding payo sa mga opisyal at departamento ng Lungsod. Karamihan sa mga komisyon ng Lungsod na nalikha sa pamamagitan ng ordinansa ay walang awtoridad upang makagawa ng mga pagpapasya para sa Lungsod at sa halip, nagkakaloob ang mga ito ng hindi kinakailangang sundin na payo sa mga departamento at opisyal ng Lungsod.

May awtoridad ang mga miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor, Board o Lupon), ang Mayor, at ang mga departamento ng Lungsod na magharap ng ordinansa, na kailangang maaprubahan ng mayorya ng Lupon. May awtoridad ang Mayor na i-veto o hindi ito pagtibayin. Maaari ding mag-apruba ang mga botante ng ordinansa at itakda ang kanilang pag-apruba para sa anumang pagbabago sa ordinansang naaprubahan na ng mga botante.

Itinatatag naman ang iba pang komisyon batay sa pag-amyenda sa Tsarter. Ang mga botante lamang ang maaaring mag-amyenda sa Tsarter. Pinangangasiwaan ng karamihan sa mga komisyong ito na nakabatay sa Tsarter ang mga departamento ng Lungsod at may awtoridad ang mga ito na magtakda ng mga polisiya ng Lungsod at gumawa ng dapat ipatupad na mga pagpapasya.

**Ang Mungkahi:** Ang Proposisyon E ay pag-amyenda sa Tsarter na lilikha ng Commission Streamlining Task Force (Pangkat para sa Espesyal na Gawain upang Mabago ang mga Komisyon, Task Force o Espesyal na Pangkat) at nang marepaso ang istruktura ng mga komisyon ng Lungsod at magrekomenda, bago sumapit ang Pebrero 1, 2026, sa Mayor at sa Lupon kung paano mababago, matatanggal, o mapagsasama ang mga komisyon at sa gayon, mapaghusay ang pamamahala sa gobyerno ng Lungsod.

Kasama sa Task Force ang limang miyembro:

- ang Administrador ng Lungsod o ang itinalagang empleyado ng kanilang departamento;
- ang Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod o ang itinalagang empleyado ng kanilang departamento;
- ang Abugado ng Lungsod o ang itinalagang empleyado ng kanilang departamento;
- ang kinatawan ng organisadong paggawa sa pampublikong sektor na itinalaga ng Presidente ng Lupon; at
- ang indibidwal na may kakayahan sa bukas at may pananagutang gobyerno at itinalaga ng Mayor.

Itatakda rin ng Proposisyon E sa Budget at Legislative Analyst (Tagasuri ng Badyet at Batas) ng Lupon na maghanda ng ulat kung magkano ang ginagastos ng Lungsod sa pagsuporta sa bawat kasalukuyang komisyon at kung ano ang halaga na matitipid nito sakaling may ilang komisyon na tatanggalin o pagsasamahin.

Bibigyan ng awtorisasyon ng Proposisyon E ang Task Force na ipatupad ang mga rekomendasyon nito sa mga sumusunod na paraan:

- Kapag nagrekomenda ang Task Force ng mga pagbabago sa mga komisyon na naitatag batay sa ordinansa, maaaring magharap ang Task Force ng mga ordinansa upang magawa ang mga pagbabagong ito.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

- Magkakabisa ang anumang ordinansa na ihaharap ng Task Force 90 araw matapos ang paghaharap, maliban na lamang kung iwawaksi ito ng Lupon sa pamamagitan ng botong supermajority (botong mas malaki sa mahigit sa kalahati, tulad ng 2/3 o 3/5) ng hindi bababa sa walong miyembro.
- Kapag nagrekomenda ang Task Force ng mga pagbabago sa mga komisyon na itinatag sa pamamagitan ng ordinansang inaprubahan ng mga botante, maaaring mangailangan din ang mga pagbabagong ito ng pag-apruba sa eleksyon sa hinaharap bago maipatupad ng Lungsod ang mga pagbabagong ito.
- Kapag nagrekomenda ang Task Force ng mga pagbabago sa mga komisyon na naitatag batay sa pag-amyenda sa Tsarter, itatakda sa Abugado ng Lungsod na maghanda ng pag-amyenda sa Tsarter na nagpapatupad ng mga rekomendasyong ito, at nang maisaalang-alang ng Lupon ang paglalagay sa mga ito sa balota para sa eleksyon sa hinaharap.

Magwawakas ang Task Force 24 buwan matapos ang unang pulong nito.

Kapag ipinasa ang Proposisyon E nang mas marami ang boto kaysa sa Proposisyon D, hindi magkakaroon ng legal na epekto ang Proposisyon D.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong lumikha ng Task Force na may awtoridad na gumawa ng mga rekomendasyon bago sumapit ang Pebrero 1, 2026, ukol sa mga paraan na maaaring gamitin ng Lungsod sa pagbabago, pagtatanggal, o pagsasama ng mga komisyon, at sa gayon, mapaghusay ang pamamahala sa gobyerno ng Lungsod; magtakda ng pinansiyal na ulat ukol sa mga komisyon ng Lungsod; at magkaloob ng awtoridad sa Task Force na magharap ng mga ordinansa para sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon nito, at kung kinakailangan, maipagawa sa Abugado ng Lungsod ang pagsusulat ng burador para sa mga amyenda sa Tsarter na isusumite sa mga botante sa eleksyon sa hinaharap.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "E"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon E:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa Tsarter, magkakaroon ito ng kakaunting epekto sa gastos ng gobyerno. Sa hangganang magrekomenda ang Task Force ng mga pagbabago sa nariRiyan nang mga Komisyon, maaaring mabawasan ang gastos ng gobyerno batay sa mga pagpapasya sa hinaharap na gagawin ng Board of Supervisors o ng mga botante.

Magtatatag ang mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ng may limang miyembrong Pangkat para sa Espesyal na Gawain upang Mabago ang mga Komisyon na gagawa ng mga rekomendasyon sa Mayor at sa Board of Supervisors ukol sa pagbabago, pagtatanggal, o pagsasama sa mga itinalagang lupon at komisyon ng Lungsod.

May ilang itinatalagang lupon at komisyon na nagbabayad ng stipend (bayad o suweldo) sa mga komisyoner na nakabatay sa kada pulong at may halagang mula $25 hanggang $500 kada pulong, samantalang binabayaran naman ang ilang komisyoner ng nasa pagitan ng $100 at $500 kada buwan. Hindi lahat ng komisyoner ay tumatanggap ng stipend. Upang magkaroon ng konteksto, noong FY 2022–23, nagbayad ang Lungsod ng humigit-kumulang $350,000 para sa mga stipend at benepisyo sa kalusugan para sa 180 komisyoner.

Bukod sa stipend ng mga komisyoner at seguro sa kalusugan, nangangailangan din ang mga komisyon ng oras ng mga kawani na mula sa mga empleyado ng Lungsod na nagkakaloob ng suporta sa mga operasyon ng mga komisyon at naghahanda ng mga materyales upang makapagharap ng impormasyon sa mga pagdinig. Bababa ang dami ng kinakailangang oras mula sa mga kawaning nagbibigay ng suporta sa mga komisyon kapag binago, tinanggal, o pinagsama ng Lungsod ang mga komisyon – kung kaya't malilibre ang mga kawani upang matrabaho nila ang iba pang gawain ng gobyerno, bagamat hindi pa mapag-alaman ang antas nito sa ngayon. Sa hangganang mag-eempleyo ang Lungsod ng karagdagang mga kawani upang patakbuhin ang Pangkat para sa Espesyal na Gawain upang Mabago ang mga Komisyon, maaaring tumaas ang gastos ng gobyerno.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "E"

Noong Hulyo 23, 2024, bumoto ang Board of Supervisors ng 7 sa 4 upang mailagay ang Proposisyon E sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

**Oo:** Chan, Mandelman, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Walton.

**Hindi:** Dorsey, Engardio, Melgar, Stefani.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

## Argumento ng May-Panukala

Mayroong dalawang Pag-amyenda sa Tsarter na magbabago sa sistema ng mga komisyon ng San Francisco. **Bumoto ng Oo sa E upang mareporma ang ating mga komisyon *sa tamang paraan*:**

- **Nabuo ito nang kasama ang publiko,** kung saan may opinyon ang mga mamamayan at buong mga pampublikong pagdinig
- **Inilagay ito sa balota sa pamamagitan ng pagboto ng publiko** matapos ang bukas na debate at pagrerepaso
- **Pananatilihin nito ang Arts, Library, Health, Small Business (Sining, Aklatan, Kalusugan, Maliit na Negosyo)** at iba pang napakahahalaga at nakabatay sa tsarter na mga komisyon na nagpapahusay sa mga serbisyo ng lungsod at nagkakaloob ng epektibong pangangasiwa at pagpapanagot
- **Titiyakin ang pangangasiwa ng mga mamamayan sa** mga polisiyang nauukol sa pag-asal ng mga **pulis**
- **Pananatilihin nito ang checks and balances (mga patakaran upang hindi maging lubusan ang kapangyarihan ng indibidwal o entidad)** sa Tsarter ng Lungsod
- **Bibigyan nito ng kapangyarihan ang mga botante** upang mapanatili ang pangangasiwa sa gobyerno at pagpapanagot dito, at nang mapagpasyahan ang naaangkop na bilang at gawain ng mga komisyon
- **Pananatilihin at pagbubutihin nito ang sunshine (pagtitiyak na bukas ang mga pampublikong rekord at pulong),** pagiging bukas sa pagsisiyasat, at kabukasan ng gobyerno ng lungsod
- **Hahayaan nito ang mga botante na magpasya** ukol sa istruktura ng gobyerno ng ating lungsod sa hinaharap

Bukod rito, may *maling paraan* sa pagrereporma sa ating mga komisyon, at ito ay sa pamamagitan ng Prop D, na palihim na nasulat nang wala kahit isang pampublikong pagdinig.

Gagamit ng meat ax o napakalalang mga hakbang ang Prop D sa gobyerno ng ating lungsod. Tatanggalin nito nang walang cost-benefit analysis (pagsusuri sa gastos at mga pakinabang) ang mahahalaga at epektibong mga komisyong tulad ng mga Komisyon sa Sining, Aklatan, Kalusugan, Kabataan, Maliit na Negosyo, at Kapaligiran. Tatanggalin nito ang pangangasiwa ng mga mamamayan sa mga polisiyang nauukol sa pag-asal ng mga pulis, tulad ng paggamit ng nakamamatay na karahasan, magtatakda ng hindi makatwirang hangganan sa bilang ng mga komisyon na poposasan ang mga henerasyon sa hinaharap, at ilalagay ang gawain ng gobyerno ng ating lungsod pabalik sa tagong mga lugar, kung kaya't mas hindi magkakaroon ng kabukasan sa pagsisiyasat at pagpapanagot, at makalilikha ng mga pinagsisimulan ng pang-aabuso at korupsiyon.

**Pakisamahan kami sa pagboto ng Oo sa E at ng Hindi sa D.**

*Coalition of San Francisco Neighborhoods (Koalisyon para sa mga Komunidad ng San Francisco)*
*San Francisco League of Conservation Voters (Liga ng mga Botante ng California para sa Konserbasyon)*
*San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco)*
*Coleman Advocates for Children and Youth (Mga Tagapagtaguyod ng mga Bata at Kabataan ng Coleman)*
*United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)*
*Small Business Forward (Abante Maliit na Negosyo)*
*San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)*
*Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)*
*Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Aaron Peskin*
*Miyembro ng Asembleya Phil Ting*
*Mayor Art Agnos (retirado)*
*Senador ng Estado Mark Leno (retirado)*
*Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano (retirado)*
*Superbisor Sophie Maxwell (retirado)*
*Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng San Francisco Ed Harrington (retirado)*
*Hukom Ellen Chaitin (retirado)*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

Gusto ng mga may-panukala ng Proposisyon E na maniwala kayong pananatilihin nito ang "pangangasiwa ng mga mamamayan" at ang "napakahahalagang mga komisyon." Pero ang katotohanan nito, **ikinakandado ng Proposisyon E ang lumobo nang burukrasya na nakapagpalumpo sa San Francisco sa loob ng maraming taon.**

Ikinakatwiran nila na nalikha ang Proposisyon E nang "bukas sa pagsisiyasat," pero itinatago ang katunayan na **pananatilihin nito ang mahigit sa 100 komisyon**—kung saan marami ang *magkasalikop, naglulustay ng mga rekurso, at nagpapahina sa epektibong pamamahala.* Nanggagatong sila upang magkaroon ng takot sa pagbabago at nang sa gayon, **makapagtayo ng pader na poprotekta sa piling mga burukrata ng San Francisco**.

Ang alternatibong **Proposisyon D ang panukalang-batas na magtatanggal sa red tape (labis-labis na mga patakaran) at gagawing mas episyente ang San Francisco**. Oo, babawasan nito ang mga komisyon, pero iyon lamang nag-uulit ng gawain o hindi na kinakailangan. Pagtitibayin ng Proposisyon D ang pagiging bukas sa pagsisiyasat sa pamamagitan ng pagtutuon sa mga rekurso kung saan pinakakailangan ang mga ito.

Bakit hindi sila maging tapat? **Pinapaboran ng Proposisyon E ang mga komisyon na nagsisilbi bilang burukratikong mga hadlang, pumipigil sa pag-unlad, at naglulustay ng pera mula sa mga nagbabayad ng buwis.** Karapat-dapat ang San Francisco ng higit pa sa walang kabuluhang mga pag-aaral at pagkakaantala.

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon E at suportahan ang totoong reporma sa pamamagitan ng Proposisyon D.**

*Larry Marso, Esq.*

## Argumento ng Katunggali

**Ang Proposisyon E** ang pagsubok ni Superbisor Aaron Peskin na masabotahe ang **mas malakas na Proposisyon D**—ang tunay na pagreporma sa mga komisyon sa San Francisco.

Nagmumungkahi si Peskin ng mahina at nabawasan na ang lakas na pamamaraan upang matugunan ang labis nang lumaking istruktura ng mga komisyon ng lungsod. Ngunit ang tunay na layunin nito ay ang mahinto ang pagkakaroon ng makabuluhang pagbabago.

Isa lamang ang maaaring manaig, at **ang Proposisyon D ang malinaw na dapat piliin**.

*Pananatilihin ng Proposisyon E ang status quo o kalakaran.* Lilikha ito ng walang katapusang "mga task force (espesyal na pangkat)" at "mga pag-aaral" na wala namang magagawa kundi ang magdulot ng pagkaantala. Samantala, patuloy na nasasakal na ang San Francisco ng burukrasya, dahil mayroon itong mahigit sa 100 komisyon na magkakasalikop ang gawain at naglulustay ng mga rekurso.

Bigo ang Proposisyon E na mabawasan ang bilang ng mga komisyon o matanggal ang mga hindi na kailangan o nag-uulit lamang ng trabaho. Sa halip, magpapatong pa ito ng burukrasya. **Intensiyonal na pagsubok ito na panatilihing lumolobo at walang pananagutan ang gobyerno.**

*Hindi na kailangan ng San Francisco ng karagdagang mga task force o komite.* Ang Proposisyon E ay "poison pill o pildoras na may lason" na dinisenyo upang matalo ang Proposisyon D, at nang sa gayon, walang makabuluhang bagay ang magagawa.

Karapat-dapat ang San Francisco na magkaroon ng gobyernong mas makitid, mas bukas sa pagsisiyat, at mas may pananagutan. **Bumoto ng HINDI sa Proposisyon E at mahigipit na humiling ng tunay na reporma.**

Larry Marso

Si G. Marso ay ehekutibo sa teknolohiya, tagapayo ukol sa M&A, at abugado. Bilang matatag na nag-aadbokasiya para sa responsibilidad sa pinansiyal na mga usapin, nag-awtor ng panukalang-batas sa balota upang magkaroon ng mga regulasyon sa navigation/linkage centers (mga sentrong tumutulong sa walang tahanan o may problema sa paggamit ng droga at iba ang sangkap), nakipagtunggali laban sa korupsiyon at panlilinlang sa ating mga politikal na partido at nonprofit, at miyembro at dating ehekutibo ng lokal na komite ng Republican Party (Partido Republikano), naghandog siya ng may prinsipyong pagtutol.

Itigil ang Malaking Panlilinlang sa mga botante ng San Francisco! Bisitahin ang: https://bigfraud.com

*Larry S. Marso*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

**Kailangan ng San Francisco ng tamang uri ng reporma. Bumoto ng Hindi sa D at ng Oo sa E.**

Sinulat ang Prop D ng iisang organisasyon na bago sa lungsod at pinopondohan ng taga-labas na bilyonaryong may napakakonserbatibong programa. Kailangan ng meat ax o napakalalang mga hakbang upang maisulong ng gobyerno ng ating lungsod ang sariling nitong politikal na adyenda:

BUBUWAGIN ng Prop D ang napakahahalaga at epektibong Arts, Library, Health, Youth, Environment and Women's Commissions (Mga Komisyon para sa Sining, Aklatan, Kalusugan, Kabataan, Kapaligiran, at Kababaihan).

WAWASAKIN ng Prop D ang pangangasiwa ng mga sibilyan sa mga polisiya ng departamento ng pulisya, tulad ng paggamit ng nakamamatay na karahasan.

BABAWASAN ng Prop D ang ating Amerikanong sistema ng checks and balances (mga patakaran upang hindi maging lubusan ang kapangyarihan ng indibidwal o entidad) kung kaya't mabibigyan ang mga Mayor sa hinaharap ng hindi nababantayang kapangyarihan — at pag-agaw nito mula sa mga botante.

**May mas mabuting paraan.** Bumoto ng Oo sa E upang mapasimple ang gobyerno ng lungsod habang pinananatiling may kontrol ang mga botante. Ipag-uutos ng Oo sa E ang pampublikong pagrerepaso, na may pagsusuri ng mga gastos at pakinabang ng bawat komisyon ng San Francisco, at nang mapagpasyahan kung paano magkakaroon ng pagsasama-sama at mapasisimple ang gobyerno ng lungsod habang pinananatili ang pakikilahok ng mga mamamayan.

Huwag ilagay ang gobyerno pabalik sa tagong mga lugar at huwag lumikha ng bagong mga lunan na mapagsisimulan ng pang-aabuso at korupsiyon.

**Samahan kami at bumoto ng Hindi sa D at ng Oo sa E.**

*Coalition of San Francisco Neighborhoods (Koalisyon para sa mga Komunidad ng San Francisco)*
*San Francisco League of Conservation Voters (Liga ng mga Botante ng California para sa Konserbasyon)*
*San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco)*
*Coleman Advocates for Children and Youth (Mga Tagapagtaguyod ng mga Bata at Kabataan ng Coleman)*
*United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)*
*Small Business Forward (Abante Maliit na Negosyo)*
*San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)*
*Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)*
*Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Aaron Peskin*
*Mayor Art Agnos (retirado)*
*Senador ng Estado Mark Leno (retirado)*
*Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano (retirado)*
*Superbisor Sophie Maxwell (retirado)*
*Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng San Francisco Ed Harrington (retirado)*
*Hukom Ellen Chaitin (retirado)*

# F – Pag-eempleyo sa mga Pulis at Naipagpapaliban na Pagreretiro

**Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang mabigyan ng depinisyon ang terminong “full-duty sworn officer (pulis na buong panahon ang paglilingkod at nakapanumpa nang susuportahan ang Konstitusyon)”; itakda sa Police Chief na gumawa ng ulat at rekomendasyon sa pag-eempleyo sa hinaharap ng mga full-duty sworn officer sa Police Commission (Komisyon ng Pulisya) tuwing ikatlong taon sa halip na tuwing ikalawang taon; itakda sa Police Commission na mag-ulat taon-taon sa Board of Supervisors ukol sa pag-eempleyo sa Police Department (Departamento ng Pulisya); at lumikha ng panlimang-taon na programa kung saan maaaring magkaroon ng muling pagtatalaga kung kaya’t patuloy na makapagtatrabaho ang mga pulis para sa Police Department matapos magretiro, nang ipinagpapaliban ang mga bayad na pensiyon habang nagtatrabaho pa sila?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Ang Police Commission (Commission o Komisyon) ang nangangasiwa sa Departamento ng Pulisya ng San Francisco. Itinatakda ng Tsarter na magsumite ang Hepe ng Departamento (Police Chief o Hepe ng Pulisya) ng ulat kada ikalawang taon sa Komisyon. Inilalarawan sa ulat na ito ang kasalukuyang bilang ng mga full-duty sworn officer at nagrerekomenda ng sapat na mga antas ng pag-eempleyo ng mga full-duty sworn officer para sa susunod na dalawang taon. Dapat isaalang-alang ng Komisyon ang ulat at rekomendasyong ito kapag inaprubahan nito ang badyet ng Departmento.

Hindi binibigyan ng depinisyon ng Tsarter ang terminong "full-duty sworn officers."

Ang San Francisco Employee Retirement System (Sistema sa Pagreretiro ng mga Empleyado sa San Francisco) ang sistema para sa pagreretiro at pagbibigay ng pensiyon sa mga empleyado ng Lungsod. Sa ilalim ng Tsarter, kuwalipikado ang mga pulis sa mga benepisyo ng pagreretiro, nang may ibinabayad sa kanilang pensiyon batay sa kanilang suweldo, edad, at haba ng serbisyo. Hindi pinahihintulutan ng Tsarter ang mga empleyado ng Lungsod, kasama na ang mga pulis, na patuloy na magtrabaho nang full time para sa Lungsod matapos ang pagreretiro. Gayon pa man, maaaring muling i-empleyo ng Lungsod ang retirado nang mga empleyado ng Lungsod upang magtrabaho ng limitadong bilang ng mga oras taon-taon habang kumokolekta pa rin ng mga benepisyo sa pagreretiro.

**Ang Mungkahi:** Aamyendahan ng Proposisyon F ang Tsarter upang mabigyang depinisyon ang terminong “full-duty sworn officer” at nang mangahulugan ito na full-time officer (pulis na buong panahon ang paglilingkod),” maliban na lamang sa mga nakaliban nang pangmatagalan, mga rekrut na nagsasanay sa Pampulisyang Akademya, at mga pulis na nakatalaga sa San Francisco International Airport. Upang mabawasan ang administratibong pasanin, itatakda ng panukalang-batas sa Hepe ng Pulisya na magbigay ng ulat tuwing ikatlong taon, sa halip na tuwing ikalawang taon, ukol sa kasalukuyang full-duty sworn officers at magrekomenda sa Komisyon ng magiging kawanihan sa hinaharap. Taon-taon na mag-uulat ang Komisyon sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor, Board o Lupon) ukol sa pag-unlad ng Departamento sa pagtugon sa mga tunguhin sa pag-eempleyo, kasama na ang tunguhin na paramihin ang representasyon ng kababaihan sa Departamento tungo sa 30% ng bagong mga rekrut pagsapit ng 2030.

Magtatatag ang Proposisyon F ng Deferred Retirement Option Program (Programa para sa Opsiyon na Ipagpaliban ang Pagreretiro, DROP) para sa kuwalipikadong mga pulis. Maaaring makalahok dito ang full-duty na mga pulis na may ranggong Opisyal, Sarhento, at Inspektor, at hindi bababa sa 50 taong gulang at mayroon nang hindi bababa sa 25 taon ng kuwalipikadong serbisyo sa Departamento o sa iba pang ahensiya para sa pagpapatupad ng batas. Patuloy na makapagtatrabaho nang full-time para sa Departamento ang mga kalahok nang tumatanggap ng kasalukuyan nilang suweldo at kasalukuyang antas ng mga benepisyo. Kailangang pumayag ang mga kalahok na magsagawa ng trabahong pagpapatrolya sa komunidad o ng mga imbestigasyon, anuman ang gawain na dating nakatalaga sa kanila. Pahihintulutan lamang ang mga kalahok na makasama sa programa nang hanggang sa limang taon. Ang mga bayad sa pensiyon na dapat sanang nakolekta ng kalahok sa panahon ng pagreretiro ay ilalagay sa account na ipinagpapaliban ang pagbabayad ng buwis at may nakukuhang interes. Kapag nagwakas na ang takdang panahon ng DROP, kailangang tumigil na ang mga kalahok sa pagtatrabaho para sa Lungsod, at makatatanggap na sila ng naipagpaliban na

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

buwanang ibinabayad na pensiyon nang may interes. Maaaring limitahan ng Board ang bilang ng mga kalahok sa DROP.

Bibigyang-awtorisasyon ng Proposisyon F ang programang DROP para sa pinaka-unang takdang panahon na limang taon. Pagkatapos nito, magkakaroon ng awtoridad ang Lupon na ipagpatuloy ang programa tuwing ikalimang taon hanggang sa mawalan ito ng bisa.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Tsarter upang mabigyan ng depinisyon ang terminong "full-duty sworn officer"; itakda sa Hepe ng Pulisya na gumawa ng ulat at rekomendasyon sa pag-eempleyo sa hinaharap ng mga full-duty sworn officer sa Komisyon ng Pulisya tuwing ikatlong taon sa halip na tuwing ikalawang taon; itakda sa Komisyon na mag-ulat taon-taon sa Lupon ukol sa pag-eempleyo sa Departmento; at lumikha ng panlimang-taon na programa kung saan maaaring magkaroon ng muling pagtatalaga kung kaya't patuloy na makapagtatrabaho ang mga pulis para sa Departmento matapos magretiro, nang ipinagpapaliban ang mga bayad na pensiyon habang nagtatrabaho pa sila.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "F"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon F:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa Tsarter, magkakaroon ito ng malaking epekto sa gastos ng gobyerno. Batay sa kasalukuyang actuarial, o gumagamit ng istatistika, na mga ipinagpapalagay at polisiya ng Sistema ng Pagreretiro, magreresulta ang pag-amyenda ng mas mataas na gastos sa Lungsod, na mula $600,000 hanggang $3 milyon sa unang taon. Sa susunod na mga taon, ang epekto sa gastos ay nasa saklaw ng pagtitipid na humigit-kumulang $300,000 hanggang sa paggasta ng humigit-kumulang $3 milyon taon-taon pagdating ng ikalimang taon ng programa.

Muling itatatag ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ang Deferred Retirement Option Program (DROP). Inaprubahan na ng mga botante ang naunang bersiyon ng DROP noong Pebrero 2008 (2008 DROP), na nagwakas noong 2011 nang bumoto ang Lupon ng mga Superbisor na huwag nang ipatupad muli ang DROP. Tatanggap ang mga kalahok sa DROP ng suweldo at ng DROP account, kung saan idedeposito ng San Francisco Employees' Retirement System (SFERS) ang mga bayad na pensiyon na may garantisadong 4% interes. Hindi magiging kuwalipikado para sa promosyon ang mga kalahok. Kaiba sa 2008 DROP, espesipikong nakasaad sa mungkahing pag-amyenda sa Tsarter na hindi kuwalipikado ang mga tinyente at kapitan, at kailangang sumang-ayon ang mga pulis na kalahok sa DROP na magtrabaho sa labas o sa mga imbestigasyon. Inililinaw din ng pag-amyendang ito sa Tsarter na hindi maaaring lumahok sa DROP ang mga pulis kung nag-apply sila at natanggap na ang pagreretiro batay sa kapansanan.

Nakabatay ang eksaktong gastos ng Lungsod sa DROP sa mga pagpapasya ukol sa pagreretiro ng indibidwal na mga pulis. Batay sa mga pagtataya mula sa SFERS, kung nagpatuloy sa pagtatrabaho ang mga pulis at hindi nagretiro, at sa halip ay pinili ang paglahok sa DROP, tataasan ng DROP ang gastos para sa kontribusyon ng taga-empleyo sa pensiyon ng Lungsod nang $600,000 sa FY 2025–26 at pagkatapos ay magkakaroon ito ng pagtitipid na humigit-kumulang $200,000 hangang $400,000 taon-taon sa pagitan ng FY 2026–27 at FY 2029–30. Kaiba rito, kapag pumasok ang mga pulis sa DROP sa panahon na dapat sanang magreretiro na sila, tataas ang gastos sa kontribusyon ng taga-empleyo sa pensiyon ng Lungsod nang $3 milyon sa FY2025–26, bababa nang kaunti tungo sa $2.6 milyon sa FY 2026–27 at FY 2027–28, at tataas muli tungo sa humigit-kumulang $3 milyon pagsapit ng FY 2029–30.

Tuwing ikalimang taon, kung hindi man mas maaga pa rito, itatakda sa Lungsod na gawan ng ebalwasyon ang net cost effect (epekto sa gastos matapos mabawas ang pakinabang) ng DROP. Matapos ang limang taon, kailangang muling bigyan ng awtorisasyon o wakasan ng Lupon ng mga Superbisor ang DROP. Kung isasaalang-alang ang kasalukuyang antas ng pagkakaroon ng mga kawani ng pulisya at ang halaga ng pag-eempleyo, malamang na hindi mababawasan ng DROP ang gastos ng SFPD sa pag-eempleyo sa maiksing panahon.

Noong 2011, nataya na gagasta ang Lungsod ng humigit-kumulang $6 milyon taon-taon para sa 2008 na DROP, at nasa anyo ito ng mas mataas na kontribusyon ng Lungsod sa pensiyon bilang taga-empleyo. Bagamat ipatutupad ang pag-amyendang ito sa mas kaunting empleyado kaysa sa bersiyon noong 2008, iminumungkahi ng karanasan sa kasaysayan na mas malamang na magkaroon ng bagong gastos ang Lungsod kaysa sa pagiging cost neutral (walang pagbabago sa gastos) o pagkakaroon ng natipid na pera.

Binibigyang-depinisyon din ng mungkahing pag-amyenda ang "Full-Duty Sworn Officer" at binabawasan ang dalas ng itinatakdang pag-uulat ng Hepe ng Pulisya ukol sa mga antas ng pag-eempleyo sa Komisyon ng Pulisya mula tuwing ikalawang taon tungo sa tuwing ikatlong taon. Maaaring magkaroon ng kaunting pagtitipid ang gobyerno nang dahil sa pinadalang na pag-uulat na ito, pero nasa antas ito na hindi pa matataya sa ngayon.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "F"

Noong Hulyo 23, 2024, bumoto ang Board of Supervisors ng 8 sa 3 upang mailagay ang Proposisyon F sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

**Oo:** Chan, Dorsey, Engardio, Mandelman, Melgar, Peskin, Safai, Stefani.

**Hindi:** Preston, Ronen, Walton.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

## Argumento ng May-Panukala

**BUMOTO NG OO SA F — PARA SA SFPD NA KOMPLETO ANG KAWANIHAN**

Mapipigilan ng Proposisyon F ang kasalukuyang pagkabawas sa mga pulis sa pamamagitan ng paglikha ng malakas na panghikayat para sa mga pulis, inspektor, at sarhento ng SFPD na nasa unahan ng mahahalagang gawain, at nang maipagpaliban ang pagreretiro ng hanggang sa limang taon, at sa gayon, makapagtuon sila sa pagpapatrolya sa mga komunidad at sa mga imbestigasyon.

**Lubhang may kakulangan sa mga kawani ang Police Department (Departamento ng Pulisya) ng San Francisco.**

- Kulang ang SFPD ng mahigit sa 500 sa 2,074 na full-duty (buong panahon ang paglilingkod) na pulis na kinakailangan upang mapanatiling ligtas ang San Francisco.
- Taon-taon magmula noong 2019, nabawasan na ang SFPD ng mas maraming pulis kaysa sa kaya nitong marekrut. Mas nakababahala pa rito: halos 450 pulis ang magiging kuwalipikado na para sa pagreretiro pagsapit ng 2030.
- Maaaring humantong ang bilis ng pagreretiro sa *halos 40 porsiyento na kakulangan sa mga kawani* ng SFPD sa loob ng limang taon.

**Naisasapanganib ang kaligtasan ng publiko ng matagalang kakulangan sa mga kawani ng pulisya.**

- Nagdudulot ito ng pagkaantala sa bilis ng pagtugon sa mga tawag sa 911 at lalo pang naaapektuhan ang kaligtasan ng ating mga residente, maliliit na negosyo, at mga turista.
- Pinananatili nito ang reputasyon na may kawalan ng pagsunod sa batas at puno ng kriminal na gawain ang ating Lungsod.
- Pinupuwersa nito ang mga nagbabayad ng buwis na gumasta nang malaki sa pag-o-overtime ng mga pulis — nang hanggang sa halos 20 porsiyento ng badyet sa mga suweldo ng SFPD — upang mabayaran nang mas malaki ang mas kaunting pulis at sa gayon ay matugunan ang ating batayang mga pangangailangan para sa kaligtasan.
- Nagbibigay ito ng labis na pasanin sa ating pagtugon sa mga emergency, kung kaya't may panganib na magkaroon ng burnout o labis na pisikal at emosyonal na kapaguran at nagdudulot ng hindi kinakailangang paghihirap sa katawan at isipan ng first responders o mga unang tumutugon sa ating Lungsod.

**Makatutulong ang Prop F upang magkaroon tayo ng SFPD na kompleto ang kawanihan at mapabubuti ang kaligtasan ng publiko.**

- Pagbubutihin ng Prop F ang pag-uulat ng SFPD at nang mas mahusay na masubaybayan ang pagrerekrut ng mga pulis at matupad ang pangako ng San Francisco na magrerekrut ito ng higit na mas maraming babaeng pulis pagsapit ng 2030.
- Ang Prop F ay matipid at may limitasyon sa panahon na plano upang maantala ang pagreretiro ng mga pulis habang inaayos ng San Francisco ang ating krisis sa pagrerekrut ng mga pulis.

Alamin pa ang tungkol dito sa: FullyStaffSFPD.org

*Superbisor Matt Dorsey*
*Presidente ng Board (Lupon) Aaron Peskin*
*Superbisor Catherine Stefani*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Rafael Mandelman*
*Superbisor Ahsha Safaí*
*Superbisor Connie Chan*
*Superbisor Joel Engardio*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

**BUMOTO NG HINDI SA F: HINDI TAYO PANANATILIHING LIGTAS NG DOUBLE-DIPPING O PAGKUHA NG PERA MULA SA DALAWANG PINAGMUMULAN**

**Nililinlang ang mga botante** ng mga may-panukala. Karamihan sa argumento nila ay walang sinasabi kung ano talaga ang ginagawa ng Prop F.

Sinasabi nila na lubos na may kakulangan sa mga kawani ang Police Department (Departmento ng Pulisya) ng San Francisco, **pero karamihan sa mga pulis ay umaalis matapos ang 6 o 7 taon.** Ipatutupad lamang ang Prop F sa mga pulis na may 25+ taon na ng serbisyo.

Sinasabi nilang nasa mahirap na sitwasyon ang mga nagbabayad ng buwis dahil sa pagbabayad ng napakalalaking gastos nang dahil sa overtime, na 20% ng badyet sa suweldo ng SFPD, pero pupuwersahin ng Prop F ang mga nagbabayad ng buwis na **bayaran ang senior o nakatataas na pulis ng dalawang beses** sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanilang mag-double dip o kumuha ng pera mula sa suweldo at sa nakabangkong bayad na pensiyon **nang magkasabay**, kung kaya't mapahihintulutan ang ilang indibidwal na pulis na kumita ng hanggang sa **kalahating milyong dolyar**.

Ang alam natin mula sa pagsubok sa parehong programa sa pagitan ng 2008 at 2011 ay:

- Ibinenta ito bilang cost-neutral o walang pagbabago sa gastos, **pero napatunayan na napakamahal pala nito**.
- Naglabas ang Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng ulat na nagsasaad na hindi nakatulong **sa pagrerekrut o sa pagpapanatili ng mga pulis** ang programa.
- **Maagang nagreretiro ang mga pulis** upang makalahok sila sa programa at karaniwan nang nakapag-uuwi sila ng $200,000+.

Sinasabi ng SFPD na tumataas na ang bilang ng mga narerekrut at bumalik na ang laki ng mga klase sa mga antas nito noong 2019.

Tulungan kaming magkaroon ng proteksiyon laban sa maling impormasyon at mamuhunan sa mga programa na talagang nakapagpapanatili sa ating kaligtasan.

**Bumoto ng hindi sa Prop F.**

*American Civil Liberties Union (Amerikanong Unyon para sa mga Karapatang Sibil, ACLU) ng Hilagang California*
*Chinese for Affirmative Action (Mga Tsino para sa Pag-aksiyong Pabor sa mga Nakararanas ng Diskriminasyon)*
*Superbisor ng Distrito 9 Hillary Ronen*
*Superbisor ng Distrito 5 Dean Preston*
*Superbisor ng Distrito 10 Shamann Walton*
*Pampublikong Tagapagtanggol* Mano Raju*
*Komisyoner ng Pulisya* Jesus Yáñez*
*Dating Komisyoner ng Pulisya* Bill Ong Hing*

*Para lamang sa layunin ng identipikasyon; lumalagda ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

## Argumento ng Katunggali

**MAGSABI NG HINDI SA PROP F: Mapaglustay, hindi epektibo, at hindi makatarungan.**

Ang Proposisyon F ay muling paggawa ng insider o indibidwal na maraming koneksiyon sa City Hall ng polisiya na nasubukan na at naging malaking kabiguan. Ang pagboto ng Oo sa F ay boto para sa napakamahal na programa na hindi kayang bayaran ng mga taga-San Francisco, at hindi tayo nito mapananatiling mas ligtas.

- MAPAGLUSTAY: Pupuwersahin ng Proposisyon F ang mga nagbabayad ng buwis na bayaran ang ilang indibidwal na pulis ng hanggang sa KALAHATING MILYONG DOLYAR sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanilang mag-double-dip o kumuha ng suweldo at ng naka-bangko na mga bayad na pensiyon. Hindi ito magdaragdag ng kahit na isang pulis sa mga ranggo ng SFPD kahit marami ang nakakaalam ng tungkol sa kakulangan sa mga kawani. Ang pagbabayad ng paparetirong mga pulis nang dalawang beses—kasama na ang mga nagreretirong nasa ilalim ng imbestigasyon dahil sa maling pag-asal—ay hindi mapupunan ang daan-daang pulis na malapit nang magretiro taon-taon.
- HINDI EPEKTIBO: Sinubukan na ng San Francisco ang programang ito noong 2008 at wastong iniwan ito noong 2011 dahil walang ebidensiya na nakatulong ito sa lungsod upang makapagpanatili o makapagrekrut ng mga pulis. Walang dahilang ibinibigay ang Proposisyon F upang balikan ang panahong iyon at isagawang muli ang mahal at hindi epektibong ideya, lalo na sa panahon na naaprubahan na natin ang pinakamalaking plano para sa pagpapanatili sa trabaho sa kasaysayan ng Lungsod, at binibigyan na natin ang senior na mga pulis ng malaking bayad para manatili sa trabaho, na nasa 17% ng kanilang mga suweldo ngayong taon na ito at 20% pagsapit ng 2026.
- HINDI MAKATARUNGAN: Walang sinuman sa iba pang kawani para sa pampublikong kaligtasan ng San Francisco – Mga bumbero, social worker, dispatser ng 911 – ang tumatanggap ng gayong kalalaking benepisyo para sa pananatili sa trabaho kahit na humaharap ang kanilang mga pinagtatrabahuhan sa malalaking kakulangan sa mga kawani.

Habang humaharap ang San Francisco sa napakalaking kakulangan sa badyet, bawat dolyar na sasayangin natin sa Proposisyon F ay dolyar na hindi natin magagamit upang matugunan ang aktuwal na mga inaalala ukol sa kaligtasan ng publiko.

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon F.**

*American Civil Liberties Union (Amerikanong Unyon para sa mga Karapatang Sibil, ACLU) ng Hilagang California*
*Asian Law Caucus (Pulong ng mga Asyano ukol sa Batas)*
*Chinese for Affirmative Action (Mga Tsino para sa Pag-aksiyong Pabor sa mga Nakararanas ng Diskriminasyon)*
*Superbisor ng Distrito 9 Hillary Ronen*
*Superbisor ng Distrito 5 Dean Preston*
*Superbisor ng Distrito 10 Shamann Walton*
*Pampublikong Tagapagtanggol* Mano Raju*
*Komisyoner ng Pulisya* Jesus Yáñez*
*Dating Komisyoner ng Pulisya* Bill Ong Hing*

*Para lamang sa layunin ng identipikasyon; lumalagda ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

**BILANG MGA PROPESYONAL SA PAGPAPATUPAD NG BATAS, MAGALANG NAMING HINIHILING SA MGA TAGA-SAN FRANCISCO NA SAMAHAN KAMI SA PAGSUPORTA SA PROP F**

Bilang kasalukuyan at dating mga hepe ng pulisya ng San Francisco — na nagsusulat sa aming personal na mga kapasidad — at kasama ang mga organisasyon sa paggawa na kumakatawan sa mga pulis na nakapanumpa nang poprotektahan ang ating Lungsod, hinihikayat namin ang mga taga-San Francisco na suportahan ang Proposisyon F.

Ayon sa independiyenteng nabuo na metodolohiya na nakabatay sa dami ng gawain at napagtibay na ng mga botante noong 2020, kasalukuyang nangangailangan ang San Francisco ng 2,074 na full-duty na mga pulis upang sapat na maprotektahan ang kaligtasan ng publiko sa kabuuan ng lungsod. Sa kasamaang palad...

- kasalukuyang **kulang** ang SFPD ng **mahigit sa 500 pulis** upang matugunan ang rekomendadong antas ng kawanihan; at
- magkakaroon ang SFPD ng **halos 450 pulis na kuwalipikado nang magretiro** sa loob ng susunod na limang taon.

Bagamat nagsisimula na ang SFPD na magkaroon ng tunay na pag-unlad sa pagrerekrut ng bagong mga pulis, kinakailangan ang ambisyosong plano para sa pagpapanatili sa trabaho na tulad ng Prop F upang magkaroon ang San Francisco ng karapat-dapat nitong pulisya na kompleto ang kawanihan.

Hindi natatangi ang San Francisco sa malalaking lungsod na nakikipagkompetensiya upang malutas ang minsan sa isang henerasyon na krisis sa kakulangan ng mga kawaning pulis sa kabuuan ng bansa. Gayon pa man, sa Lungsod kung saan umaasa ang ekonomiya sa pagiging ligtas at sa malugod na pagtanggap sa mga nagbibiyahe papunta sa trabaho, turista, kumbensiyon, at sa sarili nating mga residente, talagang hindi kaya ng San Francisco na magkaroon ng SFPD na kulang sa mga kawani.

**Maingat na nalikhang plano ang Prop F** na makatutulong...

- Bigyan ng panghikayat ang may karanasan nang mga pulis upang **ipagpaliban ang pagreretiro** nang hanggang limang taon;
- Bigyang-diin **ang pagpapatrolya sa mga komunidad at mga imbestigasyon;**
- **Gawing mas kaunti ang mahal na mga overtime**;
- Paghusayin ang pangangasiwa upang **makapagrekrut ng mas maraming babaeng** pulis;
- **Palawakin** ang mga pagsusumikap para sa **civilianization (pagtatalaga ng ilang gawain sa mga sibilyan)**; at
- Tuparin ang pangako na magkakaroon ng **pagrereporma sa pulisya sa ika-21 siglo**.

Hinihikayat namin kayo na bumoto ng Oo sa Prop F.

*William Scott, Hepe ng Pulisya**
*Greg Suhr, Dating Hepe ng Pulisya**
*San Francisco Police Officers Association (Asosasyon ng mga Pulis ng San Francisco)*

*Para lamang sa layunin ng identipikasyon; lumalagda ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# G – Pagpopondo sa mga Subsidyo sa Upa para sa Abot-kayang Development sa Pabahay na Naglilingkod sa Mabababa ang Kita na Matatanda, mga Pamilya, at May Kapansanang mga Indibidwal

**Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang itakda sa Lungsod na maglaan ng hindi bababa sa $8.25 milyon sa isang taon upang mabayaran ang mga subsidyo sa upa sa mga development para sa abot-kayang pabahay na naglilingkod sa kabahayan ng napakababa ang kita na matatanda, mga pamilya, at may kapansanang mga indibidwal?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Itinatakda ng batas ng Estado sa San Francisco na sapat na magplano upang matugunan ang mga pangangailangan sa pabahay ng mga indibidwal na nasa lahat ng antas ng kita sa komunidad. Ang mabababa ang kita na kabahayan sa San Francisco ay may kita na hindi lumalampas sa 80% ng area median income (panggitnang kita ng lugar, AMI). Ang lubusang mabababa ang kita o extremely low-income (ELI) na kabahayan naman ay may kita na hindi lumalampas sa 35% ng AMI.

Nagkakaloob ang Lungsod ng pagpapautang upang magkaroon, makapagtayo, o magawan ng rehabitalisasyon ang abot-kayang pabahay at nang matugunan ang mga pangangailangan ng mabababa ang kitang kabahayan, pero hindi lubusang nasusubsidyuhan ng mga programa sa pagpapautang na ito ang pagkakaiba sa pagitan ng gastos sa mga operasyon ng mga yunit at ng upa na kayang bayaran ng ELI na mga kabahayan. Dahil dito, kakaunti kung ihahambing sa iba ang mga yunit sa pabahay na naihahandog nang may upa na abot-kaya ng ELI na mga kahabayan.

Pinopondohan ng Lungsod ang mga subsidyo sa upa para sa limitadong bilang ng mga development sa abot-kayang pabahay, kung kaya't may mga pinauupahang yunit na nakukuha ang ELI na matatanda. Direktang ipinagkakaloob ng Lungsod ang mga pondo sa may-ari upang masubsidyuhan ang upa ng ELI na matatanda.

Nagbibigay din ang Lungsod ng mga subsidyo sa upa sa mga kabahayan na nakaranas na noon ng kawalan ng tahanan.

Nanggagaling ang ilan sa pondo ng dalawang programa para sa pagbibigay ng subsidyo sa grants o tulong-pinansiyal ng estado o pederal na gobyerno at nagmumula naman ang iba pang pondo sa General Fund (Pangkalahatang Pondo) sa pamamagitan ng proseso ng taunang badyet. Sa kasalukuyan, walang permanenteng pinagmumulan ng pondo at wala ring taunang pangako na pondohan ang mga programang ito. Walang katumbas na programa sa kasalukuyan para sa ELI na mga pamilya o para sa may kapansanang mga indibidwal.

Pinamamahalaan ng Mayor's Office of Housing and Community Development (Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pag-unlad ng Komunidad, MOHCD), na nakikipag-ugnay para sa mga polisiya ng Lungsod ukol sa abot-kayang pabahay, ang mga programang ito na para sa pagpapautang at pagbibigay ng subsidyo sa upa.

**Ang Mungkahi:** Ang Proposisyon G ay pag-amyenda sa Tsarter na lilikha ng Affordable Housing Opportunity Fund for Seniors, Familes and Persons with Disabilities (Pondo para sa Pagbibigay ng Oportunidad sa Abot-kayang Pabahay para sa Matatanda, mga Pamilya, at mga Indibidwal na may mga Kapansanan, Fund o Pondo).

Sa ilalim ng Proposisyon G, itatakda sa Lungsod na magbigay ng kontribusyon taon-taon sa Pondo:

- simula sa fiscal year (taon ayon sa pagpaplano para sa badyet) 2026–27, hindi bababa sa $8.25 milyon sa isang taon; at
- hanggang sa fiscal year 2045–46, hindi bababa sa halaga noong nakaraang taon, na naiayon na nang hanggang sa 3% batay sa mga kita ng Lungsod.

Kung sa anumang taon ay $250 milyon o higit pa ang inaasahang kakulangan sa badyet ng Lungsod, maaaring bawasan ng Lungsod ang kontribusyon nito sa Pondo, basta't may kontribusyon ang Lungsod na hindi bababa sa $4 milyon sa 2026–27 at hindi bababa sa $8.25 milyon sa bawat taon pagkatapos nito.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

Sa ilalim ng Proposisyon G, pamamahalaan ng MOHCD ang Pondo sa pamamagitan ng pagbibigay ng pera sa mga may-ari ng ilang bago at nariring nang development para sa abot-kayang pabahay sa San Francisco at nang mabigyan ng subsidyo ang upa ng ELI na mga kabahayan na binubuo ng matatanda, mga pamilya, o may kapansanang mga indibidwal at may kita na hanggang sa 35% ng AMI. Ang mga pondo ang magkakaloob ng subsidyo para sa pagkakaiba sa pagitan ng halaga na kayang bayaran ng mga umuupa na ito at sa upa na kung wala ito ay sisingilin ng may-ari. Magtatapos ang Pondo sa Disyembre 31, 2046, maliban na lamang kung muling bibigyan ito ng awtorisasyon ng mga botante.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Tsarter na maglaan ng hindi bababa sa $8.25 milyon sa isang taon at nang mabayaran ang mga subsidyo sa upa sa mga development para sa abot-kayang pabahay na naglilingkod sa kabahayan ng napakababa ang kita na matatanda, mga pamilya, at may kapansanang mga indibidwal.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ng Lungsod ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "G"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon G:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ang mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ng mga botante, magkakaroon ito ng malaking epekto sa gastos ng gobyerno dahil babaguhin nito ang pagkakalaan sa mga pondo na kung hindi sana ay magagamit nito, simula sa hindi bababa sa $4 milyon sa fiscal year (FY) 2026–27, $8.25 milyon sa FY 2027–28, at tataas ito nang hanggang sa 3% taon-taon, kung kaya't aakyat sa pinakamataas nang posibleng halaga na humigit-kumulang $14 milyon sa FY 2045–46.

Lilikha ang mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ng Pondo para sa Pagbibigay ng Oportunidad sa Abot-kayang Pabahay para sa Matatanda, mga Pamilya, at mga Indibidwal na may mga Kapansanan (Pondo) at nang makapagbigay ng subsidyo sa upa ang Mayor's Office of Housing and Community Development (MOHCD) sa lubhang mababababa ang kita (ELI) na kabahayan. Mawawalan ng bisa ang Pondo sa Disyembre 31, 2046, maliban na lamang kung pahahabain pa ang bisa nito ng mga botante. Simula Marso 1, 2025, mag-uulat taon-taon ang Controller ukol sa halaga ng pondo mula sa bawat pinagkukunan ng non-General Fund (hindi Pangkalahatang Pondo) na magagamit upang mailaan sa Pondo.

Itatakda ng pag-amyenda na ito sa Lungsod na maglaan ng pondo taon-taon, na magsisimula sa $8.25 milyon sa FY 2026–27. Sa mga susunod na taon, itatakda sa Lungsod na maglaan ng hindi bababa sa halaga noong nakaraang taon at hanggang sa 3% na mas malaki kaysa sa nakaraang taon hanggang FY 2045–46. Gayon pa man, sa mga taon kung saan may inaasahang kakulangan sa badyet ng Lungsod na $250 milyon o higit pa, pahihintulutan ang Lungsod ng mungkahing pag-amyenda na bawasan ang taunang inilaan tungo sa $4 milyon sa unang taon at $8.25 milyon sa bawat susunod na taon. Sa loob ng takdang panahon na 20 taon kung kailan magiging aktibo ang Pondo, may saklaw ang kabuuang gastos na mula $161 milyon hanggang $222 milyon, at nakabatay ito sa pinansiyal na kalusugan ng Lungsod at pagpapasya sa badyet ng Mayor at ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor).

Hindi sinusunod ng mungkahing pag-amyenda ang hindi nakapirmi at pinagtibay ng mga botante na polisiya ng lungsod ukol sa mga set-aside (inirereserbang pondo). Hangad ng polisiyang ito na limitahan ang set-asides na nagpapabawas sa pera ng Pangkalahatang Pondo, na kung hindi gagawin, ay gagawan ng alokasyon ng Mayor at ng Board of Supervisor sa taunang proseso ng pagbabadyet. Para sa konteksto, sa badyet sa FY 2023–24, ang kabuuang halaga ng lahat ng batayang kinakailangan ay $2.1 bilyon o 30.7% ng humigit-kumulang na badyet ng Pangkalahatang Pondo na $6.8 bilyon.

Tandaan na papalitan ng mungkahing pag-amyenda ang mga tungkulin ng Opisina ng Controller na siyang naghanda ng pahayag na ito.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "G"

Noong Hulyo 23, 2024, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon G sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

**Oo:** Chan, Dorsey, Engardio, Mandelman, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

**Hindi:** Wala.

## Argumento ng May-Panukala

**May pangako ang San Francisco na palalawakin ang mga oportunidad sa pabahay para sa matatanda, mga pamilya, at may kapansanang mga indibidwal. Makatutulong ang Proposisyon G upang matamo natin ang gayong layunin.**

Gumagawa ang Proposisyon G ng napakahalagang hakbang tungo sa pagpapatupad sa layunin ng ating Lungsod na palalawakin ang mga pamamaraan upang magkaroon ng ligtas at abot-kayang pabahay ang lahat ng kabahayan na nasa lahat ng antas ng kita. Bagamat gumagawa na ng pag-unlad ang San Francisco tungo sa pagtatayo ng bagong pabahay at sa pagpapahusay ng nariiryan nang mga yunit, kailangan din nating tiyakin na magiging kuwalipikado para sa mga ito ang ating may pinakamababa ang kita na matatanda, mga pamilya, at may kapansanang mga indibidwal, at nang hindi sila mapag-iwanan. Pangangailangan ito na hindi sapat na natugunan ng kasalukuyang pederal at pang-estadong mga programa.

Ang Proposisyon G, na nailagay sa balota nang may **suporta ng lahat ng miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) at ng Mayor**, ang tutugon sa ganitong agwat sa ating mga programa sa pabahay sa pamamagitan ng:

- Pangangako ng pagkakaroon ng matatag at hindi nagbabago-bagong antas ng pagpopondo upang higit na maging abot-kaya ang abot-kayang pabahay ng ating Lungsod
- Paglikha ng daan-daan na mas abot-kayang pabahay gamit ang nariiryan nang mga pinagkukunan ng pondo
- Pagpapanatili sa pinakabulnerableng mga taga-San Francisco na may tahanan at pagpigil sa pagkawala ng kanilang mga tirahan
- Pagtatatag ng pampublikong proseso para sa pagpapaunlad at pangangasiwa sa programa

Gagana ang pondong ito kasama ang bago at nariiryan nang mga programa sa pabahay at gagawing mas epektibo ang mga ito, kung kaya't daan-daan na karagdagang yunit ang magiging abot-kaya para sa napakababaha ang kita na mga kabahayan.

Sa ika-5 ng Nobyembre, gawin natin ang kailangang-kailangan na hakbang na ito tungo sa mas nagsasama sa lahat at abot-kayang San Francisco. Samahan kami at **bumoto ng Oo sa Prop G!**

*Presidente ng Board of Supervisors Aaron Peskin*
*Mayor London Breed*
*Chinatown Community Development Center (Sentro para sa Pag-unlad ng Komunidad ng Chinatown)*
*Compass Family Services (Compass na mga Pampamilyang Serbisyo)*
*Council of Community Housing Organizations (Konseho ng mga Organisasyon para sa Pabahay sa Komunidad)*
*Faith in Action (Pagkilos batay sa Pananampalataya)*
*Mission Housing (Pabahay sa Mission)*
*Self-Help for the Elderly (Pagtulong sa Sarili ng Matatanda)*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

Ipinahahayag ng mga May-Panukala sa Proposisyon G na "lilikha" ito ng pabahay. Ang totoo, **isa itong makitid ang pananaw na pagsusugal at lalo pang makapagpapaningas sa krisis sa pabahay ng San Francisco**.

Nangangako sila ng "*daan-daan*" na karagdagang yunit, pero ipinagwawalang-bahala ang panganib na **makapagpapasimula ang Proposisyon G ng pagtaas ng upa sa kabuuan ng lungsod**. Sa pamamagitan ng pag-ubos sa pangkalahatang pondo tungo sa mga subsidyo sa upa, pagkakalooban ng panukalang-batas ang mga may-aring nagpapaupa mula sa kontribusyon ng mga nagbabayad ng buwis, kung kaya't makapaghihikayat ng mas matataas na presyo. Hindi nito gagawing mas abot-kaya ang pabahay—sa katunayan, lalo itong magiging mas mahal para sa sinumang hindi mananalo sa **literal na loterya.**

Bulnerable ang nariiryan nang mga programa sa panlilinlang at maling pamamahala. Bakit hindi natin hinihigpitan ang ating mga pamantayan? Kamakailan lamang, inamin ng isang negosyante ng San Francisco ang pagnanakaw ng mahigit $340,000 mula sa Seksiyon 8 na mga subsidyo. **Kulang ang Proposisyon G ng kinakailangang mga proteksiyon upang mapigilan ang pang-aabuso, na makauubos sa mga rekursong naituon na para sa tunay na mga nangangailangan.**

Ipinasa kamakailan ng San Francisco ang malaking bond (utang ng gobyerno) para sa pabahay at natiyak ang pagkakaroon ng $117 milyon na pondo mula sa estado at pederal na gobyerno para sa mga proyektong nauukol sa abot-kayang pabahay. Sa halip na walang katiyakang mga subsidyo ng Proposisyon G; pagsimulan at paghusayin natin ang *nariiryan na at* ***may pondo*** *nang pangmatagalang mga programa para sa abot-kayang pabahay* na natutugunan na ang mga ugat na dahilan.

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon G.** Iwaksi ang ilusyon ng pag-unlad, pagsugal sa pera ng mga nagbabayad ng buwis, at paglulustay sa mga rekursong kinakailangan para sa tunay na mga solusyon.

*Larry Marso, Esq.*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

## Argumento ng Katunggali

**Inililihis ng Proposisyon G ang pangkalahatang pondo ng lungsod upang magbigay ng subsidyo sa upa, na pangmaikling panahon na "pag-aayos ng problema" at may mararahas na pangmatagalang kahihinatnan.** Uubusin ng panukalang-batas na ito ang napakahahalagang mga rekurso mula sa kailangang-kailangan na mga serbisyong tulad ng pampublikong kaligtasan, imprastruktura, at edukasyon.

Nasa death spiral o pabulusok na tungo sa lubusang pagkaubos ang badyet ng San Francisco. Ang pangangako ng pangkalahatang pondo sa kahina-hinalang mga subsidyo ay lalo pang nakababawas sa katatagan ng pinansiya ng Lungsod, kung kaya't **magdudulot ito ng awtomatikong pagtatapyas sa ibang mga bahagi.**

**Hindi epektibong nakatuon ang mga subsidyo sa upa.** Isa na namang **literal na loterya** ang programang ito—kung saan may mga panalo at may mga talunan. Patataasin ng panukalang-batas na ito ang mga upa sa kabuuan ng lungsod. Magtataas ng presyo ang mga may-aring nagpapaupa, dahil magtatamasa sila mula sa pangkalahatang pondo ng Lungsod. Gagawing mas hindi abot-kaya ng Proposisyon G ang pabahay para sa maraming taga-San Francisco. Isa na naman itong "hot patch o mabilisang pag-aayos" ng malalim ang ugat na mga suliranin sa ating sistema ng pabahay at masama ang magiging epekto nito sa mga nasa panganib na residente na hindi magiging kuwalipikado.

**Kailangan ng San Francisco ng komprehensibong mga reporma sa pabahay** na hihikayat sa mas maraming abot-kayang yunit, magpapasimple sa pagkuha ng mga permit, at magbibigay ng panghikayat sa pribadong pamumuhunan. Lilikha ang gayong mga solusyon ng napananatili at pangmatagalan na mga pagpapahusay.

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon G** at suportahan ang reporma sa pabahay na tumutugon sa ugat na mga dahilan ng krisis sa pagiging abot-kaya ng San Francisco.

Larry Marso

Si G. Marso ay ehekutibo sa teknolohiya, tagapayo ukol sa M&A, at abugado. Bilang matatag na nag-aadbokasiya para sa responsibilidad sa pinansiyal na mga usapin, nag-awtor ng panukalang-batas sa balota upang magkaroon ng mga regulasyon sa navigation/linkage centers (mga sentrong tumutulong sa walang tahanan o may problema sa paggamit ng droga at iba ang sangkap), nakipagtunggali laban sa korupsiyon at panlilinlang sa ating mga politikal na partido at nonprofit, at miyembro at dating ehekutibo ng lokal na komite ng Republican Party (Partido Republikano), naghandog siya ng may prinsipyong pagtutol.

Itigil ang Malaking Panlilinlang sa mga botante ng San Francisco! Bisitahin ang: https://bigfraud.com

*Larry S. Marso*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

Sinusuportahan ang **Oo sa G** ng may mga pagkakaiba-ibang koalisyon na mula sa lahat ng sulok ng San Francisco—mga tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan, lider sa pananampalataya, organisasyong naglilingkod sa komunidad, nag-aadbokasiya para sa pabahay, at mga nag-aadbokasiya para sa matatanda, kababaihan, at mga umuupa—na nakaaalam kung ano ang kailangan upang malutas ang ating krisis sa pabahay.

Mahalagang bahagi ng solusyon ang Prop G na **magpapalawak sa mga oportunidad sa pabahay** para sa pinakanangangailangan nito **nang hindi nagdudulot ng mga pagtapyas** sa iba pang napakahahalagang mga serbisyo. Ito ay:

- Magpupuno ng kritikal na agwat sa sistema ng abot-kayang pabahay ng Lungsod sa pamamagitan ng pagpapababa sa upa para sa may pinakamabababang kita
- Gagamit ng naririyan nang pondo para sa pabahay na lubusang makasusuporta sa programa nang hindi ginagalaw ang General Fund (Pangkalahatang Pondo) ng Lungsod o naaapektuhan ang napakahahalagang mga serbisyo
- Magtutuon sa mga subsidyo sa matatanda at may kapansanang mga indibidwal na hindi nagbabago ang kita, at mga pamilya na minimum ang sinasahod sa trabaho

Sumama sa aming nagkakaisang koalisyon na **magkakasamang nagtatrabaho para sa matalino at responsableng mga solusyon** na hinaharap ang mga ugat ng krisis sa pabahay ng San Francisco. Bumoto ng **Oo sa G** upang makalikha ng ligtas at abot-kayang pabahay!

*Marie Jobling, Kasamang Tagapangulo, Dignity Fund Coalition (Koalisyon sa Pondo para sa Dignidad)*
*Sal Rosselli, President Emeritus (titulong pandangal ng retirado), National Union of Healthcare Workers (Pambansang Unyon ng mga Manggagawa para sa Pangangalagang Pangkalusugan)**
*Bayview Senior Services (Mga Serbisyo para sa Matatanda ng Bayview)*
*Compass Family Services (Compass na mga Pampamilyang Serbisyo)*
*Community Youth Center of San Francisco (Pangkomunidad na Sentro para sa Kabataan ng San Francisco)*
*Council of Community Housing Organizations (Konseho ng mga Organisasyon para sa Pabahay sa Komunidad)*
*Faith in Action (Pagkilos batay sa Pananampalataya)*
*Mission Housing (Pabahay sa Mission)*
*San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)*

*Para lamang sa layunin ng identipikasyon; lumalagda ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# H – Mga Benepisyo sa Pagreretiro ng mga Bumbero

**Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang mapalitan ang paraan ng pagkalkula ng mga benepisyo sa pensiyon ng mga miyembro ng Fire Department (Departamento para sa Pamamahala sa Sunog) na na-empleyo noong Enero 7, 2012 o bago ang petsang ito, sa pamamagitan ng pagpapababa sa edad na makatatanggap ang mga miyembrong ito ng pinakamataas na pensiyon mula edad 58 tungo sa 55, at paggawang ganito rin ang mga benepisyo ng mga miyembrong na-empleyo bago ang Enero 7, 2012?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Nagkakaloob ang Lungsod sa mga empleyado nito ng benepisyo ng pensiyon sa pamamagitan ng San Francisco Employees' Retirement System (Sistema sa Pagreretiro ng mga Empleyado sa San Francisco, SFERS). Nakatatanggap ang mga empleyadong natutugunan ang mga kinakailangang nauukol sa edad at serbisyo ng mga bayad na pensiyon sa panahon ng pagreretiro. Kuwalipikado na ang mga miyembro ng Fire Department na magretiro sa edad na 50 kung mayroon na silang hindi bababa sa limang taon ng credit para sa pagseserbisyo sa Lungsod.

Sa pangkalahatan, tumataas ang pensiyon ng miyembro batay sa edad, suweldo, at bilang ng mga taon ng pagtatrabaho. Ang pensiyon ay porsiyento ng pinal na suweldo ng miyembro sa panahon ng pagreretiro. Kinakalkula ng SFERS ang porsiyentong ito batay sa edad ng miyembro sa panahon ng pagreretiro at sa bilang ng mga taon ng pagseserbisyo sa Lungsod. Walang miyembro ng Fire Department ang maaaring makatanggap ng pensiyon na mahigit sa 90% ng kanyang pinal na suweldo.

Maaaring maabot ng mga miyembro ng Fire Department na na-empleyo bago ang Enero 7, 2012 ang 90% na pinakamataas nang pinahihintulutang porsiyento para sa kanilang pensiyon sa edad na 55. Ang mga miyembrong na-empleyo noong Enero 7, 2012 o matapos ang petsang ito ay maaaring maabot ang pinakamataas nang pinahihintulutan makalipas ang tatlong taon, sa edad na 58.

**Ang Mungkahi:** Aamyendahan ng Proposisyon H ang Tsarter upang mabago ang mga benepisyo sa pensiyon ng mga miyembro ng Fire Department na na-empleyo noong Enero 7, 2012 o matapos ang petsang ito. Bababaan ng Proposisyon H mula 58 tungo sa 55 ang edad kung saan maaari nang makuha ng mga miyembrong ito ang pinakamataas na pensiyon batay sa edad. Gagawing magkapareho ng mga pagbabagong ito ang mga benepisyo sa pensiyon ng mga miyembrong na-empleyo noong Enero 7, 2012 o matapos ang petsang ito at ang mga benepisyo ng mga miyembro na na-empleyo bago ang Enero 7, 2012.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Tsarter upang mapalitan ang paraan ng pagkalkula ng mga benepisyo sa pensiyon ng mga miyembro ng Fire Department na na-empleyo noong Enero 7, 2012 o matapos ang petsang ito, sa pamamagitan ng pagpapababa sa edad na makatatanggap ang mga miyembrong ito ng pinakamataas na pensiyon mula 58 tungo sa 55, at paggawang kapareho ito ng mga benepisyo ng mga miyembrong na-empleyo bago ang Enero 7, 2012.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "H"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon H:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa Tsarter, magkakaroon ito ng malaking epekto sa gastos ng gobyerno. Batay sa kasalukuyang actuarial, o gumagamit ng istatistika, na mga ipinagpapalagay at polisiya ng Sistema ng Pagreretiro, tataasan ng pag-amyenda ang gastos ng Lungsod nang nagsisimula sa humigit-kumulang $3.7 milyon sa fiscal year (taon ayon sa pagpaplano para sa badyet) 2025–26 at tataas ito taon-taon hanggang sa fiscal year 2040–2041.

Iaayon ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ang mga pagkalkula sa mga benepisyo sa pagreretiro para sa mga naging bumbero matapos ang Enero 7, 2012 sa mga naging bumbero bago ang petsang ito. Espesipikong nakasaad sa pag-amyenda na magiging kuwalipikado ang mga na-empleyo pagkatapos ng Enero 7, 2012 para sa mas matataas na benepisyo sa mas batang edad kaysa sa kasalukuyang mga patakaran. Bababaan ng pag-amyenda ang edad ng pagreretiro kung saan makatatanggap ang mga bumbero ng pinakamataas nang maaaring makuhang pensiyon mula 58 tungo sa 55 para sa cohort o magkakasama

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

sa pangkat na ito ng mga bumbero. Para sa konteksto, sa mga bumbero na na-empleyo matapos ang Enero 7, 2012, kasalukuyang may humigit-kumulang 4% (humigit-kumulang 50 bumbero) ang mas matanda sa 50 taong gulang.

Ang tinatayang gastos sa unang taon ay humigit-kumulang $3.7 milyon, kung saan tataas ang gastos hanggang sa taon 16 dahil sa mas matataas na kontribusyon ng taga-empleyo para sa pagreretiro na babayaran ng Lungsod. Hindi kasama sa gastos na ito ang maaaring pangangailangan na mag-empleyo ng mas maraming bagong bumbero habang may bagong panghikayat sa mas matatandang bumbero na magretiro nang mas maaga. Para sa konteksto, ang kasalukuyang gastos upang mag-empleyo at magsanay ng bagong bumbero ay humigit-kumulang $115,000, kasama na ang gastos para sa akademya, pagsisiyasat sa pinagmulan at medikal na pagsusuri, personal na mga kagamitang pamproteksiyon, at mga uniporme.

Babaguhin ng pag-amyenda sa Tsarter ang naaprubahan na ng botante na mga pag-amyenda sa Tsarter mula Hunyo 2010 at Nobyembre 2011 na nauukol sa pagreporma sa mga pensiyon.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "H"

Noong Hulyo 30, 2024, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng 10 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon H sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

**Oo:** Chan, Dorsey, Engardio, Mandelman, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani.

**Hindi:** Wala.

**Pinahintulutan ang Pagliban:** Walton.

## Argumento ng May-Panukala

Isa itong katunayan: Sa mga bumbero, kanser ang pangunahing dahilan ng pagkamatay nang dahil sa trabaho. 14% na mas mataas ang panganib sa mga bumbero na ikamatay ang kanser kung ihahambing sa pangkalahatang populasyon. Magmula pa noong 2006, mahigit 300 aktibo at retiradong bumbero na ng San Francisco ang namatay nang dahil sa kanser. Mahigit 160 na ang nasuring may kanser nitong nakaraang anim na taon. Nagawa ang karamihan sa mga pagsusuri sa mga bumbero na may edad na mahigit 50, kung kaya't naging malinaw na mas tumataas ang panganib habang tumatanda.

Ang pagiging bumbero ang isa sa mga propesyong pinakamapanganib at pinakamalaki ang hinihingi sa katawan at isipan. Ang pang-araw-araw na hinihingi ng trabaho, kasama na ang mapanganib na pagkakalantad sa PFAS (Forever Chemicals o Pangmatagalang Kemikal) at nakalalasong kemikal na sangkap, usok, at nalalanghap na sangkap, ay nagdudulot ng matinding hirap sa mga bumbero, lalo na iyong nagtatrabaho hanggang sa pagreretiro sa edad na 58. Nagdaragdag ang matagalang pagkakalantad sa mga kemikal sa mga problema sa kalusugan ng isip, problema sa sakit sa puso, hindi gumagaling na mga kondisyon sa kalusugan, at may kaugnayan sa trabahong mga kanser, na lumalala habang tumatanda at naaapektuhan ang buhay ng mga bumbero at ng kanilang mga pamilya.

Pahihintulutan ng **Prop H** ang mga bumbero ng San Francisco na mabawasan ang panganib na magkaroon ng kanser sa pamamagitan ng pagreretiro sa edad na 55.

Sa kasalukuyan, kinakaharap ng mga bumbero ng San Francisco ang kawalang-katarungan sa pagkakapantay-pantay sa mga edad ng pagreretiro. Ang mga bumberong na-empleyo bago ang 2012 ay maaaring magretiro sa edad na 55 samantalang iyong na-empleyo matapos nito ay kailangang maghintay hanggang sa edad na 58. Gagawing estandardisado ng **Prop H** ang edad ng pagreretiro para sa lahat ng bumbero, kung kaya't matitiyak ang pagkakapantay-pantay ng lahat ng gumagawa ng magkakaparehong trabahong may banta sa buhay.

Makatutulong din ang maagang pagreretiro upang mabawasan ang tumataas na gastos sa workers' compensation (seguro sa mga manggagawang napinsala sa trabaho) na itinutulak ng mga problemang hindi gumagaling at pinsala sa katawan ng mga bumbero, kung kaya't malilibre ang mga rekurso ng lungsod, at sa gayon, magkakaroon ng katarungan sa pagkakapantay-pantay ang lahat ng bumbero.

Panahon na upang iligtas ang buhay ng mga bumberong nagliligtas sa mga buhay sa ating komunidad araw-araw. Ang **Prop H** ay napakahalagang hakbang tungo sa pagprotekta sa ating mga bumbero mula sa kanser at sa paghahatid ng patas at may katarungan sa pagkakapantay-pantay na mga benepisyo para sa lahat ng pinakamatatapang sa San Francisco.

*Superbisor Catherine Stefani*
*Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Aaron Peskin*
*Superbisor Connie Chan*
*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Joel Engardio*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Ahsha Safai*
*San Francisco Firefighters (Mga Bumbero ng San Francisco) Lokal 798*
*Kalihim Adam Wood*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

Maraming taon nang alam ng marami ang mas mataas na panganib na magkakanser ang mga bumbero, na siyang isinasaad ng argumento ng mga may-panukala sa Proposisyon H, **pero nabibigo itong makapagbigay ng katwiran ukol sa pagkakaloob sa kanila ng mas matataas na pensiyon samantalang mas mataas na ang bayad sa kanila kung ihahambing sa mga kasamahan**.

Ang mga bumbero ng San Francisco ang may **pinakamataas na bayad sa Bay Area,** at **nagtatrabaho ng pinakakaunting bilang ng oras**, ayon sa survey noong 2023 sa 13 hurisdiksiyon kung saan ang taunang suweldo ng karaniwang bumbero ay $127,654, kung ihahambing sa **$136,656 sa San Francisco**.

Kanser ang ikalawang pangunahing dahilan ng pagkamatay sa Estados Unidos, kung kaya't malinaw na hindi lahat ng kanser ng kasalukuyan o dating bumbero ay may kinalaman sa trabaho. Ayon sa pambansang datos, *4% lamang ng mga insidente kung saan natatawag ang mga bumbero ang may kaugnayan sa sunog*; at medikal na emergency ang karamihan.

Ang pahayag na "kailangang maghintay hanggang sa edad na 58 ang mga na-empleyo" upang makapagretiro ay *mapanlinlang, na siya nang pinakamabuting masasabi ukol dito.* Malinaw na maaaring makapagretiro ang mga bumbero kung pipiliin nila ito at walang bagay na hindi makatarungan ukol sa kasalukuyang mga petsa na kinakailangan upang maging kuwalipikado sa pagreretiro. **Ipinagbigay-alam sa mga na-empleyo noong 2012 o matapos ang taon na ito ang tungkol sa mga patakaran sa pensiyon na ipinatutupad sa kasalukuyan.**

Itinutulak ng mga Superbisor na naghahatid ng mga pabor para sa makapangyarihang unyon ng mga bumbero ang panukalang-batas na lilikha ng **higit na kawalang katarungan**. Hahantong ang ganitong pagsubok na mapawalang-bisa ang mahalagang repormang ipinasa na ng mga botante sa pagkakaroon ng mas hindi mapanatiling sistema ng mga pensiyon, kung kaya't maisasapanganib ang pensiyon ng mga magreretiro sa hinaharap at tataas ang pasaning mga buwis sa kasalukuyan at sa kinabukasan.

Mahal ng lahat ang mga bumbero, pero walang dahilan upang hindi sila maisama sa mga patakaran sa pagreretiro na sumasakop sa lahat ng empleyado ng lungsod. **Ang Proposisyon H ay maling paglilingkod sa mga manggagawa sa hinaharap at sa publiko. Bumoto ng Hindi.**

*Libertarian Party of San Francisco (Partido Libertaryan ng San Francisco)*
LPSF.org

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

## Argumento ng Katunggali

May mapanganib na mga trabaho at mahahabang oras ng paglilingkod ang mga bumbero. Kapag isinasapanganib nila ang kanilang sarili upang makatulong sa iba, *tunay silang* mga bayani. Boluntaryo nilang pinili ang larangan ng karera na ito kahit na may mga panganib.

**Ipinagbigay-alam din** sa mga bumbero ng San Francisco na na-empleyo matapos ang Enero 6, 2012 ang tungkol sa **may buong pensiyon na pagreretiro sa edad na 58** (dati itong 55). Kinailangan ang pagbabago sa edad ng pagkuha ng pensiyon dahil sa deka-dekada na maling pamamahala sa pinansiya ng gobyerno ng lungsod. **Sa pamamagitan ng pagtataas ng porsiyento ng kontribusyon ng mga empleyado para sa mga na-empleyo matapos ang petsang ito, *pinoprotektahan* ng mga botante *ang pensiyon ng mga bumbero*.** Kailangang bawasan ang mga gastos. Naiwasan ng San Francisco ang pagiging bangkarote noong 2008 hanggang 2012 na bust cycle o panahong may siklo ng pagbagsak ng ekonomiya. May ibang lungsod sa California na hindi gayon kasuwerte – dumanas ang estado ng dalawa o higit pang pagkabangkarote ng mga munisipyo.

**Ngayon, naghaharap ang mga politiko ng panukalang-batas sa balota upang ipawalang-bisa ang maingat na aksiyon ng mga botante.** Bakit? Isinasaad ng panukalang-batas sa balota na *"malaki na ang inunlad ng tinatayang pinansiyal na hinaharap ng San Francisco Employees Retirement System."* Maaaring totoo ito sa boom cycle o panahon ng malaking pag-unlad ng ekonomiya, pero mukhang may kakulangan sa pagpaplano para sa susunod na pagbagsak ng ekonomiya. Hindi matatapos ang mga siklong boom/bust o pag-unlad/pagbagsak habang nakikialam ang gobyerno sa sistema ng pananalapi, na pumipigil sa pagkakaroon ng natural na mga pagwawasto sa merkado. Katulad rin ito ng patakarang "no burn o walang pagsusunog" sa pamamahala ng kagubatan na nagpapaigting sa panganib ng mapangwasak na sunog sa kadulu-duluhan.

Bumoto tayo ng hindi sa panukalang-batas na ito sa balota at magkaroon tayo ng aktibong gobyerno ng lungsod na **pinoprotektahan ang sarili laban sa pagkabangkarote sa kinabukasan habang hindi tinataasan ang pasaning buwis ng mga mamamayan nito.** Mas mabuti pang magsiyasat ng mga pamamaraan upang maprotektahan ang mga bumbero at gantimpalaan sila para sa bayaning pagseserbisyo na hindi magtataas ng hindi mapananatili sa hinaharap na mga obligasyon sa paggasta.

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon H.**

*Libertarian Party of San Francisco (Partido Libertaryan ng San Francisco)*
LPSF.org

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

Kahiya-hiya ang naniniwala ng labis sa kanilang ideolohiya na Partido Libertaryan — o sinuman — na nagmumungkahing "pinili" ng mga bumbero na magkaroon ng kanser o mamatay nang dahil sa kanser.

Pinili ng mga bumbero ang kanilang karera nang may malay na maaari nilang isapanganib ang kanilang buhay upang mailigtas ang ibang tao. Hindi nila alam na humaharap din sila sa panganib ng kanser nang dahil sa trabaho, na makapagpapaikli ng kanilang buhay o na susundan sila ng panganib na ito makalipas ang mahabang panahon matapos makapagretiro.

Nitong nakaraang ilang taon, may lumabas nang napakahahalaga na bagong pag-aaral kung saan napatunayan na humaharap ang mga bumbero sa napakatataas na porsiyento ng posibilidad na magkaroon ng kanser batay sa haba ng pagtatrabaho sa mapagbanta sa buhay na gawain.

**Katunayan: Kanser ang pangunahing dahilan ng kamatayang dahil sa trabaho sa hanay ng mga bumbero, kung saan partikular na bulnerable ang higit pa sa 50 ang edad.** May 14% mas mataas na panganib ang mga bumbero na ikamatay ang kanser kung ihahambing sa ating lahat.

Pinupuwersa sila ng kasalukuyang edad ng pagreretiro na patuloy na magtrabaho sa mapanganib na mga kondisyon, kung kaya't tumataas ang panganib na magkaroon sila ng kanser at iba pang hindi gumagaling na problema sa kalusugan.

**Katunayan: Sa kasalukuyan, humaharap ang mga bumbero ng San Francisco sa kawalang-katarungan sa pagkakapantay-pantay sa mga edad ng pagreretiro.** Ang mga bumberong na-empleyo bago ang 2012 ay maaaring magretiro sa edad na 55 samantalang iyong na-empleyo matapos nito ay kailangang maghintay hanggang sa edad na 58.

Muling gagawing estandardisado ng Prop H ang edad ng pagreretiro para sa lahat ng bumbero, kung kaya't matitiyak ang pagkakapantay-pantay ng lahat ng gumagawa ng magkakaparehong trabaho na may banta sa buhay.

Praktikal na solusyon ang Prop H na makatutulong sa bawat bumbero na mabawasan ang panganib na magkakanser sa pamamagitan ng pagreretiro batay sa 2012 na limitasyon sa edad, kung kaya't malilimitahan ang kanilang pagkakalantad sa mapanganib na mga kemikal na sangkap.

Ito na ang ating pagkakataon na magpakabayani para sa mga bayani na pumoprotekta sa mga pamilya ng San Francisco.

Bumoto ng Oo sa Prop H.

*Superbisor Catherine Stefani*
*Superbisor Connie Chan*

# I – Mga Benepisyo sa Pagreretiro ng mga Nars at Operator ng 911

**Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang mapahintulutan ang rehistradong mga nars na miyembro ng San Francisco Employees' Retirement System (Sistema ng Pagreretiro ng mga Empleyado ng San Francisco) at natutugunan ang ilang itinatakda upang makabili ng mga credit tungo sa kanilang kabuuang pampensiyon na mga taon ng pagseserbisyo para sa panahon kung saan dati silang nagtrabaho bilang per diem (kada araw ang bayad) na mga nars, at mapahintulutan ang mga dispatser ng 911, superbisor, at tagapag-ugnay na taasan ang kanilang mga benepisyo sa pensiyon sa pamamagitan ng pagsali sa SFERS Miscellaneous Safety Plan (SFERS na Planong Pangkaligtasan na may Iba't Ibang Gamit) para sa panahon ng pagtatrabaho simula sa Enero 2025?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Nagkakaloob ang Lungsod sa mga empleyado nito ng benepisyo ng pensiyon sa pamamagitan ng Sistema ng Pagreretiro ng mga Empleyado ng San Francisco (SFERS).

Pinagpapasyahan ng SFERS ang bayad na pensiyon na natatanggap ng retirado sa ilalim ng bawat plano sa pamamagitan ng kalkulasyong nakabatay sa pinal na suweldo, mga taon ng pagseserbisyo, at edad sa panahon ng pagreretiro. Nag-iiba-iba ang kalkulasyon na ito batay sa mga plano.

Naghahandog ang SFERS ng iba't ibang plano para sa mga empleyado batay sa uri ng trabaho, kasama na ang:

- Miscellaneous Plans (Mga Planong Iba't iba ang Gamit) para sa mga dispatser ng 911 at kanilang mga superbisor at tagapag-ugnay, pati na rin sa karamihan ng iba pang empleyado ng Lungsod;
- Safety Plans (Plano para sa mga nasa Gawaing Pangkaligtasan) para sa unipormadong mga empleyado ng Police Department (Departamento ng Pulisya) at Fire Department (Departamento para sa Pamamahala ng Sunog); at
- Ang Miscellaneous Safety Plan (Planong Pangkaligtasan na may Iba't Ibang Gamit) para sa ilang probation officers (opisyal para sa pamamahala ng mga panahon ng pagsubok), mga imbestigador ng Abugado ng Distrito, at juvenile court counselors (mga tagapayo sa hukuman para sa menor de edad).

Sa pangkalahatan, tumatanggap ang mga retirado ng mas malalaking benepisyo sa pensiyon sa ilalim ng mga Plano para sa mga nasa Gawaing Pangkaligtasan at ng Planong Pangkaligtasan na may Iba't Ibang Gamit kaysa sa natatanggap sa ilalim ng mga Planong Iba't iba ang Gamit. Bagamat may klasipikasyon ang mga dispatser ng 911 bilang mga First Reponder (Unang Tumutugon) sa California, hindi sila tumatanggap ng mga pensiyon sa pagreretiro na nasa antas ng Gawaing Pangkaligtasan.

Nagbibigay ng porsiyento ng kanilang suweldo ang mga empleyado ng Lungsod tungo sa mga benepisyo sa pagreretiro. Sa ilang pagkakataon, maaari ding bumili ang mga empleyado ng credit para sa pagseserbisyo upang tumaas ang kanilang mga benepisyo sa pagreretiro.

Ang "per diem na nars" ay Rehistradong Nars na ineempleyo ng Lungsod sa paminsan-minsan at pansamantalang katayuan. Magmula noong 1988, hindi na naging miyembro ang per diem na mga nars ng SFERS at hindi sila nakatatanggap ng anumang credit sa pagseserbisyo na nauukol sa pensiyon para sa mga oras na nagtatrabaho sila nang may per diem na katayuan.

**Ang Mungkahi:** Pahihintulutan ng Proposisyon I ang kuwalipikadong mga Rehistradong Nars na bumili ng credit sa pagseserbisyo para sa mga oras na nagtrabaho sila nang may per diem na katayuan. Ang mga Rehistradong Nars na miyembro na o magiging miyembro ng SFERS at nakapagtrabaho na ng karaniwang bilang na 32 oras o higit pa kada linggo sa loob ng hindi bababa sa isang taon ay maaari nang bumili ng hanggang sa tatlong taon ng credit sa pagseserbisyo para sa oras na dati silang nagtrabaho bilang per diem na nars para sa Lungsod bago sila naging miyembro ng SFERS.

Ililipat din ng Proposisyon I ang mga dispatser, superbisor, at tagapag-ugnay ng 911 mula sa Planong Iba't iba ang Gamit tungo sa Planong Pangkaligtasan na may Iba't Ibang Gamit para sa bayad na matatanggap ng mga empleyadong ito sa Enero 4, 2025 at matapos ang petsang ito. Bilang mga miyembro ng Planong Pangkaligtasan na may Iba't Ibang Gamit, itatakda sa mga empleyadong ito na magbayad ng mas mataas na halaga tungo sa plano para sa pensiyon at makatatanggap sila ng mas mataas na benebisyo sa pensiyon sa panahon ng pagreretiro.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong mapahintulutan ang mga Rehistradong Nars na miyembro ng Sistema ng Pagreretiro ng mga Empleyado ng San Francisco at natutugunan ang ilang itinatakda upang makabili ng mga credit tungo sa kanilang kabuuang pampensiyon na mga taon ng pagseserbisyo para sa panahon kung saan dati silang nagtrabaho bilang per diem na mga nars, at mapahintulutan ang mga dispatser, superbisor, at tagapag-ugnay ng 911 na taasan ang kanilang mga benepisyo sa pensiyon sa pamamagitan ng pagsali sa Planong Pangkaligtasan na may Iba't Ibang Gamit ng SFERS para sa panahon ng pagtatrabaho simula sa Enero 2025.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "I"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon I:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa Tsarter, magkakaroon ito ng malaking epekto sa gastos ng gobyerno. Batay sa kasalukuyang actuarial, o gumagamit ng istatistika, na mga ipinagpapalagay at polisiya ng Sistema ng Pagreretiro, ang pag-amyenda ay magreresulta sa mas mataas na gastos para sa Lungsod, mula humigit-kumulang $3.8 milyon hanggang humigit-kumulang $6.7 milyon sa unang taon, kung saan tumataas ang taunang gastos sa pagdaan ng panahon.

**Pagkakaroon ng Credit ng Per Diem na mga Nars sa Sistema ng Pagreretiro**

Pahihintulutan ng pag-amyenda ng Tsarter ang mga rehistradong nars na may klasipikasyon ng trabaho na kuwalipikado sa SFERS upang makabili ng hanggang sa tatlong taon ng credit sa pagseserbisyo para sa panahong ginugol nila bilang per diem na nars at magagamit nila ito sa pagreretiro. Sa kasalukuyan, hindi kuwalipikado ang panahon kung kailan nagtrabaho sila bilang per diem na nars upang makakuha ng credit sa serbisyo para sa pagreretiro. Upang magkaroon ng konteksto, noong Hulyo 1, 2023, mayroon nang 1,400 rehistradong nars na aktibong nagtatrabaho para sa Lungsod na kuwalipikado nang bumili ng per diem na credit para sa pagseserbisyo. Babayaran ng indibidwal na empleyado ang halagang kailangan para sa pabalik na pagbili ng mga taon ng pagseserbisyo na ito. Hindi pahihintulutan ng pag-amyenda ang panahon ng pagtatrabaho bilang per diem na nars sa pagtatakda ng mas maagang petsa ng pagiging miyembro sa SFERS.

Nakabatay ang tinataya na taunang halaga ng mas mataas na gastos ng Lungsod para sa pagreretiro sa bilang ng mga indibidwal na pabalik na bibilhin ang kanilang dating credit sa serbisyo, at maaaring nasa saklaw ito ng humigit-kumulang $1.5 milyon hanggang humigit-kumulang $4.4 milyon kada taon dahil sa mas mataas na mga kontribusyon para sa pagreretiro ng Lungsod.

**Mga Kawani ng Komunikasyon para sa Pampublikong Kaligtasan**

Ililipat ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ang mga dispatser ng 911, kasama na ang mga superbisor at tagapag-ugnay, mula sa miscellaneous retirement plans (iba't ibang plano sa pagreretiro) tungo sa miscellaneous safety retirement plan (iba't ibang plano sa pagreretiro sa mga indibidwal na nagtatrabaho para sa kaligtasan). Itatakda ng pag-amyenda ang pagbibigay ng credit sa panahong gugugulin sa pagtatrabaho ng mga dispatser ng 911 matapos ang Enero 4, 2025 tungo sa kanilang miscellaneous safety retirement plans.

Ang tinataya na taunang gastos ng Lungsod ay humigit-kumulang $2.3 milyon simula sa FY 2025–26, na para sa mas mataas na kontribusyon sa pagreretiro, at tataas ito taon-taon habang tumataas ang halaga ng apektadong payroll (listahan ng mga empleyado at suweldo). Para sa konteksto, may humigit-kumulang 175 dispatser ng 911 (kasama na ang mga superbisor at tagapag-ugnay) na nagtatrabaho para sa Lungsod.

Sa hangganan na hinihikayat ng mungkahing pag-amyenda ang kasalukuyan nang dispatser ng 911 na magtrabaho ng dagdag na mga taon, maaaring mapagpaliban o mabawasan ng Lungsod ang halaga upang makapag-empleyo ng bagong mga dispatser ng 911 – pero halaga ito na hindi maaaring mahulaan sa ngayon. Para sa konteksto, nagkakahalaga ang pagsasanay at pag-eempleyo ng isang bagong dispatser ng 911 ng nasa pagitan ng humigit-kumulang $225,000 at $235,000.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "I"

Noong Hulyo 23, 2024, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon I sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

**Oo:** Chan, Dorsey, Engardio, Mandelman, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

**Hindi:** Wala.

## Argumento ng May-Panukala

**Humaharap ang San Francisco sa malaking kakulangan sa mga dispatser ng 9-1-1 at mga Rehistradong Nars.**

Paghuhusayin ng Prop I ang pagrerekrut at pagpapanatili ng napakahahalagang mga First Responder (Unang Tumutugon) na ito, kung kaya't mababawasan ang hirap sa mga nagbabayad ng buwis na idinudulot ng kakulangan sa pag-eempleyo at labis-labis na pag-o-overtime.

**Napakahalaga ng Prop I upang mapunan ang kakulangan sa mga kawani para sa 9-1-1.**

Mayroong 20% na kakulangan sa mga kawani ang San Francisco sa ating 9-1-1 na sistema ng pagpapadala ng tulong. Nagtatrabaho ang mga dispatser ng hindi mapananatiling takdang oras ng pagtatrabaho na 15-18 oras. Pagod na sila at malapit nang humantong sa hangganan ng makakayanan.

Upang maging makatarungan sa pagtrato sa mga dispatser at sa gayon ay manatili sila sa trabaho, at upang makahikayat ng bagong mga dispatser na may pinakamataas na kalidad, kailangan nating magkaloob ng mga benepisyo sa pagreretiro sa mga dispatser na kapareho ng tinatanggap ng iba pang empleyado para sa pampublikong kaligtasan.

May klasipikasyon ang mga Dispatser bilang mga Unang Tumutugon, pero hindi sila tumatanggap ng parehong mga benepisyo sa pagreretiro na mayroon ang safety plan (plano para sa mga nasa gawaing pangkaligtasan). Kailangang magbago ito. Sa pamamagitan ng Prop I, magagawa ito.

**Napakahalaga ng Prop I upang mapunan ang kakulangan sa mga nars.**

Hindi rin mas mabuti ang kalagayan ng ating mga Rehistradong Nars. Nag-eempleyo ang San Francisco ng libo-libong RN bilang mga pampublikong tagabigay ng serbisyo, pero daan-daang posisyon ang hindi napupunan. Pagod na pagod na ang mga RN, kung kaya't umaalis sila sa Lungsod para magtrabaho sa pribadong mga ospital.

Upang mabilis na mapagtrabaho ang mga RN, nag-eempleyo ang Lungsod ng pansamantala at nagbibiyaheng mga nars sa pamamagitan ng mga korporasyong kontratista–kung kaya't gumagasta ang mga nagbabayad ng buwis ng 14% karagdang gastos. Gayon pa man, ang mga Nars lamang ang mga empleyado ng Lungsod na hindi pinahihintulutan na bumili pabalik ng panahon para sa pensiyon matapos maging permanenteng mga empleyado.

Aayusin ng Prop I ang malulusutang sitwasyon na ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa pansamantalang mga RN ng pagkakataon na makasama sa hanay ng ating full-time na mga nars, na may mga opsiyon para sa panahong natrabaho na sa pensiyon, kung kaya't makatitipid ang mga nagbabayad ng buwis ng 14%.

**Ang Prop I ay tripleng panalo para sa badyet, mga nagbabayad ng buwis, at kaligtasan ng San Francisco.**

Magkakaloob ang Prop I sa pang-emergency na mga dispatser at nars ng San Francisco ng mga benepisyong karapat-dapat sa kanila, kung kaya't mapananatili natin ang ating may dedikasyon na mga propesyonal sa pampublikong kaligtasan, makapaghihikayat ng bagong mga talento, at mapaghuhusay ang pang-emergency na mga serbisyo ng lungsod.

Samahan ang mga dispatser ng 911, nars, ang Service Employees International Union (Internasyonal na Unyon ng mga Empleyadong Nagbibigay-Serbisyo) Lokal 1021, at ang mga nag-aadbokasiya para sa pampublikong kaligtasan at bumoto ng **OO sa I.**

*Superbisor Ahsha Safai*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Dean Preston*
*Superbisor Shamann Walton*
*Superbisor Connie Chan*
*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Aaron Peskin*
*Superbisor Catherine Stefani*
*Superbisor Rafael Mandelman*
*Superbisor Joel Engardio*
*Service Employees International Union Lokal 1021*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

Kung mayroon kayong **$790 milyon na kakulangan sa badyet**, na tulad na mayroon ang gobyerno ng lungsod ng San Francisco ngayong taon na ito, panahon na para sa paghihigpit ng sinturon, hindi ng higit na paggasta.

Gayon pa man, sa halip na responsableng kumilos, pinuno ng mga miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng San Francisco ang ating balota ng mga panukalang-batas, na sa mga salita ng lupon ng mga editor ng San Francisco Chronicle ay *"magbibigay ng bagong mga benepisyo sa pensiyon na milyon-milyon ang halaga, na para bang Tic Tacs ito."*

Isa sa mga panukalang-batas na ito ang Proposisyon I ni Superbisor Asha Safai. Hindi magandang hitsura para sa indibidwal na tumatakbo upang maging mayor ang pagsuko sa mga hinihingi ng makapangyarihang mga unyon ng mga empleyado.

**May lumolobo nang gobyerno ang lungsod ng San Francisco, kung saan may 60 departamento at mahigit sa 34,000 empleyado.** At malamang na mababa pa ang pagtatantiyang naisaad na ito kung ihahambing sa tunay na saklaw ng lokal na gobyerno, dahil ayon sa ulat kamakailan ng Civil Grand Jury (Pinakamataas na Hukumang Sibil), nagpapanatili rin ito ng mga kontrata sa mahigit 600 non-profit.

Kung totoong hindi makahikayat ang mga departamento ng lungsod ng sapat na rehistradong nars o operator ng 911, marahil bahagi ng problema ay napakarami nang potensiyal na mga empleyado na *nagtatrabaho na* para sa gobyerno sa mga kapasidad na mas hindi kinakailangan?

**Hindi maaaring bayaran ng gobyerno ang mga empleyado nito nang palaki nang palaki, habang patuloy na pinalalawak ang kanilang bilang.** Patuloy na bibigat lamang ang pasanin ng natitirang mga nagbabayad ng buwis sa lungsod, kasama na kapwa ang mga residente at negosyo, at magiging lalo at lalo pang hindi mapananatili ang ganito.

**Panahon na upang itigil ang kabaliwang ito.**

**Bumoto ng HINDI sa Prop. I.**

*Starchild*
*Libertarian Party of San Francisco (Partido Libertaryan ng San Francisco)*
LPSF.org

## Argumento ng Katunggali

Kasama sa hindi karaniwan ang dami na panukalang-batas sa balota na nasa ating harapan ngayong Nobyembre ang ilan na lumusong na sa mahirap maintindihang mundo ng sistema sa pagbibigay ng pensiyon sa mga pampublikong empleyado. Resulta ito ng kasakiman ng gobyerno.

Iminumungkahi ng Proposisyon I ang mga pag-amyenda sa tsarter upang mapalawak ang mga benepisyo sa pensiyon para sa dalawang pangkat ng mga pampublikong empleyado na nagdusa nang dahil sa pambansang kakulangan sa kawanihan ng mga "unang tumutugon" magmula noong pandemya — mga rehistradong nars at mga kawani para sa pakikipagkomunikasyon ukol sa pampublikong kaligtasan na nagpapatakbo sa pang-emergency na linyang 911.

Pahihintulutan nito ang "per diem (kada araw ang bayad)" na mga rehistradong nars ng Lungsod, na kung baga, iyong kasalukuyan o noong nakaraan ay piniling magtrabaho nang nag-iiba-iba ang iskedyul bilang temps o pansamantalang empleyado (*walang* benepisyo ng pensiyon), upang maging full-time na nars para sa Lungsod (*may* mga benepisyo ng pensiyon). Bibigyan din sila nito ng karapatan na retroactive (maipatutupad para sa panahong bago ang patakaran) na bumili (nang may kita) ng hanggang sa tatlong taon ng benepisyo para sa pensiyon para sa panahong nagtrabaho sila nang may katayuang "per diem." Tama ang itinalang gastos ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), kung saan nakasaad na ang karapatang bumili ng tatlong taon ng nakaraang credit sa pagseserbisyo ay mula sa $1.5 milyon hanggang $4.4 milyon, kung isasaalang-alang ang kawalang katiyakan ukol sa bilang ng mga nars na gagawin ito. Gayon pa man, kasalukuyang isinasaad ng isang popular na website na ang panggitnang bayad para sa rehistradong nars sa San Francisco ay $147,104 kada taon (85% na mas mataas kaysa sa pambansang karaniwang halaga, at ang idinadahilan sa mataas na suweldo ay ang mataas na halaga sa pamumuhay at matibay na unyon).

Papalitan din ng Proposisyon I ang plano sa pensiyon para sa mga dispatser ng 911 na tumutugon sa mga emergency ng Lungsod, mula sa kasalukuyang plano tungo sa mas mataas ang bayad na ginagamit para sa mga bumbero at pulis. Ang nakasaad na layunin ay ang pagtugon sa kasalukuyang porsiyento ng bakanteng posisyon na 20-25% sa mga dispatser at mas mataas na bilang ng mga tawag kung ihahambing sa mga antas bago ang pandemya. Gayon pa man, nasa proseso na ang mas mahuhusay na programa para sa pagsasanay.
Mukhang ang idinadahilan ay ang pagiging mga serbisyong pang-emergency ng lahat ng ito, kahit na ang mga panganib na kinakaharap sa mga sunog at baril ay hindi kapareho ng mga kinakaharap sa pagsagot sa telepono. Iwasan ang pagkakalat ng anumang ukol sa mga "unang tumutugon" na magdudulot ng pagpapanic. Basta't magsabi ng HINDI.

*LIBERTARIAN PARTY OF SAN FRANCISCO (PARTIDO LIBERTARYAN NG SAN FRANCISCO)*
LPSF.org

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

**Ang Prop I ay tripleng panalo at nakabatay sa sentido komun na solusyon para sa badyet, mga nagbabayad ng buwis, at kaligtasan ng San Francisco.**

Magkakaloob ang Prop I sa mga dispatser ng 9-1-1 at nars ng San Francisco ng mga benepisyong pensiyon na karapat-dapat sa kanila, kung kaya't mapananatili natin ang ating may dedikasyon na mga propesyonal sa pampublikong kaligtasan, makapaghihikayat ng bagong mga talento, at mapaghuhusay ang pang-emergency na mga serbisyo ng ating Lungsod.

Nasa unahan ng pagtugon sa krisis sa kalusugan ng San Francisco ang mga Rehistradong Nars na nasa mga pampublikong ospital ng ating Lungsod. Mahal nila ang kanilang mga trabaho. Gayon pa man, inaantala ng mahirap na proseso ng Lungsod sa pag-eempleyo ang pagkakahirang sa pansamantalang per diem na mga nars bilang full-time na mga Rehistradong Nars, kung kaya't napalalala ang ating krisis sa kawanihan. Nawawala sa atin ang lubos na may pagsasanay na mga nars taon-taon papunta sa pribadong mga ospital, na nakapag-aalok ng mas matataas na suweldo, mas mabubuting benepisyo, at higit na suporta.

**Iyan ang dahilan kung bakit kailangan natin ang Prop I.**

Pahihintulutan ng Prop I ang temp (pansamantalang manggagawa) na mga nars na bumili ng hanggang sa tatlong taon ng credit sa pagseserbisyo para sa pagreretiro, para sa panahon na ginugol nila sa pagtatrabaho para sa Lungsod, mapupunan ang bakanteng mga posisyon ng nars, at makahihikayat at makapagpapanatili ng may dedikasyong mga propesyonal na nagkakaloob ng mataas ang kalidad na pangangalaga sa mga pasyente sa Zuckerberg San Francisco General at iba pang ospital ng Lungsod.

**Pararangalan ng Prop I sa wakas ang serbisyo ng mga dispatser ng 9-1-1** upang matiyak na makatatanggap sila ng pareho at pinaghusay na mga benepisyo sa pagreretiro na katulad ng iba pang propesyonal sa pampublikong kaligtasan. Isa itong solusyong nakabatay sa sentido komun upang mahikayat ang hanay ng mga nagtatrabaho na kailangan natin upang mapaghusay ang pagtugon sa emergency ng 9-1-1.

Utang natin sa ating mga nars, operator ng 9-1-1, at lahat ng taga-San Francisco na ipasa ang Prop I, at nang maayos natin ang mga kakulangan para sa pampublikong kaligtasan at magawa nating mas ligtas ang lungsod para sa ating lahat.

**Bumoto ng OO sa Prop I.**

*Superbisor Ahsha Safai*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# J – Pagpopondo sa mga Programa na Naglilingkod sa mga Bata, Kabataan, at Pamilya

**Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang makalikha ng inisyatibang pinangungunahan ng Mayor at ng Superintendente ng School District (Distritong Pampaaralan) na may misyon na tiyakin ang epektibong paggamit ng pondo ng Lungsod para sa mga bata, kabataan, at mga pamilya?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Pinopondohan ng Lungsod ang mga serbisyo para sa mga bata, kabataan, at kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng Children and Youth Fund (Pondo para sa mga Bata at Kabataan), ng Public Education Enrichment Fund (Pondo para sa Pagpapahusay sa Pampublikong Edukasyon), at ng Student Success Fund (Pondo para sa Tagumpay ng mga Estudyante), at iba pang programa.

Ang San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco, School District) ay hiwalay sa Lungsod at pinatatakbo nito ang sistema ng mga pampublikong paaralan sa San Francisco. Nakatatanggap ang School District ng ilang pondo mula sa Lungsod.

<u>Ang Pondo para sa mga Bata at Kabataan</u>

Sinusuportahan ng Pondo para sa mga Bata at Kabataan ang mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na hanggang sa 24 taong gulang. Itinatakda ng Tsarter sa Lungsod na mag-ambag ng nakatuong bahagi ng taunang kita mula sa property tax o amilyar sa pondong ito. Ginagamit ng Lungsod ang mga pondong ito upang magkaloob ng mga serbisyo, kasama na ang pangangalaga sa bata, mga serbisyo sa kalusugan, pagsasanay sa trabaho, serbisyong panlipunan, edukasyon, panlibangan at pangkulturang mga programa, at mga serbisyo upang maiwasan ang mali o labag sa batas na gawain. Kailangang gumasta ang Lungsod ng higit pa sa halagang ginasta nito sa Fiscal Year (taon ayon sa pagpaplano para sa badyet) 2000–2001 upang mapondohan ang mga serbisyong ito. Tinatawag ang halagang ginasta noong Fiscal Year 2000–2001 bilang "Children and Youth Fund Baseline (Pinagsisimulang Halaga ng Pondo para sa mga Bata at Kabataan)."

<u>Ang Pondo para sa Pagpapahusay sa Pampublikong Edukasyon</u>

Sinusuportahan ng Public Education Enrichment Fund (PEEF) ang mga pang-edukasyong programa para sa unang mga taon ng pagkabata at mga programa para sa pangkalahatang edukasyon, kasama na ang sining, musika, isports, at mga aklatan. Itinatakda ng Tsarter sa Lungsod na mag-ambag ng takdang halaga sa pondong ito taon-taon, na iniaayon sa bawat taon. Kailangang gumasta ang Lungsod ng higit pa sa halagang ginasta nito sa Fiscal Year 2002–2003 upang mapondohan ang mga serbisyong ito. Tinatawag ang halagang ginasta noong Fiscal Year 2002–2003 bilang "PEEF Baseline (Pinagsisimulang Halaga ng PEEF)." Bukod sa itinatakdang pondo para sa PEEF, maaaring magkaloob ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) at ang Mayor ng karagdagang pondo sa School District.

<u>Ang Pondo para sa Tagumpay ng mga Estudyante</u>

Nagbibigay ng pera ang Lungsod mula sa Pondo para sa Tagumpay ng mga Estudyante sa School District at sa indibidwal na mga paaralan para sa mga programang nagpapahusay sa pagtamo ng akademikong tagumpay ng mga estudyante at para sa kagalingan sa pakikisalamuha/pamamahala sa mga emosyon. Itinatakda ng Tsarter sa Lungsod na mag-ambag ng pera sa pondo taon-taon hanggang sa Fiscal Year 2037–2038. Sa Fiscal Year 2024–2025, kailangang maglagay ang Lungsod ng $35 milyon sa pondong ito. Patuloy na tataas ang halagang ito taon-taon, bagamat maaaring maglagay ng mas kaunting pera ang Lungsod sa pondo batay sa ilang sitwasyon.

**Ang Mungkahi:** Ang Proposisyon J ay pag-amyenda sa Tsarter na magpapabago sa paraan ng Lungsod sa paggawa ng ebalwasyon sa pagpopondo sa mga serbisyong para sa mga bata, kabataan, at kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng pagsubaybay sa mga kahihinatnan.

Lilikha ang Propisisyon J ng Our Children, Our Families Initiative (Ang Ating mga Anak, Ang Ating mga Pamilya na Inisyatiba, OCOF Initiative o Inisyatiba), na pamumunuan ng Mayor at ng Superintendente ng School District at may kawanihan na bubuuin ng mga empleyado ng Lungsod at ng School District, at sa gayon, matiyak na epektibong nagagamit ang kaugnay na mga pondo. Gagawan ng pangkat na ito ng ebalwasyon ang mga gastos na mula sa Pondo para sa mga Bata at Kabataan at sa PEEF at maghahanda ng taunang ulat para sa Mayor at sa Board of Supervisors, na kailangang aprubahan ang mga gastos na ito bilang bahagi ng proseso ng pagbabadyet.

Itatakda ng Proposisyon J sa School District na mag-ulat ukol sa mga pondo ng PEEF at sa paggasta sa OCOF Initiative taon-taon. Tuwing ikalimang taon, kailangang magsumite ang School District ng mungkahi na maglalarawan kung paano nito pinaplanong gamitin ang mga pondong ito. Nakabatay ang mga kontribusyon ng Lungsod mula sa PEEF tungo sa School District sa hinaharap sa kanilang pagrerepaso at sa pag-apruba sa mungkahi ng Distritong Pampaaralan.

Hindi maaaring palitan ng perang ginasta mula sa Pondo para sa Tagumpay ng mga Estudyante ang pera na kasama na o kasama ang bahagi sa Children and Youth Baseline, sa PEEF Baseline, o iba pang katulad na mga probisyon.

Hindi babaguhin ng Proposisyon J ang minimum o pinakamababa nang pinahihintulutang kontribusyon ng Lungsod sa Pondo para sa mga Bata at Kabataan, sa PEEF, o sa Pondo para sa Tagumpay ng mga Estudyante.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Tsarter upang malikha ang Ang Ating

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

mga Anak, Ang Ating mga Pamilya na Inisyatiba, at nang matiyak na epektibong nagagamit ang kaugnay na mga pondo.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "J"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon J:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa Tsarter, magkakaroon ito ng malaking epekto sa gastos ng gobyerno na hanggang sa $35 milyon sa FY 2024–25, at tataas ito nang hanggang sa $83 milyon sa FY 2037–2038 dahil babaguhin nito ang alokasyon ng pagpopondo na kung hindi sana ay maaaring magamit sa General Fund (Pangkalahatang Pondo). Karagdagan dito, ang mga gastos para sa kawanihang susuporta sa mga operasyon ng bagong lilikhain na Ang Ating mga Anak, Ang Ating mga Pamilya na Inisyatiba, ay maaaring nasa saklaw ng mula sa $140,000 hanggang $570,000 taon-taon.

Lilikha ang pag-amyenda ng Ang Ating mga Anak, Ang Ating mga Pamilya na Inisyatiba (ang Inisyatiba), na magkakaroon ng kawanihang bubuuin ng mga opisyal mula sa Lungsod at Unified School District , at nang maiayon ang paggasta ng Lungsod sa mga bata at kabataan sa Outcomes Framework (Balangkas ng mga Kahihinatnan) ng Inisyatiba. Isasaalang-alang ng Board of Supervisors ang mapag-aalaman ng Inisyatiba sa paggawa at pagpapatibay ng badyet ng Lungsod.

Magpapataw ang pag-amyenda ng mga restriksiyon sa Lungsod sa pagkakaloob ng ilang pondo sa School District kung hindi aaprubahan ng Board of Supervisors ang panlimang taon na plano sa paggasta ng School District, kung hindi nakaayon ang paggasta ng Distrito sa nasabing plano sa paggasta at Outcomes Framework, o kung hindi papasok ang School District sa kasunduan sa Lungsod ukol sa pagbabahagi ng datos. Para sa konteksto, noong FY 2023–2024, nagbadyet ang Lungsod ng $91.6 milyon para sa Distrito sa pamamagitan ng Pondo para sa Pagpapahusay sa Pampublikong Edukasyon at ng $7.7 milyon sa pondong nakabatay sa pagpapasya ng kinauukulan. Dahil sa posibleng mga restriksiyon, maaaring magdulot ang mungkahing pag-amyenda ng pagtitipid para sa Lungsod, pero nasa antas ito na hindi pa matukoy sa ngayon.

Pangwakas, babaguhin ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ang Pondo para sa Tagumpay ng mga Estudyante, na kasalukuyan nang set-aside fund (inirereserbang pondo) sa Tsarter, sa pamamagitan ng paglilinaw na hindi maaaring palitan ng perang nasa pondong ito ang anumang kinakailangang pondo o baseline na nasa Tsarter para sa mga serbisyo sa mga bata at kabataan at sa Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco. Magmula noong pinasimulan ang Pondo para sa Tagumpay ng mga Estudyante, nabilang na ng lungsod ang kabuuan ng mga paglalaan ng Pondo para sa Tagumpay ng mga Estudyante tungo sa baseline spending requirement (pinagsisimulang pangangailangan sa paggasta) ng mga Bata at Kabataan. Sa kasalukuyan, nababalanse ang badyet ng Lungsod sa pamamagitan ng pagsasalikop ng dalawang baseline o pinagsisimulang ito. Ang magkasalikop na halaga ay katumbas ng $11 milyon sa Fiscal Year (FY) 2023–2024, $35 milyon sa FY 2024–25, at $45 milyon sa FY2025–26.

Kung maaaprubahan ang pag-amyenda, maaaring mangailangan ng paglalaan ng Mayor at ng Board of Supervisors ng karagdagang mga pondo para sa mga serbisyo sa mga bata at kabataan, na hanggang sa $35 milyon simula FY 2024–25 at hindi bababa sa $35 milyon kada taon sa loob ng susunod na 14 taon hanggang FY 2037–38, at hanggang sa pinakamataas nang halaga na $83 milyon. Kailangang balansehin ng Lungsod ang mga halagang ito, sa pamamagitan ng bagong mga kita o pagbabawas sa iba pang gastos.

Sakaling maglaan ang Lungsod ng mas malaking pera sa baseline ng mga Bata at Kabataan kaysa sa itinatakda ng baseline na ito, mababawasan ng halagang ito ang epekto sa Pangkalahatang Pondo ng panukalang-batas. Sa ilang nakaraang taon, nakapagbadyet na ang Mayor at ang Board of Supervisors, sa panahon ng normal na proseso ng pagbabadyet, ng mga pondong mas mataas sa minimum na itinatakda ng batas para sa mga serbisyo sa mga bata at kabataan, na may saklaw na mula $63.5 milyon noong FY 2021–22 hanggang sa $1.6 milyon noong FY 2023–24. Kung magaganap ito sa mga badyet sa hinaharap, mababawasan ang pinansiyal na epekto ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter, dahil may mas mababang antas ng bagong pagpopondo na itatakda ng batas upang mapalitan ang kontribusyon ng Pondo para sa Tagumpay ng mga Estudyante sa baseline ng mga Bata at Kabataan.

Mawawalan ng bisa ang Pondo para sa Tagumpay ng mga Estudyante sa Disyembre 31, 2038, maliban na lamang kung muling bibigyang-bisa ito ng mga botante. Sa loob ng susunod na 14 taon kung kailan magiging aktibo ang pondo, magkakaroon ng saklaw ang kabuuang gastos na mula $490 milyon hanggang $930 milyon, at nakabatay ito sa pinansiyal na kalusugan ng Lungsod at pagpapasya sa badyet ng Mayor at ng Board of Supervisors.

Bukod rito, magkakaroon ng saklaw ang tinatayang taunan na gastos para sa mga kawani upang masuportahan ang Inisyatiba na humigit-kumulang mula $140,000 hanggang $570,000 para sa isa hanggang tatlong posisyon sa Department of Children, Youth, and Their Families (Departamento para sa mga Bata, Kabataan, at Kanilang mga Pamilya).

Hindi sinusunod ng mungkahing pag-amyenda ang hindi nakapirmi at pinagtibay ng mga botante na polisiya ng lungsod ukol sa mga set-aside (inirereserbang pondo). Hangad ng polisiyang ito na limitahan ang mga set-aside na nagdudulot ng pagbabawas sa pera ng Pangkalahatang Pondo, na kung hindi gagawin, ay mailalaan ng Mayor at ng Board of Supervisors sa taunang proseso ng pagbababadyet. Para sa konteksto, sa badyet para sa FY 2023–24, ang kabuuang halaga ng lahat ng batayang kinakailangan ay $2.1 bilyon o 30.7% ng humigit-kumulang na badyet ng Pangkalahatang Pondo na $6.8 bilyon.

Tandaan na papalitan ng mungkahing pag-amyenda ang mga tungkulin ng Opisina ng Controller na siyang naghanda ng pahayag na ito.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "J"

Noong Hulyo 23, 2024, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon J sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

**Oo:** Chan, Dorsey, Engardio, Mandelman, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

**Hindi:** Wala.

## Argumento ng May-Panukala

**BUMOTO NG OO SA PROP J UPANG MASUPORTAHAN ANG PAGPAPANAGOT SA BADYET PARA SA MGA BATA**

Titiyakin ng Proposisyon J, na panukalang-batas na "Our Children, Our Families (Ang Ating mga Anak, Ang Ating mga Pamilya)" na magpaplano, makikipagkoordinasyon, at mananagot ang Lungsod at ang School District (Distritong Pampaaralan, SFUSD) para sa pondong ginagasta sa mga bata, kabataan, at pamilya upang mapabuti ang mga kahihinatnan. Bagamat palagi nang binibigyan ng prayoridad ng San Francisco ang ating mga bata, may pangangailangang magkaroon ng higit na kabukasan sa pagsisiyasat at kahusayan sa paraan ng paglalaan natin ng pondo, at nang sa gayon, matugunan natin ang dumaraming mga pangangailangang hindi natutugunan at mapabuti ang mga kahihinatnan.

Gagawin ng panukalang-batas na ito ang mga sumusunod nang hindi nagtataas ng buwis at sa pamamagitan ng paggamit sa mga rekursong mayroon na tayo:

- Makikipag-ugnay at mag-aayon ng gawain sa Mga Departamento ng Lungsod at sa SFUSD upang makabuo ng pinag-isang Plan and Outcomes Framework (Balangkas para sa Plano at mga Kahihinatnan) na magpapabuti sa mga kahihinatnan para sa mga bata at kabataan
- Titiyakin ang pananagutan at kahusayan sa pagbabadyet at nang matarget ang mga programa na tumutugon sa pinakakailangan at nakatuon sa pagkakaroon ng mga resulta at nakaayon sa pinag-isang Plano
- Higit pang maging bukas sa pagsisiyasat at nang malaman natin kung ano ang ginagastusan natin para sa mga bata at masukat kung epektibo ito

Ang Prop J ay tungkol sa mahusay na pamamahala. Ang Prop J ay tungkol sa pagtiyak na bawat dolyar na ginagasta natin sa mga bata ay nakatarget upang magkaroon ng pinakamahusay na maaaring makamit na mga resulta batay sa naitakda nang mga kahihinatnan.

**Pakisamahan kami sa pagtiyak na matutupad natin ang ating pangako sa mga bata ng lungsod at kanilang kinabukasan! Bumoto ng Oo sa Prop J!**

*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Hillary Ronen*
*Superbisor Shamann Walton*
*Superbisor Catherine Stefani*
*Superbisor Ahsha Safai*
*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Joel Engardio*
*Superbisor Dean Preston*
*Superbisor Rafael Mandelman*
*Komisyoner ng School Board (Lupon ng mga Paaralan) Jenny Lam*
*Komisyoner ng Lupon ng mga Paaralan Alida Fisher*

## Walang Isinumiteng Kontra-argumento sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon J, Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon J, o Isinumiteng Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon J

# Mga Eleksyon ng San Francisco: Ligtas at may Seguridad

**Upang malaman kung paano tinitiyak ng Departamento ng mga Eleksyon ang seguridad at integridad ng mga lokal na eleksyon, mangyaring bumisita sa sfelections.gov/security o makipag-ugnanyan sa amin.**




May mga ilang bagay na maaari ninyong gawin upang makatulong sa pagprotekta sa integridad ng ating mga eleksyon! Ito ang mga ilang mungkahi upang matulungan kayo makapagsimula:

- ☑ Regular na i-check ang inyong record ng rehistrasyon bilang botante upang matiyak na tama ang lahat ng inyong impormasyon, tulad ng inyong address, at baguhin ito kung kinakailangan;
- ☑ Mag-subscribe sa aming mga opisyal na balita, mga pagbabago, at mga abiso sa **sfelections.gov/trustedinfo**;
- ☑ Sundan kami sa social media sa (**@SFElections**);
- ☑ I-ulat ang misinformation, kaduda-dudang mga pahayag, o kahina-hinalang gawain, tulad ng pandaraya, katiwalian, o pag-tamper sa alinman sa mga sumusunod:
  - Aming tanggapan: **(415) 554-4310** o **sfvote@sfgov.org**
  - Abugado ng Lungsod ng San Francisco: **(628) 652-4311**
  - Kalihim ng Estado ng California: **(800) 345-8683** o **VoteSure@sos.ca.gov**

 38-FI-N24-CP114

# K – Permanenteng Pagsasara ng Upper Great Highway sa Pribadong mga Sasakyan upang Makapagtakda ng Bukas na Espasyo para sa Paglilibang ng Publiko

**Dapat bang gamitin ng Lungsod ang Upper Great Highway bilang pampublikong bukas na espasyo para sa paglilibang, kung kaya't permanente nang isasara ito sa pribadong de-motor na sasakyan nang pitong araw sa isang linggo, nang may limitadong hindi pagkakasali sa patakaran?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Bilang pagtugon sa pandemyang COVID-19, isinara ng Lungsod ang ilang pampublikong kalye sa pribadong de-motor na mga sasakyan, kung kaya't nareserba ang mga kalye bilang bukas na pampublikong espasyo para sa paglilibang. Kasama sa mga pagsasarang ito ang Great Highway na nasa pagitan ng Lincoln Way at Sloat Boulevard (Upper Great Highway), na katabi ng Ocean Beach.

Noong Mayo 2022, pinalitan ng Lungsod ang mga restriksiyong ginawa noong pandemya sa Upper Great Highway sa pamamagitan ng pilot na programa (pinagsisimulang programa), kung saan sinasara ang Upper Great Highway sa pribadong de-motor na sasakyan tuwing Biyernes ng hapon, sabado at linggo, at pista opisyal. Hindi ipinatutupad ang mga pagsasarang ito sa mga pang-emergency na sasakyan, opisyal na sasakyan ng gobyerno, pampublikong bus na umiikot sa parke, at katulad na mga sasakyang awtorisado na maghatid ng mga tao. Nakatakdang magwakas ang pilot na programa sa Disyembre 31, 2025. Kapag nagwakas na ang programang pilot, magbubukas na ang Upper Great Highway sa pribadong de-motor na sasakyan.

Nagtatakda ang General Plan (Pangkalahatang Plano) ng Lungsod ng mga layunin at polisiya para sa paggamit ng lupa sa loob ng San Francisco, kasama na ang mga kalye. Ginagabayan ng California Coastal Act (Batas ukol sa mga Baybayin ng California) ang paggamit ng lupang katabi ng baybayin ng California. Maaaring mangailangan ang mga pagbabago sa paggamit ng Upper Great Highway ng mga pag-amyenda sa General Plan at mga pag-apruba sa ilalim ng California Coastal Act.

May hurisdiksiyon ang Recreation and Parks Commission (Komisyon para sa Paglilibang at mga Parke) sa karamihan sa pampublikong mga parke at iba pang pasilidad para sa paglilibang sa San Francisco, kasama na ang Upper Great Highway. Sa ilalim ng direksiyon ng Komisyon, pinangangasiwaan ng General Manager (Pangkalahatang Tagapamahala) ng Paglilibang at mga Parke ang paggamit ng mga pasilidad na ito para sa paglilibang.

**Ang Mungkahi:** Ang Proposisyon K ay ordinasang magpapahintulot sa Lungsod na gamitin ang Upper Great Highway bilang pampublikong bukas na espasyo para sa paglilibang, kung kaya't permanente nang isasara ito sa pribadong de-motor na sasakyan nang pitong araw sa isang linggo, nang may limitadong hindi pagkakasali sa patakaran. Patuloy nitong pahihintulutan ang pang-emergency na mga sasakyan, opisyal na sasakyan ng gobyerno, pampublikong bus na umiikot sa parke, at katulad na awtorisadong mga sasakyan na magamit ang Upper Great Highway sa lahat ng panahon. Magkakaroon ng awtoridad ang General Manager ng Recreation and Parks Department (Departamento ng Paglilibang at mga Parke) na pagpasyahan kung mayroon talagang emergency at pahintulutan ang pribadong de-motor na sasakyan na gamitin ang Upper Great Highway.

Itatakda ng Proposisyon K sa Lungsod na humingi ng iba pang kinakailangang pag-apruba upang permanenteng masara ang Upper Great Highway sa pribadong de-motor na mga sasakyan, at dapat magawa ito sa loob ng 180 araw matapos aprubahan ng mga botante ang panukalang-batas na ito. Maaaring kasama sa mga pag-aprubang ito ang mga pag-amyenda sa General Plan ng Lungsod at mga pag-apruba sa ilalim ng Batas ukol sa mga Baybayin ng California.

Kung ipapasa ng mga botante ang Proposisyon K, mananatiling ipinatutupad ang kasalukuyang pilot na programa hanggang sa makuha ang lahat ng kinakailangang pag-apruba, at maibigay ang lahat ng kinakailangang permit, o hanggang sa takdang panahon ng pagwawakas ng pilot na programa sa Disyembre 31, 2025.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong gamitin ng Lungsod ang Upper Great Highway bilang pampublikong bukas na espasyo para sa paglilibang, kung kaya't permanente nang isasara ito sa pribadong de-motor na sasakyan nang pitong araw sa isang linggo, nang may limitadong hindi pagkakasali sa patakaran.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ng Lungsod ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "K"

Naglabas na ang Deputy Controller (Katuwang ng Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na si ChiaYu Ma ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon K:

Sakaling maaprubahan ng mga botante, nakabatay ang gastos sa mungkahing ordinansa sa mga desisyon na isasagawa ng Mayor at ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) sa proseso ng pagbabadyet, dahil hindi maitatakda ng ordinansa sa mga Mayor at sa Board of Supervisors na magkaloob ng pagpopondo para dito at sa anumang iba pang layunin. Sa aking opinyon, sakaling maaprubahan ang mungkahing ordinansa ng mga botante, malamang na mababawasan ang gastos ng gobyerno ng hanggang sa humigit-kumulang $1.5 milyon sa minsanang pagtitipid sa gastos sa pangangapital ng proyekto at nang humigit-kumulang $350,000 hanggang $700,000 taon-taon sa mga pagtitipid sa gastos para sa pagpapanatili sa maayos na kondisyon at para sa mga operasyon.

Aamyendahan ng mungkahing ordinansa ang Park Code (Kodigo ukol sa mga Parke) upang ipagbawal ang lahat ng pribadong sasakyan sa Upper Great Highway na nasa pagitan ng Lincoln Way at Sloat Boulevard.

Kapag inaprubahan ang mungkahing ordinansa, ang taunang matitipid sa gastos sa mga operasyon ay maaaring nasa humigit-kumulang $350,000 hanggang sa humigit-kumulang $700,000 taon-taon batay sa mga pagbabawas sa gastos sa pagtatanggal ng buhangin, pagpapanatili sa mga daan sa maayos na kondisyon, at gastos para sa mga operasyon, na maaaring mabawasan ang bahagi nang dahil sa karagdagang mga gastos sa pag-iinspeksiyon at pagpapanatili sa maayos na kondisyon sa pisikal na imprastruktura. Maaaring magresulta ang mungkahing ordinansa sa mas maraming pagpupulot ng basura, pagpapatrolya ng Park Ranger (Tagapangalaga ng mga Pampublikong Lupa), o iba pang gastos sa operasyon, na nakabatay sa mga pagpapasya sa hinaharap ukol sa mga operasyon na gagawin ng Recreation and Parks Department, at maaaring mabawasan ang gastos nito sa pamamagitan ng pagtatanggal ng pangangailangang buksan at isara ang Upper Great Highway. Para sa konteksto, nagbigay ang Recreation and Parks Department ng humigit-kumulang dalawang permit kada buwan sa mga aplikante para sa paggamit ng Upper Great Highway sa mga pagtitipon sa mga araw ng sabado at linggo noong Fiscal Year (taon ayon sa pagpaplano para sa badyet) 2023. Bagamat hindi pa mapag-aalaman sa ngayon ang bilang ng posibleng mga pagtitipon sa hinaharap, sa pangkalahatan ay binabayaran ng bahagi ng mga singil ang oras na ginugugol ng mga kawani para sa mga pagtitipon.

Bukod rito, malamang na magresulta ang mungkahing ordinansa sa mas mababa na gastos sa pangangapital ng proyekto para sa transportasyon. Babawasan ng mungkahing ordinansa ang pangangailangan na palitan ang kasalukuyang pansignal ng trapiko sa Upper Great Highway, na maaaring magresulta sa pagtitipid ng hanggang sa humigit-kumulang na $4.3 milyon. Bagamat maaaring may pangangailangan sa mga pangangapital na proyektong ito, anuman ang mungkahing ordinansa, malamang na mabawasan ang mga matitipid na ito nang nasa saklaw ng humigit-kumulang $860,000 na gastos sa proyekto para sa pagpaplano, pagdidisenyo, at pagpapakalma sa trapiko, hanggang sa humigit-kumulang $2.7 milyon sa mga bagong gastos sa pangangapital sa proyekto para sa pagpapakalma ng trapiko at karagdagang mga signal, at nang mabigyan ng akomodasyon ang iginigiya sa ibang daan na trapiko, kung kaya’t magreresulta ito sa humigit-kumulang $1.5 na netong matitipid. Kung magreresulta ang pagsasara sa pagkakaroon ng mga pangangapital na proyekto sa hinaharap, mas mababawasan ang mga pagtitipid na ito, pero nasa antas ito na hindi pa mapag-aalaman sa ngayon. Nakabatay ang anumang karagdagang gastos sa hinaharap para sa pangangapital sa proyekto o sa mga operasyon na idudulot ng pagsasara sa mga pagpapasya sa polisiya at pagpopondo ng mga Mayor at Board of Supervisors sa hinaharap at sa mga pagpapasya sa hinaharap ukol sa mga operasyon na gagawin ng maaapektuhang mga departamento.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "K"

Noong Hulyo 18, 2024, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na nilagdaan ng mga sumusunod na Superbisor: Dorsey, Engardio, Mandelman, Melgar, Preston.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) na maglagay ang apat o higit pang Superbisor ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

## Argumento ng May-Panukala

Mayroon tayong natatanging pagkakataon na magpanibagong-anyo sa hindi naman kinakailangang daan sa may baybayin upang maging parke sa harap ng dagat.

**BUMOTO NG OO PARA SA OCEAN BEACH PARK UPANG MASULIT ANG ATING BAYBAYIN**

- **Gusto ng mga taga-San Francisco na magkaroon ng parke sa harap ng dagat.** Dahil mayroon itong 10,000 pagbisita tuwing Sabado at Linggo, ang pilot promenade (pinagsisimulang programa para sa sementadong daan na pasyalan) na ang ikatlong pinakapopular na parke ng lungsod. Gagawing posible ng Proposisyon K ang pang-araw-araw na kasiyahan na dulot ng baybayin at mga pagpapahusay sa parke gaya ng pagkakaroon ng mga mauupuan.
- **Nagagamit ng lahat ang baybayin nang dahil sa promenade ng parke.** Mga indibidwal na gumagamit ng wheelchair, mga batang nagbibisikleta, mga nagro-rollerskate — pinahihintulutan ng promenade ang mas maraming tao na ikatuwa ang baybayin sa mga paraang hindi posible sa mabuhanging dalampasigan.
- **Kailangang protektahan natin ang ecosystem (sistema ng pamumuhay kung saan magkakasama ang mga hayop, halaman, tao at iba pang bagay) sa ating baybayin.** Ang pagtatanggal ng polusyong dulot ng mga sasakyan mula sa madaling mapinsala na pinamamahayan ng mga hayop at halaman ang kritikal na unang hakbang tungo sa paggawa ng rehabitalisasyon sa ating dunes o mabuhanging lugar gamit ang katutubong mga halaman.
- **Pasisiglahin ng parke sa baybayin ang maliliit na negosyo sa westside o kanlurang bahagi.** Kakain, iinom, at mamimili ang mga bisita ng parke sa maliliit na negosyo sa Sunset, kung kaya't magkakaloob ito ng malaking tulak tungo sa pagsigla ng ekonomiya.
- **Nawala na ang pinakamalaking gamit ng Great Highway.** Permanente nang magsasara ang timog na dulo dahil papabagsak na ito sa dagat. Kung walang direktang koneksiyon sa Daly City, kinakailangang inland o palayo na sa baybayin ang direksiyon ng mga nagbibiyahe, manalo man o matalo ang panukalang-batas na ito. Gumagawa na ang lungsod ng mga pagpapahusay sa daloy ng trapiko upang mapasimple ang bagong ruta na papalayo sa baybayin.

**Ngayon na ang panahon ng pagpapasya.** Magwawakas na ang lubos na matagumpay na pilot sa susunod na taon, at kung wala ang Proposisyon K, mawawala rin ang parke. Matapos ang apat na taon na pag-aaral, pag-abot sa nakararami sa publiko, at mga pagdinig, panahon na para bumoto ng OO sa Proposisyon K.

Ang pinakamahahalaga nating bukas na espasyo — mula sa Crissy Field hanggang sa Embarcadero — ay nalikha nang may mapangahas na bisyon. Sa pamamagitan ng Proposisyon K, likhain natin ang susunod na simbolo ng bukas na espasyo ng San Francisco: ang Ocean Beach Park.

**Ating baybayin. Ating pasya. Bumoto ng OO sa Proposisyon K.**

Bisitahin ang oceanbeachpark.org

*Senador Scott Wiener*
*Superbisor Joel Engardio*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Ahsha Safaí*
*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Dean Preston*
*Superbisor Hillary Ronen*
*Superbisor Rafael Mandelman*

## Walang Isinumiteng Kontra-argumento sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon K

## Argumento ng Katunggali

Huwag magpalinlang: Hindi lilikha ang Prop K ng parke at hindi rin nito tatanggalin ang sementadong daan ng Upper Great Highway (UGH). Nakipagkompromiso na tayo para sa pribadong mga sasakyan: bukas ito mula Lunes hanggang Biyernes at sarado tuwing Sabado at Linggo at pista opisyal, sa loob ng ilang taon. Dahil dito, bumoto ng HINDI sa Prop K.

Ang naririyan nang Upper Great Highway (UGH) ay mahalagang tagapag-ugnay sa mga sasakyan ng residente at negosyo ng Kanlurang bahagi upang makapaghatid ng mga pamilya, estudyante, nagbibiyahe para sa trabaho - at mga namamasyal - sa ating magandang baybayin. Sa pagsasara ng daan na ito, permanenteng matutulak ang mga sasakyan sa katabing mga kalye sa komunidad, kung kaya't magdudulot ito ng ingay, pagkabuhol ng trapiko, at potensiyal na mga aksidente.

Direkta nang katabi ang Golden Gate Park ng hilagang dulo ng UGH, pero nagpapanggap ang mga aktibista na kailangan pa rin ng bagong parke. Nagpapanggap silang ang paglalakad sa aspalto ng UGH ay depinisyon na ng "parke." Ipinagwawalang-bahala nila ang naririyan nang daan para sa paglalakad, pagbibisikleta, pag-jogging, pag-rollerblade, at paglalakad sa aso, na literal na ilang talampakan lamang ang layo sa silangan, na kahilera ng haba ng UGH. Kailangan nga ba natin ng dagdag na espasyo para sa paglilibang? Pumunta tayo sa Golden Gate Park, na kabilang sa pinakamagagandang parke sa mundo.

Ipinahahayag ng mga aktibista na tutugunan ng permanenteng pagsasara ng UGH ang pagbabago ng klima. Katawa-tawa ito! Dahil bibigyan ng bagong direksiyon ang mga sasakyang nasa UGH tungo sa ilang dagdag na bloke, halos walang epekto ito sa klima.

Itinataghoy ng mga aktibista ang kasalukuyang pangangailangan na tanggalin ang buhangin sa UGH na may gastos na milyon-milyon. May mahika bang makapaghihinto sa pagpunta ng buhangin sa UGH kapag sinarhan ang daan? Katunayan: Mangangailangan pa rin ang UGH ng pagtatanggal ng buhangin sa daan para sa pang-emergency na mga sasakyan at mga sasakyan ng lungsod para sa pagpapanatili sa maayos na kondisyon.

Mga botante ng San Francisco, ang gagawin lamang ng Prop K ay pagbawalan ang pribadong mga sasakyan sa pagbibiyahe nang pahilaga at patimog sa Upper Great Highway, at wala nang iba. Hinihiling sa inyo ng mga aktibistang laban sa mga kotse at laban sa malayang paggalaw at ng kanilang pinansiyal na mga taga-suporta na magsakripisyo nang malaki, nang hindi isinisiwalat ang tunay na mga motibo sa likod ng pagsasara sa daan. Kung gayon, samahan ako sa pagsasabi ng HINDI sa Prop K. Panatilihing bukas sa lahat ang Upper Great Highway.

*Richie Greenberg*
https://richiegreenberg.org/ugh.html

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

Ang ating natatanging baybayin ng Pacific Ocean ay dapat maging kilalang destinasyon, na bukas upang magdulot ng kasiyahan sa mga taga-San Francisco araw-araw. **Samahan kami sa pagboto ng OO sa Proposisyon K upang makalikha ng Ocean Beach Park na maaari nating ikarangal.**

- **Ang Prop K: mabuting plano para sa nakapagandang parke.** Alam natin na gusto ng mga taga-San Francisco ng promenade sa baybayin dahil bumoto ang mga tao gamit ang kanilang mga paa: ang pilot na ang ikatlong pinakabinibisitang parke ng Lungsod tuwing sabado at linggo. Sa pamamagitan ng paggawang full-time sa parke, makapagdudulot ang Proposisyon K ng mga pagpapahusay tulad ng mga upuan para sa matatanda, paggamit ng mga manggagawang nagbibigay-serbisyo tuwing Sabado at Linggo, at ito ang kinakailangang unang hakbang tungo sa paglikha ng simbolong parke sa baybayin. At kinukumpirma ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na *makatitipid* ito ng pera para sa mga nagbabayad ng buwis.
- **Magwawakas na ang pilot sa susunod na taon, at mawawala ang parke kapag hindi natin ito iniligtas.** Pansamantalang pagsubok ang pilot tuwing sabado at linggo upang makita kung gagamitin ng mga taga-San Francisco ang promenade sa baybayin. Matapos ang apat na taon, ang sagot ay malakas na oo. Gayon pa man, ang parke na ginagamit lamang tuwing sabado at linggo ay hindi magkakaroon ng batayang mga katangian ng parke, tulad ng mga upuan. Mawawalan na ng bisa ang pilot sa lalong madaling panahon, kung kaya't kailangang piliin ng mga botante kung ano ang magiging kinabukasan ng ating baybayin.
- **Kakaunti ang magiging epekto sa trapiko.** Maraming taon ng pag-aaral at pagpapalahok sa komunidad ang ginawa para sa Proposisyon K. Dalawa o higit pang ahensiyang pantransportasyon ang nagpasyang kakaunti ang magiging epekto sa trapiko para sa mga nagbibiyahe papuntang trabaho at magkakapit-bahay, bago pa man ang nakaplanong mga pagpapahusay sa trapiko. Hindi maaasahang ruta ang Great Highway, na sarado nang hanggang 65 araw taon-taon bunga ng iniihip ng hangin na buhangin na walang napakalalaking epekto na tulad ng ipinahahayag ng mga katunggali, dahil ang katabing malaking daan, ang Sunset Blvd, ay may higit pa sa sapat na kapasidad para sa trapiko sa Great Highway.

*Speaker Emerita (Tagapagsalitang Panghabampanahon) Nancy Pelosi*

# L – Karagdagang Business Tax (Buwis sa Negosyo) sa mga Kompanya na nasa Ugnayan para sa Transportasyon at Independiyenteng mga Negosyo ng Sasakyan upang Mapondohan ang Pampublikong Transportasyon

**Dapat bang permanenteng maglagay ang Lungsod ng karagdagang buwis sa mga kompanya na nasa ugnayan o network para sa transportasyon at independiyenteng mga negosyo ng sasakyan, na nagkakaloob ng serbisyo sa mga pasahero, para sa pagbabayad ng porsiyento na nasa pagitan ng 1% at 4.5% ng gross receipts (kabuuang kita) sa San Francisco na mahigit sa $500,000 para sa tinatayang taunang kita na $25 milyon, at gamitin ang mga pondo na makokolekta ng Lungsod mula sa buwis upang masuportahan ang mga serbisyo ng Muni sa transportasyon at ang mga programa para sa pagbibigay ng diskuwento sa pamasahe?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Nangongolekta ang Lungsod ng buwis sa kabuuang kita mula sa maraming negosyo sa San Francisco (Gross Receipts Tax o Buwis sa Kabuuang Kita). Para sa maraming negosyo, ang porsiyento ng Gross Receipts tax ay nasa pagitan ng 0.053% at 1.008% ng kabuuang kita sa San Francisco, at may ilang porsiyento na nakatakdang tumaas sa susunod na mga taon.

Nagpapataw ang Lungsod ng per-ride tax (buwis kada pagsakay) sa ilang negosyo sa transportasyon ng ilang nauna nang iniiskedyul na pagsakay na nagmumula sa San Francisco. Ipinapataw ang buwis na ito sa mga kompanya na nasa ugnayan para sa transportasyon, na kinokonekta ang mga drayber sa mga pasahero at ipinapataw din sa mga negosyong nagkakaloob ng pagsakay sa ilang uri ng sasakyang autonomous. Hindi kasama sa mga kompanyang nasa ugnayan para sa transportasyon ang mga taksi o ang mga serbisyo para sa limousine. Ang porsiyento para sa gayong buwis ay nasa pagitan ng 1.5% at 3.25% ng mga pamasahe para sa pagsakay ng pasahero sa loob ng San Francisco.

Maaaring tumakbo ang mga sasakyang autonomous nang walang tao na drayber at may ilan na nakapagsasakay ng mga pasahero.

Pinatatakbo ng San Francisco Municipal Transportation Agency (Ahensiya para sa Munisipal na Transportasyon ng San Francisco) ang sistema ng pampublikong transportasyon (Muni) na binubuo ng mga bus, mga sasakyang light rail o gamit ang tren, streetcar o trambiya at mga cable car.

Nililimitahan ng batas ng estado ang kabuuang halaga ng kita na maaaring gastahin taon-taon ng Lungsod. Maaaring aprubahan ng mga botante ang pagtaas sa limitasyon ng maaaring gastahin nang hanggang sa apat na taon.

**Ang Mungkahi:** Bukod sa kasalukuyang mga buwis, lilikha ang mungkahing panukalang-batas ng bagong buwis sa kabuuang kita sa mga kompanya na nasa network para sa transportasyon at mga negosyo ng autonomous na mga sasakyan. Ipapataw ang bagong buwis na ito sa kabuuang kita ng mga serbisyo para sa transportasyon ng pasahero sa San Francisco na mas mataas sa $500,000. Ang mga halaga para sa pagbubuwis ay magiging:

- 1% sa nabubuwisang kabuuang kita na nasa pagitan ng $500,000.01 at $1,000,000 (isang milyong dolyar);
- 2.5% sa nabubuwisang kabuuang kita na nasa pagitan ng $1,000,000.01 at $2,500,000 (dalawa at kalahating milyong dolyar);
- 3.5% sa nabubuwisang kabuuang kita na nasa pagitan ng $2,500,000.01 at $25,000,000 (dalawampu't limang milyong dolyar); at
- 4.5% sa nabubuwisang kabuuang kita na mahigit sa $25,000,000 (dalawampu't limang milyong dolyar).

Gagamitin ng Lungsod ang mga pondong makokolekta nito mula sa bagong buwis upang:

- Mapreserba, mapanatili sa maayos na kondisyon, o maparami pa ang mga serbisyo para sa pampublikong transportasyon ng Muni;
- Mapaghusay o mapreserba ang serbisyo ng Muni sa pampublikong mga paaralan, aklatan, at parke sa pamamagitan ng pagpapadalas sa serbisyo, pagpapalawak, at pagdaragdag ng bagong mga ruta; at
- Pagpapanatili o pagpapalawak sa mga programa para sa pamasaheng may diskuwento o libreng pamasahe ng Muni para sa mga indibidwal na may kapansanan, matatanda, kabataan, estudyante at pasaherong mabababa ang kita.

Mananatiling ipinatutupad ang buwis hanggang sa ipawalang-bisa ito ng mga botante sa pamamagitan ng panukalang-batas sa balota sa hinaharap. Magkakaroon ng awtoridad ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) na amyendahan ang buwis

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

sa pamamagitan ng botong dalawa sa tatlong bahagi (two-thirds), basta't hindi mapahihina ang intensiyon ng buwis.

Itataas din ng mungkahing ito ang limitasyon sa paggasta ng Lungsod sa loob ng apat na taon.

Kapag ipinasa ang Proposisyon M [Mga Pagbabago sa mga Buwis sa Negosyo] nang mas marami ang boto kaysa sa Proposisyon L [ang panukalang-batas na ito], hindi magkakaroon ng legal na epekto ang Proposisyon L.

Kapag ipinasa ang Proposisyon L [ang panukalang-batas na ito] nang mas marami ang boto kaysa sa Proposisyon M [Mga Pagbabago sa mga Buwis sa Negosyo], magkakaroon ng legal na epekto ang dalawang proposisyon.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong lumikha ng bagong buwis sa kabuuang kita sa mga kompanya na nasa network para sa transportasyon at mga negosyo ng autonomous na sasakyan, na nagkakaloob ng serbisyo sa mga pasahero kapalit ng bayad at gamitin ang mga pondo na makokolekta ng Lungsod mula sa buwis upang masuportahan ang mga serbisyo ng Muni sa transportasyon at ang mga programa para sa pagbibigay ng diskuwento sa pamasahe.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "L"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon L:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ang mungkahing ordinansa ng mga botante, magreresulta ito sa karagdagang kita na humigit-kumulang $25 milyon taon-taon, batay sa kasaysayan ng pagganap ng kasalukuyang Traffic Congestion Mitigation Tax (Buwis para Mabawasan ang Kasikipan ng Trapiko, TCMT). Ipatutupad ang bagong buwis na ito sa taon para sa pagbabayad ng buwis na 2025.

Lilikha ang mungkahing inisyatiba ng bagong buwis sa kabuuang kita sa mga kompanya na nasa network para sa transportasyon (TNC) at mga negosyo ng autonomous na mga sasakyan. Idaragdag ang bagong buwis na ito sa kasalukuyan nang mga buwis sa kabuuang kita at sa TCMT, na ipinatutupad sa komersiyal na mga kompanyang ride-share at ilang pagsakay na ipinagkakaloob ng mga sasakyang autonomous o ng mga pribadong sasakyan na nagbibigay ng serbisyong pantransportasyon. Magpapataw ang inisyatibang ito ng graduated taxes (mga buwis na tumataas ang porsiyento habang tumataas ang halaga) sa kabuuang kita para sa mga serbisyo sa pampasaherong transportasyon ng mga TNC at ng mga negosyo ng autonomous na sasakyan sa San Francisco nang nasa mga sumusunod na antas:

- 1% sa nabubuwisang kabuuang kita na nasa pagitan ng $500,000.01 at $1 milyon
- 2.5% sa nabubuwisang kabuuang kita na nasa pagitan ng $1,000,000.01 at $2.5 milyon
- 3.5% sa nabubuwisang kabuuang kita na nasa pagitan ng $2,500,000.01 at $25 milyon
- 4.5% sa nabubuwisang kabuuang kita na mahigit sa $25 milyon

Ang mga kompanya na $500,000 o mas mababa pa ang mabubuwisang kabuuang kita ay hindi papatawan ng mungkahing buwis. Ang isasama lamang sa nabubuwisang kabuuang kita ng mungkahing buwis ay ang mga serbisyo at pagsakay kung saan natanggap sa Lungsod ang benepisyo.

Gagamitin ang mga kita mula sa mungkahing buwis sa pagsuporta sa mga serbisyo sa transportasyon ng Muni at mga programa para sa pagbibigay ng diskuwento sa pamasahe. Maaaring gamitin ang hanggang sa 2% ng kita para sa pamamahala sa buwis. Magsisimula ang mungkahing buwis sa Enero 1, 2025.

Mananatiling may bisa ang buwis hanggang sa ipawalang-bisa ito ng mga botante. Maaaring amyendahan ng Board of Supervisors ang buwis sa pamamagitan ng dalawa sa tatlo (two-thirds) na pagboto ng mayorya kung lalo pang isusulong ng pag-amyenda ang layunin ng pagpapataw ng buwis sa mga TNC at mga negosyo ng autonomous na mga sasakyan, at sa gayon, magkaroon ng pondo para sa serbisyo ng Muni, nang walang pagboto ang mga may karapatang bumoto sa Lungsod. Pangwakas, itataas ng inisyatibang ito ang limitasyon sa paggasta ng Lungsod sa loob ng apat na taon batay sa pagtaas ng kita sa buwis na makukuha sa pamamagitan ng bagong panukalang-batas.

Humigit-kumulang $25 milyon ang tinatayang makokolekta na taunang kita. Nakabatay ang eksaktong halaga ng kita na makokolekta ng Lungsod sa pagganap sa negosyo ng mga TNC at ng mga negosyo ng autonomous na sasakyan at ang pangangailangan para sa mga serbisyong ito.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "L"

Noong Hulyo 25, 2024, pinagtibay ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) na may sapat na bilang ng may bisang lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay ng Proposisyon L sa balota upang maging kuwalipikado ang panukalang-batas para sa balota.

Kinailangan ng 10,029 lagda upang makapaglagay ng inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ang bilang na ito ng 2% ng rehistradong botante sa panahong nalathala ang "Notice of Intent to Circulate Petition (Abiso ukol sa Intensiyong Palaganapin ang Petisyon)." Ipinakita ng ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagda na isinumite ng mga may-panukala sa inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Hulyo 8, 2024 na higit pa ang kabuuang bilang ng may bisang lagda kaysa sa itinatakdang bilang.

## Argumento ng May-Panukala

Humaharap na ang Muni ng **malalaking pagbabawas** dahil sa emergency na pederal na pagpopondo, na nagpanatili sa ating pampublikong transportasyon na tumatakbo sa kabuuan ng pandemya. Mangangahulugan ang mga pagbabawas na ito ng mas kaunting mga oras at pagiging mas madalang ng Muni, at malamang na may buong mga linya na matatanggal. Magkakaloob ang Prop L ng sapat na kritikal na pagpopondo upang **maprotektahan ang hanggang sa isang dosenang linya ng bus** mula sa pagkakaputol sa mga ito.

Kailangan ng **mga pamilya, matatanda at manggagawa** ang maaasahang mga tren at bus upang maihatid sila sa paaralan at sa trabaho, magawa ang mga kailangang gawin, at mabisita ang mga minamahal sa buhay. Maiiwan ng mga pagbabawas ng serbisyo ang mga sumasakay na umaasa sa pampublikong transportasyon na walang masakyan at mapupuwersa silang magmaneho o magbayad para sa mga mahal na serbisyong ride-hail (app na kumokonekta sa drayber at pasahero, gaya ng Uber at Lyft). Hahantong din ang mas mababang pagpopondo sa Muni sa **dagdag na trapiko at mas maraming kompetisyon para sa paradahan,** kung kaya't mas magiging mas mahirap ang pagbibiyahe sa kabuuan ng Lungsod para sa mga kinakailangang magmaneho.

Umaasa ang maliliit na negosyo sa Muni sa paghahatid sa mga manggagawa at kostumer, at napakahalaga ng matatag na pampublikong transportasyon **sa pagbangon ng ating downtown at lungsod.** Pahihintulutan ng Prop L ang pag-unlad ng San Francisco.

**Maaari lamang gastahin ang pondo mula sa Prop L sa mga sumusunod:**

- Pagpigil sa pagbabawas sa mga serbisyo ng Muni at pagpapalakas sa serbisyo ng Muni.
- Pagpigil sa pagbabawas sa mga serbisyong Paratransit at pagpapalakas sa serbisyong Paratransit.
- Pagsuporta sa paggamit sa Muni papunta sa mga parke, aklatan, at paaralan sa pamamagitan ng pagpapanatili o pagpapahusay sa mga linya at mga ruta at dalas ng mga ito.
- Pagpapanatili at pagpapahusay sa mga programa para sa pagbibigay ng mga diskuwento sa kabataan, matatanda, estudyante, indibidwal na may kapansanan, at mga indibidwal na mabababa ang kita.

Sa ngayon, binubuwisan ng San Francisco ang mga kompanya ng ride-hail at robotaxi nang **mas mababa ang porsiyento kung ihahambing sa iba pang malalaking lungsod.** At kapag naipasa ang Prop L, magiging mas mababa pa rin ang mga buwis ng SF sa mga ride-hail kaysa sa buwis sa NYC, D.C., at Chicago. Isa itong maliit at batay sa sentido komun na buwis sa mga kompanya upang manatiling tumatakbo at nagagamit ng lahat ang Muni.

**Panatilihin natin ang San Francisco na tumatakbo. Bumoto ng Oo sa L.**

*San Francisco Transit Riders (Mga Sumasakay sa Pampublikong Transportasyon sa San Francisco)*
*Transport Workers Union (Unyon ng mga Manggagawang nasa Pampublikong Transportasyon)*
*Lokal 250A (Muni Operators o Mga Nagpapatakbo sa Muni)*
*Senior and Disability Action (Aksiyon para sa mga Matatanda at May Kapansanan)*
*Sierra Club*
*Kid Safe SF*
*Small Business Forward (Abante Maliit na Negosyo)*
*Harvey Milk LGBTQ Democratic Club (Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBTQ)*
*Senador Scott Wiener*
*Superbisor Connie Chan*
*Superbisor Joel Engardio*
*Superbisor Dean Preston*
*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Hillary Ronen*
*Superbisor Ahsha Safaí*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

**Hindi maaayos ng Prop L ang mga problema ng Muni—karapat-dapat tayo sa higit pa rito. Hindi natin kayang patuloy na pondohan ang hindi gumaganang sistema. Mangyaring Bumoto ng hindi sa Prop L.**

Maaaring mukhang isang hakbang ang Prop L tungo sa pag-aayos sa Muni, pero hindi ito ang tamang solusyon. Inaamin ng mga may-panukala—na sa pinakamainam nang kahihinatnan—maaaring makapagligtas ito ng ilang linya ng bus, pero walang garantiya rito.

Sa katunayan, **kulang ang Prop L sa karaniwang pangangasiwa,** na ang ibig sabihin, walang garantiya na epektibong magagamit ang pera. Karaniwan nang kasama sa mga panukalang-batas na pinopondohan ng mga nagbabayad ng buwis ang pag-audit at pangangasiwa ng mga mamamayan; wala sa Prop L ang alinman sa dalawang ito. Sa halip, magtatapon ito ng pera sa magulong sistema nang walang pagrereporma o plano para sa pagpapahusay.

Bagamat kailangang-kailangan ng Muni ang dagdag na pondo, **bahagi lamang ng problema ang natutugunan ng Prop L, at makakakalap lamang ito ng maliit na halaga ng kabuuang kinakailangan.** Mas malala pa rito, wala itong gagawin upang maayos ang ugat na mga problemang nauukol sa maling pamamahala sa pinansiya, hindi maasahang mga serbisyo, at kakulangan sa pagpapanagot.

Kahit na maipasa ang Prop L, babalik din agad ang Lungsod sa isa na namang pagtataas ng buwis, kung kaya't mapipilitan tayong magbayad ng mas malaki habang wala pa ring nakikita na totoong mga pagpapahusay.

**Tataasan ng panukalang-batas na ito ang halagang kinakailangan sa pamumuhay, kung kaya't mas magiging mahirap ang buhay para sa matatanda at residenteng may kapansanan na pinakahindi makayanan ang mga gastos.**

Kailangan natin ng komprehensibong mga solusyon kung saan magkasama ang pagpopondo sa tunay na reporma. Hindi dapat hilingin sa mga botante ng San Francisco ang pagsuporta sa mas matataas na buwis nang walang makabuluhang mga pagbabago.

**Bumoto ng Hindi sa Prop L upang humingi ng tunay na reporma, tunay na pagpapanagot, at sistema ng transportasyon na gumagana para sa lahat.**

**DemandMuniReform.com**

*California Nightlife Association (Asosasyon para sa Nightlife ng California)*
*Golden Gate Restaurant Association (Asosasyon ng mga Restawran sa Golden Gate)*
*GrowSF*
*SF Chamber of Commerce (Konseho ng mga Mangangalakal sa SF)*
*sf.citi*
*TogetherSF Action*
*PADS (Protect App-Based Drivers o Protektahan ang mga App-based na mga Drayber)*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

## Argumento ng Katunggali

**Tataasan ng Proposisyon L ang halaga ng pamumuhay sa San Francisco nang hindi tinutugunan ang ugat ng mga problema ng Muni. Hindi tayo maaaring patuloy na gumasta ng pera nang walang tunay na pagpapanagot. Bumoto ng hindi sa Proposisyon L.**

Tulad ng marami sa atin, humaharap ang Muni sa pinansiyal na mga hamon na pinalala pa ng pandemya. Gayon pa man, may kontribusyon din ang maling pamamahala at kakulangan sa pananagutan, at hindi lamang ang bumagsak na bilang ng mga sumasakay, sa napakalaking $214 milyong utang ng Muni. Makakakalap lamang ang buwis na ito ng maliit na bahagi ng pondong kinakailangan ng Muni, nang walang plano kung paano gagastahin ito. Karapat-dapat ang mga taga-San Francisco na magkaroon ng mahusay na napopondohan at mahusay na napamamahalaang pampublikong transportasyon na natutugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng residente.

**Sabihin sa City Hall na ayusin ang Muni — nang may totoong pondo at tunay na reporma. Bumoto ng HINDI.**

**Ginagawang mas mahirap ng Proposisyon L ang paglutas sa mga problema ng Muni.** Kadalasang may pag-audit o pangangasiwa ng mga mamamayan ang mga panukalang-batas na popondohan ng mga nagbabayad ng buwis, at nang matiyak na epektibong magagamit ang mga pondo. Walang alinman sa mga proteksiyong ito ang Proposisyon L. Pananatilihin nito ang kalakaran na maling pamamahala at labis-labis na paggasta, kung kaya't magpapatuloy ang karaniwang gawain ng San Francisco na pagtatapon ng pera sa problema sa halip na magkaloob ng epektibong mga solusyon.

**Magdaragdag ng pasanin ang Proposisyon L sa bulnerableng mga populasyon ng San Francisco.** Makakapinsala ito sa mga taga-San Francisco na umaasa sa mga rideshare sa mahahalagang pangangailangan. Naghihikayat ang mga rideshare ng hindi pagmamaneho kung wala sa kondisyon at tumutulong ang mga ito upang ligtas na makauwi ang mga manggagawa sa hindi tradisyonal na mga oras. Umaasa sa mga rideshare ang matatanda at may kapansanang mga residente na limitado ang nagagamit na transportasyon at nang makapunta sila sa iba't ibang bahagi ng lungsod. Sa paggawang mas mahal ng rideshare, napaparusahan ang bulnerableng mga pangkat na ito.

**Gagawin ng Proposisyon L na mas mahirap at mas malaki ang gastos ng pamumuhay sa San Francisco.** Kailangan natin ang pagbaba ng halaga ng pamumuhay, hindi ang pagtaas nito. Napakahalaga ng mga ride share sa pang-araw-araw na buhay ng maraming taga-San Francisco, at palalalain lamang ang problema sa pamamagitan ng pagdaragdag ng buwis na ito.

Maaaring maganda ang intensiyon ng Proposisyon L, pero napakarami nitong pagkakamali. Magsasayang ito ng pera nang hindi naaayos ang mga problema. Magdudulot ito ng pasakit sa bulnerableng mga populasyon at hindi nito mapananagot ang SFMTA.

**Bumoto ng Hindi sa Proposisyon L upang mahigpit na humiling ng tunay na pagpopondo sa Muni, pagrereporma, at proteksiyon para sa ating pinakabulnerableng mga residente.**

DemandMuniReform.com

*Golden Gate Restaurant Association (Asosasyon ng mga Restawran sa Golden Gate)*
*TOGETHER SF ACTION*
*California Nightlife Association (Asosasyon para sa Nightlife ng California)*
*SF Chamber of Commerce (Konseho ng mga Mangangalakal sa SF)*
*SF CITI*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

Sinasabi ng mga katunggali na dumaragdag ang Prop L sa mga problemang nauukol sa halaga ng pamumuhay. Pero maging totoo tayo: **Ang halaga ng pagtawid sa Lungsod sa pamamagitan ng Muni ay $2.50** o humigit-kumulang $25 gamit ang ride-hail. Magdaragdag ang Prop L ng maliit na $0.25 hanggang $1.13 na buwis sa kompanya — hindi sa sumasakay — para sa pagsakay na ito. Gayon pa man, karamihan sa singil ng ride-hail ay mula mismo sa mga kompanya. **Tinaasan ng Uber ang mga presyo nito nang 83%** sa pagitan ng 2018 at 2022, habang nagbabayad nang mas kaunti sa mga drayber.

Ang Muni ang nagpapanatili sa **pagiging abot-kaya ng transportasyon para sa bulnerableng mga taga-San Francisco.** Popondohan ng Prop L ang mga bus, tren, at serbisyong Paratransit, pati na rin ang mga diskuwento para sa kabataan, matatanda, at mga indibidwal na may kapansanan o mabababa ang kita. Sa pagkakaroon ng malalalang pagbabawas simula sa susunod na taon, magkakaloob ang Prop L ng sapat na pondo at nang mailigtas ang hanggang sa isang dosenang linya ng bus.

Kung wala ang Prop L, mangangahulugan ang mas maraming pagbabawas ng mas maraming lugar at oras ang hindi na mapaggagamitan ng Muni, at magiging mas mababagal ang pagbibiyahe. Walang masasakyan ang marami, habang matutulak naman ang iba na magmaneho o gumamit ng ride-hail, dahil dito lalala ang kasikipan ng trapiko.

Iminumungkahi ng mga katunggali na makatutulong ang pagtanggi sa Prop L upang makapaghatid ng "totoong pondo para sa Muni" sa hapag, nang walang iminumungkahing plano para dito.

May sumasakay sa Muni nang mahigit sa 500,000 beses sa isang araw, at mas mataas ang kasiyahan dito kaysa sa kung anumang panahon. Gayon pa man, nasa panganib na ang Muni. **Kung talagang gusto natin ng mas abot-kayang San Francisco, kailangang mamuhunan tayo sa pampublikong transportasyon.**

**Bumoto ng Oo para sa Muni. Bumoto ng Oo sa L!**

*San Francisco Transit Riders (Mga Sumasakay sa Pampublikong Transportasyon sa San Francisco)*
*Senior and Disability Action (Aksiyon para sa mga Matatanda at May Kapansanan)*
*Sierra Club*
*Small Business Forward (Abante Maliit na Negosyo)*
*Harvey Milk LGBTQ Democratic Club (Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBTQ)*
*Senador Scott Wiener*
*Superbisor Connie Chan*
*Superbisor Joel Engardio*
*Superbisor Dean Preston*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Hillary Ronen*
*Superbisor Ahsha Safai*
*Direktor ng BART Janice Li*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# M – Mga Pagbabago sa mga Business Tax (Buwis sa Pagnenegosyo)

**Dapat bang permanenteng baguhin ng Lungsod ang mga buwis na kinokolekta nito mula sa mga negosyo, kasama na ang mga sumusunod: pagbabago ng mga porsiyento ng taunang buwis sa gross receipts tungo sa mga porsiyentong nasa pagitan ng 0.1% at 3.716%, mga porsiyento ng buwis sa gross receipts para sa kawalan ng tahanan tungo sa mga porsiyento na nasa pagitan ng 0.0162% at 1.64%, mga singil sa pagpaparehistro ng negosyo tungo sa halagang nasa pagitan ng $55 at $60,000, mga porsiyento ng buwis sa gross receipts para sa pagkakaroon ng mga ehekutibong labis-labis ang suweldo tungo sa mga porsiyentong nasa pagitan ng 0.02% at 0.129%, at mga porsiyento ng buwis sa administratibong opisina tungo sa porsiyentong nasa pagitan ng 2.97% at 3.694% ng gastos sa payroll (suweldo ng mga empleyado); pagtaas ng exemption o hindi pagkakasali sa buwis sa gross receipts para sa maliliit na negosyo; at pagbabago sa paraan ng pagkukuwenta ng Lungsod sa mga buwis na ito; upang magkaroon ng tinatayang taunan na kitang $50 milyon kapag lubusan nang naipatupad ito?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Kumokolekta ang Lungsod ng iba't ibang buwis sa pagnenegosyo taon-taon, kasama na ang:

- Buwis sa gross receipts (kabuuang kita) na porsiyento ng gross receipts ng negosyo sa San Francisco. Depende sa uri ng negosyo, kinakalkula ng Lungsod ang gross receipts ng negosyo sa San Francisco batay sa mga benta sa San Francisco, gastos sa payroll para sa mga empleyadong nagtatrabaho roon, o sa dalawang ito. Nasa saklaw ang porsiyento ng mula 0.053% at 1.008% at nakatakda itong tumaas sa darating na mga taon. Nakabatay ang mga porsiyento sa uri ng negosyo, at ipinapataw ang mas matataas na porsiyento habang nagkakaroon ng mas malaking gross receipts ang negosyo. Para sa 2024, karamihan sa maliliit na negosyong may gross receipts na hanggang $2.25 milyon ay hindi kasama sa patakaran.
- Ang buwis sa gross receipts na para sa kawalan ng tahanan ay karagdagang buwis sa mga aktibidad ng negosyo na may gross receipts sa San Francisco na mahigit sa $50 milyon. Nasa saklaw na mula 0.175% hanggang 0.69% ang mga porsiyento.
- Ang buwis sa gross receipts dahil sa pagkakaroon ng ehekutibong labis-labis ang suweldo na karagdagang buwis sa mga negosyo na binabayaran ang kanilang pinakamataas ang suweldo na tagapamahalang empleyado ng lubusang mas mataas kaysa sa panggitnang suweldo na ibinabayad sa kanilang mga empleyado sa San Francisco. Ang mga porsiyento ay nasa pagitan ng 0.1% at 0.6%.
- Ang singil sa pagpaparehistro ng negosyo na karagdagang buwis. Para sa karamihan ng negosyo, kasalukuyang nasa pagitan ng $47 at $45,150 ang singil, na nakabatay sa uri ng negosyo at halaga ng gross receipts.
- Ang administrative office tax (buwis sa administratibong opisina) sa mga gastos sa payroll na binabayaran ng ilang malalaking negosyo sa halip ng iba pang buwis sa pagnenegosyo na ito. Ang pinagsamang mga porsiyento sa 2024 ay nasa saklaw na mula 3.04% hanggang 5.44%, at sa 2025 nakatakdang magkaroon ang mga ito ng saklaw na mula 3.11% hanggang 5.51%. Kasalukuyang nasa saklaw ng mula $19,682 hanggang $45,928 ang singil sa pagpaparehistro sa mga negosyong ito.

Nililimitahan ng batas ng Estado ang kabuuang halaga ng kita na maaaring gastahin taon-taon ng Lungsod. Maaaring aprubahan ng mga botante ang pagtaas sa limitasyon ng maaaring gastahin nang hanggang sa apat na taon.

**Ang Mungkahi:** Papalitan ng mungkahing panukalang-batas ang mga buwis sa pagnenegosyo ng Lungsod upang:

- Para sa buwis sa gross receipts:
  - hindi na isama ang karamihan sa maliliit na negosyo na may gross receipts na hanggang $5 milyon (tumaas nang dahil sa inflation o pagtaas ng bilihin).
  - bawasan ang bilang ng mga uri ng negosyo mula sa 14 tungo sa pito;
  - kalkulahin ang gross receipts sa San Francisco nang mas nakabatay sa benta at hindi nakabatay sa mga gastos sa payroll, na depende sa uri ng negosyo;
  - palitan ang mga porsiyento tungo sa pagiging nasa pagitan ng 0.1% at 3.716%; at
- Ipatupad ang buwis sa gross receipts na para sa kawalan ng tahanan sa mga aktibidad sa pagnenegosyo na may gross receipts sa San Francisco na mahigit $25 milyon, sa mga porsiyento nasa pagitan ng 0.162% at 1.64%.
- Palitan kung paano kinakalkula ng Lungsod ang buwis sa gross receipts para sa ehekutibong labis-labis ang natanggap na bayad, pagpasyahan kung sino ang magbabayad ng gayong buwis, at itakda ang mga porsiyento na nasa pagitan ng 0.02% at 0.129%.
- Iayon ang mga singil sa pagpaparehistro ng negosyo tungo sa pagiging nasa pagitan ng $55 at $60,000 (tumaas nang dahil sa pagtaas ng bilihin).
- Iayon ang mga porsiyento ng administrative office tax para sa ilang malalaking negosyo tungo sa saklaw na mula 2.97% hanggang 3.694%, at iayon ang mga singil sa pagpaparehistro

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

ng negosyo para sa mga negosyong ito tungo sa pagiging nasa pagitan ng $500 at $35,000 (tumaas nang dahil sa pagtaas ng bilihin).
- Magsagawa ng administratibong mga pagbabago sa mga buwis sa pagnenegosyo ng Lungsod.

Patuloy na popondohan ng buwis sa gross receipts para sa kawalan ng tahanan ang pagpigil sa kawalan ng tahanan at mga serbisyo para sa mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan.

Gagamitin ng Lungsod ang iba pang buwis na nabanggit sa itaas para sa pangkalahatang mga layunin ng gobyerno.

Ipatutupad ang lahat ng buwis na ito nang walang tiyak na pagtatapos hanggang sa mapawalang-bisa ang batas.

Itataas din ng mungkahing ito ang limitasyon sa paggasta ng Lungsod sa loob ng apat na taon.

Kapag ipinasa ang Proposisyon M nang mas marami ang boto kaysa sa Proposisyon L, hindi magkakaroon ng legal na epekto ang Proposisyon L.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong baguhin ang sumusunod na mga buwis na kinokolekta ng Lungsod sa mga negosyo: ang buwis sa gross receipts, ang buwis sa gross receipts para sa kawalan ng tahanan; ang buwis sa gross receipts para sa pagkakaroon ng mga ehekutibong labis-labis ang suweldo, ang buwis sa administratibong opisina, at ang mga singil para sa pagpaparehistro ng negosyo.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong palitan ang mga buwis sa pagnenegosyo ng Lungsod.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "M"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon M:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang mungkahing ordinansa, magkakaroon ito ng sumusunod na mga epekto sa kita sa buwis sa pagnenegosyo. Sa loob ng unang tatlong fiscal year (taon ayon sa pagpaplano para sa badyet), sa pagitan ng fiscal year 2024–25 at FY 2026–27, inaasahan na babawasan ng panukalang-batas ang kita nang humigit-kumulang $40 milyon taon-taon. Bagamat walang katiyakan, maaaring mas maliit ang inaasahang kabawasan sa kita kung makatutulong ang panukalang-batas sa Lungsod na mabawasan ang mga reserbang pera na para sa pagtatalunang buwis sa hinaharap. Simula sa 2027, makakakuha ang nakatakdang pagtataas ng porsiyento ng positibong kita na humigit-kumulang $50 milyon taon-taon sa FY 2028–29 at matapos ang taon na ito. Pagsapit ng FY 2029–30, ang kabuuang positibong kita na magreresulta mula sa pagtataas ng porsiyento ay makapagbabalanse sa bumabang kita sa unang tatlong taon, kung kaya't ang kabuuang halaga ng kita sa buwis sa pagnenegosyo sa loob ng panahong ito ay maihahambing sa kasalukuyang batas. Matapos ang FY 2029–30, inaasahan na patuloy na magdudulot ang ordinansa ng pagkakaroon ng karagdagang kita na humigit-kumulang $50 milyon taon-taon. Ipinagpapalagay ng tinatayang epekto sa kita na nasa itaas ang pagkabawas sa singil sa paglilisensiya ng mga negosyo na $10 milyon taon-taon, na imumungkahi sa susunod na lehislasyon.

Aamyendahan ng mungkahing ordinansa ang kasalukuyang Business and Tax Regulation Code (Kodigo ukol sa mga Regulasyon sa Pagnenegosyo at Pagbubuwis) ng Lungsod sa ilang mahahalagang larangan:

- Tataasan ang eksempsiyon o hindi pagkakasama ng maliit na negosyo mula sa buwis sa gross receipts mula sa $2.25 milyon tungo sa $5.0 milyon,
- Pagsasamahin ang bilang ng mga tax schedule (form na isinusumite) mula sa 14 na kategorya ng mga aktibidad sa pagnenegosyo tungo sa 7 kategorya ng mga aktibidad sa pagnenegosyo para sa buwis sa gross receipts at buwis sa gross receipts para sa kawalan ng tahanan,
- Iaayon ang porsiyento ng mga buwis na nauukol sa gross receipts, gross receipts para sa kawalan ng tahanan, administratibong opisina, at ehekutibong labis-labis ang suweldo sa 2025, at itataas ang porsiyento ng mga buwis sa gross receipts, administratibong opisina, at ehekutibong labis-labis ang suweldo na buwis sa gross receipts sa 2027 at 2028; ang kasalukuyang nakatakdang pagtaas ng porsiyento ng buwis matapos ang 2024 ay hindi magaganap sa ilalim ng mungkahing ito,
- Ililipat ang kalkulasyon ng Lungsod sa gross receipts ng San Francisco para sa karamihan ng mga aktibidad sa pagnenegosyo mula sa mga gastos sa payroll tungo sa benta; kung saan ang natatanging eksepsiyon ay ang mga aktibidad sa pagnenegosyo na ang kalkulasyon ng gross receipts sa San Francisco ay lubusan nang nakabatay sa benta,
- Itatakda sa Office of the Treasurer and Tax Collector (Opisina ng Tesorero at Tagakolekta ng Buwis) upang magtakda ng proseso ng abanteng pagpapasya at nang makapagbigay ng nakasulat na gabay sa mga nagbabayad ng buwis at gagawa ng iba pang pagbabago sa pagpapatupad ng mga patakaran,
- Lilikha ng bagong mga tax credit (pagbabawas ng babayarang buwis) para sa mga negosyong nagbabayad ng stadium operator admission taxes (buwis sa mga nagpapatakbo ng mga atletikong labanan at iba pang gawain sa mga stadium), mga nagtitingi ng groseri, at bagong mga umuupa sa ilang katatayo pa lamang na mga gusali,
- Gagawa ng mga pagbabago sa mga singil para sa pagpaparehistro ng negosyo.

Bukod rito, itatakda ng ordinansa na mag-ulat ang Controller sa epekto ng iba't ibang pagbabago na gagawin ng inisyatibang ito sa Setyembre 2026 at Setyembre 2027.

Maaaring malaki ang maging pagkakaiba-iba ng mga buwis sa pagnenegosyo batay sa mga kondisyon ng ekonomiya, at maaring hindi mahulaan ng kasalukuyang mga pagtataya ang mga kita sa hinaharap.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "M"

Noong Hulyo 8, 2024, pinagtibay ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) na may sapat na bilang ng may bisang lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon M sa balota upang maging kuwalipikado ang panukalang-batas para sa balota.

Kinailangan ng 10,029 lagda upang makapaglagay ng inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ang bilang na ito ng 2% ng rehistradong botante sa panahong nalathala ang "Notice of Intent to Circulate Petition (Abiso ukol sa Intensiyong Palaganapin ang Petisyon)." Ipinakita ng ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagda na isinumite ng mga may-panukala sa inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Hulyo 8, 2024 na higit pa ang kabuuang bilang ng may bisang lagda kaysa sa itinatakdang bilang.

## Argumento ng May-Panukala

**Tulungan ang Maliliit na Negosyo ng SF na Umunlad, Muling Pasiglahin ang Ekonomiya ng San Francisco — Bumoto ng Oo sa M!**

Kasalukuyang hindi pinahihintulutan ng istruktura sa pagbubuwis sa San Francisco ang pag-unlad ng ating mga lokal na negosyo. Nakita na natin ang pagsasara ng marami sa ating maliliit na negosyo, lalo na ang mga restawran at tindahan.

**Naghahandog ang Proposisyon M ng napakahalagang ginhawa sa pagbabayad ng buwis upang matulungan ang mahigit sa 2,700 maliliit na negosyo** sa pamamagitan ng lubusang pagtatanggal sa kanilang mga buwis. Mapipigilan din nito ang ating pinakamalalaking taga-empleyo sa pag-alis sa lungsod, dahil maaayos ang mga buwis na pinarusahan sila sa nakaraang panahon nang dahil may mga empleyado sila sa opisina at kasama ito sa mga dahilan kung bakit nagkaroon ng ngayon pa lamang naitatalang bilang ng bakanteng mga opisina sa downtown.

**Malaki rin ang maibabawas ng Proposisyon M sa mga singil sa paglilisensiya ng mga negosyong restawran, hotel, lugar para sa sining, at mga tindahan sa komunidad.** Mahigit 90% ng ating lokal na mga restawran ang magkakaroon ng mas mabababang pasaning buwis, kung saan 88% ang hindi na kailangang magbayad ng buwis sa pagnenegosyo. Pahihintulutan ng mas mabababang buwis ang pag-unlad ng ating mga negosyo sa komunidad.

**Pasisimplehin ng Proposisyon M ang kasalukuyan nating sistema sa pagbubuwis,** kung kaya't mas magiging nahuhulaan ito para sa mga may-ari ng negosyo at para sa Lungsod. Makatutulong ito upang mapanatili ang napakahahalagang serbisyo habang nagtatrabaho tungo sa pagkakaroon ng mas masigla, malinis, at ligtas na downtown.

Sa kasalukuyan, ang San Francisco ay may ilan sa pinakamatataas na porsiyento ng buwis sa pagnenegosyo sa bansa, kung kaya't napaparusahan kapwa ang maliliit at malalaking negosyo sa kanilang patuloy na pagkakaroon ng mga operasyon dito.

**Bababaan ng Proposisyon M ang mga buwis at dahil sa paggawa nito, makalilikha ito ng mas mabuting kapaligiran para sa mga pamumuhunan at pag-unlad sa hinaharap.** Ito ay isang aktibong hakbang tungo sa pagtulong sa ating ekonomiya at pagtitiyak na magpapatuloy ang San Francisco bilang lugar ng inobasyon at oportunidad.

Ang pinagkaisahang panukalang-batas na ito ay may malawakang suporta mula sa lokal na maliliit na negosyo, mga nag-aadbokasiya, progresibo, nasa gitna ang mga pananaw o moderates, at mga lider ng lungsod sa iba't ibang hanay ng mga politikal na pananaw. Samahan kami sa pagboto ng oo sa Proposisyon M para sa ating maliliit na negosyo at sa kinabukasan ng ating lungsod. Sama-sama nating muling pasiglahin ang San Francisco. Alamin pa ang tungkol dito sa revitalizesf.com.

*Laurie Thomas, Golden Gate Restaurant Association (Asosasyon ng mga Restawran sa Golden Gate)*
*Masood Samereie, San Francisco Council of District Merchants (Konseho ng mga Negosyante sa Distrito ng San Francisco)*
*Rodney Fong, Presidente, San Francisco Chamber of Commerce (Konseho ng mga Mangangalakal sa San Francisco)*
*Alex Bastian, Hotel Council of San Francisco (Konseho ng mga Otel sa San Francisco)*
*Larry Mazzola Jr., San Francisco Building and Construction Trades Council (Konseho para sa Pagtatayo ng mga Gusali at Pangangalakal sa San Francisco)*
*Mary Jung, Dating Tagapangulo ng San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko ng San Francisco)*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

Nasa **Proposisyon M** na ng lahat ng katangian maliban na lamang sa pagkakaroon ng magandang intensiyon o pagiging mabuti sa maliliit na negosyo. Nilikha ito ng koalisyon ng mga may espesyal na interes at mga politiko, at inililipat ng panukalang-batas ang pasaning buwis sa mga paraan na kapwa hindi makatarungan at hindi episyente, at ikasasama ng nagtatrabahong mga taga-San Francisco at ng mas malawak na komunidad ng mga nagnenegosyo.

Ipinahahayag ng mga may-panukala na bababaan at pasisimplehin ng Proposisyon M ang mga buwis. Ang totoo, nasa proposisyon na ang lahat ng katangian maliban na lamang sa kawalan ng pagkiling sa usapin ng pagbubuwis. Ang **Proposisyon M ay pinaghahalo-halong resulta ng napakapangit na mga patagong kasunduan sa pagitan ng mga indibidwal na may mga konseksiyon sa City Hall, mga lobbyist (binabayaran upang maimpluwensiyahan ang mga mambabatas) ng mga negosyo, at mga unyon sa paggawa,** na babawasan ang kanilang mga pasanin, habang kumukuha ng mas matataas at mas mapang-aping mga buwis para sa hayok na City Hall.

**Lilikha** ang Proposisyon M ng **mga panalo at talunan sa mga industriya**—may ilang haharap sa kagitla-gitlang pagtataas ng buwis, lalo na iyong mas mababa lang nang kaunti sa pinakamatataas na antas. Dapat ding pansinin na makikita ng mga kompanyang nasa biotech na tataas ang kanilang pasaning buwis nang 68%. **Nangangahulugan ang Proposisyon M ng mas mataas na lokal na pagkamahal ng mga bilihin, pagtatapyas ng mga trabaho, at pag-alis ng mga nag-eempleyo sa San Francisco.**

Hindi talaga ito pagrereporma sa buwis na malawak ang saklaw. **Ang Proposisyon M ay malagkit na pukyutan o malaking mapagkukunan ng pera ng mga may espesyal na interes, at mapagbanta ito sa pag-unlad at sa mga trabaho.**

Sa halip na suportahan ang may lamat na panukalang-batas na ito, ibaling natin ang ating atensiyon sa komprehensibo at pinamumunuan ng mga mamamayan na mga reporma sa pagbubuwis at paggasta sa 2025, na tunay na makasusuporta sa umuunlad na mga negosyo at mapananatiling ekonomiya sa hinaharap. **Bumoto ng HINDI sa Proposisyon M.**

*Larry Marso, Esq.*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

## Argumento ng Katunggali

Nagpapakilala ang **Proposisyon M** ng *bagong mga porsiyento sa pagbubuwis na dramatikong magpapalaki sa pasanin ng maraming negosyo sa San Francisco.* Bagamat may ilang maliliit na negosyo na maaaring makakita ng kakaunting pagbabago, may iba pa—lalo na iyong katamtaman ang laki at malalaking kompanyang nag-eempleyo—ang haharap sa **doble o kuwadruple pa ngang** mga porsiyento sa buwis.

Hindi lamang ito "tweak o maliit na pagbabago," kundi malaking pagtataas ng buwis na posibleng *malaki ang magawang pagbabago sa pinansiyal na kinabukasan ng pangunahing mga kompanya.* Ipinahahayag ng mga may-panukala na "revenue neutral o walang kinikilingan sa usapin ng pagbubuwis" ang panukalang-batas. Hindi sumasang-ayon dito ang Tagapamahala ng Pinansiya: isa itong $50 milyon/taon na pagtataas ng buwis. **Malaking bahagi ng pasanin ang ililipat nito sa mga negosyo na naghihirap pa rin bunga ng pagbagsak ng ekonomiya sa San Francisco nang dahil sa COVID.** Dahil sa malaking pagtataas ng buwis na ito, mapipilitan ang mga kompanya na magbawas ng pamumuhan, magtanggal sa trabaho, at sa kabuuan, muling pag-isipan ang pagkakaroon ng mga operasyon sa San Francisco.

**May mas mabuting paraan** sa pagrereporma ng ating sistema ng pagbubuwis sa mga negosyo. Bilang indibidwal na nakapagsulat na ng panukalang-batas sa balota, alam ko na maaaring malampasan ng *pamumunuan ng mga mamamayan na inisyatiba sa 2025* ang hayok na mga politiko ng City Hall at nang makalikha ng makatarungan at malawak ang batayang istruktura ng pagbubuwis na *naghihikayat* sa pag-unlad ng mga negosyo sa halip na nagpaparusa sa mga ito. Sama-sama tayong makapagsasabatas ng mga reporma sa pagbubuwis at paggasta sa 2025 kung saan **mas magiging episyente ang gobyerno, mapapasimple ang kodigo sa buwis**, at magagawang mas kahika-hikayat na lugar ang San Francisco sa mga negosyo na iba't iba ang sukat.

Bumoto ng **HINDI** sa Proposisyon M at samahan ako sa pagsuporta ng tunay at itinutulak ng mga mamamayan na pagrereporma sa 2025, kung saan nakikinabang ang *lahat* sa San Francisco.

Larry Marso

Si G. Marso ay ehekutibo sa teknolohiya, tagapayo ukol sa M&A, at abugado. Bilang matatag na nag-aadbokasiya para sa responsibilidad sa pinansiyal na mga usapin, nag-awtor ng panukalang-batas sa balota upang magkaroon ng mga regulasyon sa navigation/linkage centers (mga sentrong tumutulong sa walang tahanan o may problema sa paggamit ng droga at iba ang sangkap), nakipagtunggali laban sa korupsiyon at panlilinlang sa ating mga politikal na partido at nonprofit, at miyembro at dating ehekutibo ng lokal na komite ng Republican Party (Partido Republikano), naghandog siya ng may prinsipyong pagtutol.

Itigil ang Malaking Panlilinlang sa mga botante ng San Francisco! bisitahin ang: https://bigfraud.com

*Larry S. Marso*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

KONTRA-ARGUMENTO SA ARGUMENTO NA LABAN SA PROPOSISYON M

**Kailangan ng Maliliit na Negosyo ng San Francisco ang Proposisyon M. Mangyaring Bumoto ng Oo!**

Ang ating maliliit na negosyo ang pulso ng San Francisco, at kinakatawan ng mga ito ang lahat ng dahilan kung bakit masigla, may pagkakaiba-iba, at natatangi ang ating lungsod. Gayon pa man, nasa krisis na ang mga negosyo sa ating mga komunidad at kailangan natin ang Proposisyon M. Magmula noong pandemya, marami nang maliliit na negosyo ang nagsara ng kanilang mga pinto, habang nahirapan naman ang iba na manatiling buhay, dahil pasan-pasan nila ang nakapangwawakas na istruktura sa pagbubuwis ng lungsod.

**Kung wala ang Proposisyon M, lubusang tataas ang mga buwis sa maliliit na negosyo. Nakatakdang tumaas ang mga buwis, at bilang mga kinatawan ng maliliit na negosyo sa kabuuan ng San Francisco, may kumpiyansiya naming masasabi na marami sa aming komunidad ng maliliit na negosyo ang hindi mananatiling buhay.**

Naghahandog ang Proposisyon M ng lifeline o makakapitan para mabuhay. Makatutulong ito upang manatiling buhay at umuunlad ang ating mga negosyo sa pamamagitan ng pagkakaloob ng **agad na ginhawa sa pagbabayad ng buwis sa mahigit 2,700 maliliit na negosyo.** Pahihintulutan nito ang hindi pagkakasama ng mga negosyong ito sa pagbabayad ng mga buwis sa lungsod at tatanggalin ang $10 milyon sa mga singil sa pagkuha ng permit at pagpapalisensiya. Babawasan o tatanggalin din nito ang buwis sa 90% ng mga restawran.

**Gagawing mas simple ng Proposisyon M ang istruktura ng pagbubuwis sa mga negosyo,** babawasan ang buwis sa mga payroll (suweldo ng mga empleyado) upang mahikayat ang mas malalaking taga-empleyo na manatili rito at mas pantay na mapaghahati-hati ang pasaning buwis upang magkaroon ng pinansiyal na katatagan sa pagsuporta sa kritikal na mga serbisyo ng lungsod. Hindi lamang ito pansamantalang pag-aayos; napakahalagang hakbang nito tungo sa muling pagpapasigla sa ating ekonomiya at pagpepreserba sa natatanging karakter ng ating mga komunidad.

**Bumoto ng OO sa Proposisyon M upang matulungan ang maliliit na negosyo na dahilan ng pagiging dakila ng San Francisco.**

*Haight Ashbury Merchants Association (Asosasyon ng mga Negosyante sa Haight Ashbury)*
*Polk District Merchants Association (Asosasyon ng mga Negosyante sa Distrito ng Polk)*
*North Beach Business Association (Asosasyon ng mga Negosyante sa North Beach)*
*Mission Creek Merchants Association (Asosasyon ng mga Negosyante sa Mission Creek)*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# N – Pondo para sa First Responder Student Loan (Pagpapautang para sa Pag-aaral ng Unang Tumutugon sa Panahon ng Krisis) at Training Reimbursement (Pagbabalik ng Ibinayad sa Pagsasanay)

**Dapat bang lumikha ang Lungsod ng pondo na magagamit ng Lungsod sa hinaharap upang makatulong sa pagbabalik ng ibinayad ng kuwalipikadong mga empleyado ng Lungsod, kasama na ang mga pulis, bumbero, sheriff, paramedic, rehistradong nars, at dispatser ng 911, para sa mga utang sa pag-aaral at mga programa sa edukasyon at pagsasanay?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Ibinabalik ng Lungsod ang ibinayad ng mga empleyado para sa may kaugnayan sa trabahong gastos sa edukasyon at pagsasanay, pero hindi ibinabalik ng Lungsod ang perang nauukol sa mga utang sa pag-aaral ng sinuman sa mga empleyado nito.

Walang pondo ang Lungsod kung saan makapaglalagay ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) (Board o Lupon) at ang Mayor ng pera ng Lungsod o kung saan makatatanggap ng pribadong mga donasyon upang maibalik ang perang nauukol sa utang sa pag-aaral o may kaugnayan sa trabaho na gastos sa edukasyon at pagsasanay.

Pinangangasiwaan ng Department of Human Resources (Departamento ng Kawanihan) ang pag-eempleyo, pagpapaunlad, pagsuporta, at pagpapanatili sa mga nagtatrabaho para sa Lungsod.

**Ang Mungkahi:** Lilikha ang Proposisyon N ng pondo ng Lungsod na nakatuon sa pagtulong sa pagbabalik ng ibinayad ng kuwalipikadong mga empleyado sa kanilang mga utang sa pag-aaral at may kaugnayan sa trabaho na gastos sa edukasyon at pagsasanay nang hanggang sa $25,000. Iyon lamang nakapanumpa nang miyembro ng mga departamento ng Police (Pulisya), Fire (Pamamahala ng Sunog) at Sheriff, mga paramedic, Rehistradong Nars, at dispatser, superbisor o tagapag-ugnay ng 911 na nakatutugon sa espesipikong pangangailangan ang kuwalipikadong makatanggap ng bayad mula sa pondo.

Sa hinaharap, maaaring pagpasyahan ng Lupon at ng Mayor na maglagay ng pera ng Lungsod sa pondong ito, pero hindi itatakda sa Lungsod na gawin ito. Maaaring tumanggap ang Lungsod ng pribadong mga donasyon sa pondong ito.

Pahihintulutan ng Proposisyon N ang Departamento ng Kawanihan na lumikha ng programa upang magkaloob ng bayad para sa utang sa pag-aaral at ng pagbabalik ng ibinayad sa edukasyon at pagsasanay ng hanggang sa $25,000 para sa bawat kuwalipikadong empleyado. Magsisimula lamang ang mga pagbabayad na ito kapag naglalaman na ang pondo ng hindi bababa sa $1,000,000 (isang milyong dolyar).

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong lumikha ng pondo na magagamit ng Lungsod sa hinaharap upang makatulong sa pagbabalik ng ibinayad ng kuwalipikadong mga empleyado ng Lungsod, kasama na ang mga pulis, bumbero, sheriff, paramedic, Rehistradong Nars, at dispatser ng 911, para sa mga utang sa pag-aaral at mga programa sa edukasyon at pagsasanay.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong malikha ang pondong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "N"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon N:

Ibabatay ang gastos sa mungkahing ordinansa sa mga desisyon na isasagawa ng Mayor at ng Lupon ng mga Superbisor sa mga badyet sa hinaharap, dahil hindi maitatakda ng ordinansa ang mga magiging Mayor at Lupon ng mga Superbisor na magkaloob ng pagpopondo para dito at sa anumang iba pang layunin. Sakaling aprubahan ang mungkahing ordinansa ng mga botante, sa aking opinyon ay hindi ito magkakaroon ng epekto, o magiging maliit ang epekto nito sa gastos ng gobyerno nang hanggang sa humigit-kumulang $315,000 taon-taon upang pamahalaan ng mga kawani ang programa kapag naitatag na ito.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

Itatatag ng mungkahing ordinansa ang First Responder Student Loan Forgiveness Fund (Pondo para sa Pagkakansela ng Utang sa Pag-aaral ng Unang Tumutugon) (the Fund o ang Pondo). Tatanggap ang Pondo ng pera na ilalaan ng Mayor at ng Lupon ng mga Superbisor o ng pribadong mga donasyon upang masakop ang mga bayad sa utang sa pag-aaral o sa edukasyon ng mga unang tumutugon na ineempleyo ng Lungsod, kasama na ang mga paramedic, rehistradong nars, dispatser ng 911, at nakapanumpa nang mga miyembro ng Police Department, Fire Department, at Sheriff's Department.

Espesipikong isinasaad ng ordinansa na maaaring magtatag ang Department of Human Resources (DHR) ng programa upang magsimula na sa pagbabayad kapag naglaman na ang Pondo ng hindi bababa sa $1 milyon. Sa hangganang maglalaan ng mga pondo ang Lungsod sa Pondo, maaaring maapektuhan nito ang gastos ng gobyerno, pero nasa antas ito na hindi pa mapag-aalaman sa ngayon. Sakaling piliin ng mga gumagawa ng polisiya na pondohan ang programang ito, at sakaling umabot na sa $1 milyon ang Pondo, maaaring magkaroon ang mga gastos sa pamamahala na nasa saklaw ng humigit-kumulang mula $125,000 hanggang $315,000 taon-taon para sa isa o dalawang bagong kawani sa loob ng DHR upang mapamahalaan ang Pondo.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "N"

Noong Hulyo 30, 2024, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 6 sa 4 upang mailagay ang Proposisyon N sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

**Oo:** Chan, Dorsey, Engardio, Preston, Safai, Stefani.

**Hindi:** Mandelman, Melgar, Peskin, Ronen.

**Pinahintulutan ang Pagliban:** Walton.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

## Argumento ng May-Panukala

**Inilalagay ng First Responders (Mga Unang Tumutugon) ng San Francisco ang kanilang mga buhay sa bingit ng panganib. Obligasyon nating ibigay sa kanila ang ating suporta.** Sa pamamagitan ng **Prop N, makakansela natin ang utang sa pag-aaral** ng mga pulis, bumbero, Katuwang ng Sheriff, paramedic, nars, at dispatser ng 9-1-1.

**OO sa N!**

Mahirap maging First Responder. Nangangailangan ng mahusay na edukasyon ang ganitong mga trabaho—kaya't madalas na nakalulunod ang utang sa pag-aaral at walang katapusan ang pag-utang. Salamat na lamang at may mga bagong First Responder na patuloy na inilalaan ang sarili sa serbisyo publiko, gayon pa man, sa huli ay napakarami ang umaalis sa trabaho nang dahil sa pinansiyal na hirap. Samantala, nagiging mas mahirap mapanatiling ligtas ang ating Lungsod dahil sa kakulangan sa mga kawani.

**Prop N: Pagkakansela sa utang ng mga First Responder.**

- Gagawing mas madali ng Prop N na magrekrut at magpanatili ng mga First Responder.
- Gagawing mas madali ng Prop N para sa mga First Responder na suportahan ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga pamilya.
- Makatutulong ang Prop N na malutas ang ating mga kakulangan sa mga kawaning pangkaligtasan.

**Susuportahan ng Prop N ang ating mga bayani.** Sa pamamagitan ng pagbabalik sa ibinayad sa mga utang sa pag-aaral at pagsagot sa mga gastos sa edukasyong may kaugnayan sa trabaho, kinikilala natin ang kanilang sakripisyo at pananagutan sa San Francisco. Hinihikayat natin ang mga First Responder na magpatuloy sa pagpapahusay ng mga kakayahang kinakailangan nila sa pamamagitan ng nagpapatuloy na edukasyon at pagsasanay, at nang sa gayon, mapanatili tayong ligtas sa komplikadong Lungsod.

**Makatutulong ang Prop N upang makahikayat at makapagpanatili ng pinakamahuhusay na First Responder.** Sa pamamagitan ng paghahandog ng tulong para sa pagbabalik ng ibinayad sa utang sa pag-aaral, lilikha ang Prop N ng mas kaakit-akit na landas sa karera para sa posibleng mga kandidato, kung kaya't makatutulong ito sa San Francisco na makahikayat ng mataas ang kakayahan, may pagsasanay, at may dedikasyong mga First Responder. Sa merkado ng mga trabaho kung saan napakalaki ng kompetisyon, napakahalaga nito.

**Paghuhusayin ng Prop N ang pampublikong kaligtasan sa kabuuang hanay.** Nangangahulugan ang pagkamit ng kompletong kawanihan sa bawat departamentong para sa pampublikong kaligtasan ng mas ligtas na San Francisco para sa ating lahat.

**Samahan ang mga pulis, bumbero, katuwang ng sheriff, paramedic, dispatser ng 9-1-1, nars, at halal na mga opisyal sa kabuuan ng San Francisco: bumoto ng Oo sa N.**

www.SupportOurFirstResponders.com

*Superbisor Ahsha Safai*
*Superbisor Shamann Walton*
*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Joel Engardio*
*Superbisor Connie Chan*
*Superbisor Catherine Stefani*
*Sheriff Paul Miyamoto*
*Service Employees International Union (Internasyonal na Unyon ng mga Empleyadong Nagbibigay-Serbisyo) Lokal 1021*
*San Francisco Police Officers Association (Asosasyon ng mga Pulis ng San Francisco)*
*San Francisco Deputy Sheriffs' Association (Asosasyon ng mga Katuwang ng Sheriff ng San Francisco)*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

Bumabagtas ang Proposisyon N sa hindi direkta at hindi kinakailangang landas upang mabayaran ang ating mga first responder. Gusto kayong papaniwalain ng mga may-panukala na***"kakanselahin nito ang mga utang,"*** pero maging malinaw tayo: **Hindi ito magagawa ng San Francisco. Maaari lamang magamit ng Lungsod ang mga pondo ng mga nagbabayad ng buwis upang magbayad ng pribadong utang.**

Nakababahala ang pagpapanimula ng ganito, dahil binubuksan ng Proposisyon N ang pintuan sa mahihigpit na paghiling mula sa serbisyo sibil sa kabuuan ng San Francisco, at para sa pagbabawas ng utang sa mortgage debt (pagkakasanla ng bahay).

Bigo ang Proposisyon N na tugunan ang ugat na mga dahilan ng utang sa pag-aaral: pagtaas ng halaga ng edukasyon **at hindi sapat na suweldo.** *Naghahandog ang panukalang-batas ng pansamantalang solusyon ng walang inihahandog na pangmatagalang pinansiyal na katatagan sa ating mga first responder.*

Maaaring mabago ng Proposisyon N ang pagrerekrut tungo sa mga kandidatong may mas mataas na utang sa pag-aaral, *kung kaya't mapapaboran ang mga indibidwal mula sa mahal na pribadong mga institusyon nang higit kaysa sa mula sa pampublikong mga kolehiyo at unibersidad*, at dahil dito, hindi man sinasadya ay magreresulta ito sa pagkakaroon ng hanay ng mga nagtatrabahong **mas kaunti ang mga pagkakaiba-iba at mas hindi nagsasama sa lahat.**

Makahihikayat din ito ng maaagang pagreretiro ng mga first responder sa sandaling makansela na ang kanilang mga utang, kung kaya't mapalalala ang kakulangan ng mga kawani sa panahon ng krisis.

Napakahalaga ng pagsuporta sa mga first responder, pero hindi ang Proposisyon N ang tamang paraan. **Bumoto ng HINDI sa Proposisyon N at sa halip ay mag-adbokasiya para sa direktang pagtataas ng suweldo para sa minamahal na mga bayaning ito.**

*Larry Marso, Esq.*

## Argumento ng Katunggali

Bagamat kapuri-puri ang pagsuporta sa ating mga first responder, **may lamat ang Proposisyon N at posibleng humantong ito sa hindi inaasahang mga kahihinatnan.**

Nagtatakda ang Proposisyon N ng nakababahalang pagpapanimula sa pamamagitan ng paggamit ng pera ng mga nagbabayad ng buwis upang mabayaran ang personal na mga utang. Maaaring magbukas ito ng pintuan sa katulad na mahihigpit na kahilingan mula sa kabuuan ng serbisyo sibil sa San Francisco. **Kakaunti ang mga rekurso ng Lungsod kung ihahambing sa mga pangangailangan nito, at maaaring magdulot ang paglilipat sa mga pondo tungo sa personal na utang ng masamang epekto sa kritikal na mga serbisyong tulad ng pampublikong kaligtasan, pabahay, at edukasyon.**

Bigo ang Proposisyon N na tugunan ang ugat na mga problema na kasama sa mga dahilan ng pagkakaroon ng utang sa pag-aaral ng mga first responder, tulad ng tumataas na gastos sa edukasyon at hindi sapat na suweldo. Naghahandog ang Proposisyon N ng pansamantalang solusyon na maaaring hindi magkaloob ng pangmatagalang katatagan sa pinansiya.

**Makahihikayat ang Proposisyon N ng maagang pagreretiro, dahil maaaring mas magkaroon ng tendensiya ang mga first responder na umalis matapos makansela ang kanilang mga utang.** Maaaring humantong ito sa kakulangan sa mga kawani sa hanay ng ating mga bumbero, paramedic, at pulis, partikular na sa may karanasang mga kawani na kailangang-kailangan sa panahon ng emergency.

Napakahalaga ng pagsuporta sa ating mga first responder, pero hindi ang Proposisyon N ang pinakamagandang paraan upang magawa ito.

Larry Marso

Si G. Marso ay ehekutibo sa teknolohiya, tagapayo ukol sa M&A, at abugado. Bilang matatag na nag-aadbokasiya para sa responsibilidad sa pinansiyal na mga usapin, nag-awtor ng panukalang-batas sa balota upang magkaroon ng mga regulasyon sa navigation/linkage centers (mga sentrong tumutulong sa walang tahanan o may problema sa paggamit ng droga at iba ang sangkap), nakipagtunggali laban sa korupsiyon at panlilinlang sa ating mga politikal na partido at nonprofit, at miyembro at dating ehekutibo ng lokal na komite ng Republican Party (Partido Republikano), naghandog siya ng may prinsipyong pagtutol.

Itigil ang Malaking Panlilinlang sa mga botante ng San Francisco! Bisitahin ang: https://bigfraud.com

*Larry S. Marso*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

Gaano lamang kasimple iyan: Upang maging lubusang ligtas na malaking lungsod, kailangang suportahan ng San Francisco ang ating mga First Responder—ang mga pulis, bumbero, katuwang ng sheriff, paramedic, nars, at dispatser sa 9-1-1. Nangangahulugan ito ng pagtulong sa kanila na makuha ang edukasyon at pagsasanay na kailangan upang mapanatili tayong ligtas.

**Oo sa N: Suportahan ang ating mga First Responder.**

Sa palaging nagbabagong mundo, kailangan natin ng mahusay ang pagsasanay at handang mga First Responder na mapanghahawakan ang totoong mga hamon sa ating mga kalye, tatratuhin ang mga taga-San Francisco nang may dignidad at paggalang, at naroroon sa panahong pinakakailangan natin sila.

Gayon pa man, hindi natin maaring simpleng *mahihingi* ito sa ating mga First Responder. Kailangang suportahan natin sila kapalit ng pagsuporta nila sa atin—kasama na ang pagtiyak na ang kanilang habambuhay na serbisyo publiko sa Lungsod ay hindi magdudulot ng pasanin na nakapagpapagupong utang sa pag-aaral.

**Magkakaloob ang Prop N ng pagkakansela ng kabuuan o bahagi ng utang sa pag-aaral** para sa mga indibidwal na isinasapanganib ang kanilang buhay araw-araw para sa ating kaligtasan, at nang sa gayon, makapagpanatili tayo at makahikayat ng mahuhusay ang kakayahan na First Responder, na kung hindi magagawa, ay maaaring umalis sa Lungsod para sa pribadong mga posisyon, o maaari pa ngang iwan na nang lubusan ang kanilang piniling propesyon nang dahil sa pinansiyal na kagipitang dulot ng mataas na antas ng pamumuhay, utang sa pag-aaral, at kasalukuyang mga gastos sa pagsasanay.

Ang pagsuporta sa ating mga First Responder sa pamamagitan ng Prop N ay matalino praktikal na hakbang tungo sa pangmatagalang katatagan at kaligtasan sa San Francisco at muling pagpapahayag ng pagkilala ng ating Lungsod sa napakahalagang serbisyo ng ating mga First Responder.

**OO sa Prop N**.

*Superbisor Ahsha Safaí*

www.SupportOurFirstResponders.com

 38-FI-N24-CP130

# O – Pagsuporta para sa Reproductive Rights (Karapatang Pantao na Mapanatili ang Personal na Awtonomiya sa Katawan)

**Dapat bang maging polisiya at batas ng Lungsod na suportahan, protektahan, at palawakin ang mga reproductive na mga karapatan at serbisyo?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## **Buod** ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Naghahandog ang Department of Public Health (Departamento ng Pampublikong Kalusugan, DPH) ng pangangalaga sa reproduktibong kalusugan. Sinusuportahan ng DPH ang karapatan na makakuha ng buong hanay ng pangangalaga sa reproduktibong kalusugan, kasama na ang mga pagpapalaglag.

Pangunahing nagkakaloob ang "limited services pregnancy center (sentro para sa pagbubuntis na may limitadong serbisyo)" ng mga serbisyo sa buntis na mga indibidwal pero hindi nagkakaloob ng mga serbisyo sa pagpapalaglag o pang-emergency na kontrasepsiyon o ng mga rekomendasyon para sa gayong mga serbisyo. Ipinagbabawal ng batas ng Lungsod sa mga sentrong ito na mamahagi ng hindi totoo o mapanlinlang na impormasyon tungkol sa mga serbisyong ipinagkakaloob nila.

Pinahihintulutan ng batas ng Lungsod ang mga sentro para sa pagbubuntis na may limitadong serbisyo at mga klinikang nagbibigay ng mga serbisyo sa pagpapalaglag na pangunahing magsagawa ng mga operasyon sa unang palapag ng mga nakatalagang distrito sa San Francisco.

Ipinagbabawal ng batas ng estado sa Lungsod na makipagkooperasyon sa anumang ahensiya para sa pagpapatupad ng batas ng ibang estado o ng pederal na gobyerno, o magkaloob ng impormasyon sa mga ito ukol sa alinsunod sa batas na pagpapalaglag na isinagawa sa California.

**Ang Mungkahi:** Idedeklara ng Proposisyon O na maging polisiya ng Lungsod ang:

- Pagsisilbi bilang ligtas na lugar para sa mga indibidwal na naghahangad ng reproduktibong pangangalaga, kasama na ang pagpapalaglag;
- Pagbibigay ng proteksiyon sa karapatan ng buntis na mga indibidwal na makontrol ang kanilang medikal na mga desisyon;
- Pangangalaga sa pagiging kumpidensiyal ng impormasyon ukol sa reproduktibong kalusugan;

Ang Proposisyon O din ay:

- Lilikha ng Reproductive Freedom Fund (Pondo para sa Kalayaang Magpasya ukol sa Reproduktibong Usapin) na tatanggap ng grants (tulong-pinansiyal) at regalo upang masuportahan ang mga reproduktibong karapatan at serbisyo;
- Magtatakda sa DPH na magpanatili ng pampublikong website na naglilista ng mga pasilidad ng nagkakaloob ng serbisyo sa pagpapalaglag o pang-emergency na kontrasepsiyon o naghahandog ng mga rekomendasyon para sa mga serbisyong ito o naglilista ng mga sentro para sa pagbubuntis na may limitadong serbisyo sa San Francisco;
- Bibigyan ng awtorisasyon ang DPH na magpaskil ng mga karatula sa labas ng mga sentro para sa pagbubuntis na may limitadong serbisyo upang makapagbigay ng impormasyon sa publiko na hindi nagkakaloob ang mga pasilidad na ito ng serbisyo sa pagpapalaglag o pang-emergency na kontrasepsiyon, at hindi rin naghahandog ng mga rekomendasyon para sa ganitong mga serbisyo; nakasaad din sa mga karatulang ito kung saan makakukuha ng mga serbisyong ito;
- Maglilimita sa pinopondohan ng Lungsod na mga pasilidad na nagkakaloob ng mga serbisyo sa pagpapalaglag na itakda sa mga nagbibigay ng serbisyo na magkaroon ng karagdagang medikal na mga kuwalipikasyon na higit pa kaysa sa itinatakda ng batas;
- Magbabawal sa mga opisyal ng Lungsod na magkaloob sa mga tagapagpatupad ng batas ng ibang estado o ng pederal na gobyerno ng impormasyon na nauukol sa paggamit o pagkakaroon ng indibidwal ng kontrasepsiyon, paggamit ng in vitro fertilization (paggawang pertilisado sa itlog sa labas ng katawan), katayuan ng pagbubuntis, o pagpapasyang magpalaglag; at
- Magbabago sa batas sa pagsosona ng Lungsod at sa gayon, maaari nang magkaroon ng mga operasyon ang mga klinika para sa reproduktibong kalusugan sa maraming lugar sa San Francisco, kasama na ang lahat ng palapag sa hindi residensiyal na mga distrito at mga loteng nasa kanto ng residensiyal na mga distrito.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 68.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong maging polisiya at batas ng Lungsod na suportahan, protektahan, at palawakin ang mga reproductive na mga karapatan at serbisyo.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "O"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon O:

Sakaling maaprubahan ng mga botante, nakabatay ang gastos sa mungkahing ordinansa sa mga desisyon na isasagawa ng Mayor at ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) sa proseso ng pagbabadyet, dahil hindi maitatakda ng ordinansa ang mga magiging Mayor at Board of Supervisors na magkaloob ng pagpopondo para dito at sa anumang iba pang layunin. Sa aking opinyon, ang taunang gastos para sa pamamahala ng pagpapatupad ng programang lilikhain ng panukalang-batas, sakaling isagawa ito ng gumagawa ng polisiya sa hinaharap, ay malamang na maliit, na may saklaw na hanggang sa humigit-kumulang $8,000 para sa pagpapanatili sa mga karatula sa maayos na kondisyon.

Aamyendahan ng mungkahing ordinansa ang Administrative Code (Kodigong Administratibo) upang makalikha ng Pondo para sa Kalayaang Magpasya ukol sa Reproduktibong Usapin na maaaring tumanggap ng pribadong mga dolyar at ilalaan na pera ng Lungsod, at sa gayon, masuportahan ang mga reproduktibong karapatan at serbisyo (Fund o Pondo). Itatakda ng ordinansa sa DPH na magpanatili ng website upang makapagbigay ng impormasyon sa publiko ukol sa reproduktibong kalusugan at bibigyan nito ng awtorisasyon ang DPH na maglagay ng mga karatula sa labas ng mga sentro para sa pagbubuntis na may limitadong serbisyo.

Sa hangganang maglalaan ng mga pondo ng Lungsod sa Pondo, maaaring maapektuhan nito ang gastos ng gobyerno, pero nasa antas ito na hindi pa mapag-aalaman sa ngayon. Depende sa mga pagpapasya sa badyet sa hinaharap na isasagawa ng Mayor at ng Board of Supervisors, at sa mga desisyon ukol sa mga operasyon na gagawin ng Department of Public Health, maaaring may gastos sa paglalagay ng karatula sa dalawang sentro para sa pagbubuntis na may limitadong serbisyo sa Lungsod na humigit-kumulang $4,000, at may taunang gastos sa pagpapanatili nito sa maayos na kondisyon na nasa saklaw ng humigit-kumulang $8,000.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "O"

Noong Hulyo 18, 2024, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na nilagdaan ni Mayor Breed.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) na maglagay ang Mayor ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

 38-FI-N24-CP132

## Argumento ng May-Panukala

**Protektahan ang Kalayaang Magpasya ukol sa Reproduktibong Usapin – Bumoto ng Oo sa Prop O!**

Titiyakin ng Prop O – ang San Francisco Reproductive Freedom Act (Batas ng San Francisco para sa Kalayaang Magpasya ukol sa Reproduktibong Usapin) – na magkakaroon ang lahat ng indibidwal sa ating lungsod ng awtonomiyang gumawa ng mga pagpapasya ukol sa kanilang reproduktibong kalusugan.

Kilala ang San Francisco bilang lungsod nang dahil sa progresibong pananaw sa mga pinahahalagahan nito, pagsasama sa lahat, at hindi nagbabagong pangako sa mga karapatan ng bawat indibidwal. Kinakatawan ng Prop O ang mga prinsipyong ito sa pamamagitan ng pagprotekta sa mga pamamaraang makakuha ng komprehensibong pangangalaga sa reproduktibong kalusugan, kasama na ang ligtas at legal na mga serbisyo sa pagpapalaglag.

Sa panahong inaatake ang reproductive rights (karapatang pantao na manatili ang personal na awtonomiya sa katawan) sa buong bansa at iminungkahi na nina Donald Trump at J.D. Vance ang pambansang pagbabawal sa pagpapalaglag, napakahalaga ng pagtindig ng San Francisco bilang parolang gabay para sa kalayaan at pagmamalasakit.

Ipinahahayag ng Prop O ang paniniwalang may karapatan tayong lahat na gumawa ng pribadong mga pagpapasya ukol sa kalusugan nang hindi pinakikialaman ng pamahalaan.

Ang Prop O na Batas ng San Francisco para sa Kalayaang Magpasya ukol sa Reproduktibong Usapin ay:

- Maggagarantiya na lahat ng residente, anuman ang kita, ng pagkakaroon ng pamamaraang makakuha ng kinakailangang pangangalaga, sa pamamagitan ng pagtitiyak ng patuloy na pondo para sa mga serbisyo sa reproduktibong kalusugan.
- Magpoprotekta sa mga tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan na naghahatid ng napakahahalagang serbisyo mula sa mga politikal at legal na pag-atake.
- Maggagarantiya na mananatiling walang kinikilingan, nakabatay sa mga katunayan, at nakukuha ng lahat ang edukasyon ukol sa reproduktibong kalusugan.

Ang pagpasa sa Prop O ay hindi lamang tungkol sa pagpreserba ng mga karapatan; tungkol ito sa pagprotekta sa mga buhay. Humahantong ang komprehensibo na reproduktibong pangangalaga sa mas malulusog na mga pamilya at komunidad. Titiyakin ng Prop O na ang kababaihan at lahat ng indibidwal na maaaring mabuntis ay hindi mapupuwersa tungo sa mapanganib o mahirap makayanang mga sitwasyon.

Hinihiling ko sa inyong samahan ako sa pagsuporta sa Prop O – ang Batas ng San Francisco para sa Kalayaang Magpasya ukol sa Reproduktibong Usapin. Tiyakin natin na mananatili ang San Francisco na lider sa pagtataguyod sa dignidad at karapatan ng lahat ng residente.

**Salamat po sa pagtindig para sa kalayaan at katarungan. Bumoto ng OO sa Prop O.**

*Mayor London Breed*

SFReproFreedom.com

## Walang Isinumiteng Kontra-argumento sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon O

## Argumento ng Katunggali

Ang panukalang-batas na ito ay higit pa sa "pro-life (para sa buhay; laban sa pagpapalaglag) kontra sa pro-choice (para sa karapatang magpasya sa katawan)." Magdudulot ng diskriminasyon ang Prop O laban sa nagpapahayag ng suporta sa buhay na mga pasilidad para sa pangangalaga sa kalusugan na inaasahan ng mga mamamayan ng San Francisco, at babawasan nito ang bilang ng mga serbisyong maipagkakaloob nila sa komunidad.

Ang botong oo ay:

- Magtatakda ng paglalagay ng mga karatula sa labas ng libreng pro-life na mga medikal na klinika sa lungsod ng San Francisco upang makapag-anunsiyo ukol sa mga sentro para sa pagpapalaglag. Walang ganitong ilalagay sa labas ng mga sentro para sa pagpapalaglag.
- Lilikha ng nakatalagang kaban para sa paghingi ng mga grant (tulong-pinansiyal), donasyon, at nakabadyet na pondo mula sa buwis upang mabayaran ang pinipili na pagpapalaglag sa hanggang sa 24 linggong pagbubuntis.
- Lilikha ng bagong website upang maitampok ang mga negosyo sa pagpapalaglag at masiraan ang mga "limited service (limitado ang serbisyong)" mga sentro. Dahil sa mga kasinungalingang ipinakalat ni Mayor Breed sa kanyang Prop O na kumperensiya sa mga mamamahayag ukol sa pregnancy resource centers (mga mapagkukunan ng tulong at impormasyon ukol sa pagbubuntis) sa SF, sa aming palagay ay mapipigilan ng website na ito ang mga indibidwal na magkaroon ng interaksiyon sa mga pasilidad na ito at makatanggap ng de-kalidad na pangangalaga mula sa mga ito. Sa halip na tawagin ang mga sentro o klinika para sa materyal na tulong gamit ang mga pangalan ng mga ito at pagbanggit sa negatibong mga komento o paglabag sa batas, pinatitindi na ng mga gobyerno ang pagkastigo sa lahat ng PRC nang walang hindi isinasama.
- Lilimitahan ang pondo ng lungsod mula sa pagpunta sa mga pangkalusugang pasilidad na tumatangging maglaglag ng malulusog na fetus (hindi pa naipapanganak) o tumatangging bigyan ng rekomendasyon ang mga indibidwal ukol sa mga negosyong gumagawa nito. Lilimitahan ng ganitong espesyal na pagturing ang pagpapalawak ng mga serbisyo na maihahandog sa publiko ng mga pasilidad na life-affirming (nagpapahalaga sa buhay; laban sa pagpapalaglag).
- Hahayaan ang bagong mga kompanya na bumili at magpatakbo ng anumang ari-ariang nakasona para sa hindi residensiyal na paggamit, basta't nasa negosyo sila ng pagpapalaglag.
- Lilikha ng "Abortion Provider Appreciation Day (Araw para sa Pagpapasalamat ng mga Nagkakaloob ng Aborsyon)" sa lungsod. Naniniwala ang karamihan sa mga indibidwal na itinuturing ang sarili na pro-choice na dapat nakukuha lamang ang pinipiling pagpapalaglag sa ika-1 trimester, pero papalakpakan ng panukalang-batas na ito ang mga doktor na magdudulot ng pinsala sa mas matatandang fetus.

Sama-sama nating dapat tanggihan ang naniniwala nang labis sa espesipikong ideolohiya at laban sa pagpapalaglag sa pamamagitan ng pagboto ng HINDI sa Prop O.

*Melanie Salazar, Ehekutihong Direktor*
*Pro-Life San Francisco*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

**Bumoto ng Oo sa Prop O!**
**Tumindig laban sa mga Naniniwala nang Labis sa Espesipikong Ideolohiya at Nagbabanta sa Ating Kalayaang Magpasya ukol sa mga Reproduktibong Usapin**

Ang administrasyong Donald Trump-J.D. Vance ang pinakamapanganib nang banta sa kalayaang magpasya ukol sa mga reproduktibong usapin na nakita natin, dahil magtatrabaho sila upang ipagbawal ang pagpapalaglag at kukunin ang kalayaan nating lahat na magpasya ukol sa reproduktibong usapin. 22 estado na ang nagbabawal o lubos na hinihigpitan ang mga pagpapalaglag.

**Maaaring protektahan ng mga taga-San Francisco ang kalayaang magpasya sa reproduktibong usapin sa pamamagitan ng pagboto ng Oo sa Proposisyon O –ang Batas ng San Francisco para sa Kalayaang Magpasya ukol sa Reproduktibong Usapin.**

*Pinagtitibay at tinitiyak ng Proposisyon O ang pagkakaroon ng awtonomiya ng lahat ng indibidwal sa San Francisco sa paggawa ng mga pagpapasya ukol sa kanilang reproduktibong kalusugan* sa pamamagitan, sa pagprotekta sa mga pamamaraang makakuha ng komprehensibong pangangalaga sa reproduktibong kalusugan, kasama na ang ligtas at legal na mga serbisyo sa pagpapalaglag.

Palagi nang pinamumunuan ng San Francisco ang bansa, mula sa paggawang legal sa pagpapakasal ng mga bakla at lesbiana tungo sa pagiging kauna-unahang malaking lungsod na magsara sa panahon ng pandemya, kung kaya't nakapagligtas ng libo-libong buhay. Hindi natin sila uurungan — titindig tayo upang maprotektahan ang karapatan ng lahat na gumawa ng mga pagpapasya tungkol sa sarili nilang mga katawan.

Ang Proposisyon O ay:

- **Maggagarantiya sa lahat ng residente, anuman ang kita, na magkakaroon sila ng *pamamaraang makakuha ng kinakailangang pangangalaga,*** sa pamamagitan ng pagtitiyak ng patuloy na pondo para sa mga serbisyo sa reproduktibong kalusugan.
- ***Magpoprotekta sa mga tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan*** na naghahatid ng napakahahalagang serbisyo mula sa mga politikal at legal na pag-atake.
- Maggagarantiya na ***mananatiling walang kinikilingan, nakabatay sa mga katunayan, at nakukuha ng lahat ang edukasyon ukol sa reproduktibong kalusugan.***
- Magtitiyak na ang kababaihan at ang lahat ng indibidwal na maaaring mabuntis ay hindi mapupuwersa sa mapanganib o mahirap makayanang mga sitwasyon, at sa halip ay ***magkakaroon ng ligtas at protektadong medikal na pangangalaga.***

Samahan kami sa pagsuporta sa Proposisyon O upang matiyak na mananatili ang San Francisco na lider sa pagtataguyod sa dignidad at karapatan ng lahat ng mamamayan.

*Mayor London Breed*
*Superbisor Connie Chan*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Hillary Ronen*
*Superbisor Catherine Stefani*

SFReproFreedom.com

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Impormasyon Ukol sa mga Ipinagbabawal na Gawain sa Eleksyon

## Babala: Ipinagbabawal ang pangangampanya!

Pwedeng magresulta sa mga multa at/o pagkakakulong ang mga paglabag.

**Sa lugar malapit sa taong nakapila para bumoto sa kanyang balota o sa loob ng 100 talampakan mula sa pasukan ng lugar ng botohan, curbside voting, o drop box, ang mga sumusunod na aktibidad ay ipinagbabawal:**

- HUWAG utusan ang isang tao na iboto o hindi iboto ang sinumang kandidato o anumang panukala sa balota.
- HUWAG ipakita ang pangalan, larawan, o logo ng isang kandidato.
- HUWAG harangan ang daanan papunta sa o tumambay sa anumang drop box ng balota.
- HUWAG magbigay ng anumang materyales o naririnig na impormasyon na nasa panig ng o laban sa sinumang kandidato o anumang panukala sa balota malapit saanmang lugar ng botohan, vote center, o drop box ng balota.
- HUWAG magpakalat ng anumang petisyon, kabilang ang para sa mga inisyatiba, referendum, recall, o nominasyon ng kandidato.
- HUWAG mamahagi, magpakita, o magsuot ng anumang damit (mga sumbrero, damit, sign, butones, sticker) na may pangalan, larawan, logo ng isang kandidato, at/o suportahan o kalabanin ang sinumang kandidato o panukala sa balota.
- HUWAG magpakita ng impormasyon o kumausap ng botante tungkol sa pagiging kwalipikado ng botante na bumoto.

Ang mga pagbabawal sa pangangampanya na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Artikulo 7 ng Kabanata 4 ng Dibisyon 18 ng Elections Code ng California.

# Babala: Ipinagbabawal ang pandaraya sa proseso ng botohan!

Pwedeng magresulta sa multa at/o pagkakakulong ang mga paglabag.

## Ano ang mga aktibidad na ipinagbabawal:

- HUWAG gumawa o subukang gumawa ng panloloko sa halalan.
- HUWAG magbigay ng anumang uri ng bayad o suhol, sa anumang anyo o sa pamamagitan ng anumang paraan, para hikayatin o subukang hikayatin ang isang taong bumoto o hindi bumoto.
- HUWAG bumoto nang ilegal.
- HUWAG subukang bumoto o tumulong sa iba na bumoto kapag hindi siya kwalipikadong bumoto.
- HUWAG lumahok sa pangangampanya; kunan ng litrato o i-record ang isang botanteng papasok o palabas sa lugar ng botohan; o harangan ang pasukan, labasan, o paradahan.
- HUWAG pigilan ang karapatan ng isang tao na bumoto o pigilan ang mga botante na bumoto; iantala ang proseso ng botohan; o mapanlokong abisuhan ang sinumang tao na hindi siya kwalipikadong bumoto o hindi siya rehistradong bumoto.
- HUWAG subukang alamin kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota.
- HUWAG magdala o sabihan ang isang tao na magdala ng baril sa lugar malapit sa lugar ng botohan na may ilang pagbubukod.
- HUWAG pumunta o sabihan ang isang tao na pumunta nang nakasuot ng uniporme ng peace officer, guwardiya, o security personnel sa lugar malapit sa lugar ng botohan na may ilang pagbubukod.
- HUWAG pakialaman o gambalain ang anumang bahagi ng sistema ng botohan.
- HUWAG i-forge, pekein, o pakialaman ang mga return sa isang halalan.
- HUWAG baguhin ang mga return sa isang halalan.
- HUWAG pakialaman, sirain, o baguhin ang anumang poll list, opisyal na balota, o lalagyan ng balota.
- HUWAG magpakita ng anumang hindi opisyal na lalagyan para sa koleksyon ng balota na posibleng manlinlang ng botante na maniwalang isa itong opisyal na kahon para sa koleksyon.
- HUWAG pakialaman ang kopya ng mga resulta ng mga pagboto.
- HUWAG manghikayat o manlinlang ng taong hindi kayang magbasa o nakatatanda na iboto o hindi iboto ang isang kandidato o panukala na kabaliktaran ng kanyang nilalayon.
- HUWAG kumilos bilang opisyal ng halalan kapag hindi ka ganoon.

HINDI pwedeng hilingin ng mga employer sa kanilang mga empleyado na dalhin ang kanilang balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa trabaho o hilingin sa kanilang empleyado na bumoto sa kanilang balota sa trabaho. Sa panahon ng pagpapasahod, hindi pwedeng magsama ang mga employer ng mga materyales na sumusubok na impluwensyahan ang mga opinyon o pagkilos sa pulitika ng kanilang empleyado.

HINDI pwedeng subukan ng mga miyembro ng lupon ng presinto na tukuyin kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota o, kung matutuklasan ang impormasyong iyon, ihayag kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota.

Ang mga pagbabawal sa aktibidad na nauugnay sa pandaraya sa proseso ng botohan na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Kabanata 6 ng Dibisyon 18 ng Elections Code ng California.

Ang isinalin na nilalaman ay ibinigay ng Tanggapan ng Kalihim ng Estado.

# Lumipat sa digital na Pamplet ng Impormasyon para sa Botante!

Inaalok namin ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante sa digital at mga hard copy na mga format. Ayon sa batas, kinakailangan namin ipadala sa koreo ang papel na Pamplet sa bawat isang botante maliban lamang kung lumipat sila sa digital na kopya.

**Upang maligtas ang mga puno at mga pondo ng lungsod, mangyaring pag-isipan na mag-opt out sa pagtanggap ng inyong Pamplet mula sa koreo sa darating na mga eleksyon!**

**Nakatatanggap ba ang inyong sambahayan ng higit sa isang Pamplet mula sa koreo?**

Mangyaring pag-isipan na mag-opt out ang lahat ng botante maliban lang sa isa upang makibahagi ang inyong sambahayan sa isang papel na kopya.

**Hindi sigurado na magugustuhan ninyo na basahin ang Pamplet online?**

Subukan ito – madali lamang mag-opt in pabalik!




**Handa na kayo gawin ang paglipat at huminto sa pagtanggap ng Pamplet mula sa koreo?**

Tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310, mag-email sa **sfvote@sfgov.org**, o mag-log in sa **sfelections.gov/voterportal** o i-scan ang QR code sa kaliwa.

# Mga Madalas Itanong ukol sa Pagpaparehistro at Pagboto sa San Francisco

Sinagot ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

## Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro

**Sino ang kuwalipikadong magparehistro at bumoto sa California?**

Upang makaboto sa mga eleksyon sa California, kinakailangang kayo ay: 1) mamamayan ng Estados Unidos; 2) residente ng California; 3) hindi bababa sa 18 taong gulang ang edad sa Araw ng Eleksyon; 4) hindi napatunayan ng korte na may pagkukulang sa isip upang makaboto; at 5) hindi kasalukuyang nagsisilbi ng pang-estado o pampederal na sentensiya sa kulungan nang dahil sa hatol na felony.

Pakitandaan na inamyendahan ng pagkakapasa sa Proposisyon 17 noong Nobyembre 2020 na eleksyon ang Konstitusyon ng estado, at nang mapahintulutan ang mga karapat-dapat na residente na naka-parole (paglaya na may kondisyon) na makapagparehistro upang makaboto.

Maaaring magparehistro at bumoto para sa eleksyon ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ang mga hindi mamamayang residente ng San Francisco kung sila ay isang magulang, legal na tagapatnubay, o tagapangalaga ng batang nakatira sa San Francisco at mas mababa sa 19 na taong gulang ang edad ng isa sa mga bata sa Araw ng Eleksyon. Ang susunod na eleksyon para sa Board of Education ay gaganapin sa Nobyembre 5, 2024. Pumunta sa **sfelections.gov/ncv** para sa karagdagang impormasyon.

**Kailan ang deadline para magparehistro upang makaboto o para baguhin ang impormasyon sa aking rehistrasyon?**

Sa Oktubre 21, 2024 ang deadline para magparehistro sa pamamagitan ng koreo o online para sa Nobyembre 5 na eleksyon. Matapos ang araw na iyon, kinakailangan na ninyong magparehistro at bumoto nang personal gamit ang probisyonal na balota sa Voting Center (Sentro ng Botohan) sa City Hall o sa lugar ng botohan.

**Maaari ba akong magparehistro para makaboto sa California bago ako maging 18 taong gulang?**

Kung 16 o 17 na taong gulang na kayo at natutugunan ang iba pang pangangailangan ng estado sa pagpaparehistro ng botante, maaari kayong magpaunang rehistro upang makaboto at magiging aktibo ang inyong rehistrasyon pagsapit ng inyong ika-18 na kaarawan.

**Maaari ba akong magparehistro para makaboto sa California kung bago pa lang akong naging mamamayan?**

Kung naging mamamayan kayo ng U.S. matapos ang regular na deadline ng rehistrasyon sa Oktubre 21, maaari kayong magparehistro at bumoto nang personal sa Voting Center sa City Hall o sa lugar ng botohan.

**Maaari ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako ng tirahan sa lungsod?**

Kung lumipat kayo sa loob ng San Francisco, maaari kayong muling magparehistro sa **registertovote.ca.gov** o baguhin ang inyong address sa **sfelections.gov/voterportal** o sa lugar ng botohan kung saan makaboboto kayo nang personal.

**Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako sa loob ng California?**

Kung lumipat kayo sa bagong address sa California na nasa labas ng San Francisco, maaari kayong muling magparehistro sa **registertovote.ca.gov** o makipag-ugnayan sa opisyal ng mga eleksyon ng bago ninyong county.

**Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako sa ibang estado?**

Kung lumipat na kayo sa ibang estado, maaari kayong magparehistro sa inyong lokal na opisyal ng mga eleksyon. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon para kanselahin ang inyong rehistrasyon sa San Francisco.

**Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung kasalukuyan akong nakatira sa ibang bansa?**

Kung pansamantala kayong naninirahan sa ibang bansa, maaari kayong muling magparehistro sa **registertovote.ca.gov** o sa **fvap.gov** at humiling ng balota na ipapadala sa pamamagitan ng koreo, fax, o email.

Kung mayroon kayong mga tanong kung maaari ba kayong makaboto, mangyaring makipag-ugnayan sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) sa (415) 554-4310 o mag-email sa sfvote@sfgov.org.

## Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Paghahatid ng Balotang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo)

**Matatanggap ko ba ang aking balota sa koreo?**

Alinsunod sa batas ng estado, makatatanggap ang lahat ng botante ng balota sa koreo para sa lahat ng eleksyon sa hinaharap. Maaaring pumili ang sinumang botante na bumoto gamit ang balota na darating sa koreo o bumoto nang personal sa Nobyembre 5, 2024 na eleksyon.

**Paano kung hindi dumating sa koreo ang aking balota?**

Maaari ninyong masubaybayan kung nasaan na ang inyong balota sa proseso ng pagpapadala sa koreo sa **sfelections.gov/voterportal**. Kung nakalipas na ang tatlong araw mula nang ipadala ang inyong balota, maaari kayong humiling ng pamalit na balota sa **sfelections.gov/voterportal** o sa pamamagitan ng pagtawag sa Department of Elections sa (415) 554-4310.

**Paano ako makakukuha ng pamalit na vote-by-mail na balota?**

Upang humiling ng pamalit na balota bago sumapit ang Oktubre 30, pumunta sa **sfelections.gov/voterportal** o tumawag sa Department of Elections sa (415) 554-4310. Matapos ang petsang iyon, makipag-ugnayan sa Departamento sa lalong madaling panahon para mapag-usapan ang inyong mga opsiyon.

**Maaari ko bang gamitin ang Aksesibleng Sistemang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, AVBM) para makuha ang aking balota?**

Maaaring makuha at mamarkahan ng sinumang botante ang kanyang balota sa **sfelections.gov/access**. Kailangang i-print at ibalik nang personal o sa pamamagitan ng koreo ang mga balotang AVBM.

**Paano ko masusubaybayan ang aking balotang vote-by-mail?**

Maaari ninyong masubaybayan sa **sfelections.gov/voterportal** ang inyong balotang vote-by-mail mula sa pagbubuo nito hanggang sa pagpapadala, beripikasyon, at pagbilang. O, mag-sign up sa **wheresmyballot.sos.ca.gov** para makatanggap ng mga notipikasyon sa email, text, o voice message ukol sa inyong balota. Maaari din kayong tumawag o magpadala ng email sa Department of Elections.

## Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagbalik ng Balotang Vote-By-Mail

**Maaari ko bang ibalik ang aking balota sa pamamagitan ng koreo sa mismong Araw ng Eleksyon?**

Para mabilang ang inyong balota, kailangan malagyan ng postmark ang pambalik na sobre ng balota hanggang sa Araw ng Eleksyon, na Nobyembre 5. Kung ipadadala ninyo sa koreo ang inyong pambalik na sobre ng balota matapos mangyari ang huling oras ng pagkolekta sa koreo sa Araw ng Eleksyon, huli nang malalagyan ng postmark ang inyong balota para ito'y mabilang. Alamin ang lokasyon ng mga United States Post Office box at mga oras ng pagkolekta sa **usps.com/locator**.

**Paano ko pipirmahan ang pambalik na sobre ng aking balota?**

Lagdaan ang inyong sobre gamit ang huling pirma na ibinigay ninyo sa inyong aplikasyon sa pagpaparehistro bilang botante. Kung nagbago na ang inyong pangalan at pirma, mangyaring muling magparehistro sa **registertovote.ca.gov**. Kung hindi ninyo pinirmahan ang inyong pambalik na sobre para sa balota, o hindi nagtugma ang inyong pirma sa sobre sa alinmang pirma sa inyong rekord bilang botante, susubukan ng Departamento na makipag-ugnayan sa inyo sa pamamagitan ng koreo, at kailangan ninyong ayusin ang problema bago mabilang ang inyong balota.

**Saan ko maaaring ihulog ang aking vote-by-mail na balota?**

Mula Oktubre 7 hanggang Nobyembre 4, maaari ninyong ihulog ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota o sa Voting Center sa City Hall. Sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5, maaari ninyong ihulog ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota, sa Voting Center sa City Hall, o saanmang lugar ng botohan sa Lungsod nang hindi lalagpas sa 8 p.m. Para mahanap ang lokasyon ng kahon na hulugan ng balota na malapit sa inyo, pumunta sa **sfelections.gov/ballotdropoff** o tumawag sa (415) 554-4310.

## Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagboto nang Personal

**Maaari ba akong bumoto nang maaga at nang personal sa Nobyembre 5 na eleksyon?**

Bukas ang Voting Center sa City Hall sa mga sumusunod na oras:

- Lunes hanggang Biyernes, Oktubre 7–Nobyembre 4, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. (sarado ang Sentro ng Botohan sa Indigenous Peoples' Day, Lunes, Oktubre 14);
- Huling dalawang Sabado at Linggo, Oktubre 26–27 at Nobyembre 2–3, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.; at
- Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. (pareho sa oras ng pagboto sa mga lugar ng botohan)

**Maaari ba akong bumoto sa alinmang lugar ng botohan sa San Francisco?**

Magkakaroon ng 501 lugar ng botohan na bukas para sa pagboto nang personal at paghuhulog ng balotang vote-by-mail sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Hinihikayat namin ang lahat na bumoto sa inyong nakatalagang lugar ng botohan. Kung boboto kayo sa ibang lugar ng botohan, hindi ninyo makikita ang inyong pangalan sa listahan ng mga botante at hihilingin sa inyo na bumoto gamit ang probisyonal na balota.

**Ano-anong uri ng tulong at impormasyon na nasa iba't ibang wika ang makukuha sa mga lugar ng botohan kung saan puwedeng bumoto nang personal?**

Parehong mag-aalok ang Voting Center sa City Hall at ang lahat ng lugar ng botohan sa San Francisco ng bilingual (nasa dalawang wika) na balota na nasa Ingles at alinman sa Tsino, Espanyol, o Filipino. Dagdag pa rito, mag-aalok din ang ilan sa mga lugar ng botohan ng balotang facsimile (sanggunian) sa wikang Burmese, Hapones, Koreano, Thai, at Vietnamese. Magbibigay din ng tulong sa iba't ibang wika ang mga bilingual (dalawa ang sinasalitang wika) na kawani sa karamihan ng mga lugar ng botohan sa komunidad.

**Ano-anong tulong at impormasyon sa may kapansanan ang makukuha sa mga lugar kung saan puwedeng bumoto nang personal?**

Mag-aalok ng serbisyo sa curbside voting (pagboto sa gilid ng daan), kagamitang pantulong sa may kapansanan sa pagboto, mga kasangkapan, at personal na tulong ang lahat ng lugar ng botohan kung saan maaaring bumoto nang personal. Maaaring pakiusapan ng sinumang botante ang isa o dalawang tao na tulungan siyang markahan ang kanyang balota, basta't hindi tagapag-empleyo ng botante o kinatawan ng kanyang unyon ang tutulong, at hindi magtatangkang impluwensiyahan ang botante.

**Maaari ko bang dalhin ang aking Sample Ballot (Halimbawang Balota) o sariling listahan sa booth ng botohan?**

Oo. Makatutulong kung desidido na kayo kung sino o ano ang inyong iboboto bago pa kayo magpunta sa botohan. Maaari ninyong gamitin ang Sample Ballot na nasa pangunahing Ingles na bersiyon nitong pamplet, o ang Ballot Worksheet sa loob ng pamplet na ito, upang makapag-ensayo sa pagmamarka ng inyong (mga) pinili bago ninyo markahan ang inyong opisyal na balota.

**Kailangan ko bang bumoto sa bawat labanan at panukala sa balota?**

Hindi. Bibilangin ang inyong mga boto kahit na hindi kayo bumoto sa bawat labanan at panukala.

# May mga karagdagang tanong?

Maaari kayong mag-email sa amin sa **sfvote@sfgov.org**, tumawag sa **(415) 554-4310**, o bumisita sa aming tanggapan sa **City Hall, Room 48**.

# Inaanyayahan ang mga Miyembro ng Publiko na Obserbahan ang mga Proseso ng Eleksyon



**Nagtatrabaho ang Departamento ng mga Eleksyon sa bukas at malinaw na pamamaraan. Kahit sinuman ay maaaring manood sa amin na magsagawa ng anumang eleksyon at magbigay ng katugunan.**

May ilang mga paraan para makapag-obserba sa mga proseso ng eleksyon. Maaari kayong:

- Manuod ng mga gawain namin sa pamamagitan ng mga live stream sa **sfelections.gov/observer**.
- Obserbahan ang aming mga gawain sa aming tanggapan sa City Hall at sa warehouse sa Pier 31.
- Sumali sa aming opisyal na lupon ng pag-obserba sa eleksyon.
- Manuod ng mga gawain sa mga lugar ng botohan at sa Sentro ng Botohan sa City Hall.

**Upang makita kung ano ang ginagawa at kung kailan namin ito ginagawa, tingnan ang aming Kalendaryo ng Na-oobserbang mga Gawain sa sfelections.gov/observer, o i-scan ang code na ito:**



## Hindi makapupunta sa mga botohan?

## Nasa ospital o sa pasilidad ng pangangalaga ng kalusugan?

## Kailangan ng tulong para ibalik ang inyong balota?

Kung ikaw o may kakilala kayong hindi maka-alis sa kanilang bahay o na-ospital at kailangan ng tulong para bumoto, maaaring magbigay ang Departamento ng mga Eleksyon ng personal na pagpapadala ng balota at/o pick-up na serbisyo. Para humiling ng serbisyong ito, mangyaring tumawag sa **(415) 554-4310** o mag-email sa **ballotdelivery@sfgov.org**.

38-FI-N24-CP142

# Nobyembre 5, 2024 Worksheet ng Balota

Maaari ninyong gamitin ang worksheet na ito upang ayusin ang inyong mga pagpipilian bago markahan ang inyong opisyal na mga kard ng balota. Upang gawin iyon:

1. Sumangguni sa inyong halimbawang balota na kasama sa Pamplet na ito o sa **sfelections.gov/voterportal**.
2. Basahin ang tungkol sa mga kandidato at panukalang batas na nakalista sa inyong balota sa loob nitong Pamplet at sa Gabay ng Impormasyon para sa Botante ng Estado.
3. Simula Oktubre 25, maaari ninyong makita ang mga kuwalipikadong isinulat-lamang na mga kandidato para sa eleksyon na ito sa **sfelections.gov/writein**.
4. Habang tinatapos ninyo ang pagsasaliksik tungkol sa bawat labanan, gamitin ang kaugnay na puwang sa ibaba para isulat ang inyong (mga) pinili.
5. Pagkatapos, maingat na kopyahin ang inyong mga pinili mula sa worksheet na ito papunta sa inyong mga opisyal na kard ng balota.

Kung nagkamali kayo sa pagmarka ng inyong opisyal na balota, maaari kayong humiling ng bagong balota sa pamamagitan ng pagbisita sa **sfelections.gov/voterportal**, pagtawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310, o pagtatanong sa isang manggagawa sa botohan o kinatawan sa Sentro ng Botohan.

| | |
|---|---|
| **MGA KATUNGKULANG NOMINADO NG PARTIDO** | |
| **PEDERAL** | |
| **Bumoto ng Isang Partido** | |
| **Presidente at Bise Presidente** | |
| **MGA KATUNGKULANG NOMINADO NG BOTANTE** | |
| **PEDERAL AT ESTADO** | |
| **Bumoto ng Isa** | |
| **Senador ng Estados Unidos (Terminong Magtatapos sa Enero 2031)** | |
| **Senador ng Estados Unidos (Terminong Magtatapos sa Enero 2025)** | |
| **Kinatawan ng Estados Unidos (Distrito 11 o 15)** | |
| **Senador ng Estado (Distrito 11)** | |
| **Miyembro ng Asembleya ng Estado (Distrito 17 o 19)** | |
| **MGA KATUNGKULANG HINDI MAKAPARTIDO** | |
| **PAARALAN** | |
| **Bumoto ng hindi hihigit sa Apat** | |
| **Miyembro, Lupon ng Edukasyon** | |
| **Katiwala, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad** | |

| MGA KATUNGKULANG HINDI MAKAPARTIDO | |
|---|---|
| **DISTRITO** | |
| **Bumoto ng Isa** | |
| **Lupon ng mga Direktor ng BART (Distrito 7 o 9)*** | |
| **LUNGSOD AT COUNTY** | |
| Ang mga sumusunod na lokal na katungkulan ay nahalal gamit ang ranked-choice na pagboto. Maaari kayong magranggo nang kahit gaano karaming kandidato sa pagkasunud-sunod ng inyong kagustuhan. Naka-print ang maximum na bilang ng pagpipilian para sa bawat isang labanan sa inyong balota. | |
| **Mayor** | |
| **Miyembro, Lupon ng mga Superbisor**** *(Odd-numbered na mga Superbisoryal na Distrito lamang)* | |
| **Abugado ng Lungsod** | |
| **Abugado ng Distrito** | |
| **Sheriff** | |
| **Tesorero** | |

*(Magpapatuloy ang worksheet ng balota sa susunod na pahina)*

* *Ang mga botanteng nakatira sa Distrito 8 ng BART ay hindi magkakaroon ng labanan na ito sa kanilang mga opisyal na balota. I-check ang inyong distrito ng pagboto sa BART sa* ***sfelections.gov/newdistricts***

** *Ang mga botanteng nakatira sa mga even-numbered na Superbisoryal na Distrito ay hindi magkakaroon ng labanan na ito sa kanilang mga opisyal na balota. I-check ang inyong Superbisoryal na Distrito sa* ***sfelections.gov/newdistricts***

*(Worksheet ng balota, ipinagpatuloy)*

| **MGA PANUKALANG BATAS** | | | |
|---|---|---|---|
| **MGA PROPOSISYON NG ESTADO** | | **OO** | **HINDI** |
| **2** | Nagpapahintulot ng mga Bono para sa mga Pasilidad ng Pampublikong Paaralan at Kolehiyong Pangkomunidad. Batas ng Lehislatura. | | |
| **3** | Konstitusyonal na Karapatang Ikasal. Lehislatibong Konstitusyonal na Amyenda. | | |
| **4** | Pinahihintulutan ang mga Bono para sa Ligtas na Inuming Tubig, Pag-Iwas sa Wildfire, at Pagprotekta sa mga Komunidad at mga Likas na Lupain mula sa mga Panganib sa Klima. Batas ng Lehislatura. | | |
| **5** | Pinapayagan ang mga Lokal na Bono para sa Abot-Kayang Pabahay at Pampublikong Imprastruktura na may Pag-Apruba ng 55% ng mga Botante. Lehislatibong Konstitusyonal na Amyenda. | | |
| **6** | Inaalis ang Konstitusyonal na Probisyon na Nagpapahintulot sa Hindi Boluntaryong Paglilingkod Para sa mga Nakakulong. Lehislatibong Konstitusyonal na Amyenda. | | |
| **32** | Pinapataas ang Pinakamababang Sahod. Inisyatibang Batas. | | |
| **33** | Nagpapalawak sa Awtoridad ng mga Lokal na Pamahalaan Upang Magpapataw ng Kontrol sa Upa sa Ari-Ariang Residensyal. Inisyatibang Batas. | | |
| **34** | Pinaghihigpitan Ang Paggastos ng mga Kita sa Inireresetang Gamot ng mga Partikular na Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan. Inisyatibang Batas. | | |
| **35** | Nagbibigay ng Permanenteng Pagpopondo Para sa Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Medi-Cal. Inisyatibang Batas. | | |
| **36** | Pinapayagan Ang Mga Kasong Felony at Pinalalawig Ang Mga Sentensya Para sa Mga Partikular na Krimen sa Droga at Pagnanakaw. Inisyatibang Batas. | | |
| **MGA PROPOSISYON NG LUNGSOD AT COUNTY** | | **OO** | **HINDI** |
| **A** | Bond (utang ng gobyerno) para sa Pagpapahusay sa mga Paaralan at sa Kaligtasan | | |
| **B** | Bond para sa Pangkalusugan at Medikal na mga Pasilidad ng Komunidad, Kaligtasan sa Kalye, Pampublikong mga Espasyo, at Shelter o Matutuluyan upang Mabawasan ang Kawalan ng Tahanan | | |
| **C** | Inspector General (Inspektor Heneral) | | |
| **D** | Mga Komisyon ng Lungsod at Awtoridad ng Mayor (Punong-Bayan) | | |
| **E** | Paglikha ng Task Force (Espesyal na Pangkat) upang Makapagrekomenda ng Pagbabago, Pagtatanggal, o Pagsasama ng mga Komisyon ng Lungsod | | |
| **F** | Pag-eempleyo sa mga Pulis at Naipagpapaliban na Pagreretiro | | |
| **G** | Pagpopondo sa mga Subsidyo sa Upa para sa Abot-kayang Development sa Pabahay na Naglilingkod sa Mabababa ang Kita na Matatanda, mga Pamilya, at May Kapansanang mga Indibidwal | | |
| **H** | Mga Benepisyo sa Pagreretiro ng mga Bumbero | | |
| **I** | Mga Benepisyo sa Pagreretiro ng mga Nars at Operator ng 911 | | |
| **J** | Pagpopondo sa mga Programa na Naglilingkod sa mga Bata, Kabataan, at Pamilya | | |
| **K** | Permanenteng Pagsasara ng Upper Great Highway sa Pribadong mga Sasakyan upang Makapagtakda ng Bukas na Espasyo para sa Paglilibang ng Publiko | | |
| **L** | Karagdagang Business Tax (Buwis sa Negosyo) sa mga Kompanya na nasa Ugnayan para sa Transportasyon at Independiyenteng mga Negosyo ng Sasakyan upang Mapondohan ang Pampublikong Transportasyon | | |
| **M** | Mga Pagbabago sa mga Business Tax (Buwis sa Pagnenegosyo) | | |
| **N** | Pondo para sa First Responder Student Loan (Pagpapautang para sa Pag-aaral ng Unang Tumutugon sa Panahon ng Krisis) at Training Reimbursement (Pagbabalik ng Ibinayad sa Pagsasanay) | | |
| **O** | Pagsuporta sa Reproductive Rights (Karapatang Pantao na Mapanatili ang Personal na Awtonomiya sa Katawan) | | |

# May tanong ba kayo? Nandito Kami para Tumulong!

*Makipag-ugnay sa miyembro ng aming pangkat na nagsasalita ng dalawa o higit pang wika, mag-email, o bumisita sa aming tanggapan!*

**Telepono:**

| | |
|---|---|
| English: | (415) 554-4375 |
| TTY: | (415) 554-4386 |
| Español: | (415) 554-4366 |
| 中文: | (415) 554-4367 |
| Filipino: | (415) 554-4310 |

**Koreo:**

Department of Elections
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102

**Email:**

sfvote@sfgov.org

# Gawing mas madali ang pagboto sa pamamagitan ng aming mga tool sa online!

- ☑ Magparehistro para bumoto o baguhin ang inyong rehistrasyon: **registertovote.ca.gov**
- ☑ Gumawa ng plano sa pagboto: **sfelections.gov/voteready**
- ☑ Magsanay sa pagmamarka sa labanan ng ranked-choice na pagboto: **sfelections.gov/practicercv**
- ☑ Subaybayan ang inyong balota o humiling ng kapalit nito: **sfelections.gov/voterportal**
- ☑ Mag-sign up para makatanggap ng mga notipikasyon tungkol sa balota: **wheresmyballot.sos.ca.gov**
- ☑ Humanap ng madaling puntahan na lugar para sa kahon na hulugan ng balota: **sfelections.gov/ballotdropoff**
- ☑ Kumpirmahin ang lokasyon ng inyong nakatalagang lugar ng botohan: **sfelections.gov/myvotinglocation**
- ☑ Alamin ang tungkol sa pagkakaroon ng seguridad sa eleksyon: **sfelections.gov/security**
- ☑ Tingnan ang mga pauna at pinal na resulta ng eleksyon sa: **sfelections.gov/results**

**DEPARTMENT OF ELECTIONS**
City and County of San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4608
Telephone: (415) 554-4375
TTY: (415) 554-4386
sfelections.gov

OFFICIAL ELECTION MAIL®
*Authorized by the U.S. Postal Service*

NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
SAN FRANCISCO, CA
PERMIT NO. 2750

**Matatagpuan ang inyong lugar ng botohan sa:**

**Ang inyong pinagbobotohang presinto at mga distrito ay:**


**Address na Pang-koreo / Mailing Address:**

ELECTRONIC SERVICE REQUESTED

*Notice: If the person above is not at this address, please help keep the voter rolls current and save city funds by returning this pamphlet to your mail carrier.*

**Aksesible ba ang pasukan at puwesto para makaboto sa inyong lugar ng botohan?**

# Mahahalagang Paalala!




**I-check ang inyong mailbox para sa inyong pakete ng balotang vote-by-mail na darating sa maagang bahagi ng Oktubre.**

Maaaring piliin ng sinumang rehistradong botante na bumoto sa balotang matatanggap nila sa koreo o bumoto nang personal.




**Ibalik ang inyong balota sa lalong madaling panahon gamit ang sobreng bayad na ang selyo na kasama sa inyong pakete ng balota.**

Ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo ay kailangang mai-postmark bago o sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5.

Ang mga balotang ibabalik nang personal ay kailangang ihatid sa opisyal na kahon na hulugan ng balota, o sa alinmang lugar ng botohan sa California nang hindi lalampas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5.



**Subaybayan ang inyong balota kung ito ba ay natanggap at kasama nabilang.**

Bisitahin ang **sfelections.gov/voterportal** o mag-sign up para sa mga notipikasyon sa pagsubaybay sa balota sa **wheresmyballot.sos.ca.gov**.

## Makakuha ng mga tamang sagot sa inyong mga tanong tungkol sa eleksyon.

Mangyaring basahin ang loob ng pamplet na ito, bisitahin ang **sfelections.gov**, makipag-ugnayan sa amin sa (415) 554-4310 o sa sfvote@sfgov.org.